







DG
A

77/2

PO

150 ←

T. 145121

C. 1183948

PLÁTICAS
DEL
PADRE PUMARADA RELIGIOSO FRANCISCANO
DE LA
PROVINCIA DE S. GREGORIO

EN LAS
Islas Filipinas,
ESCRITAS
EN
IDIOMA TAGALOG, Y CORREGIDAS, MODIFICADAS
Y DADAS Á LUZ
POR FR. MIGUEL LÚCIO Y BUSTAMANTE,
RELIGIOSO
DE LA MISMA ÓRDEN Y PROVINCIA.

CON SUPERIOR PERMISO.

MANILA.

Imp. de los Amigos del País.

Calle de Anda, núm. 1.

1885.

1875

ANNALS OF THE

PROGRESS OF

SCIENCE

IN THE

UNITED STATES

OF AMERICA

FOR THE

YEAR 1875



R.110810

PRELACÍA
DE
RELIGIOSOS FRANCISCANOS
DE
FILIPINAS.

Exmo. y Rmo. Sr.

Tengo el honor de remitir á V. E. un manuscrito titulado «Pláticas del P. Pumarada religioso Franciscano escritas en tagalog, modificadas y corregidas por Fr. Miguel Lúcio y Bustamante religioso de la misma órden» á fin de que V. E. las mande censurar, y si merecieren su aprobación, se digne conceder su beneplácito y licencia para darlas á la prensa. Las mismas han sido revisadas por dos religiosos de la órden, y aseguran no contener nada contrario á la fé y sana moral, creyendo serán de gran utilidad para los nuevos párrocos y para los fieles en general.


Dios guarde á V. E. muchos años. Manila 29 de Setiembre de 1885.

Exmo. y Rmo. Sr.

Fr. Francisco Gimenez.

MINISTRO PROVINCIAL.

Exmo. y Rmo. Sr. Arzobispo de Manila.



Manila 2 de Octubre de 1885.


Por las presentes y por lo que á Nos toca, damos nuestro licencia y permiso para que pueda imprimirse el manuscrito titulado «*Pláticas del P. Pumarada*» religioso Franciscano escritas en Tagalo, modificadas y corregidas por el R. P. Fr. Miguel Lúcio de la misma orden, en atención á que ha sido examinado y no contiene cosa alguna que se oponga al dogma católico y á la sana moral; sino antes bien de gran utilidad para los nuevos Párrocos y para los fieles en general.

Fr. Pedro Arzobispo.

Por mandado de S. E. I. el Arzobispo mi Señor.

José Cousuñi.

VICE-SECRETARIO





ALGUNAS PALABRAS Á MIS LECTORES.

Seguramente que entre los párrocos franciscanos de estas Islas habrá muy pocos que no tengan, ó no hayan procurado adquirir algun ejemplar de las pláticas en idioma tagalog, manuscritas y conocidas con el título de: *Pláticas del P. Pumarada*; y menos aún serán, si es que hay alguno, los que no tengan noticias de dichas pláticas.

Razón hay y sobra para hacer esta suposición, pues, (por lo que á mi atañe, y refiriéndome solo á las que he podido hogear que no son pocas), entre las muchas, muchísimas pláticas manuscritas en idioma tagalog que por ahí circulan, las de P. Pumarada son las que mejor me han parecido tanto por su lenguaje, cuanto por su modo de exponer las doctrinas.

Mas como las copias y traslados que se han hecho de dichas pláticas han sido muchos, y casi siempre confiados á manos inexpertas y sin la suficiente vigilancia; de ahí, que las pláticas del P. Pumarada aparezcan hoy día; en unas copias, alterados su doctrina y textos; en otras truncado el verdadero significado, por faltar párrafos enteros, y en otras, un cúmulo de desatinos, que no es posible sea aceptado por nadie que esté medianamente instruido en la teología moral y en el idioma tagalog.

Yo ateniéndome, y juzgando solo por las dos copias de

dichas pláticas, que obran en mi poder, juzgué, (hace ya algunos años), que era cosa fácil hacer en ellas una prudente corrección, y presentarlas al público de un modo aceptable; creí, ¿por qué negarlo?, que solo era cuestión de coger la escoba, vamos al decir, y quitar el polvo y las telarañas que obstruían la vista; mas, apesar de esta mi creencia, vacilé y nada hice, al observar que otras personas mas competentes que yo en todos sentidos, no se movian, ni se determinaban á hacer cosa alguna sobre este particular, que estaba en la conciencia de todos los que conocian estas pláticas.

Mas anduvo el tiempo, mucho tiempo, y por fin me decidí á hacer por mí mismo, y para mi uso particular, las correcciones que, en mi corto entender, necesitaban dichas pláticas.

Puse manos á la obra, y como quiera que para llevarla á cabo, no tenia mas remedio que estudiar un poco mas á fondo el asunto, lo estudié en efecto, y noté desde el principio, que lo que yo habia creido polvo y telarañas depositados en la superficie, eran defectos inscrutados en el fondo del cuadro, debido, no al P. Pumarada, ¡Dios me libre de hacer semejante suposición! sino á los copiantes.

Al observar esto, dudé y quedé perplejo, y aun estuve por echar á un lado mi comenzado trabajo, porque preveía y veía, que yo no podía seguir mis propias inspiraciones, que serían juzgadas como hijas del orgullo y soberbia, ni tampoco podía seguir las del P. Pumarada, las cualas, (juzgándolas por las copias que poseo, y otras que he registrado), no estaban conformes con las mias, que con error ó sin él, las creo mas ciertas y seguras.

Tambien logré salvar esta dificultad, echándome la cuenta, de que si mi trabajo, *no llegaba á merecer el título de pez, merecería siquiera el título de rana*, y que al fin y al cabo,

III

yo para nadie trabajaba sinó para mi mismo; (1) y en este sentido proseguí mi empezada obra, dando al P. Pumarada lo que me pareció que debía darle, y quitándole lo que creí que en ley me correspondía.

Así que mi situación ha sido la de aquel pintor que mira, observa y estudia un paisaje, logrando penetrar la intención del autor. Este pintor admira el conjunto del tal cuadro, conjunto, que él no es capaz de inventar; pero nota que los detalles de la pintura son muy confusos, pues allá en un rincón del paisaje vé la sombra de un ave, que según todas las señales es un pato, siendo así que el autor quiso pintar un gallo; mas allá, y en otro rincón observa la silueta de un caballo, cuando el autor quiso representar un toro; vé que el claro oscuro no está bien deslindado y definido por lo cual el cuadro aparece entrapado y confuso á los expectadores, y en fin encuentra otros defectos por el estilo, que él, con buena intención procura corregir y corrige, pero de tal manera, que cualquiera diría que aquel es un nuevo paisaje ó cuadro.

Pues bien, yo soy ese pintor: confieso con ingenuidad y humildad, que no soy capaz de escribir unas pláticas como las que escribió el P. Pumarada; pero como noté en ellas ciertos defectos é imperfecciones, y ciertos detalles oscuros, he procurado corregir unos y otros, y esclarecer á la vez los puntos que me parecieron confusos, esforzándome por dar á todo su conjunto la mayor armonía y claridad posibles, de donde resulta que estas pláticas, que ahora doy á luz, parezcan nuevas, por mas que no sean otras sino las del P. Pumarada; aunque á decir verdad, en sana y buena crítica no

(1) Esta fué mi primera intención, y si ahora doy á luz estas pláticas, es porque creo que hago un beneficio no pequeño, especialmente á los nuevos párrocos.

pueden ya llamarse pláticas del P. Pumarada, ¡tanto es lo que he suprimido, añadido, y sobre todo corregido en ellas! ni tampoco pueden llamarse pláticas mías, en sana crítica, porque aunque es cierto que es muchísimo lo que he suprimido, añadido y variado en ellas, están, sin embargo, basadas sobre las del P. Pumarada y salen á luz en el mismo orden numérico (1) y distributivo de materias ó doctrina con que el P. Pumarada las escribió.

Si, así como lo supongo, estuviese á la vez convencido de que mis correcciones han sido acertadas, titularía, desde luego, estas pláticas: *Pláticas del P. Pumarada*. Así en seco. Pero si me he equivocado, ¿por qué atribuir al citado Padre mis equivocaciones y defectos?

Confieso que todo lo que he hecho, ha sido, dejándome guiar por mis cortos conocimientos en el idioma y en la doctrina de que tratan las pláticas, y lo he practicado, persuadido de que obraba bien; más si me he equivocado, repito; ¿porque echar á otro el mochuelo?

De estas consideraciones, á mi modo de ver, justas y razonables, nació en mi una nueva dificultad que consistía en decidir ó determinar quien había de aparecer al frente de estas pláticas como autor de las mismas; pues según lo decretado por S. Santidad Clemente VIII. *De impressione librorum*. Par. 1.º es necesario que aparezca en la portada del libro que se imprime el nombre etc. etc. etc. de su autor; de ahí que, aunque yo hubiera suprimido de muy buen grado mi nombre, sin embargo, para solventar dicha dificultad nacida de lo que dije expuesto, creí y creo que el medio más apropósito era titular como título este pequeño trabajo: *Pláticas del P. Puma-*

(1) Solo he suprimido dos pláticas, la una por ser redundante en demasia, (de dos he hecho una), y la otra por no creerla concerniente á la materia de que se trataba.

rada Religioso Franciscano de la Provincia de S. Gregorio en las Islas Filipinas, escritas en idioma tagalog, y corregidas, modificadas y dadas á luz, por Fr. Miguel Lúcio y Bustamante, Religioso de la misma Orden y Provincia, con lo cual, á mi juicio, se dá á cada uno lo que le corresponde, á la vez que se cumple con lo preceptuado por la Santidad de Clemente octavo.

Ahora algunas advertencias.

En ningun de los ejemplares manuscritos de las pláticas del P. Pumarada, que yo he registrado, he visto que se cite el lugar de donde son tomados los muchos textos de la Sagrada Escritura y Santos Padres que se hallan esparcidos en dichas pláticas. Pues bien, para tranquilidad de mis lectores, diré que todos y cada uno de los textos de la Sagrada Escritura, que se citan en esta edición, están confrontados por mí, y, al final de cada página, señalo el libro, capítulo y versículo donde se encuentran.

Esto por lo que hace á la Sagrada Escritura; pues en lo que atañe á los Santos Padres, confieso ingénuamente que no me ha sido posible hacer tal confrontación, no yá tan solo por falta de libros, sino mas bien por falta de los conocimientos necesarios *ad hoc*. Solamente algunos, que he podido encontrar no confrontar en otros autores, así como los nuevos que yo he introducido llevan su cita correspondiente al final de la página; en cuanto á los demás, confío y debemos confiar en que el P. Pumarada no les habrá hecho decir lo que no digeron ni quisieron decir.

Por lo que respecta á mi fatiga en la corrección de estas pláticas puedo asegurar que ha sido casi nula, porque si bien es cierto que esta clase de trabajos lleva consigo no pocas

molestias, para mi han pasado casi desapercibidas, pues empecé esta tarea por mera distracción, y como tal la he continuado y concluido.

También debo advertir, que no tengo la pretensión de presentar al público estas pláticas como modelo de lenguaje, ni de erudición, ni aún siquiera de doctrina, nó, antes por el contrario, confieso sin ambages, que son muy defectuosas y admiten nueva y no pequeña corrección; pero así y todo, creo que, al darlas á luz, hago un beneficio á los Párrocos, con especialidad á los nuevos en el ministerio parroquial, porque la verdad es que escasea esta clase de libros. Y como quiera que ninguna otra intención he tenido, al darlas á luz, sino el subvenir á esa necesidad ó escasez, de ahí el que yo esté satisfecho de mi obra, sigáanse ó no se sigan los frutos que yo he deseado y deseo.

Fr. Miguel Lúcio y Bustamante,

Corrector.



PLÁTICA I.^a

Del fin para que Dios nos ha criado.

Notum fac mihi Domine finem
meum. *Sp. XXXVIII. 7. 5.*

TOUING iniisip co, ang uica ni Poong Santo Tomás de Villanueva, touing iniisip co, sa aquing loob na mag-isa, ang manġa hamac na toua nang manġa tauo sa mundo, ang canilang manġa panimdim na ualang cabuluhan, ang canilang masasamang pagnanasa, at ang canilang capangahasan, na, anaqui, di mahiyang ibiguin nila ang manġa gaua nang Dios, lalo pa sa iniibig nila sa Dios din, na may gaua sa canila, aco,i, pinapasucan nang isang malaking calumbayan, at ang luha,i, tumutulo sa aquing mata, sapagca,t, ;sino caya, anang Santo, ang di malulumbay, cung maquita niya ang ganoong daming tauo, na бага man sila rin ang iguinawa nang Panginoon Dios nang langit, nang lupa at nang lahat na naquiquita nati,t, di naquiquita, ay nacalilimot sila sa dilang magagaling, at hindi nila naalaala ang iguinawa nang Panginoon Dios sa canila?

At houag ninyong acalain, na ang manġa moros, judios, hereges caya, ó manġa hindi binyagan ay sila lamang ang pinangungusapa,t, pinangangaralan ni Poong Santo Tomás;

hindi, mang̃a capatid co, cundi ang pinang̃ung̃usapa,t, pina-
tatamaan niya,i, ang lahat na nasasacupan nang santa Igle-
sia, ang mang̃a cristianos baga, na sumasampalataya sa isang
Dios na totoo; ang mang̃a cristianos, na hindi dapat turang
cristiano cundi sa pang̃alan lamang; at ang maraming tauo,
na ang canilang hinahabol dito sa mundo, ay ang mang̃a
cayamanan; ang canilang ninanasa ay ang mang̃a pinipita
nang canilang catauoang lupa; at ang canilang hinahañgad,
ay ang matataas na catungculan at carañgalan. Itong lahat
nang ito, at ang iba pang ganito rin, ay silang pinang̃u-
ng̃usapa,t, pinang̃ang̃aralan niyong mahal na Santo, at tina-
tang̃isan pa niya ang canilang buhay at caugalian, na ualang
cauculang munti man sa mahal at mataas na caloualhatiang
inilalaan nang Pang̃inoon Dios sa mang̃a namimintuho sa caniya.

¿Ano pa ang sucat cong idugtong sa mang̃a sinasabi ni
Poong Santo Tomás de Villanueva?

¿Di ñga cahabag-habag tingnan ang masamang asal nang
mang̃a bata; ang di pag-aalumana nang mang̃a matatanda sa
canilang caloloua, ganoong calapit na sila sa hucay?

¿Di calumbay-lumbay tingnan ang pagmamalibog nang ma-
ñga babayi sa pananamit, sa mang̃a quilos nang catauoan,
at sa iba pa, at ang paglililuhan nang mang̃a may asaua?

¿Di cahabaghabag tingnan ang gayong caraming tauong
nabubuhay sa canilang pagnanacao, at ang hindi mabilang
na mang̃a cristiano, na ang pinagcacasipagan nila gabi,t,
arao ay ang pag-uusap-usap nang buhay nang iba, at ang
pagsira nang puri nang capoua tauo?

Itong lahat na ito,i, siyang tinatang̃isan ni Poong Santo
Tomás, nang siya,i, nabubuhay pa,t, nang̃ang̃aral sa mang̃a
tauo, at siya ñga naman ang sucat icatang̃is nang mang̃a
may tacot sa Dios, at ipag-uicang casama ni David: *Notum
fac mihi Domine, finem meum*. Sa macatouid: ipatalastas mo

sa aquin, Panginoon cong Dios, ang maguiguig cararatnan nang buhay co; sapagca,t, gayong carami ang mangã casalanang naquiquita nang mata co dito sa mundo, at gayong carami ang mangã escándalong nacacalatcalat sa mangã ciudad at sa mangã bayan, na halos di co naalaman cung ano,t, ipinangãnac ni ina sa aquin, halos di co naalaman ang iguinaua mo sa aquin.

Caya, mangã capatid co, ang punong pacay at sadiyang iguinaua nang Panginoong Dios sa tauo, ay siyang bina-banta cong saysayi,t, ipagsermon sa inyo ngayon. Paquin-gan ninyo.

Sa lahat na quinapal nang Panginoong Dios, ang tauo lamang ang pinacamasouain. At totoo nãa, mangã capatid co, sapagca,t, ang ibang guinaua nang Panginoong Dios, ay paraparang sumusunod at tumutupad nang mangã itinucoy nang Dios sa canila, at ang tauo,i, hindi.

Ang arao, ang bouan, at ang ibang mangã astro,i, nag-sisipihit, at nacaliliuanag arao,t, gabi dito sa sanglupaan.

Ang lupa nama,i, tinutubuan nang palay, maiz at nang sarisaring gugulayin, at nang mangã cahoy, na parapara,i, namumulaclac at namumungã sa canicanilang tacdang pana-hon, at uala isa mang nangangãhas sumuay sa ipinatutung-col nang Panginoon Dios sa canila.

Ang mangã hayop ay gumaganap din nang mangã ini-utos nang Panginoon Dios sa canila, at namamanginoon pa sa tauo.

Ang calabao, sa halimbaua, ay gumagaua sa lupa, hu-mahacot nang bató, lupa at buhangin: humihila nang mangã cahoy at cauayan, at dinadala niya sa mangã parian ang inyong palay, maiz at balang nang inilalaco ninyo.

Ang cabayo,i, napasasacay sa tauo, at inihahatid niya ang caniyang panginoon sa balang paroroonan.

Ang aso,i, nagbabantay sa bahay, sumasama sa caniyang panginoon sa bundoc, sa buquid, sa pangangaso, at nag-aalaga pa nang catauoan at mangá pag-aari nang pinaca panginoon niya.

Ang tupa,i, nagpaparamit sa tauo, at nagpapacain pa sa caniya nang caniyang masarap na carne ó lamán.

Ang manoc ay umiitloc sa bahay at nag-aanac nang maraming sisiu, na siyang iquinahanap nang tauo nang caniyang pagcabubay. At ang lahat nang hayop ay para-parang sumusunod sa catungculang inihalal nang Panginoon Dios sa canila.

Ang tauo lamang ay siyang masouail sa lahat, sapagca,t, siya nga lamang ang nangangahas lumaban at sumuay sa may gaua sa caniya. Anaqui, hindi niya naalaman ang iquinapal nang Panginoon Dios sa caniya, na ualang dahilang iba, cundi ang quilalanin niya ang Dios din, alaalahanin, ibigui,t, sundin dito sa buhay na ito, nang mapanood niya,t, calugdan sa caloualhatian sa Langit.

¿Di nga baga ito ang iguinaua nang Panginoon Dios sa inyo? ¿At di ito rin ang hindi iniisip at inaalaala nang caramihang tauo, na nagbabansag anac nang Dios?

¡Ang di pagsisimba baga, cung Domingo at fiestang pangilin! ¡Ang di pagcocolación sa mangá arao na ipinag-uutos! ¡Ang di pagcocompisal at pagcocomulgar sa panahong itinatadhana nang santa Iglesia, ó ang pagcocompisal at pagcocomulgar na hindi tapat at mahusay! ¡Ang madlang inaacala,t, pinapacsa nang tauo, na may cahalong hangin nang capaluan! ¡Ang malaquing capanaghiliang nacadadalamhati sa maraming tauo na ualang bait! ¡Ang pagsisilvi nang mangá mangangasaua nang isa, dalaua ó tatlong taon caya sa canilang bibiyananin, na laban sa catouiran, palibhasa,i, itong ugali ninyong ito,i, baul nang Panginoon Dios, at baul naman

nang mang̃a puno natin! Itong lahat na ito, anaquin, at ibang ganganito, ¡ay mang̃a gaua caya nang mang̃a tauong nacaiibig mamintuho sa Panginoon Dios dito sa buhay na ito, nang macamtan nila balang arao ang caloualhatian sa Langit?

¡Ay, mang̃a capatid co! ¡Pauang ualang capapacanan iyang mang̃a gaua ninyong iyan! ¡Cundi ninyo itungo sa Panginoon Dios ang inyong mang̃a gaua! ¡Cundi ang Panginoon Dios ang tungo ninyo, ang carongsolan nang inyong loob, at ang cararatnang hinahangad ninyo,t, pinapacsa! ¡Cundi iuan ninyo ang alin mang ibang sadya, at ang alin mang ibang pagnanasa! Cundi, anaquin, lisan ninyo,t, talicuran ang ano anoman quinacapalaran ninyo dito sa lupa, liban sa Dios; ¡ay pauang ualang cabuluhan ang inyong mang̃a gaua, at hindi mandin mangyayaring maguing daang icapapasalangit ninyo!

Napaaral cay Moises ang iilang mang̃a tauo, na lubhang ninanasa nilang maalaman ang magaling na aral, na icapapasalangit nila. Manaa, ang sagot sa canila niyong banal at santong si Moises: naalaman ninyo, na ang lahat nang gaua nang mang̃a tauo dito sa mundo ay mayroon din quinapatunguhan.

Maraming hirap ang tinitiiis nang isang sondalo sa panahon nang pagbabaca; tinitiiis niya ang gutum, ang uhao, ang pagod, at lumulusob pa siya sa mang̃a caauay, marami mang sila, at malaqui man ang pang̃anib na icamamatay niya, at caya gayon, sapagca,t, siyang inihihintay niya nang ma-laquing ganti nang caniyang Hari.

Hindi inaalumana nang magsasaca ang cainitan nang arao, ang casamaan nang panahon, ang capagalan, ang paus at ang ibang dahilang sucat icaliuag nang caniyang gaua; sapagca,t, ang gayong pagsasaquit niyang gumaua,i, siyang inihihintay niya nang magaling na pag-aani.

Ang magcacalacal ay hindi natatacot tumauid nang dagat,

malacas man ang hangin, malaqui man ang daluyon, at ang pang'anib ay malaqui rin, cung inaacala niya, na ang gayong pagtauid ay siyang icasusulong niya nang caniyang laco sa mabuti,t, mataas na halaga.

Ang maysaquit ay hindi na-aaua sa caniyang catauoan, cundi bagcus tinitiiis niya nang magandang loob ang pait nang purga, ang hapdi nang parapit, ang antac nang sugat, at ang balang mamatapating gauin nang médico sa caniyang catauoan, cung itong mang'a gauang ito,i, siyang icagagaling at icababangon niyang maloualhati sa caniyang saquit.

Caya itinatanong co sa inyo: ¿saan caya ipinatutunõo ninyo ang inyong mang'a gaua? Saan di pó, ang isasagot ninyong seguro sa aquin, saan di pó, cundi sa pagcapacagaling namin sa Langit, sa pagcacamit namin бага nang mapalad na cararatna,t, caloualhatiang inilalaan nang Panginooon Dios sa atin. Cung gayon, ang uica co sa inyo, cung gayon, ay gayahan ninyo ang sondalo, ang magsasaca, ang magcacalacal at ang maysaquit. Sa macatouid: magpacasipag cayong humanap nang icagagaling nang inyong caloloua, para nang pagpapacasipag nang mang'a naturan cong tauo, sa paghanap nang icalalacal nang canilang cayamanan, at icagagaling nang canilang catauoan.

Tumatama dito sa lugar na ito ang mang'a tanong nang Santong Haring si David, na ang uica: *¿Quis ascendet in montem Domini? ¿aut quis stabit in loco sancto ejus?* (1) Sa macatouid, ani David: ¿Sino caya ang mapalad na tauong maca-aquiat at macarating sa mataas at mahal na calalaguian nang ating Panginooon Dios? ¿Sino caya ang mamalagui sa caniyang santa Gloria? ¿Sino бага ang mapalad na tauong macapacacमित nang magaling na cararatnang inilalaan nang Dios sa atin? At dito sa mang'a tanong na ito,i, siya rin ang sumasagot, na

(1) Ps. XXIII. v 3.

ang uica: *Innocens manibus et mundo corde: qui non accepit in vano animam suam*..... (1) Sa macatouid: ang manġa tauong malilinis na camay at malilinis na loob, at ang marurunong na magmahal sa canilang caloloua; na cung sa bagay, ay ito ang cahulugan: Ang manġa tauong ualang casalanan, ay sila lamang ang mapapacagaling sa Langit.

Diyata, ang tanong co nġayon: ĩmayroon bagang manġa tauong hindi marunong na magmahal sa canilang caloloua, ó inaari caya nilang hamac ang canilang caloloua? Mayroon din, ang sagot co naman.

Ang ating caloloua,i, sucat ninyong ipara sa manġa casangcapang guinagamit nang tauo sa caniyang pamamahay, cung sa paghanap nang caniyang pagcabuhay. ĩAy ano? Ang ararong hindi guinagamit sa pag-aararo nang lupa, ay, ĩdi parang inaaring hamac nang nagpagaua niyon?

Ang saya, ang tapis, ang baro, ang salaul, at ang iba pang ganito, na binibili ninyo,t, ipinatatabas at ipinatatahi sa marunong, ay, ĩdi parang inaari ninyong hamac, cung pagcayari,t, saca itatago ninyo sa caban, at hindi isusuot sa catauoan?

Ang itac na ipinagaua ninyo sa panday, at talagang gagamitin sa bahay, cung sa pagtaga nang cauayan, ó sa ibang cailangan, ay ĩdi parang inaari ninyong hamac, cung sacali,t, iniingatan ninyo sa caloban, ó isinusucsoc ninyo sa dingding?

ĩDi parang inaari cong hamac itong lámpara nang simbahan, cung sacali,t, di co pailauan sa manġa sacristan? Ay gayon din, manġa capatid co, ang aquing masasabi tungcol sa ating caloloua.

ĩDi caya parang inaaring hamac nang tauo ang caniyang caloloua, cundi gamitin niya ang manġa pinangangalang po-

(1) Ps. XXIII. ĩ 4.

tencias, ang alaala baġa, ang bait at ang loob doon sa ma-
nġa baġay, na itinucoy nang Panginoon Dios sa canila?

¿Di hamac, anaquin, ang alaala, cundi gamitin nang tauo
sa pag-aalaala niya sa Dios at sa caniyang manġa biyaya,
sa macatouid: sa pag-aalaala nang tauo, na siya,i, guinaua
nang Panginoon Dios calarauan niya,t, tinubos ni Jesucristo
nang caniyang mahal na dugo at pagcamatay sa Cruz, aua
niya lamang sa caniya.

¿Di hamac ang bait, cundi gamitin nang tauo sa pag-
quilala sa Dios, at sa pag-iisip, na ang carununġan, cagali-
nġan, catouira,t, capangyarihan nang Dios din ay ualang han-
gan; at ang siya nġa nama,i, ang punong pinangalinga,t,
quinaouian nang lahat?

¿Di hamac ang loob, cundi gamitin nang tauo sa pag-
iibig niya sa Dios, na parang ama,t, macapangyayari sa
lahat, sa pag-iibig naman sa capoua tauo, at sa pag-ibig at
pagsunod nang dilang cabanalang asal, na icapapasalangit
nang caniyang caloloua, at sa pandidiri nang dilang casala-
nang icapapacasama niya sa inferno?

Caya, manġa capatid co, ipalaman ninyo sa loob itong
aral na ipinangaral co sa inyo. Inyong pacatantoin, na ang
iguinaua nang Panginoon Dios sa inyo, ay ang siya,i, ala-
alahanin, quilalanin, ibigui,t, sundin ninyo dito sa lupa, nang
macamtan ninyo doon sa buhay na ualang hanġan.

Ang pananampalataya ninyo,t, pagcatalastas nitong aral
na ito,i, siyang icapag-iigui ninyo nang inyong masasamang
pagnanasa; siyang icapag-iiba ninyo nang inyong masasamang
gaua; at siya rin namang icapagbabago ninyo nang dating
asal na masasama.

Ang pananampalataya ninyo,t, pagcatalastas nitong aral
na ito,i, siyang icasusulong nang inyong loob sa pagtitiis
nang manġa cahirapan alang-alang sa Dios, para nang pag-

titiis nang sondalo nang di masabing hirap, alang-alang sa caniyang Hari.

Ang pananampalataya ninyo,t, pagcatalastas nitong aral na ito,i, siyang ipagsasaquit ninyong manalo sa mangá ca-auay nang inyong caloloua, para nang pagsasaquit nang mangá magsasaca sa pag-gaua sa canilang buquid, magaling man di man ang panahon, nang macamtan nila ang mabuting pag-aani.

Ang pananampalataya ninyo,t, pagcatalastas nitong aral na ito,i, siyang icapag-alis ninyo sa inyong catauoan nang catamaran sa pagsimba at sa pagcocompisal, at nang lahat na dinadahilan ninyo sa di pagsunod nang utos nang Dios at nang santa Iglesia.

At sa catagang uica: ang pananampalataya ninyo,t, pagcatalastas na maigui nang punong pacay at sadiyang iguinaua nang Panginoon Dios sa inyo, ay siyang icapagsisipag ninyong gamitin sa magaling ang mangá potencia ó cabagsican nang caloloua: ang alaala baga,i, gamitin sa pag-aalaala sa Dios at sa mangá biyayang ipinagcacalob niya sa inyo; ang bait ay sa pagquilala sa Dios at nang caniyang capangyarihan; at ang loob ay sa pag-ibig sa Dios nang lubos na pag-ibig dito sa buhay na ito, nang macamtan ninyo doon sa buhay na ualang hangan. Siya naua.



PLÁTICA 2.^a

Sobre la dignidad y obligación del Cristiano.

Totoong minamahal nang mangá tauo ang apellidong minana nila sa canilang magulang, cung itong apellidong ito, maguing Guzman, Luna, Lopez caya,i, siyang nagpapaquilala,t, nagpapahayag sa ibang tauo nang canilang carangala,t, pagcamaguinoo; at gayong calaqui ang pagmamahal nang mangá mababait dito sa apellidong napapaquinabang nila sa canilang mangá canunu-nunuan, na ayao silang totoong marumhan ang ganoong apellido nang caunti man salang sucat icasira nang canilang camahalan.

Tayong lahat, mangá capatid co, ay cristiano, aua nang Panginoon Dios; at itong apellidong cristiano,i, siya ang lalong malaqui at mataas, at ang lalong nacadarangal sa atin, palibhasa,i, ang gayong apellido ay napapaquinabang natin cay Jesucristong Ama at Panginoon nating lahat, at siya naman ang iquinaquilala nati,t, iquinatalastas ang calac-han nang carangalan natin pati nang ating catungculang gumaya nang mangá magagaling na gauang iniasal dito sa lupa nang ating Ama,t, Panginoon na si Jesucristo.

Ang tauong pinangangalang cristiano, at hindi nag-aasal nang asal nang cristiano, ay ga nagmumura cay Jesucristong pinaquinabangan niya nang caniyang pagca-cristiano.

Ang ating pagca-cristiano, ang uica ni Poon San Agustin, ay mahal na totoo, mahal pa sa ating pagca-tauo; sapagca,t, anang Santo, ang pagca-tauo natin ay hamac, palibhasa,i, ang catauoan nang tauo,i, lupa lamang, mangã ouod at cabulucan; subali,t, ang ating pagca cristiano,i, siyang iqui- napaguiguing dapat natin sa pagtanggap nang mangã Sacramento, sa pagquilala nang mangã matataas at malalalim na Misterio nang Panginoon Dios, at sa pagmamana pa nang caloualhatian sa langit, na itinalaga ni Jesucristo sa caniyang mangã anac.

Cung sa ating pagcatauo, ay nagcacaparis din tayo nang mangã hindi binyagan; datapoua,t, cung sa ating pagca-cristiano, ay hindi lamang nagcacaparis tayo nang mangã Angeles, cundi pa naman, tayong lahat ay pinagsisilbihan nila. Caya, ang uica nang Santo, caya lalong mahal at marangal sa atin ang ating pagca-cristiano sa ating pagca-tauo. *Plus ad hominem pertinet, quod christianus, quam quod homo est.*

Dito sa aral na ito,i, nauucol din ang naunang tanong pati sagot, na napapalaman sa dasalan, na ang sabi:

—¿Cristiano ca na?

—Oo, pó, cristiano na aco.

Ganito nangã ang naunang tanong at sagot nang dasalan, subali,t, hindi iilang lamang ang nagsisinungaling sa pagsagot nang gayon, sapagca,t, ang canilang asal ay hindi natatapat doon sa icalauang tanong pati sagot, na napapalaman din sa dasalan, na ang uica:

—¿Ano caya ang cristiano?

—Ang tauong binyagang sumasampalataya sa mangã aral nang Dios at nang santa Iglesia, (at may catungculang sumunod nang lahat nang utos nila, parang idinudugtong nang ibang mangã dasalan).

Ito nga, mangã capatid co, ang catungculan natin, capagca

nabinyagan na tayo,t, naging cristiano: at itong catungcu-
lang ito,i, tinangap nating cusa doon din sa casalucuyang
tayo,i, binyagan. Paquingan ninyo ang pagcatotoo.

Touing nagdadala cayo nang isang sangol sa simbahan,
nang siya,i, binyagan nang Padreng cahalili nang Dios, ay
ang unang tanong nang Padre, doon sa pinto nang simba-
han, sa sangol, ay ganito:

Fulano: ¿ano caya, ang hinihingi mo sa santa Iglesia?

At ang sagot nang sangol, sa pamamaguitan nang pinaca
catauoan niya; sa macatouid baga: sa pamamaguitan nang
caniyang ama ó inang binyag ay gayon:—Ang hinihingi co,
pó, ay ang pananampalataya.

—¿At anong paquinabang mo sa pananampalataya? ang
tanong uli nang Padre.

—Ang paquinabang co, po,i, ang caloualhatian sa langit.
At ang uica nang Padre:—Cung ibig mong camtan ang ca-
loualhatian sa langit, ay susundin mo ang mangá utos nang
Dios. At ang tuloy na salita nang Padre,i, ganoon:—Tan-
gapin mo itong Cruz sa noo,t, sa dibdib mo, tangapin mo
naman ang pananampalataya sa mangá utos nang Dios, at
magmula ngayon ay aasalin mo ang lalong magagaling at
tapat na asal, nang icao,i, maguing templo,t, tahanan nang
Panginoon Dios.

—¿Ay ano? ang tanong uli nang Padre: ¿tinatalicuran
mo si Satanás, ang Demonio baga?

—Oo, pó, tinatalicuran co, pó; ang sagot nang sangol.

—¿Tinatalicuran mo ang dilang gaua niyang masasama?

—Oo, pó, tinatalicuran co.

—¿Tinatalicuran mo naman ang dilang capalaluan niya,t,
caparangalanan?

—Oo, pó, tinatalicuran co rin, ang sagot nang sangol.

—Cung ganoon, ang uica nang Padre, cung ganoon, ay

tanggapin mo naman itong damit na maputi; at gayong caputi at calinis ihaharap mo ang iyong caloloua sa hucuman nang Panginoon Dios, nang sucat mong camtan ang caloualhatian sa langit.

Ito na, mang̃a capatid co, ang pananampalatayang tinanggap natin sa casalsalang tayo,i, bininyagan, at ito rin ang catungculan nating sundi,t, tuparin, nang maguing totoo ang isinasagot natin sa dasalan, na ganoon ang uica:—Oo, pó, cristiano na aco.

¿Ay ano, mang̃a capatid co, napaparati pa baga sa inyo ang pananampalataya sa mang̃a mahal na utos nang Dios, na ipinang̃aco ninyong sundin dito rin sa pinto nang simbahan, bago cayo,i, bininyagan?

¿Tinalicuran na ninyo ang Demonio at ang dilang gaua niyang masasama, sampon nang lahat na capalaluan niya,t, caparangalañan?

¿Sumasainyo pa caya yaong calinisan nang caloloua, ang mahal na gracia baga, na tinanggap ninyong casalsalang cayo,i, bininyagan?

¿Hindi sucat cong sabihin, na may maraming nagbabansag cristiano, bago,i, hindi cristiano, cundi sa pangalan lamang?

¿Di masusuatan co ang maraming cristiano, na ang canilang asal at ugali ay hindi tapat sa canilang pagca-cristiano?

Masusuatan co ñga, mang̃a capatid co, itong lahat na masusuayin sa mang̃a utos nang Dios at nang santa Iglesia, yayang siya rin ang guinagaua ni Poon San Juan, na ang uica: *Qui dicit se nosse Deum, et mandata ejus non custodit mendax est* (1). Sa macatouid: ang tauong nagsasabi na siya,i, cumiquilala sa Dios at umiibig sa caniya, at saca hindi sinusunod niya,t, tinutupad ang mang̃a utos nang Dios sa caniya, ay tauo siyang bulaan at sinungaling.

(1) Ep. 1. Joan. cap. II v. 4.

Padre at Panginoon namin, ang sasabihing marahil sa aquin nang maraming cristiano:—Cami, po, sumasampalataya sa isang Dios na totoo; ang lahat na Misterio at ang dilang aral, na iniaaral sa amin nang Panginoon Dios at nang santa Iglesia, ay sinasampalatayanan din namin, baquit itong pananampalatayang ito,i, natatala sa aming caloloua, magmula niyong cami ay mabinyagan.

Totoo nga iyan, mangá capatid co, subali,t, ang pananampalataya, ang uica ni Poon Santiago, ang pananampalatayang hindi sinasamahan nang mangá mararapat na gaua, ay pananampalatayang patay.... *Fides sine operibus mortua est* (1).

Ang gayong pananampalataya,i, sucat ninyong ipara sa isang maysaquit na himatayin. Tauaguin ninyo ang naghihimatay, at hindi nacariringig. Iutos ninyo sa caniya, na paangatin niya ang camay sa banig, at hindi magaua. Pisili,t, curutin ninyong maigui ang caniyang catauoan, at hindi niya nararamdaman.

¿Ay ano? ¿itong tauong ito,i, buhay ó patay caya? Buhay nga, sapagca,t, mayroon pang caloloua sa caniyang catauoan, datapoua,t, ang caniyang lagay ay para manding patay.

Ganitong-ganito rin naman ang lagay nang inyong pananampalataya, cundi sinasamahan nang mangá mararapat na gaua, ó di linalangcapan caya nang magaling na pagsunod sa mangá utos at aral, na ipinangaco ninyong susundin doon sa arao nang ipinagbinyag sa inyo.

Caya, mangá capatid co; cung ang inyong pananampalataya,i, naghimatay na; cung naualan cayo baga nang mahal na graciang tinangap ninyo, doon din sa pagbinyag sa inyo, dahilan sa inyong pagcacasala sa Panginoon Dios; ay pacabuhayin ninyong uli nang magaling na pagsunod sa utos

(1) Ep. Sti. Jacob. cap. II v. 20.

nang Dios at nang santa Iglesia, at nang mahusay na pagcocompisal at tapat na pagsisisi sa inyong mang̃a casalanan. Ang inyong apellidong cristiano, na napaquinabang ninyo cay Jesucristong inyong Ama,t, Panginoon, ay houag ninyong libaquin nang mang̃a gauang hindi tapat sa inyong pagca-cristiano. Itong simbahan; itong mahal na bahay nang Panginoon Dios, na pinagbinyagan sa inyo, ay inyong mahaling lalo sa lahat, at inyong pandalauan alinsunod sa inyong pagca-cristiano.

Si Poon San Luis na hari sa Francia ay bininyagan doon sa isang ciudad na ng̃ala,i, Poissy; at ang bahay na pinagbinyagan sa caniya, ay siyang pinandadalauan niya, nang siya,i, Hari na. Pinupuna ito nang mang̃a maguinoong casama niya, caya itinanong minsan nang isang maguinoo sa Hari na: cung ano,t, pinandaralauan niya ang bahay sa Poissy, at hindi pinandadalauan ang ciudad nang Reims, na pinagputung̃an sa caniya. At ang sagot nang Santong Hari ay ganito: caya gayon, ang uica, sapagca,t, doon sa Reims aco,i, naging Hari lamang, at pinutung̃an aco nang corona sa Francia, na iiuan co ring pilit, casabay nang buhay co; subali,t, doon sa Poissy, aco,i, naging cristiano, at tinangap co casabay nang aqing pagca-cristiano ang corona sa Langit, na siyang lalong mahal sa lahat nang corona dito sa mundo. ;Ganoon pala calaqui ang pagbibigay puri,t, dangal ni Poon San Luis sa caniyang apellidong cristiano!

Itong ugaling ito ni Poon San Luis, ay siyang dapat ninyong tularan, nang houag cayong magsinungaling sa pag-sagot ninyo sa dasal:—Oo, po, cristiano na aco, at nang cayo nama,i, pagcalooban nang Panginoon Dios nang caniyang mahal na gracia dito sa buhay na ito, at saca putung̃an cayo nang totoong corona sa Langit. Siya naua.

PLÁTICA 3.^a

Sobre la señal de la Santa Cruz.



Ang pag-aantanda nang Santa Cruz, ay lubhang dapat mahalín, igalang at ibiguín nang tauo, at gamitin pa niya oras-oras. At caya gayon, sapagca,t, ang Santa Cruz ay siyang ipinagcacaiba nang mangá cristiano sa mangá hindi binyagan; siya rin ang iquinaquiquilala sa atin nang lahat nang tauong nagsisipamayan dito sa mundo; at siya nãa naman ang quinamatayan ni Jesucristong ating Ama,t, Panginoon, sa pagtubos sa atin, aua niya lamang sa ating mangá tauong sala rin.

Hangan sa una,t, una ay guinagamit na nang mangá Apóstoles, pati nang canilang mangá discipulos at nang lahat nang cristiano ang pag-aantanda nang Santa Cruz, at ganoong calaqui ang pagcauili nila dito sa pagcucruz na ito, na, alang-alang cay Jesucristong napaparipa sa Cruz, ay pinatatalaan nang iba ang canilang noo nang isang Cruz nang linabul na bacal.

Caya, mangá capatid co; cung cayo,i, may tunay na pag-ibig sa Panginoon Dios at sa mahal na Pasion at pagcamatay sa Cruz ni Jesucristo, ay cailangan ninyong gamitin ang dalauang bagay na pag-aantanda nang Santa Cruz, na siyang cahalimbaua nang Cruz na pinagpacuan cay Jesu-

crístong ating manunubos. Itong dalauang bagay na pagcucruz, na siyang caraniuang gamitin nang tauong cristiano,i, ganito:

Ang naunang pag-aantanda,i, ang pag-gaua nang tatlong Cruz nang daliring hinlalaqui nang canang camay na paunat.

Ang naunang Cruz ay guinagaua sa noo, sapagca,t, ang noo,i, siyang puno,t, pinagmumulan nang dilang panimdim nang tauo; caya ang hihingin ninyo sa Panginoon Dios, doon sa pag-gaua nitong Cruz, ay ang cayo,i, iadiya niya sa masasamang panimdim.

Ang icalauang Cruz ay guinagaua sa bibig, sapagca,t, ang bibig ay siyang pintong linalabasan nang dilang uiniuica nang tauo; caya ang hihingin ninyo sa Panginoon Dios, doon sa pag-gaua nitong Cruz, ay ang cayo,i, iadiya niya sa masasamang pag-uiuica.

Ang icatlong Cruz ay guinagaua sa dibdib, sapagca,t, ang dibdib ay siyang bahay na pinagcacapisanan nang tanang pagnanasa nang tauo; caya ang hihingin ninyo sa Panginoon Dios, doon din sa pag-gaua nitong Cruz, ay ang cayo,i, iadiya niya sa masasamang gaua, at masasamang pagnanasa.

Ang pag-gaua nitong tatlong Cruz ay ganito: Ang tanda nang Santa Cruz † ang ipag-adiya mo sa amin, Panginoon † naming Dios, sa mangá † caauy namin.

Ang icalauang bagay na pagcucruz ay ang pag-gaua nang isang Cruz lamang nang canang camay, na nauunat at matotouid ang lahat nang daliri, na magmula sa noo magpasa siemura, at ang paripa,i, mangaling sa caliuang balicat magpasa canan, casabay nitong mangá uica: Sa ngalan nang Ama at nang Anac † at nang Espiritu Santo. Amen.

Itong mahal na pag-aantanda nang Santa Cruz ay siyang dapat gamitin nang lahat nang cristiano, touing sila,i, may gagauing anoman, ó dinaratnan caya sila nang ano-

mang tucso, pang'anib ó cahirapan. Maigui namang gamitin natin sa paghiga,t, bago matulog, nang tayo,i, pagcalooban nang Panginoon Dios nang mahimbing na pagtulog, at nang tayo,i, iadiya niya, sa magdamag na yaon, sa masasamang panaguimpan. Mabuti rin sa ating catauo,t, caloloua ang pag-aantanda nang Santa Cruz sa oras nang pagbangon cung umaga, nang tayo,i, iadiya nang Panginoon Dios, sa maghapong yaon, sa lahat na masasama, at tulungan pa tayo sa pag-gaua nang magaling at tapat sa Dios at sa ating caloloua. Gayon din naman sa pagdulog natin sa *lamesa*, cung sa dulang, at bago tayo cumain at uminom nang anoman, ay maiguing totoong mag-antanda nang Santa Cruz, nang houag tayong cumain at uminom nang labis sa casinghan. Doon naman sa pagpanaog natin sa bahay, ay nauucol ang pag-aantanda nang Santa Cruz, nang houag tayong casapitan nang masama, at nang macarating tayong maloualhati sa ating paroroonan. Sa pagpasoc natin sa simbahan ay dapat naman, at dating asal at caugalian nang magagaling na cristiano, ang mag-aantanda nang Santa Cruz, alang-alang sa Santísimo Sacramento sa Altar, at sa pagbibigay naman nating puri sa Panginoon Dios sa caniyang camahalmahalang bahay.

At cung caya dapat gamitin natin nang gayong cadalas ang pag-aangtanda nang Santa Cruz, sapagca,t, oras-oras at saan-saan man tayo,i, naroroon, ay hinahabol tayo,t, tinutucso nang mang'a caauay nang caloloua natin nang mang'a lamang bayan baga, nang Demonio, at nang sariling catauoan natin.

Doon sa nauunang pag-aangtanda nang Santa Cruz, doon baga, sa pag-gaua natin nang tatlong Cruz, ang isa,i, sa noo, ang isa,i, sa bibig, at ang isa nama,i, sa dibdib, ay parang ipinahahayag natin ang ating pananampalataya sa camahal-maha'ang Misterio nang Santísima Trinidad.

Doon naman sa icalauang pag-aangtanda nang Santa Cruz, na siyang nacasasacop sa tatlong Cruz na nauuna, ay ipinahahayag natin ang ating pananampalataya sa cataastaasang Misterio nang Pagcaisa isa nang Dios, bagaman siya,i, tatlong Personas. Ipinahahayag din natin ang ating pananampalataya sa camahal-mahalang Misterio nang Pagcacatauoan tauo ni Jesucristong Panginoon natin, at gayon din naman sa mangá Misterio nang caniyang mahal na Pasion, nang caniyang Pagcabuhay na mag-uli, at nang caniyang Pagtutubos sa ating mangá tauong salarin.

Ang cabagsican nang tanda nang Santa Cruz, ay maqui-quilala ninyo dito sa salitang susunod, na hinango co sa historia:

Niyong si Constantinong mahal na Emperador ay maqui-quipagbaca cay Magencio, ay dumalangin siya sa Panginoon Dios, na siya,i, tulungan at ampunin, at caalam-alam ni Constantino,i, naquita niya, nang macatanghali, isang maningning na Cruz sa tapat nang arao, at ang nasusulat doon sa Cruz na yaon ay itong mangá uica: *Itong tandang ito,i, siyang icapananalo mo.* Nang sumunod na gabi, ay napaquita sa caniya si Jesucristong may tangán yaong ding tanda, at nag-utos cay Constantino na, magpagaua siya nang isang ganoong tanda, at ipagsama niya sa mangá pagbabaca. Sinunod nang Emperador ang utos sa caniya ni Jesucristo, nagpagaua siya nang ganoong larauan, ipinagsama niya sa mangá pagbabaca, at siyang iquinapanalo niya sa caniyang mangá caauay.

Caya nga, mangá capatid, co, yayamang talastas na ninyo na ang pag-aangtanda nang Santa Cruz ay may sariling cabagsican sa paglaban natin sa mangá caauay nang ating caloloua, ay houag ninyong murahi,t, pahamacang para nang pagpapahamac sa caniya nang maraming cristiano, na ang

canilang guinagauang pag-aangtanda nang Santa Cruz, ay hindi Cruz, cundi mangá cauit-cauit lamang, ó mangá guhit-guhit caya. ¡Malaquing totoo ang pagmumurang guinagaua sa Panginoon Dios nang gayong mangá cristiano nitong masamang asal nila!

Pagpilitan ninyong tularan yaong si Poong Santa Justina, na ang caniyang pag-aangtanda nang Santa Cruz na mahusay, ay siyang inilaban sa mangá salamanca ó cadiablohan caya ni Cipriano. Inyong alaalahanin, na si Poong San Antonio Abad ay madalas na madalas manalo siya sa mangá Demonio, sa pag-aangtanda nang Santa Cruz lamang, at ang uica pa niya, na ang mangá Demonio,i, natatacot na totoo sa mahal na Cruz, at lumalayo sa mangá tauong nag-aangtanda nang Santa Cruz na mahusay.

Ang inyong mangá anac na maliliit ay curusan ninyo naman, bago sila,i, matulog at pagcabangon sa banig, nang sila,i, iadiya nang mahal na Santa Cruz sa anomang sacuna. At cayong lahat ay mag-aangtanda nang Santa Cruz oras-oras man, datapoua,t, houag sa laro, houag sa biro-biro, cundi taos na taos sa loob at sa boong galang, nang cayo,i, pagcalooban nang Panginoon Dios, nang caniyang mahal na gracia dito sa buhay na ito, at saca nang caloualhatiayang ualang catapusan doon sa langit. Siya naua.



ESPLICACIÓN

DE

LOS MANDAMIENTOS DE DIOS.

Plática preliminar.



ang macaibig ang tauo sa Panginoon Dios, na para nang dapat, ay capilitang ibiguin muna nang tauo rin ang lahat na iniibig nang Panginoon Dios, at houag na lumaban sa caniyang mataas na capangyariha,t, mahal na calooban. Caya ang cauna-unaha,t, totoong tanda nang tunay na pag-ibig nang tauo sa Panginoon Dios, ay ang lubos na pagsunod sa caniyang mahal na utos.

Subali,t, nang masunod nang tauo ang mangá utos nang Dios, ay cailangang maalaman niya muna,t, matalastas cung ilan itong mangá utos na ito, at cung ano,t, anong iniuutos doon, caya siya cong sasaysayin sa inyo ngayon at sa mangá lingong darating, cung tayo,i, pagcalooban nang Panginoon Dios nang buhay.

Ang mangá utos nang Panginoon Dios ay sampuo; ito,i, naalaman ninyong lahat, at gayon din naalaman ninyo na, ang nagpapasunod sa atin nang ganoong mangá utos ay ang ating Panginoon Dios din, na macapangyayari sa lahat, Hari

nang langit at nang lupa, at marunong na marunong, na ualang casingdunong, at punong mula nang dilang cagalinga,t, caguinhauahang sucat aasaha,t, camtan nang tauo sa caniyang caloloua,t, catauoan.

Datapoua,t, jano,t, anong iniutos sa atin nang Panginoon Dios? ay ualang iba manga capatid co, cundi ang lalong magaling, ang lalong matouid at ang lalong tapat sa ating catauo,t, caloloua.

¡At ano caya ang dahilan sa pag-uutos niya sa atin nang gayon? ay ualang dahilang iba, cundi ang malaquing aua niya sa ating manga macasalanang tauo, sapagca,t, ang ibig nang Panginoon Dios, ay ilagan natin ang dilang bagay na masasama, at tangapin natin lamang, sundi,t, gauin ang lalong magaling at tapat, nang macamtan natin ang totoong caloualhatian.

Ganoon nga ang uica,t, sagot ni Jesucristo doon sa isang bagong tauo, na nagtanong sa caniya nang ganitong tanong. —Maestro, ang uica nang bagong tauo, Maestro, jano cayang dapat cong gauin, nang macamtan co ang buhay na ualang hangan?—At ang tugon ni Jesucristo sa caniya,i, gayon:—Cung ibig mong macamtan ang caloualhatian sa Langit, ay sundin mo ang aquing manga utos... *Si... vis ad vitam ingredi, serva mandata.* (1)

Caya, manga capatid co, sasaysayin co,t, iaaral sa inyo ngayon, na ang totoong daang icasasapit ninyo sa buhay na ualang hangan, ay ang mabuting pagsunod ninyo sa manga utos nang Dios. Paquingan ninyo.

Nang matalastas ninyo, na ang magaling na pagsunod nang tauo sa manga utos nang Dios, ay siyang matouid na daang icapapasalangit niya, ang inyong pacaisip-isipin muna ang cahulugan niyong manga tanong na, sa pangalan nang

(1) Matth. XIX. † 17.

santa Iglesia, itinatanong nang manġa Padre sa lahat nang sangol, bago sila,i, mabinyagan.

Sa pinto nġa nang manġa Simbahan ay itinatanong naming manġa Padre sa manġa sangol,—cung ano бага ang ninanasa,t, hinihingġi nila sa santa Iglesia. At ang sagot nang manġa sangol, sa bibig nang canilang inaama ó iniina caya,i, ganoon:—Ang hinihingġi, pó, namin ay ang pananampalataya. Minsan pa,i, itinatanong namin sa canila:—¿Ay anong mapapaquinabang ninyo sa pananampalataya?—Ang paquinabang, pó, namin sa pananampalataya, ang tugon nang manġa sangol, ay ang buhay na ualang hangan. At ang uica naming manġa Padre sa canila,i, ganito:—Cung totoong ibig ninyong camtan ang buhay na ualang hangan, ay sundin ninyo ang manġa cautusan nang Pangġinoon Dios, na: iibiguin mo ang Dios at Pangġinoon mo sa tanang loob mo, at iibiguin mo naman ang iyong capoua tauo, para nang pacaibig mo sa iyo rin. At caya gayon ang uiniuica nang santa Iglesia sa manġa sangol, sa bibig nang manġa Padre, sapagca,t, ang manġa sumusunod nitong dalauang utos na ito,i, parang sinusunod nila ang lahat nang utos nang Pangġinoon Dios, at mapapacagaling nġa sila sa Langġit, subali,t, ang manġa sumusouay sa gayong manġa utos, ay mapapacasama sila sa inferno.

Caya ang uica nang Pangġinoon Dios sa Santo Evangelio, na ang manġa tampalasang tauong nagpapahamac sa caniya, at di sumusunod nang ipinag-utos niya sa canila, ay huñucuman: *Qui spernit me, et non accipit verba mea, habet qui judicet eum...* (1), sapagca,t, aco, ang uica nang Pangġinoon Dios, sapagca,t, aco nġa ang mabagsic at matouid na Hocom, na yaon ding manġa mahal na utos na iniutos co sa manġa cristiano at hindi nila sinusunod, ay siya co ring

(1) Ev. Sti. Joan. cap, XII. ¶ 48.

ihohocom sa canila:... *et quicumque in lege peccaverunt, per legem judicabuntur.* (1)

Itong paghohocom nang Panginoon Dios sa mang̃a tauong masouayin sa caniyang mang̃a mahal na utos, ay dapat n̄gang catacutan nang lahat, para nang pagcatacot nang Santong Haring si David, baga man pinagsisihan niyang totoo ang caniyang mang̃a dating casalanan, at baga man malaqui ang caniyang pagpepenitencia, at malaqui rin ang caniyang cabanala,t, casantosan. At caya gayon, sapagca,t, ang ating Panginoon Dios ay hindi nagcacadalauang uica, at tutuparin niyang ualang sala ang caniyang salita na:... *et quicumque in lege peccaverunt, per legem judicabuntur,* sa macatouid: yaon ding mang̃a utos, na ipinasusunod co sa mang̃a tauo, at hindi nila tinutupad, ay siya cong susundin sa paghohocom sa canila nang canilang mang̃a casouayan, at siya co ring ibubulid sa canila sa inferno.

At caya gayon naman, mang̃a capatid co, sapagca,t, ang tauong lumilimot nang cusa,t, tiquis sa mang̃a utos nang Dios, at hindi niya sinusunod, ay hindi nacahahacbang siya nang isa mang hacbang sa matouid na daang patun̄go sa lang̃it. Naito ang cahalimbaua:

Isang ibon baga, na pinuputlan nang pacpac, ay hindi na macalilipad, at hindi man macaang̃at sa lupa.

Isang carruage, calesa, carreton caya ay hindi nacagugulong, cung inaalisan nang isang rueda ó gulong.

Isang relox ay hindi rin nacalalacad, cung nauaualan nang isang rueda.

Ay ganoon din naman ang nangyayari sa mang̃a cristianong hindi sumusunod sa lahat nang utos nang Panginoon Dios sa canila. Sa macatouid: hindi sila macalalacad sa cabulusang daang patun̄go sa lang̃it; hindi sila macararating

(1) Rom. cap. II, §. 12.

sa caloualhatiang inilalaan nang Panginoon Dios, sa mang̃a masunurin sa caniyang mahal na utos.

Caya ang uica nang Santong Haring si David, na ang mang̃a tauong masusunurin sa mang̃a mahal na utos nang Dios, ay sila n̄ga lamang ang pagpapalain at paloloualhatiin: *Beati immaculati in via, qui ambulat in lege Domini.* (1) Caya ang uica naman ni Jesucristo sa Evangelio ni Poon San Mateo, na ang mang̃a masosouayin ay susumpain at pacasasamain sa inferno; sapagca,t, ualang macapapasoc sa langit, ani Jesucristo, cundi ang mang̃a masusunurin sa calooban nang aquing Amang sumasalangit.... *sed qui facit voluntatem patris mei, qui in caelis est, ipse intrabit in regnum caelorum.* (2)

At hindi lamang pinagpapala nang Panginoon Dios at pinatutuloy niya sa caniyang caharian ang mang̃a gumagalang at gumaganap nang caniyang mang̃a mahal na utos, cundi pa nama,i, nagbibigay siya nang lacas at tapang sa lahat nang tauo, cristiano man, di man cristiano, sa paglaban sa mang̃a caauay, para nang inyong mariringig n̄gayon.

Ipinagsasalita ni Salviano, na ang mang̃a Vandalo ay may babacahin sa mang̃a iilang bayan nang mang̃a cristiano, na hindi tumutupad, para nang dapat, nang canilang catungculang cristiano. Naalaman nang mang̃a Vandalo ang pagcalimot at ang pagcaualang bahala niyong mang̃a cristiano sa cautusan nang Panginoon Dios; caya nagcapisan sila,t, pinag-usapan nila itong bagay na ito, at ang uica nang isa,t, isa,i, gayon, na cataca-tacang dinguin.

—Itong mang̃a tauong ito, anang mang̃a Vandalo, ay nagbabansag cristiano, at lubhang pinupuri nila sa bibig ang canilang Dios; subali,t, cung sa gaua,i, talastas natin, na hindi nila sinusunod ang mang̃a iniuutos nang canilang

(1) Ps. CXVIII, v̄. 1 — (2) Matth. cap. VII, v̄. 21.

Dios sa canila. Caya masdan natin, cung sacali,t, ito ring canilang Dios ay macapag ampon at macapagbigay lacas at tapang sa atin sa pananalò sa canila. Diyata,i, ang uica nang manġa Vandalo, diyata,i, isulat natin ang manġa utos nang canilang Dios sa gayong daming bandila, at tayo,i, lumusob na,t, ating atohan.

Isinulat nangġa nila ang sampouong utos nang ating Panginoon Dios sa ganoong daming bandila, at pagcayari nito,i, sumulong na sila,t, lumusob na tambing sa isang malaquing hocbo nang manġa cristiano, na baga man marami at macapal, ay natalo rin sila,t, nabihag ang iba, at ang iba namá,i, pinatay. Na cung sa bagay, manġa capatid co, ay nanalo ang manġa Vandalo sa manġa cristiano, alang-alang sa manġa bandilang pinagsusulatan nila nang sampouong utos nang Dios, di man binyagan itong manġa Vandalo, na napaampon sa ating Panginoon Dios.

Dito sa salitang ito,i, matatanto ninyo,t, matatalastas, na ang totoong daang icasasapit ninyo sa buhay na ualang hangan, ay ang mabuting pagsunod sa manġa mahal na utos nang Dios.

Caya, manġa capatid co, magmula nġayong arao na ito,i, gamitin ninyo itong mahal na armas nang sampouong utos nang Dios sa paglaban sa manġa caauay nang inyong caloloua, at asahan ninyo, na siyang icapananalò ninyo sa canila. Houag ninyong calilimutan yaong manġa mahal na uicang nasacatapusan nang manġa punong sinasampalatayanan, na ang sabi:—Ang manġa banal na tauo, na dito sa buhay na ito,i, nagsusumaquit gumaua nang magaling, at sumusunod sa canilang catungculang cristiano, ay gagan-tihin nang Panginoon Dios nang caloualhatian sa langit; at ang mġa di banal, na ualang tacot sa Dios, at hindi sumusunod sa caniyang mahal na utos, ay parurusahan sa inferno.

¡Cahimanauari houag cayong casapitan nitong catacot-tacot na parusa! At nang magcagayon, ay pag-iiguihin na ninyo ang inyong asal at ugali; itahan na ninyo ang pagcacasala; magpacatibay cayo nang loob, at magticang di na cayo magcacasalang uli; ang inyong mangã dating casalanan ay pag-sisihan ninyo nang isang totoo,t, tapat na pagsisisi, na cunganon ang inyong gagau,t, susundin, ay pagcacalooban cayo nang Panginoon Dios nang caniyang mangã biyaya dito sa lupa, at saca nang caloualhatian sa langit. Siya naua.



PRIMER MANDAMIENTO

Plática 1.^a del primer precepto.

Diliges Dominum Deum tuum.
Matth. Cp. XXII. v. 37.



Gayong carami ang dahilan sa pag-ibig natin sa Dios, at sa pagquilala nang utang na loob natin sa caniya, na halos hindi mangyaring sabihin at saysayin ang lahat.

Ang cabutihan nang langit, ang caliuaragan nang arao, ang pagcaningning nang mangã bituin, at ang dilang bagay-bagay, na guinaua nang Panginoon Dios sa langit, sa lupa, t, sa dagat, ay pauang mangã cadahilanan sa pag-ibig natin sa Dios, palibhasa, i, itong mangã gauang ito, i, siya rin naman ang ipinahahayag at ipinaquiquilala niya sa ating lahat nang caniyang ualang hangang aua, t, pagcaibig sa ating mangã tauong salarin.

At bucod dito; ang caniyang pagcacatauoang tauo, ang caniyang mahal na Pasiòn, at pagcamatay sa Cruz sa pagtubos sa atin sa caalipnan nang Demonio; ang caniyang pagcabuhay na mag-uli; ang pagpanaog niya sa mangã infierno sa paghangõ roon sa mangã banal na nag-aantay nang caniyang pagcacatauoang tauo; at ang iba, t, iba pang lubhang maraming guinaua niya sinta lamang sa atin, ay, ¿di baga

manğa cadahilanang sucat icahila nang loob natin sa pag-ibig sa Dios na lalo sa lahat? Totoo, nğa, manğa capatid co, sapagca,t, dito sa manğa gaua niyang ito,i, nahahayag ang malaquing ibig at aua niya sa atin.

¡At ano cayang dapat nating iganti sa Panginoon Dios sa gayong calaquing aua,t, pagcaibig niya sa atin? Ay ualang iba, manğa capatid co, cundi ang capoua ibig; ang pagcaibig natin baga sa Panginoon Dios ay siya nğa ang maigaganti natin sa caniya, at siya rin lamang ang hinihingi niyang ganti sa atin doon sa caniyang unang utos, na ang sabi: *Diliges Dominum Deum tuum etc.* sa macatouid; ibiguin mo ang Dios at Panginoon mo sa tanang loob mo at sa boong puso,t, bait mo.

Itong manğa bagay na ito,i, siya cong sasaysayin nğayon, caya paquingan ninyo.

Totoong minamabigat nang caramihang tauo ang pagsunod sa utos nang Panginoon Dios at ang pag-ibig sa caniya na lalo sa lahat. ¡Malaquing caululan ito, manğa capatid co! At caya ganoon ang aquing sigao, sapagca,t, ibang-iba ang sinasalita ni Poong San Juan, na ang uica: *Mandata ejus gravia non sunt.* (1), sa macatouid: ang manğa utos nang Dios ay hindi mabibigat.

Acala co,i, hindi naalaman, ó hindi caya inaalaala nitong manğa tauo ang manğa naturan cong uica ni Poong San Juan, at ang sabi ni Jesucristo sa Santong Sulat, na ang uica:... *Onus meum leve* (2), sa macatouid: ang lahat na ipinag-uutos co sa inyo,i, hindi maliuag tuparin, cung cayo,i, tulungan co. At hindi naman inaalaala nila, na itong pagtulong na ito,i, hindi mauauala sa atin, cung ihingi natin sa Panginoon Dios, na ang sabi: *Petite et dabitur vobis.* (3) na ang cahuluga,i, gayon: Humingi cayo at bibiguan co. At

(1) Joan. cap. V. §. 3.—(2) Matth. cap. XI. §. 30.—(3) Matth. cap. VII. §. 7.

hindi rin iniisip niyong mangá tauo ang pagbabala, na ayon sa mangá catotoohanang ito,i, ipinagbabala ni Jesucristo sa atin doon sa icasampuong capítulo ni Poong San Mateo, na ang uica:—Ang umiibig sa caniyang ama,t, ina na lalo sa aquin, ay hindi co catoto, at hindi rin macacamtan niya ang caloualhatian sa langit. *Qui amat patrem aut matrem plusquam me, non est me dignus* (1).

Itong lubos na pag-ibig na hinihingi nang Panginoon Dios sa atin, ay mahahalata ninyo,t, matatalastas, cung pacaisipi,t, pagnilay-nilayin ninyo ang cahulugan nang pagsisising contrición at nang pagtitica, na siya nga ang totoong nagsasalaysay nang tunay na pag-ibig sa Dios.

Ang pagsisising contrición, anang dasal, ay ang mala-quiring pagcalumbay natin sa ating mangá casalanan, hindi dala nang tacot; na tayo 'baga,i, parusahan nang Panginoon Dios, at pacasamin niya sa inferno, cundi dala nang mala-quiring sinta at pag-ibig natin sa caniya. Ang pagtitica naman, ay ang pagpapacatibay nang loob nating di na tayo,i, magcacasala uli sa Dios, cahima,t, maualan tayo nang buhay at nang dila-dila na. Na cung sa bagay: ang pag-ibig na hinihingi nang Panginoon Dios sa atin ay ang pag-ibig na ualang inaasahang anoman.

Caya ang uica ni Poon San Juan Crisóstomo, na ang nacaiibig sa Panginoon Dios dahilan lamang sa mangá inaasahang paquinabang, ay nagcacaparis nang nacaiibig sa isang calabao, dahilan sa mangá paquinabang na nacacamtan sa caniya, sa pag-gaua sa buquid, sa paghila nang cahoy, at sa iba,t, iba pang pinag-gagamitan niya nang calabao. Data-poua,t, malaqui man ang pinaquiquinabangan niya sa calabao, at malaqui man ang pag-ibig niya sa caniya, ay cung tumanda na ang calabao, at mahina na ang caniyang ca-

(1) Matth. cap. X. v. 37.

taoan, na hindi na macagaua, ay ipinagbibili tuloy ó pinapatay caya. Na cung sa bagay, hangang pinaquiquinabangan ang calabao ay iniibig nang tauo, at pag hindi mapaquiquinabangan, ay tinatalicdan nila,t, pinapatay.

Itong pag-ibig na ito,i, hindi minamahal nang Panginoon Dios.

Ang isusunod cong halimbaua,i, siyang magbibigay pang caliuanagan dito sa bagay na ito.

Mayroon dalauang magcapatid, at capoua,i, dumulog sa canilang ama, at ang uica nang isa:—Ama co, caya aco,i, umiibig sa iyo, sapagca,t, malaqui ang iyong cayamanan, at dahilan naman sa mangá buquid at ibang pag-aaring ipamamana mo sa aquin, at ito na lamang ang iquinaibig co sa iyo. At ang uica naman niyong isa: Ama co, caya aco,i, umiibig sa iyo, sapagca,t, icao,i, magulang co at ama co; hindi ang mangá pag-aari,t, cayamanang maipamamana mo sa aquin, ang aquing tinitingnan sa pag-ibig sa iyo, cundi ang iyong pagcaama co lamang ay siyang iquinaibig cong totoo sa iyo.

¿Ay ano, mangá capatid co? Dito sa mangá guinaua,t, uinica nitong dalauang magcapatid na tinuran co; ¿ay di baga sasabihin ninyo, na ang pag-ibig nang naunang capatid sa caniyang ama, ay culang na culang, at ang pag-ibig nang icalauang capatid sa caniyang ama, ay siyang tunay na tunay na pag-ibig? Ganoon nga, caya, iyan ding sabi ninyo tungcol sa canila,i, siya co namang sinasabi sa mangá cristianong umiibig sa Panginoon Dios alang-alang sa mangá inaasahang paquinabang.

Ang dapat sana nating tularan, bagay sa pag-ibig sa Dios, ay ang Santong Job, na ang uica: Alisan man aco nang dilang cayamanan, parusahan man aco nang lahat nang bagay-bagay na hirap, at patayin man aco, ay iibiguin co,t,

sisintahin at pananaligan ang Panginoon Dios. *Etiam si occiderit me, in ipso sperabo.* (1)

Maca ang sasabihin sa aquin nang ibang tauong cristiano, i, gayon:—Padre, t, panginoon namin; cami, po, i, mangá tauong may catungculan, at caya, po, i, hindi mangyaring di paghatiin namin ang aming pag-ibig sa madlang bagay, sapagca, t, ang pag-ibig namin sa asaua, i, catungculan; ang pag-ibig sa aming ama, t, ina, i, utos nang Panginoon Dios; ang pag-ibig sa aming mangá anac, ay capilitan; ang pag-ibig sa aming buhay, at ang pagsasangalang nang aming puri, ay catungculan naman: ang pag-ibig sa aming pag-aari, ay gayon din, baquit, uala coming ipacacain sa aming mangá tauo, cundi namin alagaan at ibiguin ang caunting pagcabuhat namin. At ito nga, pó, i, siyang iquinaliliuag naming ibiguin ang Panginoon Dios na lalo sa lahat.

Pinaquingan co na, mangá capatid co, at natatanto co ang mangá cadahilanang iquinaliliuag ninyong ibiguin ang Panginoon Dios na lalo sa lahat; ngayo, i, paquingan naman ninyo ang aqing casagutan, nang mapalagay ang inyong loob.

Icao tauong cristiano, ali, t, alin man ang iyong calagayan, ¿ay nagpaparati ca baga sa hindi pagcacasala sa Panginoon Dios, cahima, t, masira ang iyong puri, at maualan ca man nang ari, nang buhay at nang dila-dila na, ¿Napao ca? Ay cung gayon, ang sagot co naman sa iyo, ay cung gayon ang talaga nang loob mo, ay iniibig mo na ang Panginoon Dios na lalo sa lahat.

Icao babaying may asaua, na lubha cang umiibig sa asaua mo, t, mangá anac, ay ibiguin mo sila nang totoong pag-ibig; ibiguin mo silá, t, sintahin oras-oras, sapagca, t, hindi baul nang Dios sa iyo ang gayong pag-ibig: icaó

(1) Job. cap. XIII, v. 15.

naman babaying dalaga ó soltera, na lubha cang umiibig sa magulang mo at mangá capatid, ay ibiguin mo sila,t, ibiguin, at hindi bawal nang Panginoon Dios sa iyo ang gayong pag-ibig: subali,t, cang may pumapanhic sa bahay ninyo na isang lalaqing may masamang asal, at uicain sa inyo:—Cata,i, pagcasalanan, at cundi ca pumayag sa aquing ninanasa,t, hinahangad, ay papatayin co ang asaua mo,t, mangá anac, ang magulang mo,t, mangá capatid, at cucunin co,t, sasamsamin ang boong pag-aari ninyo,t, cayanamanan. ¿Ay ano cayo, mangá babayi? ¿Ano caya ang isasagot ninyo doon sa tampalasang tauong naquiquiusap sa inyo nang gayon?

¿Sasagutan бага ninyo siya, na hindi cayo papayag sa masamang pag-aglahi niya sa inyo, cunin man niya ang boong pag-aari ninyo, at patayin man ang inyong asaua,t, mangá anac, ang inyong magulang at mangá capatid? ¿Napaoo cayo? Ay cang gayon, ang sagot co naman sa inyo, ay cang gayon ang catapangan nang inyong loob, ay sinasabi co sa inyo, na cayo,i, mapapalad at maloloualhati, at iniibig na ninyo ang Panginoon Dios na lalo sa lahat.

Ngayon sa catapusan, ay paquingan ninyo ang susunod na salitang nagbibigay catibayan dito sa iniaaral co sa inyo.

Mayroon, dao, isang dalaga, na magandang totoo at banal; alila siya,t, alipin nang isang malibog na panginoon, na ang pinapacsa,t, inaacala niyang palagui, ay ang magcasala sa caniyang alila,t, alipin.

Tinucso nga minsan itong dalaga nang caniyang panginoon, at pinilit siya sa masamang gaua, na ang uica бага niyong masamang tauo:—cata,i, pagcacasalanan, at cundi ca pumayag sa aquing cahingian, ay papaluin quita,t, sasactan nang di hamac.

Hindi pumayag ang banal na dalaga sa masamang ca-

hangaran nang caniyang panginoon, cahima,t, siya,i, pina-
lo,t, hinampas nang di biro-biro. Caya tumampo,t, nagalit
yaong malibog na tauo, at dala nang cagalitan ay ipinahatid
niya,t, ipinaharap ang caniyang alila sa isang mabagsic na
Juez, nang parusahan pa siya,t, papaghirapin nang naturang
Juez niyong mangá ugaling hirap, na ipinagpapahirap niya
sa mangá cristiano.

Pinarusahan nang marahas at lilong Juez yaong banal
at caaua-auang alila, at nang mapagmasdan niya ang catapa-
ngan nang loob nang nasabing dalaga,i, tumampo naman
siya,t, nagalit; at capagdaca,i, nagpatunao siya nang mara-
ming sahing, at nang cumuculo na ang sahing, ay nag-uica
siya sa dalaga nang gayon:—Pumayag ca na sa caibigan
nang panginoon mo, sapagca,t, cung ayao ca ring pumayag
at magbigay loob sa caniya, ay ipasisilid cata dito sa caua
nang sahing na cumuculo, nang diyan cang matupoc at ma-
matay.

¡O catapanan nang loob nang mangá may tunay na
pag-ibig sa Panginoon Dios.

—Itapon mo na aco, ang sagot niyong banal na dalaga,
itapon mo na aco diyan sa caua, at minamaigui co pa ang
aco,i, mamatay, sa pagcacasala sa Panginoon Dios. At ca-
alam-alam niya,i, binuhat siya,t, isinilid doon sa sahing na
cumuculo, at nang maguing tatlong oras doon sa pagcalagay
niyang yaon, ay namatay siya, at ang caniyang caloloua ay
inihatid sa langit nang mangá Angeles.

Caya, mangá capatid co, cung ibig ninyong macamtan
ang capalaran nitong nasabi cong dalaga, ay tularan ninyo
ang caniyang cabanalan, at ang caniyang catapanan nang
loob sa pagtitiis nang dilang hirap, bago siya,i, magcasala
sa Panginoon Dios. Ang pagcaibig ninyo sa inyong mangá
anac at asaua, mangá magulang at capatid, mangá cayama-

na,t, caguinhauahan, ay houag ninyong palaluin sa pag-ibig ninyo sa Dios; cundi bagcus, ang pagpanaog nang Panginoon Dios dito sa lupa; ang pagtitiis niya nang dilang bagay-bagay na hirap sa caniyang mahal na Pasi6n, cusa niya,t, sinta lamang sa ating manga tauong salarin, ay gantihin ninyo nang capoua ibig, nang capoua sinta; at nang maguing totoo,t, tunay itong inyong ibig at sinta sa Panginoon Dios, ay sundin ninyo nang lubos na pagsunod ang caniyang manga mahal na utos, na cung gayon ang inyong sundi,t, asalin, ay gagantihan cayo nang caloualhatiayang ualang hangan sa langit. Siya naua.



Plática 2.^a del primer precepto.

SOBRE LA FÉ, PRIMERA VIRTUD TEOLOGAL.

Ang mangá cabanalang asal, na ang n̄gala,i, Virtudes Teologales ay tatlo: ang Pananampalataya, ang Pananalig at ang Pag-ibig sa Dios. At cung caya pina-
n̄nganlang Virtudes Teologales, sapagca,t, sila n̄ngang tatlo, ay siyang lalong isinasamba nang tauong cristiano sa Panginoon Dios, ayon sa aral ni Poon San Agustin.

Ang Pananampalataya,i, siyang iquinaquiquilala nang cristiano sa ating Panginoon Dios.

Ang Pananalig, ay siyang inihihintay niya nang caniyang capalaran at nang caloualhatian sa langit.

At ang Pag-ibig sa Dios, ay siyang iquinaibig nang cristiano sa Dios, hindi alang-alang sa anomang inaasahang pa-quinabang, cundi alang-alang sa caniyang pagca-Dios, at ang siya n̄ga ang may gaua sa ating lahat, at sa dilang bagay na naquiquita nati,t, di naquiquita.

Cung pag-aaralan nang tauong cristiano nang magaling at mahusay ang *Sumasampalataya aco* at ang *mangá punong sinasampalatayanan* ay maquiquilala niya,t, matatalastas ang lahat nang aral na dapat niyang sampalatayanan.

Ang *Sumasampalataya aco*, ay quinatha nang mangá San-

tos Apóstoles, na uala silang sadyang iba, cundi ang tayo,i, turuan nila nang manġa bagay-bagay, na catungculan nating sampalatayanan.

Itong bagay na ito, sa macatouid: ang cahulugan nang Pananampalataya,i, siya cong sasaysayin sa inyo nġayon sa sangdaling oras. Paquingan ninyo.

Ang Pananampalataya,i, dili iba, cundi ang paniniuala,t, paquiquiyon nan; tauong cristiano sa manġa Misterio at manġa catotoohanang di niya naquiquita.

Ang pagcacatauoang tauo ni Jesucristo, sa halimbaua; ang caniyang pagcamatay sa Cruz; ang pagcabuhay niyang mag-uli; ang pag-aquiat niya sa langit, at ang iba,t, iba pa,i, hindi naquita nang sinomang cristianong nangabubuhay nġayon, subali,t, gayon man, ay capilitan nating sampalatayanan, sapagca,t, itong aral na ito,i, siyang aral nang Panginoon Dios, na di mangyaring magsinunġaling sa atin, at dili rin mangyaring magcamali siya.

Ang boong aral na nasasaclao sa *Sumasampalataya aco* at sa *Manġa punong sinasampalatayanan*; ang boong aral, na napapalaman sa manġa Santong sulat; ang dilang bagay na sinasaysay at pinasasampalatayanan sa atin nang manġa Concilio, capulunġan baga nang manġa Obispo at nang manġa doctores nang santa Iglesia; ang manġa mahal na aral, na ipinaġaral ni Jesucristo sa ating manġa tauo, nong nabubuhay pa siya dito sa lupa, na pauang napapalaman sa manġa Santo Evangelio; at gayon din naman, na si Jesucristong Panginoon natin, ay siya ang may catha nang pitong Sacramento nang santa Iglesia, at ang siya rin ang nagcaloob sa naturang manġa Sacramento nang cabagsican sa pagpapatawad at pagpapauala nang manġa casalanan; itong lahat na manġa bagay na ito, anaquin, at ang iba pang ganito,i, catungculan nating sampalatayanang matibay na matibay, nang tayo,i,

macapagbansag tunay na cristiano at discipulo ni Jesucristo, palibhasa,i, itong aral ay siyang iniaaral sa atin nang santa Iglesia, at aral din nang Panginoon Dios, na hindi mangyaring magcamali.

At hindi lamang di mangyaring magcali ang Panginoon Dios, at magsinunġaling sa atin, cundi pa naman, ay hindi maiurong niya ang caniyang manġa uica, ang caniyang manġa pangaco. Uica nġa nang Panginoon Dios: *Calum et terra transibunt, verba autem mea non transibunt*, (1) sa macatouid: mauauala ang lanġit at mauauala ang lupa, nġuni,t, ang caniyang manġa uica,i, hindi lilipas, hindi mauauala. Caya houag nang pagdilidilihin nang tauo itong manġa catotohanang ito, cundi bagcus, ay sampalatayanan niyang matibay na matibay, sapagca,t, ang manġa uica nang ating Panginoon Dios ay hindi mauauala.

Pangaco naman nang Panginoon Dios na, sa anomang oras, na magbalic loob sa caniya ang sinomang tauong macasalanan, at pagsisihan niya,t, calupitan ang caniyang manġa casalanan, at caaauaan niya,t, patatauarin, at lilimutin pa niya ang dating gauang masasama nang gayaring tauo. Caya, houag nang mag-urong sulong ang loob ninyo sa paniniuala nito, sapagca,t, ang manġa pangaco nang Dios, ay hindi magbabago.

Uica rin nang Panginoon Dios, na ang iquinaparito sa mundo ni Jesucristo, ay hindi ang paghanap niya sa manġa banal na tauo, cundi ang paghanap sa manġa macasalanan. Uica pa naman niya, na ang tauong di tumalicolod muna sa caniyang manġa magulang, sa caniyang asaua,t, manġa anac, sa caniyang manġa catoto,t, caibigan, at sa dilang bagay na may halaga, bago talicdan niya ang Panginoon Dios, ay hindi mangyaring maguing discipulo niya. Caya houag nang

(1) Marc. cap. XIII, ŷ. 31.

pagdilidilihin nang tauo itong manġa mahal na uica, cundi bagcus ay sampalatayanan niyang matibay na matibay, sapagca,t, ang uica nang Panġinoon Dios ay hindi mag-iiba

Ang manġa sangcap nang catauoan nang tauo, ang iquinadaramdam niya baga, ay mangyayaring magcamali at magdaya sa atin; caya madalas nġa nagcacaquiniquitaan ó nadadayaan ang tauo sa iba,t, ibang naquiquita nang caniyang mata. Isang tungcod, sa halimbaua, ó isang padpad, caya, na matouid na matouid, ay cung ilubog natin sa tubig ó sa ilog, at tingnan nati,t, panoorin, ay tila mandin bali ó baluctot, subali,t, cung iahon natin doon, ay matouid na matouid na para nang dati.

Ang bahag-hari naman, cung tingalai,t, pagmasdan nang tauo, ay marami at sari-saring color ang caniyang maquiquita roon; nġuni,t, itong lahat nang color, ay hindi totoo, cundi gaua lamang nang manġa papauiring tumatapat sa arao; caya nauauala agad, cung mapayir nang hanġin ang papauirin, ó di caya tamaan nang sinag nang arao, na siyang pinagmumulan niyong manġa color na naquiquita natin.

Datapoua,t, ang ating Pananampalataya,i, hindi ganoon, cundi bagcus siya ang maliuanag na ilao na nagtuturo sa atin nang totoong daang icapasasalangit natin, at siya nġa naman ang tunay na punong pinangagalingan nang lahat na cabanalang asal.

At tunay nġa, sapagca,t, cung uala tayong Pananampalataya, ay nauaualang cabulohan ang manġa gaua nating magagaling, at hindi naman tayo,i, ipaquiquibilang sa manġa anac nang Dios. Mauaualang cabulohan ang manġa Sacramento; at mauaualan tayong paquinabang sa ating manġa pagsisimba, pagdarasal nang Santo Rosario at sa ibang manġa gauang cabanala,t, panalangin.

Ang ating Pananampalataya ay sucat nating ipara sa

manġa ugat nang isang cahoy. Cung ang manġa ugat ay natutuyo, ay nauauala capagcaraca ang cabutihan nang cahoy. Ang manġa sanġa,i, nalalanta; ang manġa bulaclac at manġa dahon ay nalalaglag; ang manġa bunġa,i, naluluoy; at ang boong cahoy, ay ualang quinapapacanang iba, cundi sa pag-gagatong sa apoy.

Gayon din naman, anaquin, ang ating Pananampalataya. Cung ang tauong cristiano,i, natutuyuan, nauaualan baga nang Pananampalataya, na siya ang pinacaugat nang pagcristiano natin, ay nauaualan din siya, capagcaraca, nang Pananalig at nang Pag-ibig sa Dios at sa capoua tauo, at yaong caaua-auang caloloua na pinahiyasan nang Panginoon Dios nang manġa Cabanalang asal na maipagcacamit niya nang langit, ay ualang quinapapacanang iba, cundi sa pag-gagatong sa infierno magpacailan man.

Caya, manġa capatid co; houag nang pagdilidilihin ninyo sa sandali mang oras ang boong aral, na pinasasampalatayanan sa inyo nang Panginoon Dios at nang santa Iglesia. Magaling na magaling, at tapat na tapat sa inyong caloloua ang dilang utos, na ipinasusunod sa inyo, at ang dilang aral, na itinuturo sa inyo nitong maauaing Ina, sapagca,t, siya,i, pinangongosiuaan nang Dios Espiritu Santo, na hindi mangyaring magsinungaling ó magdaya sa atin.

Si Poon San Roman ay nagbantang magpabalie loob sa Panginoon Dios doon sa mabagsic na tauong nagpamartir sa caniya, at ang uica ni Poon San Roman doon sa tauong yaon.—Cundi mo aco pinaniniualaan; cung sa isip mo, baga,i, hindi totoo ang boong aral, na iniaaral co sa iyo, ay magtanong ca diyan sa sangol na caharap, na quinacalong nang ina, at, cahima,t, di pa siya marunong mangusap, ay siya ang magsasabi sa iyo, cung totoo ó dili caya ang manġa iniaaral co sa iyo.

Itinanong n̄ga niyong mabagsic na tauo doon sa batang itinuro ni Poon San Roman, at ang sagot nang sangol ay ganito:—Si Jesucristo ay Dios na totoo at tauo namang totoo. Nanguilalas yaong mabagsic na tauo sa ganoong sagot, caya nagtanong siyang uli sa sangol na ang uica:—*At saan baga naalaman mo,t, pinag-aralan mo iyang mang̃a bagay na iyan?*—Caya naalaman co, p̄o, iyan, ang sagot nang sangol, sapagca,t, siyang itinuro sa aquin nang aquing ina, at ang aquing ina nama,i, tinuruan nang Pang̃inoon Dios at nang santa Iglesia na hindi macapagsinungaling sa canino man.

Caya, mang̃a capatid co, ay paniualaan ninyo,t, sampalatayanan ang santa Iglesia, na siya ang totoong ina nating mang̃a cristiano, na di mangyaring magdaya sa atin.

Ualang ibang ninanasa nitong maauaing ina cundi ang ninanasa rin nang Pang̃inoon Dios, ang cagalingan baga nang caloloua natin, nang tayo,i, maguing dapat magcamit nang caloualhatian sa langit. Siya naua.



Plática 3.^a del primer precepto.

SOBRE LOS VICIOS OPUESTOS Á LA FÉ.



Siabi co na sa inyo nang lingong nacaraan, na ang mangá cabalang asal, na ang n̄gala,i, Virtudes Teologales ay tatlo: ang Pananampalataya baga, ang Pananalig at ang Pag-ibig sa Dios na lalo sa lahat; at sinaysay co sa inyo tuloy ang cahulugan nang Pananampalataya.

N̄gayong arao na ito,i, sasaysayin co naman sa inyo ang mangá caculangá,t, casalanang laban sa ating Pananampalataya at sa mangá matotouid na aral, na pinasasampalatayan sa atin nang Panginoon Dios at nang santa Iglesia. Aco,i, inyong paquingan.

Ang lahat na casalanang sucat ipagcasala nang tauo sa Panginoon Dios, ay naouui sa dalaua: ang isa,i, pinanganganlang daquila ó mortal, at ang isa,i, pinanganganlang munti ó venial.

Ang casalanang daquila ó mortal ay nacauuuala,t, nacapapai sa caloloua nang tauo nang mahal na gracia nang Dios. Cung caya, ang tauong namamatay sa gayong casalanang dipa ipinagcompisal niya,t, di pinagsisihan niya caya nang tapat na pagsisisi, ay mahuhulog na ualang pagsala sa infernong magpacailan man.

Ang casalanang munti ó venial ay nacalalamig lamang nang caloloua nang tauo sa pag-gaua nang mangá marapat na gaua, at nacahihina sa caniya sa pagsunod nang cabanalan, datapoua,t, mamatay man ang tauo dito sa casalanang ito,i, hindi ibubulid nang Panginoon Dios ang caniyang caloloua sa infierno, cundi pararaanin niya ang gayong caloloua sa purgatorio, nang magbayad siya roon nang caniyang casalanan, bago macamtan ang caloualhatian sa langit.

Itong dalauang bagay na casalanan ay siyang sucat ipagcasala nang tauo laban sa unang Virtud Teologal, sa ating Pananampalataya baga. Subali,t, dito sa aqing Plática ngayon, at doon sa susunod, ay hindi co tutucuyin cung sino-sinong nagcacasala nang daquila,t, cung sino-sinong nagcacasala nang munti ó venial, laban sa ating Pananampalataya, sapagca,t, maraming bagay-bagay ang dapat isipin at gunamgunamin, nang di maguing mali ang gayong pagtutucoy. Caya sasaysayin co lamang ang mangá casalana,t, caculangang laban sa ating Pananampalataya.

Ang caunaunahan, ay nagcacasala sa ating Pananampalataya ang mangá tauong di marurunong nang dasal; yaon bagang mangá tauo, na hatulan ma,t, pangaralan nang canilang magulang at nang mangá cahalili nang Panginoon Dios, na magsaquit silang mag-aral nang mangá tanungan at casagutan, na lalong cailangang maalama,t, matanto nang tauong cristiano, ay gayon ma,i, hindi lamang hindi pinag-aaralan nila yaon, cundi bageus ay pinahahamacan pa nila ang ganoong hatol.

At caya nagcacasala sila sa ating Pananampalataya, sapagca,t, hindi mangyaring sampalatayanan nang tauong cristiano ang di niya naalaman cung ano; at pilit manding maalama,t, pag-aralan nang cristiano ang may isang Dios na

macapangyayari sa lahat; ang di mamatay ang caloloua nang tauo; ang pagcacatauoang tauo ni Jesucristong Panginoon natin; ang caniyang santong Pasi6n at pagcamatay sa Cruz; ang caniyang pagcabuhay na mag-uli; ang pag-aquiati niya sa langit, ang Misterio nang Santisima Trinidad, Dios Amabaga, Dios Anac, at Dios Espiritu Santo, na tatlo silang Personas at iisang Dios na totoo; at catungculan din nang cristianong maalaman, na ang mang6a banal na tauo,i, paloloualhatiin nang Panginoon Dios doon sa langit, at ang mang6a macasalanang ay pacasasamin niya sa infierno magpasaualang hangan.

Itong lahat na aral na ito, anaquin, ay capilitang pag-arala,t, sampalatayanang matibay na matibay nang tauong cristiano, na ualang pagdili-diling anoman, sapagca,t, ang gayong pagdili-dili 6 pag-alang-alang niya sa loob ay casalanang laban sa ating Pananampalataya.

Caya maiguing totoo na mamihasa ang cristianong magulit-ulit, na maminsan-minsan, nang mang6a tanung6an at casagutang napapalam6n sa dasalan, at magdasal siyang madalas nang: *Sumasampalataya aco*, at nang: *Man6a Punong sinasampalatayanan*, palibhasa,i, dito ng6a,i, nasasaclao ang lahat, na pinasasampalatayan sa atin nang santa Iglesia. At itong lahat, na iniaral at sinabi co sa inyo sa itaas, ay catungculang pag-arala,t, sundin nang tauong cristiano, capagca may bait na siya, nang matupad niya ang caniyang mang6a catungculan nang pagca-cristiano, at houag namang siya,i, magcasala sa ating Pananampalataya.

Ang mang6a cristianong sumasamba sa mang6a dios-diosang hamac, 6 sa mang6a larauang pinag-aanituhan nang mang6a hindi binyagan, ay nagecacasala nam6n sa ating Pananampalataya, sapagca,t, ang ating Panginoon Dios lamang at ang caniyang mang6a aral, ay siyang dapat at catungculan nating sambahin at sampalatayanan. At ganoong cahigpit itong ca-

tungculang ito, na, cung sacali,t, may nagpipilit sa isang cristiano, na sambahin niya ang hindi Dios na totoo, at gayahan niya ang mangā caasalan nang mangā hindi binyagan ó nang mangā hereges cayá, ay catungculan nang gayong cristiano pahamacan itong capilitang ito, cahima,t, siya,i, alisan nang buhay at pahirapan nang dilang bagay na hirap. Catungculan n̄ga niyang tangapi,t, tiisin ang lahat nang hirap, bago talicdan niya ang caniyang pagca-cristiano. At cundi gayon ang caniyang gaua,i, magcacasala siya nang laban sa ating Pananampalataya.

Ang mangā tauong nagpapatuacal ó naghihinanaquit sa ating Panginoon Dios, cung sila,i, dinadatnan nang saquit ó nang iba cayang cahirapan, ay magcacasala rin sa ating Pananampalataya. Caya, ang anomang dalita,t, saquit, lumbay at capobrihang dumating sa inyo, ay tangapin ninyo,t, tiisin nang magandang loob. At masira man ang ani at pamamahay ninyo, at mamatay man ang inyong mangā hayop, ay tiisin ninyo nang boong capacumbabaan nang loob, at ariin ninyong parusa nang Panginoon Dios dahilan sa inyong mangā casalanan; at magpasalamat pa cayo sa caniya, palibhasa,i, siya ang ating maauaing Ama, na ualang ibang hinahangad sa pagpaparusa niya sa atin cundi ang sarili nating cagalingan.

Ang inyong mangā saquit naman, at ang mangā saquit nang anac ninyo, ay houag ninyong ihinguil sa mangā mangagauay cung sa mangā mangcuculam, ó sa mangā maninigalpas, ó sa mangā mangbabalis caya. Ang mangā mangagauay, at ang ibang tinuran co, ay ualang cabagsicang munti man sa pagpapasaquit sa tauo. At cung, sa halimbaua,i, nagcacasaquit ang tauo, ó nagagauay caya, para nang uica nang mangā baliu, ay houag ninyong paniua-laan, na yaong saquit ay nangagaling sa mangagauay,

cundi asahan ninyo, na yaong lahat na yaon ay galing sa inyong gunam-gunam, at sa malaquing tacot ninyo sa mangagauay, dahilan sa mangá sabi-sabi nang ibang mangá tauo, na ualang puno at ualang dulo, at malayong di sapala sa totoo.

At tunay nga; sapagca,t, jano cayang cabagsicang nasa *manicang* guinagamit, dao, nang mangagauay na tauo, sa pag-gauay, sa caniyang capoua tauo? jDi malaquing caululang maniuala ang isang cristiano, na ang mata, ang muc-ha, ang camay, ang paa at ang ibang cabahagui nang catauoan niyong *manica*, ay cung tondoan nang mangagauay, capag-caraca,i, masasactan naman ang mata, ang muc-ha, ang camay, ang paa ó ang ibang parte nang catauoan nang tauong ibig gauayan nang mangagauay?

Caya hindi dapat maniuala ang mangá cristiano sa mangá sinasabing mangagauay, mangcuculam, maninigalpas at mangbabalis, at lalong-lalo na hindi dapat na sila,i, pagamot sa mangá inaari ninyong ganayong tauo. Ang totoong sucat catacutan, paniualaan at sampalatayanan nating lahat, ay ang Panginoon Dios, na siya nga lamang ang may tunay at totoong cabagsica,t, capangyarihan sa pagpapasaquit at sa pagpapagaling sa catauoan nang tauo.

Yaong mangá tauo, na nagcocono-conouari, na sila,i, mangcuculam, mangagauay, maninigalpas, mangbabalis ay para-parang sumasacasalanan, at hindi mangyayaring sila,i, patauarin nang Panginoon Dios, hangan di nila itahan ang canilang pagdadaya sa capoua tauo, at ipagcompisal nilang mahusay itong bagay na pagcacasala, at ibigay pa nila sa Padreng canilang pagcocompisan yaong pinacagamot ó pamahiin nila sa pagpapaano sa tauo.

At gayon din, nagcacasala nang laban sa ating Panampalataya ang mangá cristianong naniniuala sa mangá

casinungalingan nitong mangá magdaraya,t, sinungaling na tauo.

Marami pa ang maidadagdag co dito sa aqing sinabi, nguni,t, ititiguil co muna, at hahabang totoo itong aqing Plática. Datapoua,t, nang maalama,t, matalastas ninyong lahat ang dapat ninyong sampalatayanan ó talicdan caya, ay itutuloy co ito ring aral na ito sa lingong darating, cung pagcalooban pa aco nang Panginoon Dios nang buhay at gracia.

Ngayo,i, samantalahin ninyo ang mangá ipinangaral co sa inyo dito sa arao na ito, at isama ninyo sa inyong Panampalataya ang magaling na pagsunod ninyo sa mangá utos nang Dios, nang cayo,i, pagcalooban niya nang caniyang mahal na pag-aampon dito sa lupa, at saca paloualhatiin cayo sa langit. Siya naua.



Plática 4.^a del primer precepto.

PROSIGUE LA MISMA MATERIA SOBRE LOS VICIOS
OPUESTOS Á LA FÉ.



Maraming totoong mangá bagay-bagay, na may amoy pamahiin, ang iniaasal nang taga rito man at nang taga ibang bayan, na hindi dapat asalin at sampalatayanan nang tauong cristiano, sapagca,t, iyang lahat na iyan ay nangagaling sa mangá tauo sa una, nang di pa sila binyagan, at alipin pa sila nang mangá Demonio.

Cahabag-habag mandin ang mangá tauong napagdarayaan nang gayon, at sumasamba pa sila sa balang pamahiin, at naniniuala pa sila sa mangá may bacas nang asal, na iniaasal nang mangá matatanda sa una, nang di pa sila binyagan.

Caya ang dilang bagay na pamahiing nabalitaan cong guinagamit nang mangá tauo, ay siya cong ipahahayag sa inyo ngayon, nang maalaman nang lahat ang canilang dapat asali,t, sampalatayanan, at ang dapat nilang talicdan, na siya ang aquing ipinangaco sa inyo niyong isang lingo. Cayo,i, maquinig.

Yaong mangá tauo, na ayao maligo sa mangá arao nang lúnes at viérnes, sapagca,t, masama, rao, ang masasapit, ay nagcacasala sa ating Pananampalataya, palibhasa,i, ang

sanglingong arao,i, guinaua nang Panginoon Dios, na hindi nacagagaua nang anomang masama.

Gayon din naman, ay nagcacasala sa ating Pananampalataya ang mangā umaayao magca-asaua sa unang lúnes nang bouan nang Agosto, sapagca,t, sa isip nila,i, maraming bagay na masasama, at madlang pagtatalo ang masasapit sa canilang pagsasamang mag-asaua, cung sila,i, casualin sa gayong arao. Maling-mali itong canilang caisipan, palibhasa,i, ang sangtaong arao,i, minamagaling nang Panginoon Dios at nang santa Iglesia sa pagcacaloob sa mangā cristiano nang Santong Sacramentong Matrimonio, na ualang ibang ipinagbabawal nang santa Iglesia cundi ang pag-aarras, ang pagvevelo at ang pagcacandila sa panahon nang Advientos at nang santong Cuaresma.

Ang isa pang bagay na pamahiin, na ualang cahalimbaua, ay ang di pag-alis ó pagtulac sa bayan nang mangā talaga,i, sasalungā sa bundoc, ó mananantacruz, ó magviage caya, touing may namatay sa bayan. Maraming totoo ang nagcacasala sa ating Pananampalataya dahilan dito sa bagay na ito. Ang uica бага nang mangā hunghang ay daratnan sila nang malacas na unos, malulubog sa dagat, haharangin nang mangā manghaharang, papatayin caya nang mangā tulisan, cung itinutuloy nila ang canilang pagyaon sa mangā arao na quinamatayan nang tauo sa bayan. ¡Malaquing caululan ito, na di sucat ayunan nang tauong cristiano!

Alintana, cung ang talagang aalis ó tutulac ay siya ang namatayan, ay dapat nga, cung бага,i, mangyayari, ay houag ituloy niya muna ang caniyang lacad, cundi tumira siya sa bayan, at maquipaglibing sa namatay, at maquipagdasal patungcol sa caniyang caloloua. Subali,t, ang ibang mangā tauo, ay ituloy nila ang canilang pagyaon, at ipanalangin

nila sa Panginoon Dios ang caloloua nang namatay, at siya na.

Hindi co inaaring casalanang munti man ang paghalata nang casamaan ó cabutihan nang panahon sa mangá huni,t, quilos nang mangá ibon at ibang hayop, sapagca,t, dating ugali nilang humuni at gumalao, cung mag-iiba ang panahon. Marami nga ang naquiquilala cong mangá hangal na pastor nang mangá hayop, na cahima,t, di nila tingalain ang langit, ay nahahalata rin nila ang mararating na panahon sa pag-sabsab nang mangá hayop, sa paglalaro nang mangá tupang mumunti, at sa ibang mangá quilos, na iniaasal nang mangá hayop touing magbabago ang panahon. Naquita co ring maraming magsasaca, at magbubuquid, na cahima,t, hindi sila marunong bumasa,t, sumulat, ay nahahalata rin nila ang pag-iiba nang panahon sa panghihinićsic lamang nang mangá ibon, at sa anyo nang mangá hayop na guinagamit nila sa pagsasaca, at ang cadalasa,i, naguiguing totoo ang canilang hula ó halata. Subali,t, cung itong mangá bagay na ito,i, pinaniniualaan nang mangá cristiano, para nang paniniuala nila sa mangá catotoohanang nang Santo Evangelio, ay magcacasala sila nang laban sa ating Pananampalataya.

Dili co rin minamasama ang pag-gamot sa mangá may-saquit nang mangá dahon nang cahoy at nang mangá damong biniguiang bagsic nang Panginoon Dios sa gayong bagay. Datapoua,t, cung ang mangá mangagamot ay nagbubulong-bulong ó nagdadasal caya nang mangá di ugaling panalangin, ó naghahalo sila sa gamot nang ano-anomang ualang cauculan sa saquit na yaon, ay nagcacasala naman sa ating Pananampalataya.

Nagcacasala rin sa ating Pananampalataya yaong mangá tauong nagtataglay nang mangá panalangin, na hindi guinagaua, hindi iniaasal at hindi naman tinatangap nang santa

Iglesia, yaon bagang mangá panalanging napapalaman sa tinuturan ninyong testamento, at yaong isang casulatang quina-papalamnan nang sari-saring panalangin at nang maraming indulgencia, at itong dalauang bagay na ito,i, capoua guinagamit nila sa pag-gamot at sa pagpapagaling sa babaying manganganac, na capag mahirap ang pagdaramdam nang babayi, ay inilalapit nilang tuloy yaong mangá sinungaling at maling panalangin at idinadaiti sa catauoan nang babayi, nang macalabas, anila, nang bigla,t, malouahati ang sangol sa caniyang tiyan.

Nagcacasala namaug laban sa ating Pananampalataya, yaong mangá tauong humahauac nang iba pang mangá panalangin, na napapalaman din sa naturang testamento, at para-para,i, guinagamit nang mangá matatapang, nang houag, dao, dacpin sila nang mangá Justicia; nang houag taman sila nang mangá biglang saquit; nang houag sila,i, mamatay, na ualang compisal; nang houag mapacasama sila sa inferno, at nang houag magdaan sila sa Purgatorio man, cahima,t, casingdami nang mangá bitouin sa langit ang canilang mangá casalanan.

Itong lahat na ito anaquin, ay pauang carayaan nang Demonio sa inyo, pauang casinongalingan, at pauang caululang di dapat tangapi,t, paniualaan nang isang cristianong may bait at tunay na Pananampalaya.

Ang dapat sanang gauin nang mangá babaying cagampan na, ay pumarito sa simbahan, parang iniuutos sa canila nang Santo Papa, na si Benedicto XIV, at linisin ang canilang caloloua nang magaling na pagcocompisal at pagcocomulgar, at saca, cung malapit na ang canilang panganganac, ay tauaguin ang hilot nang macatulong sa canila, at pinta-casinin nila si Poong San Ramon Nonato, na siya ang tagapag-ampon nang mangá babaying buntis, at hintin nila ang

calooban nang Panginoon Dios.

Ang dapat gauin naman nang mang̃a may hauac nang mang̃a sinabi cong panalangin, ay sirain nila, ó ibigay caya sa Pa-dreng canilang pagcocompisan.

Macapal na totoo ang mang̃a pamahiing pinaniniualaan ninyo,t, iniaasal ninyo naman. Subali,t, palibhasa,i, mapapacahaba nang labis itong aquing Plática, cung turingan co ang lahat, ay iilan lamang ang aquing idudugtong sa mang̃a sinabi co ngayon at niyong isang lingo.

Nagcacasala sa ating Pananampalataya ang mang̃a tauong nagtatawas sa mang̃a bata, cung nagcacasauquit, nang maquita nila, rao, cung sinong gumagalao sa gayong bata.

Nagcacasala naman sa ating Pananampalataya ang mang̃a nag-uualis, ó nagpapauualis, ang mang̃a umiilao ó nagpapailao sa tapat nang quinalalaguian ó quinahihigan nang babaying naghihirap sa panganganac, nang maalis, anila, doon ang asuang ó tianac.

Gayon din nagcacasala sa ating Pananampalataya yaong mang̃a tauo, na pag ang isang bata,i, bagong hinihinoc-han, ay quinucuha nila ang cuco, at ibinabaon sa ina nang hagdand, at ang uica,i, maiguing cacapit ang bata.

Nagcacasala rin sa ating Pananampalataya yaong mang̃a tauong nagbabaon nang inunan at pusod sa tambac, at ang uica nila,i, matagal sa guinao ang bata.

Nagcacasala naman sa ating Pananampalataya yaong mang̃a tauo, na, pag-may nalunod sa ilog cung sa dagat, at di maquita ang bangeay, ay nagsisindi nang candila, at inilalagay nila sa paliyoc, at pinalalantao nilang tuloy sa tubig, at ang uica nila, na cung saan ang tiguil nang paliyoc, ay doon hanapin ang nalunod, at doon nga,i, naroroon.

Gayon din nagcacasala sa ating Pananampalataya ang mang̃a humahatol sa mang̃a babaying buntis, na cung sila,i,

mananaog cung hapon, ay lugain ang canilang buhoc, macarao,i, mapangamoy nang asuang.

Nagcacasala naman sa ating Pananampalataya ang mangang nagsasabi, na masama ang panghihinuco nang arao nang viernes, at mananainga, dao, ang mangang puno nang cuco.

At sa madaling salita; yaong mangang tauong naniniualang totoo sa mangang tigbalang, asuang, mangagauay, tiyanac, nuno ó matanda sa gubat, mangcuculam, mang-oosog, maninigalpas, mangbabalis, at sa iba,t, ibang bagay na pamahiin at anito,i, paraparang nagcacasala sa ating Pananampalataya.

Caya, mangang capatid co, isaloob ninyong palagui, na ang Panginoon Dios ay siya nga lamang ang macapangyayari sa lahat, siyang dapat nating ibiguin nang tunay na pag-ibig, siyang dapat nating catacutan nang santong pagcatacot, at siyang dapat nating sampalatayanan nang lubos na pananampalataya.

Diyata,i, talicdan ninyo ang dilang bagay na pamahiin at caanitohan, at sampalatayanan ninyong matibay ang lahat nang aral nang Dios at nang santa Iglesia, nang cayo,i, maguing dapat magcamit nang aua,t, gracia dito sa lupa, at saca nang caloualhatian sa langit. Siya naua.



Plática 5.^a del primer precepto.

SOBRE LA ESPERANZA SEGUNDA VIRTUD TEOLOGAL.

Ang icalauang cabanalang asal, na pinanganganlang Virtud Teologal, ay ang Pananalig. Itong cabanalang ito,i, nasasaclao naman sa naunang utos nang Dios, at caya, ang anomang sala, at ang anomang caculangnan nang tauong cristiano dito sa Pananalig, ay lumalaban sa unang utos nang Dios.

Ang Pananalig ay isang malaquing caloob nang ating Panginoon Dios, na nanaimtim sa caloloua nang tauo, at itong daquilang biyayang ito,i, pinatutubo nang Dios Espiritu Santo sa ating caloloua, casabay nang Pananampalataya, doon din sa oras nang pagbinyag sa atin, at siyang ipinanalig natin nang caloualhatian sa langit sa pamamaguitan nang pagtulong nang Dios, nang manga carapatan ni Jesucristo, at nang mabubuting gaua natin.

Hindi mangyaring mapaui sa ating caloloua ang Pananalig; datapoua,t, cung ang tauo,i, nagcacasala sa Panginoon Dios, ay naghihimatay rin, at ualang quinapapacanan, cundi buhayng muli nang tauo nang caniyang manga marapat na gaua.

Caya ang binabanta cong saysayin at ipangaral sa inyo ngayon ay ang totoong cahulugan nitong icalauang cabanalang asal, at ang dapat gauin nang tauo, nang houag maghimatay ang caniyang Pananalig. Aco,i, paqingan ninyo.

Di mangyaring maghimatay ang Pananalig ninyo, cung inyong pacaisipin sa loob ang totoong cahulugan nitong cabanalang asal.

Ang Pananalig, ang uica ni Poon San Agustin, ay ualang iba, cundi ang pag-asa nang tauong cristianong magcamit nang mangá bagay-bagay, na sinasampalatayanan niyang matibay. Gayon din naman ang uica ni Poon San Jerónimo. Ang Pananalig, aniya, ay dili iba, cundi ang pag-asa,t, paghihintay nang cristiano nang dilang bagay na sinasampalatayanan niya.

Ito nangang icalauang Virtud Teologal, ang Pananalig baga, ay siyang iniaasa nating manood sa ating Panginoon Dios doon sa caloualhatian sa langit, cung tayo,i, umaayon sa caniyang mahal na gracia, at nagpupumilit tayong gumaua nang magagaling at mararapat na gaua.

Ang Pananalig, ang uica naman ni Poon Santo Tomás de Aquino, ay isang mahal na cabanalang nacadadangal sa loob natin, at nacapupucao pa sa atin, nang tayo,i, macaasa, macapanalig baga, sa ating Panginoon Dios, na siya nga ang punong pinagmumulan nang dilang cagalinga,t, caguinhauahang sucat nating asaha,t, camtan dito man sa buhay na ito, at doon sa buhay na ualang hangan.

Matouid na matouid itong pagsaysay nang mangá tinuran cong Santo Padre, sapagca,t, ¿sino nga caya ang sucat panaligan nang tauong cristiano nang lubos na pananalig, cundi ang Panginoon Dios? ¿Di siya nga ang isang Dios, na maauain, mayaman at macapangyayari sa lahat? ¿Di siya rin ang gumaua nitong ating catauoan sa lalong hamae na putic? ¿Di

siya rin naman ang nag-aalilang ualang licat sa ating ca-tauoa,t, caloloua, at itinatangol pa niya tayo sa mang̃a caauay natin? ¿Di sucat n̄ga bagang asahan nati,t, panaligan ang Pang̃inoon Dios, na tumubos sa atin nang caniyang mahal na dugo at pagcamatay sa Cruz, cusa,t, aua niya lamang sa atin?

Ang Pang̃inoon Dios ay nan̄gaco sa ating mang̃a cristiano nang caloualhatian sa langit, at hindi mangyaring mag-iiba ang caniyang mang̃a uica,t, pang̃aco. Subali,t, pacata-lastasin ninyong maigui, na hindi ang lahat na mang̃a cristiano, ang pinan̄gacoan niya nang caloualhatian, cundi yaong lamang, na may maiguing loob, at sumusunod sa caniyang mang̃a utos. Caya dito,i, mahahalata ninyo ang laqui nang caol-olan nang maraming cristiano, na umaasa,t, nananalig na magcacamit nang caloualhatian, magcasala man sila,t, magparati sa casalanan.

Malaqui n̄gang lubha ang Pananalig̃ nitong mang̃a cristiano, cung sa uica lamang; subali,t, cung sa catotoohanang, ay hindi sucat turang pananalig ang canilang pag-asa, cundi capusun̄ga,t, capalaloang malaqui.

¿Di n̄ga, baga, capusun̄gang malaqui umasa,t, manalig ang cristianong macasalanan nang caloualhating ipinan̄gaco nang Pang̃inoon Dios sa mang̃a banal na lamang? ¿Di n̄ga baga, capalaluang malaqui umasa,t, manalig ang cristianong macasalanan nang pagcaloualhating ipinagcacaloob nang Pang̃inoon Dios sa mang̃a Santo lamang at mang̃a banal na sumusunod nang tapat na pagsunod nang caniyang mang̃a utos, at nagtiis pa sila nang dilang bagay na hirap, alang-alang sa caniya?

Ganoon n̄ga, mang̃a capatid co, na ang capusun̄gan nang mang̃a ganitong cristiano,i, malaquing malaqui, at itong canilang capusun̄ga,t, capalalua,i, galing sa caualaan nang

dunong, ó sa caculangán caya,t, cadiliman nang canilang bait.

Nagmamataas at nagmamahal itong mangá macasalanang tauo, at ang asa nila,i, titingnan nang Panginoon Dios ang canilang cataasan nang loob, at hindi aalumanahin nang Dios din ang caniyang mangá pangaco, na ang sabi: ang mangá masusunorin sa Dios, ay papacagalingin sa langit, at ang mangá masosouayin ay papacasamin sa inferno.

Ang mangá cristianong ganitong may mataas na loob, ay mangá cristianong ualang bait, at itong caulalan nang bait, ay siya, acala co, ang punong pinagmumulan nang canilang licong pananalig na magcamit baga sila nang caloualhatian, cahima,t, pabayaang nila,t, pahamacan ang magagaling na gauang icapagcacamit nila niyon. Na sa macatoid: lumalacad itong mangá hunghang sa mabalicong daang patungo sa inferno, jat umaasa silang macarating sa langit!

Hindi nila sinusunod ang mangá utos nang Dios at nang santa Iglesia, at itinutuloy pa nila itong masamang asal hangan sa huling saquit, hangan sa catapusan baga nang canilang buhay, jat ibig pa nilang magcamit nang caloualhatian!

¡Malaqui, anila, ang aua nang Panginoon Dios! caya hindi nila itinatahan ang canilang pagcacasala, at nananatili sila sa casalanan sa tanang buhay nila, jat umaasa pa silang magcamit nang aua nang Panginoon Dios, at macarating sa langit!

Itong pag-asang ito, mangá capatid co, ay hindi tunay na Pananalig, cundi licong Pananalig, himataying Pananalig, marayang asa, at caul-ulang malaqui.

Cung cayo baga,i, may maquitang tauong nagpapacahulog sa dulo nang isang mataas na cahoy, ó sa cataluctucan caya nang *latore*, at uicain pa niyong tauo, na hindi

siya ma-aano sa gayong pagcahulog, ay, ¿di sasabihin ninyo, na ang ganoong tauo,i, balio, bangao, ó mapatiuacal? ¿Saan di gayon ang inyong sasabihin? Ay ganito rin ang sucat ninyong uicaing tungcol sa mangá tauong umaasang macarating sa langit, bago-bago,i, nagpapacahulog silang tiquis sa inferno nang canilang mangá pagcacasala sa Dios.

¡Dinaragdagan nang dinaragdagan nila ang canilang casalanan; hindi nila guinagaua ang mangá cabanalang mapagcacamit nila nang caloualhatian, at umaasa pang sila,i, paloloualhatiin nang Panginoon Dios! ¡Malaqui ang caul-ulan nang mangá ganitong tauo! Ang canilang Pananalig ay Pananalig na sinungaling at himatayin, na ualang-ualang quina-papacanang anoman, cundi buhayin nilang uli nang mangá mararapat na gaud.

Diyata, mangá capatid co, ang magaling na pagsunod sa utos nang Panginoon Dios at nang santa Iglesia, na siya ang totoong daang icasasapit ninyo sa langit, ay siya ang inyong hangari,t, sundin, nang houag maghimatay ang inyong Pananalig, at nang houag cayong maualan nang mahal na gracia nang Dios, na ipinagcaloob nang Dios Espíritu Santo sa inyong caloloua, doon sa oras nang pagbibinyag sa inyo.

Inyong pacaisip-isipin, na cung di cayo,i, tulungan nang Panginoon Dios nang caniyang mahal na gracia, ay hindi cayo macagagaua nang ano-anomang gauang magaling at tapat sa Dios. Na, cung sacali,t, alisin nang Panginoon Dios sa inyo itong caloob at biyaya, ay maghihimatay na pilit ang inyong Pananalig; hindi na cayo macalalaban sa mangá tucso nang Demonio at nang catauoan ninyo; at hindi naman macagagaua cayo nang mabubuting gauang icapasasalangit ninyo.

Caya, houag na cayong mapatucso sa Demonio at sa

catamaran nang inyong catauoan, bagay sa pagsunod nang catungculang cristiano; at cung sacali,t, naghimatay na ang inyong Pananalig, dahilan sa pagcacasala ninyo sa Panginoon Dios, ay pagpilitan ninyong buhayng uli nang magagaling na pagsisisi at pagcocompisal, at asahan ninyo, na cayo,i, tutulungan at aalalayan nang Panginoon Dios dito sa lupa, nang cayo,i, macapagcamit nang caloualhatian sa langit. Siya naua.



Plática 6.^a del primer precepto.

SOBRE LOS VICIOS OPUESTOS Á LA VIRTUD ESPERANZA.



Maraming casalanang ang sucat ipagcasala nang tauong cristiano sa icalauang Virtud Teologal sa ating Pananalig baga, at siya cong sasaysayin nğayon. Inyong paquingan.

Ang caunaunaha,i, nagcacasala ang tauo nang malaquing casalanang laban sa ating Pananalig, cung dahilan sa caraminan nan? caniyang mangã casalanang, ay nagpapatuacal siya,t, hindi na umaasang siya,i, patatauarin. Cung iniisip niya baga sa caniyang loob, na dahilan sa calac-ha,t, cabigatan nang caniyang mangã casalanang, ay hindi na siya macapagcamit nang aua nang Panginoon Dios.

Malaquing totoo itong casalanang ito, at siyang ipinaquiquibilang nang mangã marurunong sa mangã casalanang laban sa Dios Espiritu Santo.

Lubha namang quinalulupitan nang santa Iglesia itong casalanang ito, caya hindi niya pinahihintulutang ilibing sa lupang sagrado ang mangã mapatiuacal na tauo, na nagpapacabigti, ó nagpapacamatay, sapagca,t, ang ganitong mangã tauo, ay ipinaquiquibilang niya sa mangã nangapacasama na sa infierno.

At tunay nğa, palibhasa,i, cung caya napacasama sa in-

fierno si Judas Iscariote, sapagca,t, ang isip niya,i, hindi na mangyaring ipatawad nang Panginoong Dios sa caniyang ang caniyang casalanan, ang pagcacanulo, ang paglililo niya baga cay Jesucristo caniyang Maestro at Panginoon.

Caya n̄ga naman napacasama sa inferno si Cain, sapagca,t, ang caniyang casalanan, ang pagpatay niya baga sa caniyang capatid na si Abel, ay inaari niyang malaqui pa sa aua nang Panginoon Dios.

Malaquing caul-ula,t, cabaliuan ang sa mang̃a tauong nag-iisip nang gayon, palibhasa,i, ang aua nang Panginoon Dios ay ualang hangan, at anomang casalanan, cahit ano ang laqui, ay patatauarin din nang Panginoon Dios, cung pagsisihang masaquit nang tauo, at ipagcompisal nang tapat.

Ito ring aral na ito,i, siyang iniaaral naman ni Poon San Juan sa ating mang̃a cristiano, na ang uica:—Mang̃a anac co, aniya, ay houag cayong magcasala sa Panginoon Dios, subali,t, cung cayo,i, nagcasala na, ay houag cayong magpatiuacal, cundi bagcus ay taliedan ninyo,t, pagsisihan ang inyong casalanan; huming̃i cayong tauad sa Panginoon Dios, at asahan ninyong ipatatawad sa inyo ang inyong mang̃a casalanan.—*Filioli mei, hæc scribo vobis, ut non peccetis. Sed etc. (1)*

Nagcacasala naman sa ating Pananalig yaong mang̃a tauong umaasang yumaman at magcaroon nang mang̃a caguinhauahan, cahima,t, sa masamang pagcaparaan. Ang magcacalacal, sa halimbaua, ó ang nagbibili ó nagtitinda nang anomang bagay, at ang binabanta niya sa caniyang loob, ay magdaya sa caniyang pagbibilhan.

Nagcacasala rin sa ating Pananalig yaong mang̃a magulang at panginoon, na nagpapagaua sa canilang mang̃a anac at alila sa mang̃a arao nang Domingo,t, fiestang pangi-

(1) Ep. 1. Sti. Joan, cap. II §. 1. Interpretación de San Agustin.

lin, nang lumaqui lamang at dumami ang canilang pag-aari,t, cayamanan.

Gayon din naman, nagcacasala sa ating Pananalig yaong manġa magugulang ó matatanda, na nag-uutos, ó *nagcocon-sinti* caya sa nangangasaua sa canilang manġa anac, ó camag-anac, ó alilang babayi, na magsilbi sa canila nang isa, dalaua, ó limang taon caya, at pinaquiquinabangan nila ang paus at dugo niyong lalaquing nangangasaua sa canilang anac, ó camag-anac, ó alila.

Itong ganitong manġa tauo, anaquin, ay nagcacasala sa ating Pananalig, palibhasa,i, umaasa sila nang caguinhauhan sa masamang pagcaparaan. Sa macatoid: nananalig sila sa canilang masasamang gaua, at hindi sa ating Panginoon Dios, na siyang catungculan nating panaligan.

Ang tauong mahirap naman, na hindi nagtitiis nang caniyang manġa cahirapan alang-alang sa Dios, cundi bagcus ay nagpapatuacal, at pinagbubuntuhang hininga niya tuloy, at pinaghihinanactan ang Panginoon Dios, at pinababayaang pa niya,t, pinapanibulos ang loob sa dilang gauang masasama, ay nagcacasala rin nang laban sa ating Pananalig.

Ang dapat gauin nang mahirap na tauo, ay magmacaaua sa Panginoon Dios at humingì sa caniya nang macacain, at cumita nang pagcabuhay, at cung siya,i, biguian, ay magpasalamat sa Panginoon Dios, at cung di biguian, ay magpasalamat din naman, at acalain niya, na yaong lagay na yaon, ay siya ang lalong dapat sa caniya. Subali,t, houag isamang umasa siya nang caguinhauhan, cung idadaan din lamang sa masamang pagcaparaan, sapagca,t, hindi rin macacamtan niya, at macamtan man, ay mauauala agad yaon at matutunao sa caniyang camay.

Matoid na matoid, na ang tauong may saquit, ay pagamot sa maalam gumamot, at lalo pang matoid, na cung

siya,i, gumaling, ay magpasalamat sa Panginoon Dios, na siya n̄ga ang nagpapatubo nang man̄ga damo, cahoy at nang iba pang bagay, na may sadiyang bisa sa pag-gamot, at siya rin naman ang nacapagbibigay guinhaua sa man̄ga may saquit. Datapoua,t, cung ang gayong tauo,i, umaasang gumaling sa masamang paraan. Sa macatouid: cung siya,i, napagagamot sa man̄ga tauong gumagamit nang man̄ga panalanging ualang cabuluhan, at nangangamoy pamahiin, at nang iba pang bagay, na hindi inaasal nang man̄ga mababait na cristiano, at hindi naman guinagamit at tinatangap nang santa Iglesia, ay nagcacasala rin sa ating Pananalig, sapagca,t, napaguiguinhaua siya sa Demoniong maraya, cung sa man̄ga tauong pinagdadaayaan nang Demonio, at hindi sa Panginoon Dios, na siya ang bucal nang dilang cagalingan at caguinhauahan nang man̄ga may saquit.

Yaong man̄ga tauong umaasang magcamit nang caloualhatian sa langit sa sarili nilang lacas at cabagsican, maualan man sila nang aua,t, tulong nang Panginoon Dios, ay nagcacasala naman laban sa ating Pananalig.

Gayon din naman nagcacasala laban sa ating Pananalig ang man̄ga tauong nag-aacalang magcamit nang langit, uala man silang man̄ga mararapat na gaua.

Totoo n̄gang nagcacamali ang ganitong man̄ga cristiano, at hindi nila naalaman ó iniisip caya, na ang tauo, ay hindi nacagagaua nang anomang magaling sa caniyang sariling cabagsican, at ang lalong muntic at magaan na guiniican ay hindi mabubuhat nang tauo, malacas man siya, cung di siya,i, tulungan nang Panginoon Dios nang caniyang mahal na gracia; at seguro hindi rin inaalaala nila, na ang langit ay ipinangaco nang Panginoon Dios hindi sa masosouayin, cundi sa masusunurin at sa man̄ga gumagaua nang magaling at mararapat na gaua.

Yaon namang manġa tauong umaayao lumabas at umilag sa casalanan, at palaguing napaparati sa masama ang canilang loob, ay nagcacasala rin sa ating Pananalig. Yaon, baga, manġa tauong nagca-aagulo, at ayao lumayo sa casalanan sa tanang buhay nila, cung hangan sa catapusang saquit.

Yaon namang manġa tauong nagcocompibal sa cuaresma ó sa ibang panahon, at ipinagcacaila nilang tiquis ang alin mang casalanan nilang malaqui, dala nang tacot ó hiya caya sa Padreng canilang pinagcocompibalan.

Ang manġa tauo namang naca-aano ó nacapanġanġanyaya caya sa capoua tauo, at hindi nila pinagbabayaran nang manġa perjuiciong guinaua, na ang uica nila baga:—ay saca-saca na babayaran co.

Yaon namang manġa tauong gumagaua nang iba pang casalanang malaqui, at hindi nila pinagsisisiha,t, ipinagcocompibal, na ang banta,t, asa nila baga,i, pagsisiha,t, ipagcompibal ang lahat nang iyan sa oras nang canilang pagcamatay.

Itong lahat na manġa cristianong ito, anaquin, ay nagcacasala ring laban sa ating Pananalig, palibhasa,i, pinananaligan nila,t, inaasahan ang panahon, na hindi nila naalaman cung darating ó dili caya.

At tunay nġa, sapagca,t, ¿sino baga ang nanġaco sa ganitong manġa cristiano nang panahon sa pagsisisi at pagcocompibal? ¿Sino caya ang nagpahayag sa canila, na hindi sila,i, mamamatay nang bigla? ¿Ipinanġaco baga nang Panġinon Dios sa canila, na doon sa catacot-tacot na oras nang pagcamatay, ay pagcacalooban sila nang isang mabagsic na gracia, na icalalambot nang canilang matigas na puso, at icapagbabalic loob nila sa Dios?

Hindi rin naalaman nitong manġa hunghang, cung sila,i, pipisanan cung dili. Hindi nila naalaman, cung sila,i, tata-

maan nang masamang hangin, ó daratnan caya nang isang mabigat na saquit, na maualan silang bigla nang pagca-alam tauo. Hindi rin naalaman nila, cung sila,i, lalamunin nang buaya, ó malulubog sa dagat, ó papatayin caya nang canilang mangá caauay, na Jesus man, ay hindi sila macapagpapa-Jesus.

Diyata,i, malaqui nğang caul-ulan, at carayaan lamang nang Demonio, ang pag-asa,t, pananalig nang isang macasalanganang cristiano, na doon sa oras nang caniyang pagcamatay, ay bibiguan siya,t, pagcacalooban nang Panginooon Dios nang gracia,t, panahon sa pagsisisi sa casalanan, sa pagcocompissal nang tapat, sa pagsasauli nang aring ninacao niya, at sa pagbabayad nang ibang perjuiciong caniyang guinaua.

Caya, mangá capatid co, houag ninyong hintin yaong catacot-tacot na oras nang pagcamatay sa pagbabalic loob sa Panginooon Dios.

Uica nang Panginooon Dios sa Santong Sulat, na hindi niya iuan at pababayaang ang tauong macasalanan, gaano man ang laqui,t, halay nang caniyang mangá casalanan, cung humingí nang tauad sa caniya nang taos sa loob. Nğuni,t, uica rin naman nang Panginooon Dios, na yaong mangá macasalanganang tauo, na tumatalicod sa caniya, at nagbibingibingihan nğayon, at ayao nilang paquingan ang caniyang mangá pagtauag, ay iuan din niya,t, tatalicuran at pagtatauanan pa sila sa oras nang canilang pagcamatay. *Ego quoque in interitu vestro ridebo....* (1)

Ang paquiquinig ninyo nitong aquing Plática, ay siyang tandang maliuanag nang malaquing pag-ibig sa inyo nang Panginooon Dios, na ang hinahangad, ay ang cayo,i, tumalicod na sa dating masasamang asal ninyo, at magsisi at magcompissal nang tapat nang inyong mangá casalanan.

(1) Prov. cap. I, v. 26.

Caya, marami man sa mangá bituin sa langit, at macapal pa sa mangá buhangin sa dagat ang inyong mangá casalanan, ay houag cayong magpatiuacal, at houag namang papanibulusin ninyo ang inyong loob sa pag-gaua nang bagong casalanan; cundi bagcus ay pagsisihan ninyo ang lahat, pagtacbuhan ninyo,t, panaligan ang ating masintahing Jesus, at asahan ninyo, na cayo,i, patatauarin niya, at pagcacalooban pa nang caniyang mahal na graciang icasapit ninyo sa totoong caloualhatian. Siya naua.



Plática 7.^a del primer precepto.

SOBRE LA TERCERA VIRTUD TEOLOGAL, Ó SEA EL AMOR,
LA CARIDAD.

Ang icatlong cabanalang asal, na siya namang pina-
nnganganlang Virtud Teologal, ay ang Pag-ibig sa
Dios, na lalo sa lahat nang bagay.

Itong cabanalang asal, ay siyang cauna-unahan sa
lahat nang cabanalang, dahilan sa tangi na camahalan niya,
at siyang bucod na bucod ay nasasacupan nang nauunang
utos nang Dios.

Ang lalong magaling na sucacat gauin nang tauo, ay mauaua-
lang halaga, cung di langcapan ang gayong gaua nang Pag-ibig
sa Panginoon Dios; at ang lalong hamac, na ualang cabulu-
han, ang pagbuhat baga nang tauo nang isang munting
dayami; ang pagcain; ang pag-inom; ang pagtulog; ang
paglalaro man, cung mabuti ang paglalaro at hindi labis
sa casiyahan, at ang iba pang ganitong mangã gaua, ay
magcacahalaga rin, at maguiguin pang mangã mararapat na
gaua sa harap nang Panginoon Dios, cung itong lahat nang
ito,i, samahan nang tunay na Pag-ibig sa caniya.

Lubhang minamahal ni Poon San Pablo itong icatlong
cabanalang asal. Cung mangyayari cong bilhin, ang uica

niya, cung mangyayari cong bilhin itong mutiyang mahal, ay ipagbibili co ang lahat na pag-aari co,t, cayamanan, ma-bili co lamang ang Pag-ibig sa Dios.

Manġusap man ang tauo, ani Poon San Pablo rin, ma-nġusap man ang tauo para nang pangungusap nang mangġa Angeles: maalaman man niya ang dilang bagay na uica dito sa mundo; magbahagui man siya nang maraming salapi sa mangġa salantang pobre; paramtan man niya ang mangġa mahihirap, na ualang ibili nang damit; parusahan man niya ang caniyang catauoan nang iba,t, ibang bagay na parusa; cung itong tauong ito, anang Santo, cung itong tauong ito,i, ualang Pag-ibig sa Dios, ay uala rin siyang mapapaquina-bang sa caniyang mangġa gaua.

Itinutuloy pa ni Poon San Pablo ang pagbibigay niyang puri sa Pag-ibig sa Dios, at ang uica:—Ang tauo, aniya, na may tunay na Pag-ibig sa Dios, ay nagtitiis nang magandang loob nang dilang cahirapan. Hindi siya nananag-hili sa caniyang capoua tauo; hindi siya gumagaua nang masama, at hindi naman nagpapalalo; hindi siya nagnanasa nang ari nang iba; hindi nagagalit, hindi nagbibintang, at hindi naman naghihinala sa capoua niya tauo; hindi quina-totouaan niya ang casamaan at cahirapan nang caniyang ca-poua tauo; at madaling-madali na sinasampalatayanan niya ang boong aral na pinasasampalatayanan sa caniya nang santa Iglesia. At sa catagang uica; ang lalong mataas at mahal na cabanalan sa tatlong cabanalang asal, na pinangġanġanlang Virtudes Teologales, ay ang Pag-ibig sa Dios, ayou sa sabi ni Poon San Pablo, na ang uica:.... *major autem horum est Charitas* (1).

Ang bouis, na hinihingi nang Panginoon Dios sa atin, ay ang ating puso,t, loob, ang Pag-ibig baga natin sa ca-

(1) Ep. I. Cor. cap. XIII. ŷ. 13.

niya. Hindi ang guinto, hindi ang pilac, at hindi naman ang mang̃a cacani,t, iinumina, ó ang iba pang bagay, na may halaga, ang hinihing̃i nang Panginoon Dios sa atin, cundi ang ating puso lamang ay siyang hinihing̃i niya sa atin.—*Præbe fili mi, cor tuum mihi...* (1); sa macatouid: ibigay mo sa aquin, anac co, ang puso mo.

Ngayon, nang maquilala ninyo,t, matalastas na maigui, cung ano ang totoong Pag-ibig sa Dios, ay sasaysayin co sa inyo ang dalauang bagay na pagcaibig sa Dios.

Ang isa,i, ang Pag-ibig nang tauo sa Dios, alang-alang lamang sa caniyang pagca-Dios at sa caniyang pagcagaling na ualang hangan: at ang icalaua,i, ang Pag-ibig nang tauo sa Dios dahilan sa mang̃a inaasahang paquinabang.

Itong icalauang Pag-ibig ay hindi minamahal nang Panginoon Dios, palibhasa,i, ang gayong Pag-ibig, ay siyang iniibig nang tauo sa caniyang mang̃a hayop, at sa iba pang bagay na hama; siya naman ang iniibig nang tauong lasing sa alac at sa pinag-iinumang bahay, at siya rin naman ang iniibig at isinisinta nang malibog na lalaqui sa mang̃a babayi, at nang malibog na babayi sa mang̃a lalaqui.

Ang ating Panginoon Dios ay dapat ibiguin at sintahin nang naunang pagcaibig. Dapat ibiguin, anaquin, ang Panginoon Dios, dahilan lamang sa caniyang ualang hangang pagcagaling at caalaman, at dahilan sa caniyang pagca-Dios at pagca-Ama nating lahat.

Hindi naman masamang ibiguin ang Panginoon Dios, nang tayo,i, biguian niya,t, pagcalooban nang caloualhatian sa langit; datapoua,t, cung ang caloualhatian sa langit, ay siyang lamang ang boong tungo at ang totoong dahilan nang Pag-ibig natin sa caniya, ay hindi rin totoong mabuti ang gayong Pag-ibig.

(1) Prov. cap. XXIII. v. 26.

Ang tunay at totoong Pag-ibig sa Dios ay ang Pag-ibig na ualang inaalaala, ualang hinahangad, at ualang tinitingnan, cundi ang caniyang pagca-Dios, ang caniyang ualang hangang cagalingan, camahalan, caalaman at carununan.

Itong Pag-ibig na ito,i, siyang iniibig nang mangá Santos Mártires sa Panginoon Dios. Caya, tacauin man sila nang mangá mabagsic na Emperador at ibang mangá Puno, nang guinto, pilac, mangá cayamanan, at nang iba pang mangá caguinhauahan nang catauoan: tacutin man sila nang mangá espada, sibat, suplina, at maniningas na apoy: ipaquita man sa canila ang mangá leon, at iba pang mailap na hayop: iharap man sa canila ang mangá caua nang langis, na cumuculo, at ang mangá itac at sundang na ipapatay at itatadtad sa canila; ay hindi rin natatacot sila,t, nalulumbay, cundi bageus, ay pinaglalaroan nila,t, pinagtatauanan ang mangá Emperador at ang canilang mangá gaua; pinahamacan nila,t, pinauualang halaga ang canilang mangá pagbabala at mangá pangaco, at ang dilang casangcapang ipapatay at ipagpapahirap sa canila, na ualang ibang inaalaala nila,t, tinitingnan at quinatatacutan cundi ang Panginoon Dios, na canilang sinisinta.

¡Salamat sa Panginoon Dios, at ngayong panahong ito,i, uala pang humahamon sa inyo sa pagtalicod sa Panginoon Dios at sa Pananampalatayang tinangap ninyo doon sa arao na pinagbinyagan sa inyo! Nguni,t, mayroon ding humahamon sa inyo sa pagsouay nang utos nang Dios, at sa di pagtanggap nang mangá Sacramentong quinat-ha ni Jesucristo.

Ang Demoniong caauy nang caloloua natin; ang mangá sumpong at hiling na masasama nang catauoang sarili, at ang mangá tauong may masamang asal, ay para-parang humahamon sa inyo sa pag-gaua nang hindi matouid; sa di pagcocompisal бага, cung cuaresma, at cung may pang'anib na

icamamatay: sa di pagsisimba cung Domingo at fiestang pangilin, at sa iba pang gauang masasama.

Subali,t, gayon man ang paghamon sa inyo nang manġa caauay nang caloloua ninyo, ay sasabihin co, na cayo,i, ualang munti mang Pag-ibig sa Panginoon Dios, cung cayo,i, napararaig sa manġa tucso nila; sa macatouid:

Cung di pinatitibay ninyo ang inyong loob, cung di pahamaan ninyo baga ang lahat nang bagay, na maipagcacalooob sa inyo nang nasabing manġa caauay, bagcus, ay napatutucso at napatatalo cayo sa manġa hamac na pilac at manġa guinhauang ipinangangaco nila sa inyo, at sa manġa cadiri-diring cahinguilan nang catauoan, na ipinapain nila sa inyo, ay bu-laan ang inyong Pag-ibig sa Dios.

Inyong timbangin, (cung sana sa timbangin), ang Panginoon Dios, at ang ibang lahat na may halaga, at macaguinhaua,t, macapagpapayaman sa inyo dito sa ibabao nang lupa; at cung baga,i, tinatalicoran ninyo ang Panginoon Dios, nang macamtan ninyo yaong manġa caguinhauahan, ay uala cayong Pag-ibig sa Dios.

Ang sumusunod nang lahat nang utos nang Dios, ang uica nang Dios din sa Santong Sulat, ay siya nġa lamang ang nacaiibig sa caniya. Caya ang hindi sumusunod nang caniyang manġa mahal na utos, ay magdasal man siya nang marami sa Simbahan man, cung sa bahay caya, at gumaua pa siya nang ibang manġa gauang cabanalán, ay uala siyang tunay na Pag-ibig sa Dios. Subali,t, ganoon man ang salita co, ay maigui namang totoo ang pagdarasal at pagsisimba nang tauo, ang pag-gaua nang iba pang mararapat na gaua, nang siya,i, pagpaluanagan nang Panginoon Dios nang pag-iisip, at caauaa,t, pagcalooban nang icapagbabalic loob sa caniya.

Nang maalaman ninyo cung cayo,i, may tunay na Pag-

ibig sa Dios, ó dili caya, ay ito ang inyong gauin: isa-isahin ninyong isipi,t, talastasin ang mangá utos nang Dios at nang santa Iglesia; pacatalastasin ninyo naman ang mangá punong sinasampalatayanan, at ang mangá punong casalanan; pagnilayin ninyo ang mangá caauaang gaua, at ang mangá catungculan nang inyong sariling estado ó calagayan; at cung sacali,t, uala cayong bucod na casalanang laban dito sa mangá tinuran co, ay masasabi na ninyo at masasabi co naman, na cayo,i, may tunay na Pag-ibig sa Panginoon Dios.

At sa catapusan nitong aquing Plática, ay paquingan ninyo ang tagubilin ni Poon Santa Teresa de Jesus, nang siya,i, nasasalangit na, doon sa isang capoua Madre at catoto niya, na nabubuhay pa dito sa lupa.—Anac co, at capatid co, ang uica nang Santa, ibiguin mo,t, ibiguin ang Panginoon Dios, at sundin mo ang matoid, sapagca,t, ang daang patungo sa langit ay masiquip na totoo. Ibiguin mo,t, ibiguin ang Panginoon Dios, at houag mong patdan ang Pag-ibig mo sa caniya, palibhasa,i, ang lalong umiibig sa Dios, ay siyang lalong lumalayo sa inferno.

Itong Pag-ibig na inihabilin ni Poon Santa Teresa sa caniyang catoto, ay siya co rin namang ipinagtatagubilin sa inyo ngayon, nang cayo,i, maguing dapat magcamit nang aua nang Panginoon Dios dito sa lupa, at saca nang calualhatian sa langit. Siya naua.



Plática 8.^a del primer precepto.

SOBRE EL AMOR DEL PRÓGIMO.

Sa icatlong cabarang asal, sa Pag-ibig natin, baga, sa Dios, na lalo sa lahat, ay nasasaclao rin ang Pag-ibig natin sa ating capoua tauo, para nang pagca-ibig natin sa atin din.

Ang Pag-ibig natin sa Dios, at ang Pag-ibig natin sa ating capoua tauo, ay siyang dalauang utos, na quinasasaclauan nang lahat nang utos nang Dios, parang sinasaysay sa dasalan, at sila rin naman ang quinapapalamnan nang dilang aral, na iniaaral sa atin nang mangá Profeta sa canilang mangá mahal na sulat, para nang sabi ni Poon San Mateo, na ang uica:—*In his duobus mandatis universa lex pendet et Prophetæ.* (1)

Ang naunang utos, ang Pag-ibig natin, baga, sa Dios na lalo sa lahat, na siyang pinanganganlan ni Jesucristo ang una, at malaqui, at camahalmahalang utos sa lahat nang utos, ay sinaysay co na sa inyo doon sa mangá lingong nacaraan.

(1) *Matth. cap. XXII, v. 40.*

Ang icalauang utos, ang Pag-ibig natin, baga, sa ating capoua tauo, para nang pagca-ibig natin sa atin din, na siyang pinanganganlan ni Jesucristo mahal na utos, malaqui at catulad din nang nauna, ay siya cong sasaysayin sa inyo ngayon. Paquingan ninyo.

Ang cahulugan nang Pag-ibig natin sa ating capoua tauo para nang pag-ibig natin sa atin din, ay masasacop at masasacloa dito sa iilan cong uica, sa macatouid:—Ang magaling, na ibig mong mapasa-iyo, ay siya mo namang dapat ibiguing mapasa capoua mo tauo, at ang masamang ayao mong sumapit sa iyo, ay houag mo namang pagnasaang sumapit sa capoua mo tauo.

Subali,t, bago cong ituloy itong pangangaral na ito,i, minamaigui cong ipatalastas sa inyo muna, cung sino,t, sino ang capoua nating tauo.

Ang lahat nang tauong nabubuhay dito sa ibabao nang lupa, alin-alin man ang canilang tinatahanan ó pinangagalingang Caharian, at alin-alin man ang canilang pamagat ó pangalan, maguing Francés, baga, Inglés, Castila, Insic, Aita, ó Moros caya, at hereges man, ay para-parang capoua natin tauo, palibhasa,i, itong lahat nang ito,i, tauo ring sucat mabinyagan, cung sacali,t, di pa binyagan, at sucat ding maguing discipulo ni Jesucristo, at mangyari namang macamtan nila ang mahal na gracia at ang buhay na ualang catapusan sa langit.

Ang mangá Angel, at Santo, at ang ibang mangá banal na tauong sumasalangit, ay sucat at dapat tauaguin nati,t, ariing capoua nating tauo, sapagca,t, baga man hindi silang nasasalatan nang ating mangá caauaang-gaua, palibhasa,i, sumasacanila na ang dilang cagalingan, ay sucat din, at dapat nating ibiguin sila,t, sintahin at catouaan pa natin ang canilang pagca-loualhati, at ang mangá capurihang tinatangap

nila sa canilang mang̃a simbahan, sa canilang mang̃a altar, at sa mang̃a piestang ipinagpipiesta nating mang̃a tauo; alang-alang sa canila.

Ang mang̃a caloloua sa purgatorio ay sucat at dapat ipangalan nati,t, ariing capoua nating tauo; sapagca,t, ualang dili-dili munti man, na quinamtan na nila ang mahal na gracia nang Dios, at mapapasa canila rin balang arao ang caloualhatian sa langit. Caya malaquing-malaqui ang ating caauaang gaua, cung ibiguin nati,t, sintahin ang mang̃a caloloua sa purgatorio, at ipanalangin natin silang madalas sa Panginoon Dios, nang macaligtas silang madali sa mang̃a hirap, na tinitiis nila doon.

Itong lahat na mang̃a tinuran co, ay capoua nating tauo, at sila ang catungculan nating ibigui,t, sintahin, para nang pagcaibig natin sa atin din.

Ang mang̃a hayop ay hindi capoua nating tauo, palibhasa,i, hindi sucat mabinyagan, at hindi naman macacamtan nila ang mahal na gracia nang Dios at ang Gloriang ualang hangan; ng̃uni,t, dapat nating ibiguin at alilain pacundangan sa Panginoon Dios, na may gaua sa canila alang-alang sa ating mang̃a tauo.

Ang mang̃a Demonio at ang mang̃a tauong nangapacasma sa inferno, ay hindi rin capoua nating tauo, cahima,t, ang ganoong mang̃a tauo,i, magulang natin mang̃a capatid, mang̃a catoto ó camag-anac caya natin, at caya gayon, sapagca,t, itong lahat nang ito,i, hindi na sucat magcamit nang mahal na gracia nang Dios at nang caloualhatian sa langit.

Ang pagcacaibigan nang mang̃a tauo, ay hindi bagong utos, at hangan sa una pang sa una, at bago pumarito sa lupa ang ating Panginoong Jesucristo, ay may utos na ang Panginoon Dios sa mang̃a tauo, na sila,i, magcaibigan.

Ualang cabaguhan ang utos ni Jesucristo sa atin, cundi ang tayo,i, magcaibigang para nang pagcaibig niya sa atin:— *Mandatum novum do vobis: Ut diligatis invicem, sicut dilexi vos....* (1).

Ang inyong pagcacaibigan, ang uica pa ni Jesucristo, ay siyang icaquiquilala nang lahat nang tauo, na cayo,i, mangã discipulos co. Hindi ang pagpapatingin ninyo sa mangã bulag; hindi ang pagpaparingig ninyo sa mangã bingi; hindi ang pagpapaguinhaua ninyo sa mangã may saquit; at hindi naman ang pagpapabuhay ninyo sa mangã patay, ay siyang icaquiquilala nang lahat, na cayo,i, naguing discipulos co, cundi ang pagcacaibigan ninyong para nang pagcaibig co sa inyo, ay siya nangã lamang ang icatatanto nang lahat, na cayo,i, mangã discipulo co. *In hoc cognoscent omnes quia discipuli mei estis, si dilectionem habueritis ad invicem* (2).

Ualang capara ang pagcaibig ni Jesucristo sa ating mangã tauong salarin. Ang pag-ibig niya sa atin, ay siyang iquinaparito niya sa lupa: siyang ipinapagcasaquit ni Poncio Pilato sa caniya; siyang iquinamatay niya sa Cruz sa pag-itan nang dalauang magnanacao; siyang iquinabubuhay niyang mag-oli; at siya nga naman ang inilaláng niya nang camahal-mahalan, casantosantosa,t, catamistamisang Sacramento sa Altar.

Itong pagca-ibi; na ito,i, siyang hinihingi ni Jesucristo sa ating lahat na mangã anac niya, at siya nga naman ang ipinagtatagubilin ni Poon San Juan sa caniyang mangã discipulo at sa lahat nang tauo, doon sa caniyang Santo Evangelio, na ang uica niya baga:—Mangã discipulos co, aniya, cung ganoon ang pagca-ibig ni Jesucristo sa atin, ay tayo nama,i, dapat magcaibigan. *Charissimi, si sic Deus dilexit nos, et nos debemus alterutrum diligere* (3).

(1) Joan. c. XIII, v. 34 —2 Ibid. c. XIII, v. 35.—3 Ep. 1. Joan. c. IV, v. 11.

Cung mayroon бага diyan sa inyo, na mag-uica ó mag-sabi na siya,i, umiibig nang tapat sa Panginoon Dios, bago-bago,i, ipinagtatanim niya ang caniyang capoua tauo, ay sinungaling siya,t, magdaraya, sapagca,t, hindi mangyaring umibig nang tapat sa Panginoon Dios ang tauong nagtatanim ó di umiibig sa capoua niya tauo.

Itong pagcacaibigan nating mangá tauo, ay siyang ipinangangaral sa toui-toui na ni Poon San Juan sa caniyang mangá discipulo niyong matanda na siya, na hindi macapagsasalita nang marami.—Mangá anac co, aniya, ay magcaibigan cayo. At palibhasa,i, ito ring mangá uicang ito,i, siyang inuulit nang inuulit nang Santo arao-arao, ay nanghinaua na,t, nayamot ang caniyang mangá discipulo, caya minsan ay nagtanong sila sa mahal na Santo nang ganoon:—Maestro namin, anila, ¿baquit ipinangangaral mo sa amin arao-arao at oras-oras ang pagcacaibigan namin, na ualang cabago-bago itong pangangaral mo?—Caya gayon, ang mahal at ualang casing mahal na sagot ni Poon San Juan, caya gayon, ang uica, sapagca,t, ito rin ang iniutos nang Panginoon Dios sa atin, at cung sundin ninyo nang lubos na pagsunod ay macacamtan ninyo ang buhay na ualang hangan.

Matouid na matouid itong sagot ni Poon San Juan, at tamang-tama sa aral ni Jesucristo, na ang uica:—*Hoc est praeceptum meum, ut diligatis invicem, sicut dilexi vos.* (1) Sa macatouid: ito ang utos co, ani Jesucristo, ito ang utos co, na cayo,i, magcaibigan, para nang pagcaibig co sa inyo.

Na cung sa bagay, ang pagcacaibigan nating lahat, ay siyang bucod na bucod iniutos at ipinagtatagubilin ni Jesucristo sa atin, palibhasa,i, ang Pag-ibig nang tauo sa capoua niya tauo, ay siyang tandang maliuanag nang pag-ibig

(1) Joan. cap. XV, y. 12.

natin sa Dios at sa lahat nang bagay, na iniibig nang Panginoon Dios.

Ibiguin ninyo,t, ibiguin, mangá capatid co, ang inyong capoua tauo, at ang uica ni Poon San Juan, na ang umiibig sa capoua tauo alang-alang sa Dios, ay hindi madidiliman ang caniyang caloloua nang casalanan. *Qui diligit fratrem suum, in lumine manet.* (1)

Magcaibigan tayong lahat, sapagca,t, cung tayo,i, nagaibigan nang tapat na pag-ibig, ay mapaparati sa ating mangá caloloua ang Panginoon Dios, *Si diligamus invicem, Deus in nobis manet.* (2) Sapagca,t, ang umiibig sa capoua tauo alang-alang sa Panginoon Dios, ay hindi nacaibig siya nang iba, cundi ang iniibig nang Dios, at hindi naman gumagaua siya nang masama sa canino man, para nang uica ni Poon San Pablo, *Dilectio proximi malum non operatur.* (3) Sa macatouid: hindi ipinagpapanganyaya ang capoua niya tauo; hindi pinapatay; hindi pinagnanacauan; hindi pinagbibintangan; hindi pinag-uupasalaan; hindi pinaghihinalaan; at hindi pinagnanasaan nang anomang masama, cundi bagcus ay quinaaauaan niya ang capoua tauo sa lahat nang bagay, pinacacain, cung nagugutom; pinararamtan, cung ualang damit; dinadalao, cung may hirap ó saquit; hinahatulan nang matouid, cung nasasalatan nang hatol; inaaliu, cung nalulumbay; at sa catagang uica: ang dilang magagaling na iniibig niya,t, ninanasang mapasacaniyang caloloua,t, catauoan, ay siya rin ang iniibig niya,t, ninanasang mapasa caloloua,t, catauoan nang caniyang capoua tauo.

Ito nga ang tunay na Pag-ibig sa ating capoua tauo, na hinihingi nang Panginoon Dios sa atin, at siya nga naman ang totoong daang icapagcacamit natin nang mangá pa-

(1) 1 Joan. cap. II, v. 10.—(2) Ibid cap. IV, v. 12.—(3) Ep. St. Pauli ad Rom. cap. XIII v. 10.

n̄gaco ni Jesucristo sa manḡa umiibig sa capoua tauo, alang-alang sa Dios, na ang uica:... *hoc fac et vives*. (1) Sa macatouid: ibiguin mo ang Panginoon Dios na lalo sa lahat, at ibiguin mo naman ang capoua mo tauo, para nang pagca-ibig mo sa iyo rin, at macacamtan mo ang buhay na ualang hangan.

Cahimanauari sundin ninyo itong aral ni Jesucristo sa atin, nang cayo naman ibiguin niya,t, caauaan dito sa buhay na ito, at saca macamtan ninyo ang caloualhatian sa langit. Siya naua.

(1) Luc. cap. X, v̄. 28.



Plática 9.^a del primer precepto.

SOBRE LA ADORACIÓN DE LATRIA.

Ang isa pang bagay, na nasasaclao rin sa naunang utos nang Dios, ay ang pagsamba, at ang pagpupuri nang tauo sa Panginoon Dios niyong pagsamba,t, pagpupuring nauucol sa caniya.

Iba n̄ga, man̄ga capatid co, ang pagsambang nauucol sa Panginoon Dios at cay Jesucristong Panginoon natin; iba naman ang nauucol sa mahal na Vírgen; at iba rin naman ang nauucol sa man̄ga Angeles at man̄ga Santos.

Ang pagsambang caucol sa Panginoon Dios at cay Jesucristong Panginoon natin, ay pinan̄gan̄ganlang *Latria*. Ang pagsambang caucol sa mahal na Vírgeng Ina nang Dios at bucal nang dilang gracia,i, pinan̄gan̄ganlang *Hiperdulia*. At ang pagsambang caucol sa man̄ga Angeles at sa man̄ga Santo,i, pinan̄gan̄ganlang *Dulia*.

Itong tatlong bagay na pagsamba,i, para parang guinagamit nang santa Iglesia, sapagca,t, pauang magagaling at tapat; subali,t, ang pagsambang *Latria*,i, siyang lalong ma-buti,t, mahal, at siya n̄gang nauucol sa Panginoon Dios, cay Jesucristo, sa man̄ga Sacramento, sa mahal na Cruz, na pinagpacoan sa caniya, at sa iba pang bagay, na para

nang maquiquita ninyo dito sa mangá isusunod cong aral. Paquiringan ninyo:

Doon sa pag-ibig, na hinihingi nang Panginoon Dios sa atin sa caniyang unang utos, ay nalalamán at nasasaclao rin ang pagsamba,t, pag-galang natin sa caniya nang bucod at lalo sa lahat na mangá pag-galang at pagsambang guinagamit natin sa mangá Santo at sa ibang bagay na may camahalan.

Caya ang pagsambang itinutucoy nang santa Iglesia sa Panginoon Dios ay ang pinanganganlang Latria, na siyang caunaunahan sa lahat nang pagsamba. Sasaysayin co itong bagay na ito.

Nang tayo,i, macasamba sa Panginoon Dios nang pagsambang Latria, na siya ang ucol at tapat sa caniya, ay cailangang pilit gamitin natin itong apat na cabanalang asal: ang Pananampalataya, baga, ang Pananalig, ang Pag-ibig sa Dios, at ang pinanganganlang Virtud de la Religión.

Ang tauong gumagamit nitong apat na cabanalán, ay hindi mangyaring di sampalatayanan niya ang Panginoon Dios na parang totoong Dios; di mangyaring di panaligan niya,t, asahan ang Panginoon Dios na parang totoong Dios; di mangyaring di ibiguin niya ang Panginoon Dios na parang totoong Dios, di mangyaring di maquilala,t, sambahin niya ang Panginoon Dios na parang totoong Dios, at di mangyaring di purihin niya,t, pagluhuran, at pangayupapaan ang Panginoon Dios na parang lalong magaling na Ama; parang lalong magaling na Hari; parang lalong magaling na catoto; at parang macapangyayaring Panginoong punong pinagmulan at caouian nang lahat. At sa isang uica: cung maquiquilala nang tauo ang Panginoon Dios na parang totoong Dios, ay di mangyaring di pamintuhan niya,t, pasalamatán at uicain pa niya casama ni David:—Cung itong daquilang Dios, na sinasamba co, ay

siya ang nacapagpapaaninao sa aquin; at cung siya rin naman ang nacaguinhaua sa aquin, ¿ay sino baga ang catatacutan co? Cung itong daquilang Dios, na pinangangayupapaan co, ay siya ang naca-aampon sa aquin, at cung siya ring naman ang nacabubuhay sa caloloua co; ¿ay sino caya ang aquing panginigan?

Mayroong maraming cristiano, na nacaibig sumamba,t, mamintuhong sabay-sabay sa Dios at masasamang cahinguilan nang canilang catauoan; sa Dios at sa mangá cayamanan; sa Dios at sa mangá lamang bayan; sa Dios at sa Demonio; subali,t, ito,i, hindi mangyayari, sapagca,t, ualang macapamamanginoong sabay-sabay sa dalauang panginoon, ani Poon San Mateo.—*Nemo potest duobus dominis servire.* (1) Caya ang ganitong mangá tauo,i, pinanganganlan ni Salomon, mangá tauong culang palad: *Cor ingrediens duas vias non habebit successus.* (2) At sila nga naman ay pinaghihinanactan nang Panginoon Dios sa bibig nang mahal na Profetang si Elias, na ang uica: *¿Usquequo claudicatis in duas partes?* (3) Sa macatouid; Mangá tauong palamara, mangá tauong culang palad ¿hangan cailan caya, maguiguing cayong catulad nang tauong pilay, na napipilay ang magcabi-cabilang paa? ¿Hangan cailan baga, pagbabahaguinin ninyo ang inyong puso sa Dios at sa mangá anito?.. ¿Hangan cailan susuubin ninyong sabay-sabay ang Panginoon Dios at si Baal. ang Demonio baga. *Si Dominus Deus, sequimini eum, si autem Baal, sequimini illum.* (4) Sa macatouid baga: cung ang Dios na naaua sa inyong magpangayon, ay siyang tunay na Dios ninyo, ay sundin ninyo siya,t, sambahin nang boong loob, subali,t, cung si Baal, ang Demonio baga, ay siyang pinaca-Dios ninyo, at sa isip ninyo,i, siya ang daqat sampalatayanan ninyo,t, sambahin, ay sambahin

(1) Matth. cap. VI, v. 24.—(2) Eccli. cap. III, v. 28.—(3) Reg. cap. XVIII, v. 21.—(4) Eccli. cap II, v. 14.

ninyo siya,t, alinsunurin ninyo ang caniyang mang̃a casinun-
ngalingan, at siya ang gaganti sa inyo nang malaquing ganti
sa Infierno.

Itong aral na ito,i, pinatitibay pa ni Jesucristo doon sa
sagot, na isinagot niya sa manunucsong Demonio niyon si-
ya,i, tucuhin doon sa ilang, sa cataluctucan baga nang
isang bundoc na ang ng̃ala,i, Tabor. Ang nangyari ay
ganito:

Nang mapagmasdan nang Demonio ang̃ malaquing caba-
nala,t, casantusan, calubaya,t, carunung̃an ni Jesucristo,
sampu nang pagsamba,t, pagbibigay puri at bunyi nang
mang̃a Apóstoles sa caniya, ay nanaghili siyang totoo, at
dala nang malaquing capanaghilian, ay tinucso niya si Je-
sucristo nang ganoon:—Maguino, anang Demonio, Magui-
noo, cung icao,i, maninicluhod at mang̃angayupapa sa harap
co, at aco,i, sambahin mo, ay pagcacalooban quita nang dilang
caharian sa mundo at nang lahat nang cayamanan sa sang-
libutang bayan.

Nagalit si Jesucristo dito sa capang̃ahasang ito nang De-
monio at ang sagot sa caniya,i, ganito:—Malis ca rini,
malupit na Satanás, at napapalamán sa Santong Sulat, na
ang Panginoon Dios ay siya na lamang ang dapat mong
sambahin, at siya na lamang ang dapat mong pamintu-
huan:—... *Dominum Deum tuum adorabis, et illi soli ser-
vies.* (1)

Subali,t, houag ninyong acalain na, ang pagsamba na-
ting mang̃a cristiano sa mang̃a larauan nang mahal na Virgen,
at sa mang̃a larauan nang mang̃a Angeles at mang̃a Santo,i,
laban sa ating Pananampalataya, ó sa ating pagcacristiano.
Hindi ¡malayong-malayo sa aquin ang pang̃ang̃aral co sa inyo
nang gayon! cundi bageus, alinsunod sa ipinag-uutos sa atin

(1) Luc. cap. IV, v. 8.

nang Concilio de Trento, ay sucat at dapat nating igalang, hagcan, paniclohora,t, sambahin ang mang̃a Santo niyong pagsambang itinalaga nang santa Iglesia sa canila. Datapoua,t, hindi dapat sambahin natin silang parang Dios, cundi parang Pintacasi lamang, parang catoto nang Dios, na naquiquipag-hari sa caniya doon sa langit, at hangan doo,i, tinutulungan tayo nila nang canilang mang̃a carapatan, para nang maquiquita ninyo sa ibang mang̃a Pláticang susunod:

Ang Panginoon Dios lamang ay siya ang pinátutungculan nang santa Iglesia at nang mang̃a mababait na cristiano nang dilang pagsamba nila,t, pangangayupapa, paghalic at pagdapang iniaalay nila sa mang̃a Santo at sa iba pang bagay, na may bucod na carangala,t, camahalan, para baga nang mang̃a Santo Papa, mang̃a Arzobispo,t, mang̃a Obispo, mang̃a Padre Provincial, mang̃a Cura Párroco, at iba pang mang̃a cahalili nang Dios, na para-para,i, hinahagcan, pinaniclohoran at ga sinasamba pa nang mang̃a pinagpupunuan nila. Subali,t, ang daquilang pagsambang itinalaga nang santa Iglesia sa Panginoon Dios lamang, ang Latria baga, ay hindi dapat isamba nang sinomang tauong may bait sa ibang bagay liban sa Dios, at sa mang̃a tinucoy co sa itaas.

Caya itong daquilang pagsamba, ang Latria baga, ay siyang isinasamba nang santa Iglesia, at siya namang dapat ninyong isamba sa tatlong Personas nang Santísima Trinidad, Dios Ama baga, Dios Anac at Dios Espiritu Santo, na tatlong silang Personas, subali,t, iisa lamang ang canilang pagca Dios.

Itong daquilang pagsamba, ay siyang dapat isamba ninyo sa camahalmahalan at casantosantosang Sacramento sa Altar, sapagca,t, doon naroroong buhay si Jesucristo ating Panginoon, cahima,t, di naquiquita nang mang̃a mata nang ca-tauoan natin.

Itong daquilang pagsamba, ay siyang dapat ninyong isamba cay Jesucristo bagay sa pagcatauo niya, para nang pagsamba sa caniya nang tatlong Hari, ayon sa napapalaman sa Santong Sulat, na ang sabi:—... *Et procedentes adoraverunt eum.* (1)

Itong daquilang pagsamba, ang Latria baga, ay siyang dapat isamba ninyo sa mahal na Cruz, na pinagparipahan at pinagpacuan cay Jesucristo, at sa ibang manga Cruz na sadiyang guinagaua nang tauo, at lalong-lalo cung ang ganitong manga Cruz ay binebendita nang may capangyarihan. Subali,t, yaong manga Cruz, na hindi sadiyang guinagaua nang tauo, cundi talaga,i, naquiquita sa manga daan, gaua nang dayami ó manga padpad, ó guiniican caya, ay hindi catungculang sambahin nang tauo, at hindi naman magcacasala siya, cung sacali,t, mayapacan niya.

Itong daquilang pagsamba, ay siyang dapat isamba ninyo sa manga Santos lugares, (sa manga lugar-lugar baga), na tinahanan ni Jesucristo; ang portal sa Belen baga, na pinanganacan sa caniya; ang cacanan nang manga hayop, na pinapaghiligan sa caniya; ang baunang pinagbaunan sa caniya, at ang iba pa.

Gayon din naman, itong daquilang pagsamba, ang Latria baga, ay siyang dapat ninyong isamba sa manga casangcapang guinamit sa mahal na Pasion ni Jesucristo. Ang purpura real baga, yaon bagang damit na mapula, na isinoot nang manga Judio sa catauoan ni Jesucristo, nang siya,i, pagtauanan; ang sibat; ang manga paco; ang manga lubid; ang putong na tinic; ang panghambas, at ang ibang manga casangcapang ipinagpasaquit nang manga Judio cay Jesucristong Panginoon natin.

Ito na nga, manga capatid co, ang lalong magaling,

(1) Matth. cap. II. v. 11.

ang lalong mataas, at ang lalong tapat na pagsambang dapat isamba ninyo sa camahalan nang Dios, sa mangá bagay-bagay na tinangcá ni Jesucristo, at guinamit sa caniyang mahal na catauoan, at sa mangá casangcapang quinasabuga,t, quinapatacan nang caniyang mahal na dugó, sa oras nang pagpapasaquit sa caniya.

Subali,t, maiguing maalaman ninyo, na ang pagsambang di taos sa loob, ay hindi tinatangap nang Panginoon Dios. Caya ang malaquing pagpipitagan, catimtiman, at pangangayupapa sa loob at catauoan ay siyang isasamba ninyo sa Panginoon Dios, nang di cayo paghinactan ni Jesucristo, para nang paghinaquit niya sa mangá Hebreos, na ang uica niya baga: —*Populus hic labiis me honorat, cor autem eorum longe est á me.* (1) Sa macatouid: aco,i, pinupuri,t, sinasamba nitong mangá tauo, cung sa bibig at mangá salita, subali,t, ang canilang puso,t, loob ay malayong-malayo sa aquin.

Ang inyong catauoan pati caloloua,i, para-parang guinau nang Panginoon Dios, at para-parang dapat gamitin ninyo sa pagbibigay puri sa caniya. Caya sa oras nang pagcocompisa at pagcocomulgar ninyo; sa oras nang pagsisimba ninyo; sa oras nang pagtataas nang casantosantosang Sacramento sa Altar; sa oras nang paquiquipagprocecion ninyo alang-alang cay Jesucristo; sa oras nang pagtanggap ninyo nang alin mang Sacramentong quinatha ni Jesucristo; at sa catagang uica: touing sasambahin ninyo ang Panginoon Dios, ay itapat ninyo ang inyong loob at catauoan sa pagsambang yaon, nang cayo,i, maguing dapat pagcalooban nang Dios din nang caniyang mahal na pag-aampon dito sa lupa, at saca nang caloualhatian sa langit. Siya naua.

(1) Marc. cap. VII, y. 6.

Plática 10, del primer precepto.

SOBRE LA ADORACIÓN DE HIPERDULIA.



atoua-toua at calugod-lugod isipin ang pagsasaquitang nang mangá Santo sa pagpupuri sa mahal na Vírgen at sa caniyang pagca-Vírgen! Datapoua,t, ang lalong calugod-lugod basahin ó paquingan ay ang malaquing pagcauili at pag-galang ni Poon San Bernardo dito sa mahal na Señora, at ang pagsasaquit niyang umaral sa lahat nang tauo nang dilang icapagpupuri nila sa mahal na Vírgen.

Purihin mo, ang uica nang Santo, purihin mo, sino camang tauo, at alin-alin man ang iyong calagayan; purihin mo, aniya, ang naglihi na ualang malay-malay sa cahalayan, at ang nangánac na ualang ano-anomang damdam munti man. Purihin mo,t, igalang ang iguinagalang nang mangá Angeles, ang pinagluluhuran nang mangá Hari at mangá Emperador, at ang pinupuri,t, sinasamba nang lubos na galang nang sangcacristianuhan. Purihin mo,t, sambahin ang Ina nang gracia, ang nacaguinhaua sa mangá may saquit, at ang naquiquipag-adya sa sangdaigdigan sa caalipinan nila sa Demonio. Purihin mo,t, sambahin ang pinupuri,t, sinasamba doon sa langit nang mangá Angeles at Arcangeles, nang mangá Querubines at Serafines.

Igalang natin, ang uica pa ni Poon San Bernardo, igalang nati,t, pangayupapaan ang mahal na Virgen sa tanang loob natin, sapagca,t, siya ang hagdagang pinapanhican sa langit nang mangá macasalanang tauo. Igalang nati,t, sambahin nang boong capacumbabaan nang loob ang Ina nang Dios, sapagca,t, siya ang calooban nang Panginoon Dios din, at siya nga naman ang ipinagtagubilin sa aquin at sa lahat nang tauo nang santa Iglestiang Ina natin.

Caya, mangá capatid co; alinsunod dito sa hatol at aral ni Poon San Bernardo ay sambahin natin itong mahal na Señora nang pagsambang pinanganganlang Hiperdulia, na siyang pagsambang caucol sa caniyang pagca-Ina nang Dios at sa calaluan nang caniyang camahala,t, casantusan sa ibang mangá banal at Santo.

Itong bagay na ito,i, siyang ipangangaral co sa inyo ngayon. Paqingan ninyo.

Ugali nang sangcacristianuhang magpuri, gumalang, bumati at sumamba oras-oras cay Guinoong Santa María; at matouid na matouid itong ugaling ito, sapagca,t, iyang mahal na Señora,i, baga man tauo, ay bucod na bucod pinagpapala siya nang Panginoon Dios, at punong-puno siya nang dilang gracia at nang lahat nang biyaya. Siya ang totoong Ina nang totoong Dios at nasasalangit siya ngayon, at doon naghahari sa boong sangcalangitan at sa boong sangtinacpan nang langit.

Hindi mabilang ang mangá gracia, mangá biyaya,t, mangá cabagsicang ipinagcaloob nang Panginoon Dios cay Guinoong Santa María.

Ang lahat na mangá camahalan, carangalan at capangyarihang ipinagcaloob nang Panginoon Dios sa mangá Nunong pinangalingan nitong mahal na Señora, ay para-parang ipinagcaloob din nang Panginoon Dios sa caniya.

Ang catibayan baga nang Pananampalataya ni Abraham;

ang caguila-guilalas na pagsunod ni Isaac; ang pagtitis at pagbabata ni Jacob; ang daquilang calubayan nang loob ni David; ang carununga,t, capantasan ni Salomon; at ang lahat nang cabanala,t, casantusan nang dilang Santo at Santa,i, para-parang nasa mahal na Virgen, at lumalalo pa sa canila nang malaqui.

At hindi lamang linaluan nang mahal na Virgen ang lahat nang tauo, at ang lahat na mang'a Angeles at Santo nang cabanala,t, casantusan, cundi pa naman siya,i, bucod na bucod pinagpapala dito sa lupa at doon sa langit.

Pinagpapala itong mahal na Señora, sapagca,t, bucod na bucod ay ipinag-adya siya nang Panginoon Dios sa casalanang original mana natin cay Adan.

Pinagpapala siya, sapagca,t, ang caniyang loob at caloua,i, malinis na malinis, na hindi nalibagan nang mumunti mang casalanang dati-dating ipinagcacasala sa Panginoon Dios nang ibang mang'a anac ni Adan, cahima,t, mababait sila,t, banal.

Pinagpapala siya, sapagca,t, bucod sa lahat nang babayi, ay ipinaglihi niya si Jesucristo lalang nang Dios Espiritu Santo, at ipinanganac niya bucod na bucod sa ibang mang'a babayi, palibhasa,i, hindi nauala sa caniya ang caniyang pagca-Virgen, caya ang sabi nang dasalan doon sa mang'a Punong sinasampalatayanan, na si Guinoong Santa Maria ay Virgen nang di pa nanganganac, Virgen naman sa panganganac, at Virgen din nang macapanganac na.

Pinagpapala siya, sapagca,t, bucod sa lahat na mang'a babayi, ay nag-anac siya, na ualang hirap at saquit, ualang cahapisa,t, calumbayan, para nang uica ni Poon San Bernardo.

Pinagpapala siya, sapagca,t, bucod sa lahat nang tauong namamatay, ay namatay siya na ualang damdam at saquit

nang anoman, cundi bagcus ang malaquing pag-ibig niya sa Dios, ay siya nga lamang ang iquinamatay niya.

Pinagpapala siya sapagca,t, siya,i, bucod na bucod sa lahat nang tauo, ay nabuhay na mag-oli sa icatlong arao nang caniyang pagcamatay, para nang pagcabuhay na mag-oli nang caniyang anac na si Jesucristo, at ang caniyang cataoan pati caloloua ay iniaquiat sa langit nang manga Angeles, at pinalucloc sa canan nang caniyang quinaibigang anac na si Jesus, at doo,i, pinagpapatirapaan siya,t, sinasambahang parang Reina at Panginoon nang manga Angeles at Arcángeles; nang manga Querubines at Serafines; nang manga Tronos at Dominaciones; nang manga Principados, manga Potestades at manga Virtudes, at nang lahat nang Santo at Santa at manga banal na sumasalangit.

Itong mahal na Señora, na nalulucloc sa canan nang Dios Anac doon sa langit ay siyang sinasamba,t, binabati oras-oras nang santa Iglesia sa caniyang manga panalangin.

Binabati arao-arao sa pagmimisa nang manga Padre.

Binabati touing hapon sa pagtugtog nang Ave María.

Binabati touing Sábado sa pagdarasal ó sa pagcacanta nang *Aba pó* sa simbahan.

Binabati siyang madalas na madalas sa pagdarasal nang manga cristiano nang Santo Rosario at nang caniyang mahal na Letanía; at madalas namang binabati sa ganoong daming Piestang inilalang nang santa Iglesia alang-alang dito sa mahal na Señora.

Macapal na totoo ang manga bagay na panalanging itinatatalaga nang santa Iglesia sa pag-galang, sa pagsamba at sa pagpupuri eay Guinoong Santa María, datapoua,t, ang lalong minamaigui,t, minamahal nang santa Iglesia sa lahat na manga panalangin, ay *Ang Aba, pó*, at *Ang Aba Guinoong Maria*, palibhasa,i, *Ang Aba Guinoong Maria*, ay

siyang bati ni Poon San Gabriel, niyong siya,i, sinugo nang Panginoon Dios sa mahal na Virgen; at *Ang Aba pò*, ay siyang quinat-ha nang santa Iglesia, at hangan sa una,t, una pa,i, guinagamit niya itong mahal na panalangin sa pagpapaampon sa calinis-linisang Virgen at Ina nang Dios, na siya ang ating quinacausap touing nagdadasal tayo nang dalauang naturang panalangin.

At cung itanong ninyo,t, usisain sa aquin, cung sino caya iyang mahal na Virgeng nacacana sa Altar, at cung baquit naririyon; ay ang isasagot co sa inyo,i, ganito:

Iyang mahal na Virgen, mangá capatid co, na nacacana sa Altar, ay ualang iba cundi isang larauan lamang nang nasasalangit; at cung caya nacacana diyan iyang larauan, sapagca,t, siyang pinacapang-guising at pinacapangpucao nang santa Iglesia sa ating mangá loob, nang alalahanin natin baga ang nasasalangit. Caya, hindi itong mahal na Virgeng nacacana sa Altar, ay siyang hinihingan nang santa Iglesia nang anoman, palibhasa,i, dati naalaman niya at dati naman naalaman nang mangá mababait na cristiano, na itong mangá laruang ito,i, hindi buhay, hindi macariringig, at hindi naman macapagcaloob sa atin nang anoman, at gaua lamang nang tauo. Subali,t, cung caya iguinagalang natin, linuluhuran, at sinasamba itong mangá mahal na laruang nacacana sa Altar ó sa ibang mangá lugar, sapagca,t, doo,i, nalalarauan at ga pinanganganinagan ang tunay na mahal na Virgeng nasalangit, na siya nga lamang ang pinagdarasalan nang mangá mababait na cristiano; siya nga lamang ang hinahainan nang santa Iglesia nang caniyang mangá panalangin, at siya nga ang dapat ninyong sambahin nang pagsambang pinangangalang Hiperdulia, na siyang caucol sa caniyang pagca-Ina nang Dios at sa caniyang camahala,t, casantosan, na lumalalong di hamac sa casantosa,t, camahalan nang ma-

nğa Angeles at manğa Santong lahat, parang sinabi co canğina.

Caya manğa capatid co, inyong cauulihan, alalahanin at pintacasinin itong casantosantos at marangal na Ina nang Dios at maauaing Ina natin. Igalang ninyo itong mahal na Señora, pangayupupaa,t, sambahin ninyo siya parang Anac nang Dios Ama, parang Inang tunay nang Dios Anac, parang Esposa nang Dios Espiritu Santo, at parang Templo ó tahanan nang Santísima Trinidad.

Houag cayong matakot, na lalampas sa catouiran ang inyong pagsamba dito sa mahal na Señora, sambitin man ninyo oras-oras ang «Aba Guinoong María», na siyang ibinati ni San Gabriel Arcangel sa caniya, siya naman ang iquinautang loob nang sangcristianohan dito sa mahal na Reina at maauaing Ina, at siya rin naman, ang ipinipilit natin sa caniya nang tayo,i, ipanalangin niya sa Panginoon Dios nğayon at sa oras nang pagcamatay natin.

Houag cayong matakot na lalampas sa catouiran ang inyong pagsamba dito sa calinis-linisang Ina, dasalin man ninyo arao-arao ang caniyang Santo Rosario, at pagnilay-nilayin man ninyo oras-oras ang manğa Misterio sa hapis at sa toua, na siyang pinaninimdim nang mauğa magagaling na cristiano, sa pagdarasal nila nang Santo Rosario.

At sa catagang uica: dasalin man ninyo maya,t, maya, arao,t, gabi ang caniyang mahal na Letania, ang «Aba po» at ang iba pang ganitong panalangin, ay hindi rin cayo lalampas sa catouiran, palibhasa,i, itong manğa panalangin at iba pang marami, ay pauang guinagamit at itinatalaga nang santa Iglesia sa pagsamba,t, pagpupuri, sa pagmamacaaua,t, pagpapaampon dito sa Inang maauain, at sa paghingì sa caniya, nang tayo,i, idalangin niya sa Panginoon Dios, nang tayo,i, pagcalooban nang caniyang mahal na graciang icasasapit natin sa totoong caloualhatian. Siya naua.

Plática 11.^a del primer precepto.

SOBRE LA ADORACIÓN DE DULIA.

Sinasalita ni Quinto Máximo at ni Publio Scipion, na touing tinititigang tingnan nila ang mangá estampa ó mangá larauang quinatatalaan nang mangá cabanala,t, catapangan nang mangá tauo sa una, ay ga nagniningsang ang canilang loob, at ga nahahanda sila sa pag-gaua nang mangá cabanalan, at sa pag-gaya nang mangá catapangan niyong mangá tauong yaon.

Si Boleslao, icapat na Hari sa Polonia, ay palaguing nagsusuot sa liig nang isang imagen ó retratong quinaquiquintalan nang muc-ha pati pangalan nang caniyang ama; at touing cailangan niyang gauin ang anomang mabigat na gaua, at touing siya,i, maquiquipagbaca sa caniyang mangá caauay, ay hinahagcan niya nang puspos na galang yaong retrato, at ang caniyang uiniuica sa retrato,i, ganoon:—Ilayo nang Panginoon Dios sa aquin ang pag-gaua co nang ano-anomang di tapat sa mahal na pangalan mo.

Itong ugali nang mangá tauo sa una sa harap nang mangá larauan, na sa isip nila,i, may cabagsican din sa pagpapagaling sa canila, ay siyang dapat parisan at tularan nang mangá cristiano sa harap nang mangá larauan nang mangá

Angeles, manġa Santo,t, Santa, na ayon sa uica nang Concilio de Trento,i, naghahari silang casama ni Jesucristo sa caloualhatian nang lanġit, at may cabagsican sila sa pagpagaling sa ating manġa tauong salarin; na sila, doon sa lanġit, ay nananalangġing palagui sa Panginoon Dios, at ang canilang manġa panalangġin ay ipinatutungcol nila sa ating manġa tauong nangabubuhay dito sa bayang cahapis-hapis; na magaling na totoo ang sila,i, daingnan natin nang boong capacumbabaan, nang tayo,i, idalangġin nila cay Jesucristo nang dilang icagagaling nang ating manġa caloloua. Ganito ang aral sa atin nang Santo Concilio de Trento.

Caya sasaysayin co sa inyo nġayon, sa sangdaling oras, na ang pagsamba natin sa manġa Angeles, sa manġa Santo,t, Santa nang pagsambang pinangangnanlang Dulia, ay hindi lamang aral sa atin nang Santo Concilio at nang santa Iglesia, cundi pa nama,i, siyang iniibig, iquinatotoua,t, iquinalulugod nang Panginoon Dios. Paquingan ninyo.

Ualang dili-dili munti man, na ang manġa Angeles ay nacapag-aampon sa atin; at uala ring dili-dili, na ang manġa Santo,t, manġa banal, mabuhay pa man sila dito sa ibabao nang lupa; mapiit man sila sa purgatorio; ó maloloualhati na caya sa caharian nang lanġit, ay sucat mag-ampon at tumulong sa atin, cung tayo,i, napatutulong sa canila, at malaqui naman ang toua,t, lugod nang Panginoon Dios, cung sila,i, pinagtatacbuhan natin sa ating manġa casalatan.

Punung-puno ang manġa Santong Sulat nang manġa halimbauang icaquiquilala ninyo nitong catotoohanang ito.

Sa lahat na manġa bagay-bagay na masasama, na ipinangusap ni Elifás at nang caniyang manġa casama cay Santong Job, doon sa agsamang caniyang tinatahanan at pinag-aalisang nang ouod na cumiquiyao sa caniyang sugatang catauoan, ay iisang bagay lamang na magaling, ang uica nang Santong

Sulat, isang bagay lamang na magaling ang canilang ipinangusap at inihatol cay Santong Job: na siya baga,i, paampon sa alin mang Santo doon sa cahirapan niyang yaon:..... *ad aliquem sanctorum convertere*: (1) Ito n̄ga pala ang lalong iquinatoua,t, iquinalulugod nang Panginoon Dios, na ang caniyang manḡa Santo, ay siyang pagtacobuhan natin sa lahat nang cahirapa,t, casalatan natin.

Caya ang Panginoon Dios din ang nag-utos cay Elifás at sa caniyang manḡa casama, na sila,i, paampon sa Santong Job, na canilang tinampalasan, nang macamtan nila ang capatawaran sa canilang manḡa casalanan, at ang utos ay ganito:—Dumulog cayo, anang Panginoon Dios, dumulog cayo sa aquing catoto at banal na tauo na si Job, at maghayin cayo sa aquin, sa harap niya, nang handog na pitong bisirong baca at pitong tupa, dusa nang casalanan ninyo; cayo,i, ipanalanangin ni Job sa aquin, at alang-alang sa caniya, ay ipatatawad co sa inyo ang dilang cahunghangan ninyo sa aquin..... *Job autem servus meus orabit pro vobis: faciem ejus suscipiam*..... (2)

Gayon din naman alang-alang cay Abrahan at sa caniyang panalangin, ay hindi lamang ipinatawad nang Panginoon Dios cay Abimelec ang caniyang casalanan, ang pagnanacao niya baga nang asaua ni Abrahan, si Sara baga, cundi pa nama,i, binali nang Panginoon Dios ang hatol na sentencia, na ang uica,i, patayin si Abimelec.

Ito ring caloob na ito,i, siyang ipinagcaloob naman nang Panginoon Dios sa manḡa Israelita, alang-alang cay Samuel at sa caniyang panalangin. Itong manḡa caaua-auang Israeli-ta,i, biglang pinagtalicupan nang isang malaquing Ejército, hocbo caya, nang manḡa Filisteo, at sa oras nang casalsalan nang paquiquipagbaca sa canila, ay nagulumihanang totoo

(1) Job. cap. V. v. 1.º—(2) Job. cap. XLII. v. 8.

ang manġa Israelita,t, napasucan nang malaquing tacot, caya napaampon sila cay Samuel, na ang uica nila baga:—Caauaan mo cami, at ipanalangin mo cami sa Panginoon Dios, at houag mong itahan ang iyong panalangin, nang cami ay iadya niya sa cabagsican nang manġa Filisteos.... *Ne cesses pro nobis clamare ad Dominum Deum nostrum, ut salvet nos de manu Philistinorum.* (1) Dati nġang asal nang Panginoon Dios ang pagcaaua niya sa maralintang tauo, alang-alang sa manġa panalangin nang manġa Santo at manġa banal na pinagta-tacbuhan nila, sinasamba, pinupuri,t, dinadainġan.

At di mangyaring di paquingan nang Panginoong Dios ang manġa panalangin nang manġa banal at Santo, yayamang sila,i, pinupuri at pinagpapala nang Panginoong Dios din, at pinanġanġanlan pa niya, manġa catoto niya,t, Príncipe sa Langit, para nang uica ni David:—*Mihi autem nimis honorificati sunt amici tui Deus, nimis confortatus est principatus eorum* (2).

Ang manġa Angeles, ang manġa Patriarca, ang manġa Profeta, ang manġa Apóstoles at ang lahat nang Santo,t, banal ay pauang catoto nang Panginoong Dios, at siya rin ang nagpapabantog sa canila, at sila nġa ang pinaca Príncipe ni Jesucristo doon sa caharian nang langit. At cunġ gayon, ġay di baga icatotoua nang Panginoong Dios ang pag-samba,t, pagpupuri natin sa caniyang manġa catoto, yayamang siyang una-una ang nagpupuri,t, nagpapala sa canila!

Lubhang iquinatotoua nang isang magaling na catoto ang pagpupuri,t, pagbabantog na guinagaua nang ibang tauo sa caniyang manġa catoto.

Ang manġa regalo, ó manġa handog caya, na ipinagcaloob nang tauo sa manġa anac nang ibang tauo, ay tinatangap nang magaling at mabait na ama na parang sarili,

(1) 1. Reg. cap. VII. ŷ. 8.—(2) Ps. CXXXVIII. ŷ. 17.

na parang siya baga ang pinagreregaluha,t, pinaghahandugan niyon.

Ang lalong iquinatotoua nang isang magaling na capatid ay ang magandang capalaran nang mangā capatid niya, na caniyang iniibig at sinisinta.

Itong asal na iniaasal nang magaling na catoto, nang ma-bait na ama, nang magaling na capatid, ay siya n̄ga naman ang iniaasal ni Jesucristo tungcol sa mangā Angeles, mangā Santo at mangā banal, na ayao niyang tauaguing alila, ali-pin ó tagapaglingcod caya, cundi caibigan, amigo,t, tunay na catoto. *Jam non dicam vos servos..... Vos autem dixi amicos.....* (1) At para n̄gang tunay na catoto, ay ibig niya nang malaquing ibig, na sila,i, pagsilvihan nati,t, pagling-curan, sambahin, at purihin, pangayupapaa,t, daingnan pa nang dilang icagagaling nang caloloua natin.

Itong pagsamba sa mangā catoto nang Dios, sa mangā Angeles baga,t, mangā Santo ay dating asal na nang mangā cristianong nasasacupan nang santa Iglesia. Uica n̄ga ni Poon San Eusebio:—caya, aniya, pinupuri namin ang mangā banal at mangā Santo, at dinadalao namin ang canilang baunan, at hinahainan namin nang mangā pangaco, at pinipintacasi pa namin sila, sapagca,t, maraming caloob at biyaya ang inaasahan namin sa pagcaculara nila sa amin sa harap nang Panginoong Dios.

Ang mangā Emperador, ang uica naman ni Poon San Juan Crisóstomo, ang mangā Emperador pa,i, dumudulog nang puspos na galang sa baunan ni Poon San Pedro at sa baunan ni Poon San Pablo, at doon ay inihahapay nila ang canilang purpura,t, isinusuco ang canilang diadema, at sinasamba pa nila,t, linuluhuran yaong mangā baunan, alang-alang sa mangā buto, ó mangā reliquias na nalilibing doon, hinahainan

(1) Joan cap. XV. §. 15.

nila nang canilang manġa handog, at dinadaingnan pa nila nang lubos na loob, na sila,i, ipanalangin sa Panginoong Dios.

Ito ring aral na ito,i, siya namang iniaaral sa atin nang Dios Espiritu Santo, na ang uica:—*Laudemus viros gloriosos, et parentes nostros in generatione sua.* (1) Sa macatouid: purihin natin at pagpalain ang manġa maloloual-hating tauo, at manġa magugulang na pinangalingnan nating lahat. Purihin natin si Enóc, purihin natin si Noé; purihin natin si Abrahan, purihin natin si Isaac at si Jacob, purihin natin, pagpalain at sambahin ang lahat na manġa banal at Santo, sapagca,t, siya ang calooban nang Panginoong Dios. *Laudemus viros gloriosos, et parentes nostros in generatione sua.*

Caya, manġa capatid co, pacatantoin ninyo, na ang pamimintacasi natin sa manġa Santo,t, manġa banal sa dilang casalatan natin, ay hindi lamang aral nang Santo Concilio at nang santa Iglesia sa atin, cundi pa naman siya ang la long tapat sa calooban nang Panginoon Dios.

Si Jesucristo rin ang umaaral sa atin nitong catotohanang ito sa Santo Evangelio doon sa parábola nang mayor-domo, na nagpahamac sa caniyang panginoon, na ang cahologa,i, yari: Cung ibig mo, tauo cang cristiano, aniya, cung ibig mong camtan ang totoong pag-aampon nang manġa Santo sa iyo, ay catotohin mo sila ngayon, samantalang nabubuhay ca. Sa macatouid: cung ibig mong camtan ang pagca-ibig nang manġa Santo sa iyo, ay gugulin mo ngayon, alang-alang sa canila, yaong ari at cayamanang guinugugol mo sa casalanan..... *facite vobis amicos de mammona iniquitatis.* (2)

Ang manġa caloloua sa purgatorio ay nasasalatang totoo nang iyong manġa magagaling na gaua,t, manġa panalangin, nang sila,i, macalabas na madali sa manġa hirap na tinitii nila doon; caya, cung ibig mo, na icao ay ipanalangin nila

(1) Eccl. cap. XLIV. v. 1.—2 Luc. cap. XVI. v. 9.

sa Panginoon Dios doon sa purgatoriong tinitirahan nila ngayon at doon man sa langit na canilang paroroonan, ay catotohin mo sila ngayon; sa macatouid: ipagdasal mo sila ngayon nang marami, at yaong salaping itinatalaga mo sa mangang vicio, ay gugulin mo na sa pagpapamisang patungcol sa canila, ó sa ibang bagay na magagaling na mapapaquinabangang nila..... *facite vobis amicos de mammona iniquitatis.*

Ang mangang Santo,i, hindi nasasalatan nang ano-anoman doon sa langit na quinatitirahan nila; subalit, cung minsang,i, malaquing-malaqui, dito sa lupa, ang casalatan nang canilang mangang simbahan, nang canilang mangang altar at mangang larauan; caya, cung ibig mo, na icao ay ipanalangin nila sa Panginoong Dios, ay: *facite vobis amicos de mammona iniquitatis: ut cum defeceritis, recipiat vos in aeterna tabernacula.* (1) Sa macatouid: catotohin mo ngayon ang mangang Santo, at yaong salaping itinatalaga mo sa pag-gaua nang mangang masasamang gaua, ay gugulin mo ngayon sa pagpapagui nang canilang mangang simbahan; sa pagpapabago nang canilang mangang altar; sa pagpapapinta nang canilang mangang larauan; sa pagbili caya nang mangang damit, na ipinagmimisa nang mangang Padre, ó sa ibang bagay nang ganito.

Cung gayon ang inyong gagauit,t, aasalin, ay aamponin cayo,t, ipagcacalara nang mangang Santo sa harap nang Panginoon Dios, nang cayo,i, maguing dapat magcamit nang calualhatian sa langit. Siya naua.

(1) Luc. Cp. XVI. v. 9.



Plática 12.^a del primer precepto.

SOBRE LA ADORACIÓN DE LAS RELIQUIAS.



Ang ipagsesermon co sa inyo nğayon, manğa capatid co, ay ang catungculan nating sambahin ang manğa Reliquias.

Ang manğa pinanğangalang Reliquias ay ualang iba, cundi ang catauoang boo, ó ang manğa sangcap caya nang catauoan, cahit anong sangcap, at cahit anong caliitan niyong manğa sangcap na yaon. Caya inaaring Reliquias nang santa Iglesia ang manğa ulo, ang manğa braso, ang manğa hita, ang manğa paa, ang manğa puso, ang manğa daliri, ang manğa buto at ang ibang sangcap, cahit anong liit, nang catauoan niyong calolouang banal, na naquiquipaghari na cay Jesucristo doon sa langit; at gayon din naman ang lahat na manğa bagay-bagay na guinamit ni Jesucristo, nang mahal na Vírgen at nang manğa Santos, nang dirito pa sila sa lupa, pati ang manğa bagay-bagay na idinaiti sa canilang catauoan. Itong lahat nang ito,i, para-parang pinaca-Reliquias nang santa Iglesia, minamahal niya,t, sinasamba.

Subali,t, iba,t, iba ang pagsambang tinutucoy nang santa Iglesia sa manğa Reliquias.

Ang manğa Reliquias ni Jesucristo,i, dapat nating samba-

hin nang pagsambang Latria. Ang manġa Reliquias nang mahal na Virgen, ay dapat nating sambahin nang pagsambang pinanġanġanlang Hiperdulia, at ang Reliquias nang manġa Santo,i, dapat nating sambahin nang pagsambang Dulia, na siya nġa ang pagsambang naucol sa canila, ayon sa ipinag-sermon co sa inyo nang manġa lingong nacaraan.

Catungculan nating sambahin ang manġa Reliquias nang caucol na pagsamba, sapagca,t, siyang utos sa atin nang Santo Concilio de Trento, na ang uica.—Ang manġa mahal na catauoan, (ang bangcay baga), nang manġa Santos Mártires at nang ibang manġa banal at Santo, na naquiquipaghari cay Jesucristo, at naging Templo, ó tahanan caya nang Dios Espiritu Santo, ay dapat at catungculan pang sambahin nang manġa cristiano, palibhasa,i, alang-alang sa ganoong manġa Reliquias, ay maramin; gracia,t, biyaya ang ipinag-cacaloob nang Panginoon Dios sa manġa tauo.

Nang maquilala ninyo ang catotoohanang nitong aquing sinasabi, at nang matanto ninyo naman, na ang pagsamba natin sa manġa Reliquias ay natatapat na totoo sa calooban nang Panginoon Dios, ay inyong gunam-gunamin ang manġa halimbawang napapalamán sa Santong Sulat, at ang manġa himalang gauang ipinaquiquita nang Panginoon Dios sa atin, alang-alang sa manġa Reliquia nang manġa Santo.

Yaong si Jacob, mahal na Patriarca, ay inutusan nang Panginoon Dios na, sa oras na casalsalan nang caniyang pagcamatay, ay tauaguin niya ang lahat na manġa anac niya, bendicionan niya,t, hatulan nang lalong magaling at tapat sa canilang caloloua at ipagbilin niya tuloy sa canila, na cung siya,i, patay na, ay ingatan nila ang caniyang bangcay at ilibing doon sa lupang pinanġanġanlang Canaan, houag doon sa Egiptong lupang camamatayan niya.

Pagcamatay ni Jacob ay pinanġisan nang caniyang ma-

n̄ga anac, at lalong-lalo nang caniyang quinalulugdang anac na si José, na humahalic nang humahalic sa muc-ha nang bangcay nang caniyang ama, at pinapahiran at pinalaguian sa manḡa médico nang lalong mabubuting pabanḡo.

Pagcatapos nito,i, alinsunod sa bilin ni Jacob, ay nagpahanda si José nang lahat nang babauonin nila sa paglacad, at tumulac na siya casama nang caniyang manḡa capatid at nang di mabilang na manḡa tauong taga-Egipto, at nagsilacad na silang patunḡo sa lupang pinili ni Jacob sa paglilibing sa caniyang bangcay. Pagdating nila sa Canaan, ay inilibing nila doon ang bangcay nang canilang magulang, alinsunod sa caniyang calooban, at alinsunod naman sa calooban nang Panginoon Dios, na ang ibig niya baga,i, sambahin at igalang nang lahat na manḡa campon niya, doon sa Canaan, yaong mahal na Reliquias, na dating tinatahanan nang isang calolouang catoto niya.

Tapat naman dito sa aquing Plática itong isang halimbauang hinanḡo co rin sa Santong Sulat.

Hinulaan nang mahal na Patriarcang si José ang caniyang manḡa capatid nang mararating sa susunod na panahon, na ang uica niya baga:—Manaa, ani José, pagcamatay co, ay dadalauin cayo nang Panginoon Dios, at palalabasin cayo sa Egipto, at ihahatid cayo sa lupang ipinangaco niya sa ating manḡa magugulang na si Abrahan, si Isaac at si Jacob. Pagsapit nitong tinuturingan cong panahon, ang uica pa ni José, ay ipagsama ninyo ang aquing manḡa buto, at houag ninyong iuan dito sa Egipto.

Cung pacaisipin ninyo, manḡa capatid co, ang malaquing cabanala,t, casantusan ni José; ang mistulang cababaan nang caniyang loob; ang malaquing caauang gaua niya sa caniyang nasirang ama; ang magaling na aral, na iniaral niya sa caniyang manḡa capatid, bago siya,i, mamatay; ang

pag-alio sa canila niyon sila,i, nasasa cahirapa,t, calumbayan; ang pagpapatawad niya sa canila nang malaquing casalanang quinamtan nila sa Panginoon Dios at sa caniya, dahilan sa pagbibili nila sa mangá Israelitas nang caniyang sariling catauoan, niyong siya,i, bata pa. Cung inyong pa-caisip-isipin, anaquin, itong lahat nang ito,i, di mangyaring di matalastas ninyo, na ang ipinapagsama ni José sa caniyang mangá capatid, niyong sila,i, aalis na sa Egipto, ay hindi ang isang bangcay na hamac, ó ang mangá butong buloc at ga uling, cundi isang bangcay nang Santo, isang dulangang guinto, isang sanla nang malaquing sinta niya sa canila, at isang mahal na Reliquias, na siyang icapagcaca-loob nang Panginoon Dios sa canila nang dilang cagalinga,t, caguinhauahan sa canilang mahirap na viaje ó paglacad.

Ganito nga ang nasasaisip at calooban ni Moisés, na siya ang magpapatnugot nang mangá Israelita sa canilang lalacarang daan. Caya, marami man ang caniyang abala; marami man ang caniyang paquiquipagtalo cay Faraong Hari sa Egipto; at maliuag man ang pag-iipon sa loob nang isang gabi lamang nang gayong caraming tauong mapapatnugutan niya,i, hindi nalimutan ang mahal na Reliquias ni José, palibhasa,i, naalaman niyang tanto, na ang pagtupad niya nang mangá bilin ni José sa oras nang caniyang pagcamatay, ay siyang pagtupad at pagsunod niya naman nang calooban nang Panginoon Dios, na ang ibig ay sambahi,t, igalang nang lahat na mangá campon niya yaong mahal na Reliquias.

Marami pang mangá halimbaua ang maihahango co sa Santong Sulat, na pauang icatatanto ninyo, na ang pagmahal at ang pagsamba natin sa mangá Reliquias nang mangá Santo, ay siyang totoong calooban nang Panginoon Dios; nguni,t, isa lamang ang aqing sasalitain.

Yaong dalauang mahal na Profeta, na si Elias at si Eliseo ay nagcacaibigang totoo, at nagcaaisang loob.

Niyong paalisin na nang Panginoon Dios dito sa mundo si Elias, ay naglalacad na magcaasama, itong dalauang marangal na Profeta, si Elias baga,t, si Eliseo, na mangaling sila sa Galgala, at dumating sila sa tabi nang isang mala-
quing ilog, na ang ngala,i, Jordan. Sa maquita ni Elias, na ualang matatauiran, ay hinubad niya ang caniyang manto ó capa caya, tiniclop niya at siyang ihinampas niya sa tubig, na capagcaraca,i, nauahi at nacatauid na maloualhati silang dalaua sa cabilang ibayo.

Itinuloy nila ang canilang paglacad, at doon sa canilang pagsasalitaan, ay nag-uica si Elias cay Eliseo nang ganito:—Bago tayo maghualay, ay humingi ca sa aquin nang bilang maipagcacaloob co sa iyo.

At ang biglang sagot ni Eliseo,i, ganoon:—Ang hinihingi co, pó, sa iyo, ay ipamana mo, pó, sa aquin ang dalauang biyayang ipinagcaloob nang Panginoon Dios sa iyo; ang pagtuturing baga nang mararating at ang pagmimilagro.

—... *Rem difcilem postulasti...* (1) ang sagot ni Elias. Sa macatouid: mahirap at mabigat ang hinihingi mo sa aquin. Subali,t, ang uica pa ni Elias, subali,t, cung maquita mo aco sa oras na casalsalan nang paghualay co sa iyo, ay macacamtan mo rin ang iyong hinihingi.

Ganoo,t, ganoon ang pagsasalitaan nitong dalauang Profeta doon sa canilang linalacarang daan, at caalam-alam nila, ay ito na ang isang parang carruageng apoy na hinihila nang mangá cabayong apoy din cung sa tingin, at capagcaraca,i, inagao si Elias at iniaquiat sa itaas.

Nang magcagayon, ay tinitingala,t, tinatanao si Elias ni Eliseo, at sumisigao nang malacas:—Ama co, ama co...

(1) Lib. 4 Reg. cap. II, v. 10.

at dinampot niyang tuloy ang capa ó mantong nalaglag cay Elias, at pinag-iingatan niyang totoo, na parang isang mahal na Reliquias na ipinamana sa caniya nang isang Santo,t, catoto nang Dios; at pumihit na si Eliseo sa pinangalingang lugar.

Nang dumating siya sa tabi nang ilog nang Jordan, at sa ualang tatauiran, ay guinayahan niya ang guinaua ni Elias, caya tiniclop niya ang capa ni Elias at siyang inihampas sa tubig, na hindi nauahi na para nang dati. Nanguilalas na totoo si Eliseo dito sa nangyaring ito, at ga naghinanaquit siya sa Panginooon Dios, na ang uica:—*Ubi est Deus Eliae etiam nunc?*... (1) ¿Nasaan ang Dios ni Elias ngayon? Sa macatouid:—Panginooon cong Dios, ang uica ni Eliseo, yayamang hindi aco dapat na igaua mo nitong milagro, nang pag-uauahi mo baga nang tubig, ay alalahanin mo ang iyong catotong si Elias, na siya ang may ari nitong capa; alalahanin mo ang magaling na aral, na iniaral niya sa iyong mangá campon; alalahanin mo ang caniyang cabanala,t, casantosán, at ang dilang carapatan niya, at igaua mo siyang uli nang milagro.

Pagcatapos ni Eliseo nitong panalanging nasasaclao doon sa mangá uica niyang yaon: ¿Nasaan ang Dios ni Elias ngayon? ay hinampas niyang uli ang tubig niyon din mahal na Reliquias, ang capa baga ni Elias, at agad-agad ay nauahi na ang tubig, alang-alang sa Santong may ari niyong capa, at tumauid na maloualhati si Eliseo sa cabilang ibayo. Ito, mangá capatid co, ay isang magaling na halimbauang icata-tanto ninyo,t, icaquiquilala nang calooban nang Dios, bagay sa pag-galang nati,t, pagsamba,t, pagpupuri sa mangá Reliquias nang mangá Santo.

¿At cailan di maguiguig calooban nang Panginooon Dios

1) Lib. 4 Reg. cap. II, §. 14.

ang pagsamba natin sa mangá Reliquias nang mangá Santo? ¿Di baga ang Panginoong Dios ay siyang una-unang nagpupuri sa naturang mangá Reliquias, at sila nga ang iguinagaua niya nang maraming milagro?

Ay ano. ¿Di malaquing milagro ang guinagaua nang Panginoong Dios sa caunting dugó ni Poon San Genaro, na nasisilid sa isang bote, at taon-taon, sa arao nang capiestahan nang Santo, ay natutunao ang nasabing dugó, at naguiguing parang dugóng buhay?

¿Di malaquing-malaquing milagro ang guinagaua nang Panginoon Dios sa puso, (ang puso nang catauoan), ni Poon Santa Teresa, na hangan ngayo,i, boo pa?

¿Di baga malaquing milagro ang guinagaua nang Panginoon Dios sa dila ni Poon San Juan Nepomuceno, sa dila ni Poon San Antonio de Padua, sa bangcay ni Poon San Francisco Javier, sa bangcay ni Poon San Clemente, at sa iba,t, iba pang lubhang marami, na maliuag na totoong sabihin ang lahat?

Caya, mangá capatid co, ipalamán ninyo sa inyong loob itong caunting aral, na iniaral co sa inyo ngayong arao na ito, at pacatantoin ninyo na, ang calooban nang Panginoon Dios at nang santa Iglesia, ay purihin nang lahat nang tauo, igalang at sambahin ang mangá Reliquias nang mangá Santo niyong ugaling pagsambang natatapat sa canilang camahalan.

Houag cayong lumaban sa calooban nang Panginoon Dios at nang santa Iglesia, nang cayo,i, maguing dapat magca-mit, alang-alang sa mangá Reliquias na sinasamba ninyo, nang mahal na gracia nang Dios dito sa lupa, at saca nang caloulalhatian sa langit. Siya naua.

SEGUNDO MANDAMIENTO.

Plática 1.^a del segundo precepto.

Non assumes nomen Dei tui
in vanum, *Exod. cap. XX. v. 7.*



Ang casanto-santosang pangalan nang Dios ay siyang catungculang igalang at purihin nating lahat oras-oras dito sa lupa, na para baga nang guinagaua nang mangá maloloualhati doon sa langit.

Doon nãa sa langit ay pinupuring ualang patid nang mangá Angeles ang camahalmahalang pangalan nang Dios; doon sinasamba nang mangá Potestades at Dominaciones; doon iguinagalang nang mangá Querubines at Serafines; doon pinagsisilbihan nang mangá Santo, at doon nãa,i, sinasambit, na ualang tahan, nang lahat nang maloloualhati ang caniyang catamis-tamisang pangalan, para nang dasal nang mangá Sacerdote, arao-arao, sa loob nang santa Misa, na ang uica:—*Qui non cessant clamare quotidie, dicentes: Sanctus, Sanctus, Sanctus.* Sa macatouid: Santo, Santo, Santo, Panginoon Dios sa Sabaoht, ang langit at ang lupa, ay napupuno nang iyong camahala,t, caloualhatian.

At hindi lamang ang mangá Angeles at Santo ang nagbibigay puri sa camahal-mahalang pangalan nang Panginoon

Dios, cundi pa nama,i, itong Santong pangalan ay pinangi-
nġiniga,t, quinatatacutan nang mangā Demonio, at ayao man
sila, ay sinasamba rin nila, iguinagalang at pinaglolohoran pa.

Catungculan nġa natin, mangā capatid co, gumalang at
magpuri sa Santong pangalan nang Dios, subali,t, maraming
totoo ang hindi tumutupad nitong catungculang ito. Mayroon
nġa maraming cristiano, na hinding-hindi gumagalang at nag-
pupuri sa Panginoon Dios na para nang dapat, cundi bagcus
ay minumura nila,t, pinahahamacan ang caniyang camahal-
mahalang pangalan. At caya gayon ang aqing uica, sa-
pagca,t, oras-oras halos, ay sinasambit nitong mangā cris-
tiano at sinasacsi nila ang Panginoon Dios sa mangā hamac
na bagay, ó sa mangā hindi totoo at hindi matouid. Anaqui,
ay hindi naalaala nitong mangā cristiano ang icalauang utos
nang Dios, na ang sabi:—Houag cang manumpa sa nġalan
nang Dios nang hamac lamang. *Non assumes nomen Dei tui
in vanum.*

Caya nang matacot ang mangā palasumpang tauo, ay sa-
saysayin co nġayon ang laqui,t, lupit nang casalanang ipi-
nagcacasala sa Panginoon Dios nang tauong nanunumpa nang
hamac lamang sa caniyang Santong Pangalan. Inyong pa-
quingan:

Hindi ipinagbabaual nang Panginoon Dios at nang santa
Iglesiang Ina natin ang panunumpa, cundi bagcus ay mi-
namagaling nila,t, minamatapat, cung langcapan ang pa-
nunumpa nitong tatlong bagay na casangcapan, ang catotoo-
hanan бага, ang catouiran at ang tunay na dahilan

Caya maguiguing malaquing casalanan sa Panginoon Dios
ang panunumpa nang tauo nang casinungalingan, magmula
man ang gayong panunumpa sa capiitan, ó sa malaquing cahi-
hiyaan, at lalo pang lalo, cung nagmumula sa cabiro-biroan
lamang, ó sa hamac cayang dahilan; sapagca,t, ang Panginoon

Dios, ay siyang tunay at mistulang Catotoohanang, na hindi macapagdaya sa canino man, at hindi naman siya mapagdayaan. Caya touing sinasacsi nang mangá tauo ang Panginoon Dios sa mangá hindi totoo, ay parang inaari nila ang Panginoon Dios na isang Dios na hamac, at parang inaalis nila sa caniya ang caniyang pagca-Dios.

¡Malaqui ang pagcaualang galang sa Panginoon Dios nang ganitong mangá tauo! palibhasa,i, ang tauong nanunumpa nang hindi totoo, ó sumasacsi sa Panginoon Dios sa cabulaanan, ay parang nag-uiuica,t, humihingi sa Panginoon Dios nitong catampalasanang ito: "Panginoon cong Dios, aco,i, isang tauong ualang casaysayan sa harap nang aquing capoua tauo; uala acong carununga,t, cabaitan sa pagdaraya sa canila; aco,i, inaari nilang tauong sinungaling, at dahilano dito,i, hindi nila pinaniniualaan ang aromang sabihin co: caya Panginoon co, manaog ca na dito sa lupa, at pasacsi ca sa dilang ipagbubulaan co sa aquing capoua; tulungan mo aco nang macamtan co ang pananalo sa aquing catalo; ang catotoohana,t, catouirang uala sa aquin, ay halinhan mo nang iyong ualang hangang catotoohana,t, catouiran, at patibayin mo nang iyong Santong Pangalan, nang aco,i, paniualaan nang lahat." ¡Ualang capara ang camalian ó capangahasan nang mangá tauong sumasacsi sa Panginoon Dios sa hindi totoo!

Malaqui nãang casalanan ang guinagaua nang mangá tauong sumasacsi sa Panginoon Dios sa hindi totoo, at malaqui naman ang canilang camalian, sapagca,t, ang tauong hindi sucat paniualaan, cung magsalita lamang, ay hindi rin paniniualaan, manumpa man siya,t, sumacsi sa Panginoon Dios.

At ito nãa,i, siyang nasapit ni Poon San Pedro niyong siya,i, nasasa patio nang bahay ni Cayfás. Naquita siya

nang isang alilang babayi, na ang uica sa caniya.—Icao pala,i, naquita cong casama ni Jesus Nazareno. Itinatua ni Poon San Pedro ang gayong sabi nang babayi, at ang sagot.—Hindi co naalama,t, natatalastas iyang salita mong iyan.

Lumabas si Poon San Pedro sa patio at tumiguil doon sa pinto nang nasabing bahay, at siyang paglapit nang isa pang alilang babayi, na ang uica sa caniya,t, sa mangga tauong caharap:—Itong lalaquing ito,i, naquita cong casama-sama ni Jesus Nazareno. Pagcaringig ni Poon San Pedro ang gayong salita, ay itinatua niya uli at pinatibay niya nang panunumpa, na hindi at hindi naquiquilala niya si Jesus Nazareno. Datapoua,t, hindi pinaniualaan si Poon San Pedro niyong mangga tauo, nang siya,i, nagsasalita lamang, at hindi rin pinaniualaan siya nang patibayin ang caniyang salita nang panunumpa. At caya gayon, sapagca,t, siyang ugali nitong mundo, na ang tauong hindi sucat paniualaan, cung mangusap lamang, ay hindi rin paniniualaan, patibayin man niya nang panunumpa ang caniyang pangungusap at pagsasalita.

Ang nangyari cay Poon San Pedro,i, siyang nagbibigay catibayan dito sa aqing sinasabi. Nang itatua niya lamang ang pagquilala niya cay Jesucristo, ay hindi cumibo ang mangga tauong naroroon; subali,t, nang patibayin niya ang caniyang sabi nang panunumpa,i, pagcamaya-maya,i, linapitan siya nang mangga tauong caharap, at ang uica sa caniya:—Icao nga,i, casama,t, discipulo ni Jesus Nazareno, at halatang-halata sa pangungusap mo.... *Vere et tu ex illis es: nam et loquela tua manifestum te facit.* (1)

Bucod dito,i, malaquing totoong parusa ang itinatalaga nang Panginon Dios sa mangga tauong nanunumpa nang

(1) Matth. cap. XXVII. v. 73

hamac lamang, ó sumasacsi caya sa Panginoon Dios sa hindi totoo, para nang sabi nang Dios din sa bibig nang Santong Profeta na si Zacarías, na ang uica:—*Maledictio veniet ad domum jurantis in nomine meo mendaciter* (1). Sa macatouid: ang bahay nang tauong nanunumpa nang cabulaanan sa pangalan co, ay dadatnan nang masamang capalaran at tamaan nang sumpa.

Itong mangá catotoohanang ito,i, matatalastas ninyong lalo dito sa isusunud cong salita:

Doon sa isang puló, na ang ngála,i, Corcega, ay nabao ang isang señora, at ang lalaquing quinabauhan niya,i, may nauang caunting salaping talagang ipagdodote sa isang bagong tauong anac nila. Malaqui ang tacot nang señora sa mangá magnanacao, caya inihabilin niya,t, pinaingatan sa caniyang capit-bahay yaong salaping yaon. Nang dumating ang panahon nang pagpapacasal niyong señora sa caniyang anac, ay dumulog siya sa capit-bahay, at cucuha sana nang salaping inihabilin niya sa caniya; nguni,t, itinatua nitong tampalasang tauo ang naturang salapi, at pinatitigas niya, na hindi siya binibiguan nang anoman, na hindi siya natanggap nang anomang salapi.

Nang magcagayo,i, inihabla nang señora ang caniyang capit-bahay at ipinag-amo-amo niya sa hocom, na siya baga,i, cauaan at tulungan.

Pinacaon nang hucom ang mag-asaua niyong tampalasang tauo, at pagdating nila doon sa Juzgado,i, quinunan sila nang panunumpa, at capoua nagpahamac nanunpa sa pangalan nang Dios; capoua,i, sumacsi sa Panginoon Dios, na ang uica nila baga,i, hindi nila naalaman ang ano-anomang bagay tungcol sa mangá sinasabi niyong babaying bauo; at palibhasa,i, ang naturang señora,i, ualang recibo, ualang

(1) Zach. cap. V, v. 3 y 4. Mejor dicho el contexto.

catibayan, ay natalo siya,t, naualan nang salapi. Subali,t, doon din sa oras na yaon, ay tinamaan ang mag-asaua nang malaquing parusa nang Panginoon Dios sa canila. Ganito ang nangyari.

Itong mag-asaua,i, mayroong tatlong anac, na ang edad nang panganay, ay dalauang pouo,t, limang taon, ang sa sumunod na anac, ay lima, at ang sa bunso, ay isang taon lamang.

Pagcatapos nang usap, ay noui sa canila itong dalauang palasumpang tauo, at ang nauunang dunmating sa bahay ay ang babayi, na pagpasoc niya,i, dinatnan niyang patay sa ilalim nang duyan ang caniyang anac na bunso. Naquilala niya agad, na ito,i, parusa nang Panginoon Dios sa canila, subali,t, hindi siya nagsisi,t, humingi nang tauad sa Panginoon Dios, cundi bageus ay nagpatiuacal siya,t, dala nang malaquing cagalitan at nang tucso nang Demonio, ay dumampot siya nang itac, at pinatay niya ang isang anac niyang sinundan nang bunso.

Di pa tapos ito halos, ay ito na ang asauang lalaqui, at nang maquita niyang patay ang caniyang dalauang anac, ay humanap siya nang espada, at isinacsac niya sa dibdib nang caniyang asaua,t, pinatay.

Nang mamalayan nang Justicia itong nangyaring ito,i, dinaquip niya ang nasabing lalaqui, ipinasoc sa bilangguan at hinatulan, at ang hatol na sentencia,i, bitayin siya.

Sa ualang maquitang verdugo doon sa bayang yaon, ay humarap nang cusa sa Justicia ang anac na panganay niyang hinatulan, at ang hiningi, ay ang siya,i, maguing verdugo sa pagbitay sa caniyang ama, na nangahas pumatay sa caniyang quinaibigang ina.

Binitay nang nitong palamarang anac ang caniyang sariling ama; nguni,t, mula niyon, sa pahintulot nang Pa-

nģinoon Dios, ay nababalisang palagui ang loob nitong tam-palasang anac, na hindi mapapalagay-lagay. Oras-oras ay naalaala niya yaong pagbibitay niya sa caniyang ama; oras-oras ay guinuguni-gunita niya ang camurahang nasapit niya dahilan, sa pag-alis niya nang buhay sa nagpapaguing tauo sa caniya; at itong pag-aalaala niya, itong pag-guguni-gunita niyang palagui nang gayong bagay, ay siyang ipinagpati-uacal niya naman, at nagpacamatay.

Caya, manģa capatid co, madala na cayo, at magmula nģayon, ay houag nang sacsihin ninyo sa hindi totoo ang Panginoon Dios, ang santa Cruz, ang mahal na Vírgen, ang manģa Santo, ó ang iba cayang bagay na may bucod na camahalan; at cung sacali,t, cayo,i, pinipilit nang may capangyarihan sa panunumpa, ay usisain ninyo muna,t, pacaisipin at pacatantuin, cung totoo, cung dili caya yaong ipanunumpa ninyo, at ang na-aalaman ninyo, ay siya na lamang ang inyong sasabihin at ipanunumpa sa harap nang Justicia,t, manģa Puno.

Yaong bagay na panunumpang inuugali nang maraming totoong tauo, na ang uica nila бага:—cung di totoo itong aquing sinasabi, ay tamaan aco nang hanģin, tamaan aco nang lentic, lamunin aco nang lupa, pacasamin aco nang Dios, putlin ang aquing daliri, at ang ibang ganitong manģa catacot-tacot na uica, ay itahan na ninyo, at houag nang uicain ninyong uli, cahima,t, sa biro-biro lamang.

Igalang nating lahat, manģa capatid co, nang puspos na galang ang Panginoon Dios at ang caniyang Santong pangalan; purihin natin siya,t, pasalamatan gabi,t, arao at oras-oras, at pagsisihan na natin ang ating lahat nang casalanan, nang tayo,i, maguing dapat magcamit nang aua nang Panginoon Dios dito sa lupa, at saca nang caloualhatian sa langit. Siya naua,

Plática 2.^a del segundo precepto.

SOBRE ÉL HONOR DEBIDO Á DIOS EN EL JURAMENTO.

Ang umiibig at sumisinta sa isang capoua tauo, ay hindi sinasambit niya ang n̄galan nang tauong caniyang sinisinta, cundi sa pagpupuri,t, sa pagpapala sa caniya, Hindi mangyaring alalahanin niya,t, sambitin ang n̄galan nang sinisinta niyang tauo, na di siya matoua nang malaquing toua, at iquling pa ang caniyang loob sa pagpapagaling sa caniyang sinisinta.

Ito ang asal at caugalian nang man̄ga mababait na tauo; ito ang asal at caugalian nang man̄ga tauong hindi palamara sa capoua nila tauo. Subali,t, itong magaling na asal at caugalian, ay hindi sinusunod nang maraming cristiano, sa touing cailangang sambitin nila ó sacsihin, caya, ang Panginoon Dios.

Ang casanto-santosang Pangalan nang Dios, na siyang dapat sambitin nang tauo nang puspos na galang, ay siya pang guinagamit nang caramihang cristiano sa pagpapatotoo nang casinungalingan. Na, cung sa bagay, ay malaqui pa ang pagmamahal nila sa isang tauong hamac, sa pagmamahal nila sa ating Panginoon Dios, na cumapal sa lahat.

Caya ang binabanta cong saysayin sa inyo n̄gayong oras

na ito, ay ang catungculan nating igalang at purihin ang Panginoon Dios at ang caniyang Santong pangalan sa ating mangá panunumpa. Cayo,i, maquinig.

Sinaysay co na sa inyo, na hindi ipinagbabaual nang Panginoon Dios ang panunumpa nang tauo sa caniyang Santong ngalan, at sa ibang bagay, na may bucod na camahalan, cundi ang ibinabaual niya,i, ang panunumpang hamac. Ano pa,t, ang panunumpa,i, maguiguing cabanalan din at malaquing pagpupuri sa Panginoon Dios, cung ang ipinanunumpa nang tauo ay totoo at tapat, at may tunay na dahilan sa panunumpa. Diyata,t, itong tatlong bagay na ito,i, capilitang pagsabayin nang tauo at casangcapanin sa panunumpa, nang houag maguing casalanan ang caniyang panunumpa.

Caya, cung sacsihin nang tauo ang Panginoon Dios; ang caniyang Santong pangalan; ang mahal na Cruz, na pinagpacoan sa caniya; ang Santísima Trinidad; ang ating Panampalataya; ang mahal na Virgen; ang mangá Santo; ang mangá Sacramento; ang mahal na dugó ni Jesucristo; ang langit; ang lupa,t, iba pang ganito; cung sacsihin, anaquin, at gamitin nang tauo itong mangá tinuran co sa pagpapatotoo niya nang anoman, ay maguiguing tunay na panunumpa, subali,t, cung di totoo ang ipinanumpa niya, ay magcacasala siya nang daquilang casalanan, dahilan sa paggamit niya niyong mangá bagay na yaon, na pauang may bucod na camahalan, sa pagpapatotoo nang casinungalingan.

Alin man ang dahilang ipinasasaci nang tauo sa Panginoon Dios at sa mangá bagay na sinalaysay co; sa macatoud: cung sacsihin nang tauo ang Panginoon Dios, ang mahal na Virgen, at ang iba pang sinasambit sa itaas, nang houag bagang parusahan siya nang Justicia; nang houag masira ang caniyang puri; nang houag mauala ang caniyang pag-aari,

at sa ibang gang-ganito; ay cung di totoo ang ipinasasacsi niya sa canila, ay nagcacasala siya nang malaquing casalanan, palibhasa,i, ang Panginoon Dios, ang mahal na Virgen at ang ibang tinuran co sa itaas, ay hindi sucat pahamancan nang tauo, sa pag-aampon at pagtatangol niya sa capoua niya tauo, cung sa pagsasanggalang man sa caniya rin, at sa boong sangcatauhan man.

Ang tauong humahanap nang mang̃a sacing sinungaling: ang sumusuhol sa iba nang alac, salapi at nang iba pang bagay at mang̃a pangaco, sa pagsacsi nang hindi totoo, ay nagcacasala siya nang malaquing casalanan sa harap nang Panginoon Dios, at gayon din nagcacasala nang daquilang casalanan ang mang̃a tauong napasusuhol sa caniya, palibhasa,i, ang sumusuhol at ang napasusuhol, ay capoua ualang tacot sa Dios, capoua nagdadaya sa Justicia, capoua umaapi sa capoua nila tauo, at ang Panginoon Dios na hindi mapagdayaan nang sino man, ay siyang sinasambit nila,t, tinatauag sa pagpapatotoo nang casinungalingan.

Yaong mang̃a tauong quinucunan nang panunumpa nang may tunay na capangyarihan, ay magcacasala nang daquila cung sacali,t, di itinatapat nila ang canilang panunumpa sa nasasaloob nila, sa naalaman nila baga,t, natatalastas.

Ang tauong nagdidili-dili sa caniyang loob, cung totoo, cung dili caya ang ipanunumpa niya, ay houag mang̃ahas manumpa agad, cundi magsabi at magsaysay siya sa Justicia nang caniyang dili-dili, at malaquing casalanan ang panunumpa, na parang totoo, nang hindi niya naalaman cung totoo ó dili caya.

Gayon din naman, nagcacasala nang malaquing casalanan ang tauong nanunumpa nang caniyang naringig lamang na parang naquita niya, palibhasa,i, sa toui-toui halos, ay pauang casinungalingan ang mang̃a sabi-sabing lumalacad diyan

sa bayan, at malayong-malayo sa catotoohan.

Lalo pang malaqui ang casalanang guinagaua nang ta-
uon nanunumpang gumaua nang hindi tapat sa Panginon
Dios, sa macatuid: ang nanunumpang pumatay sa capoua
tauo, ó magnacao nang ari nang iba, ó gumaua caya nang
ibang perjuicio,t, panganganyaya sa capoua tauo.

Ang panunumpa nang ganito,i, dalauang casalanang da-
quila ang ipinagcacasala niya, ang isa,i, dahilan sa panu-
numpang hamac, at ang isa nama,i, dahilan sa hindi matuid
at tapat sa Dios yaong ipinanunumpa niyang gauin.

Gayon din naman ang nanunumpang gumaua nang ibang
bagay na masasama, na para baga nang guinagaua nang
ibang mangá bagong tauo at dalaga, na nagsasalitaan sila,t,
nagtitipanan mag-asaua, at ang canilang salitaa,t, tipanan
ay pinatitibay nila nang isang pangaco ó panunumpa cayang
gumaua muna nang calupaan. Itong mangá bagay na pa-
ngaco ó panunumpa, ay baul nang Panginon Dios gauin,
at baul din naman niyang sundin.

Hindi nga macapangangaco at macapanunumpa ang ma-
nga bagong tauo at dalaga at ang sino man tauo nang ano-
noman sa pangalan nang Dios, cung ang pagtupad nila
nang canilang pangaco, at ang pagsunod nila nang canilang
panunumpa,i, siyang icasisira nang caloloua nila.

Caya magsalitaan man, at magtipanan man ang bagong
tauo,t, dalaga, na mag-aasaua, at patibayin man nila ang
canilang catipanan nang mangá pangaco,t, panunumpa, ay
sala at baul nang Panginon Dios sa canila ang mangá
bagay-bagay, na ipinahihintulot sa tunay na mag-asaua, ma-
guing sa gaua, maguing sa uica, maguing sa laro at sa
biro-biro man lamang.

Diyata ang mangá bagong tauo,t, dalaga, na nagsusunu-
rang para nang pagsusunuran nang mangá may asaua, da-

hilan sa canilang salitaan, pangaco ó panunumpa, ay sumasacasalanang daquila. At cung itong mangá bagong tauo at dalaga, ay hindi magcompisal nang mahusay sa arao nang pagcacasal sa canila, cung di baga sabihin nila sa Padreng pinagcocompisan nila ang dilang calugura,t, calupaang guinaua nila sa loob nang canilang pagpapangasauahan, ay mapapahamac ang canilang caloloua na lalo pa sa dati, palibhasa,i, tatlong Sacramento ang sinisira nila dahilan sa pagcacaila nang canilang mangá casalanan, ang Sacramentong Confesion baga, ang Sacramentong Comunion at ang Sacramentong Matrimonio, sapagca,t, hindi nahahanda na para nang dapat ang canilang caloloua sa pagtanggap nang mangá naturang Sacramento.

Ang mangá tauong namimihasang manumpa oras-oras at sa anomang bagay, cahima,t, ualang casaysayan, ay sumasacasalanang daquila, totoo ma,t, di man totoo ang canilang ipinanunumpa, dahilan sa malaquing capahamacang guinagaua nila sa Panginoon Dios, na hindi sucat sambitin nang hamac lamang. Datapoua,t, ang mangá nanunumpa, na maminsan-minsan lamang, at ang ipinanunumpa nila,i, totoo at matouid at hindi laban sa puri nang Panginoon Dios, nang mahal na Vírgen, nang mangá Santo at nang ibang bagay na may bucod na camahalan, ay hindi naman magcacasala sila nang daquila, cahima,t, ualang tunay na dahilan sa panunumpa nang gayon.

Caya, mangá capatid co, houag na cayong mangahas manumpa nang hamac lamang sa pangalan nang Panginoon Dios, at cung cayo,i, tanungin at cunan nang panunumpa nang may capangyarihan, ay sagutin ninyo,t, sabihin ang totoong naalaman ninyo; *paoó cayo, cung dapat paoó, padili cayo, cung dapat padili*, at hindi na mapapahamac, dito sa inyong sagot at panunumpa, ang santong pangalan nang

Dios, ang Santa Cruz, ang mahal na Vírgen, at ang iba pang bagay, na may bucod na camahalan, gamitin man ninyo,t, sacsihin sila sa inyong panunumpa.

Houag naman cayong manunumpa, nang cayo,i, paniu-
laan lamang, sapagca,t, bucod sa casalanang guinagaua ninyo
sa Panginoon Dios, ay paniniualaan cayo, ó dili caya, ayon
sa inyong dating asal at ugali, sa macatouid: cung dati-dati
ay nagsasabi cayo nang totoo sa inyong mangá pagsasalita,t,
pagtitipan, ay paniniualaan din cayo, di man cayo ma-
numpa; subali,t, cung cayo,i, dati-dati ay tauong bulaan at
sinungaling, ay hindi rin cayo paniniualaan, patibayin man
ninyo ang inyong sabi nang mangá panunumpa.

Matouid na matouid, at tapat na tapat ang pag-gamit
nati,t, pagsambit nang casanto-santosang pangalan nang Dios;
datapoua,t, hindi sucat nating gamitin itong mahal na pa-
ngalan sa masama ó sa hamac na bagay, cundi sa pagbi-
bigay puri lamang sa caniya.

Ito,i, siyang inyong gauin at sundin, mangá capatid
co, at pagcacalooban cayo nang Panginoon Dios nang ca-
niyang mahal na gracia dito sa buhay na ito, nang cayo,i,
macarating sa buhay na ualang hangan sa langit. Siya naua.



Plática 3.^a del segundo precepto.

SOBRE LAS CONDICIONES DEL JURAMENTO.

Sinaysay co na sa inyo doon sa mangá lingong nagdaan, na ang panunumpa, i, hindi masama, cundi magaling, cung samahan nitong tatlong bucod na casangcapan, ang catotoohanang baga, ang catouiran, at ang tantong dahilan; datapoua, t, maguiguing masama, t, casalanan ang panunumpa, cung di langcapan nang mangá tinuran cong tatlong bucod na casangcapan. Sasaysayin co ngayon itong mangá bagay na ito, caya paquingan ninyo.

Ang caunaunahang casangcapan nang panunumpang magaling ay ang catotoohanang. Dito sa casangcapang ito, i, nagcacasala ang nanunumpa nang hindi totoo, at gayon din ang nanunumpa na parang totoo nang dinidili-dili niya cung totoo ó hindi caya ang ipinanunumpa niya.

Ang ganitong mangá sinungaling na tauo, na nanunumpa nang hindi totoo, ay nagpapahamac sa Panginoon Dios, at ga inaari nilang hangal at balio, at ang ibig pa nila, i, ang Panginoon Dios din ay siyang maguing sacsi at casapacat nang canilang mangá cabangauan, casinungalinga, t, casalanan. ;Malaquing capusungan ito, mangá capatid co, at malaquing capangahasan, na hindi pa guinaua magpa-

n̄gayon nang man̄ga Demonio! Baga man ang Demonio,i, siya ang ama nang casinun̄galinḡan, at ang caunaunahang sinun̄galing sa lahat, ay hindi pa pinan̄gahasan ang Panḡinoon Dios nang gayon, at hindi pa pinatibay niya ang caniyang man̄ga casinun̄galinḡan nang panunumpa sa n̄galan nang Dios.

Itong capan̄gahasan nang tauo sa Panḡinoon Dios, ang pagpapasacsi baga nang tauo sa Panḡinoon Dios sa pagpatotoo nang man̄ga casinun̄galinḡan ay siyang ipinanguiguilalas ni Poon San Agustín. Sa isip nitong maran̄gal na Santo, ay hindi mangyaring gauin nang isang tauong may tunay na Pananampalataya sa Dios ang gayong calaquing casalanan, sapageca,t, cung ang panunumpa, aniya, cung ang panunumpa nang isang tauo sa caniyang sariling buhay, ó sa buhay caya nang caniyang man̄ga anac ay ga nagpipilit sa Panḡinoon Dios, jay di lalong-lalong nagpipilit sa Panḡinoon Dios ang panunumpa sa caniyang santong pangalan?

May natatacot manumpa nang casinun̄galinḡan sa buhay nang canilang man̄ga anac, na baca mapaano, at hindi natatacot manumpa nang casinun̄galinḡan din sa n̄galan nang Panḡinoon Dios. Ang caucaan nila,i, ang canilan; man̄ga anac ay sucat mamatay, subali,t, ang Panḡinoon Dios ay hindi. jPagecalaqui-laqui nang capusun̄ga,t, camalian nitong man̄ga tauong nag-iisip nang gayon!

Totoong-totoo, na hindi sucat mamatay ang Panḡinoon Dios; datapoua,t, ang inyong capan̄gahasang sa caniya ay malaquing-malaqui, at itong capan̄gahasang ito,i, siyang ipinagpapahamac ninyo sa inyong caloloua, at siya naman ang iquinasusulong nang loob nang Panḡinoon Dios sa pagbibigay hatol at sentencia sa inyo, na cayo,i, mapacasama sa infierno magpasaulang hangan.

Bucod dito,i, cung, sa halimbaua, may mapangahas na ama, na nagbabantang manumpa nang casinungalingan sa buhay nang caniyang anac, ay, ¿matatangap baga nang mabait na anac itong capangahasang ito? Acala co,i, hindi, cundi bagcus, ay susuatan nang anac ang caniyang amang sinungaling, at uuiicain marahil sa caniya:—Hindi, pó, ama co, hindi, pó, totoo ang inyong sinasabi; hindi co, pó, ibig mamatay, dahilan sa pagpapatotoo co, pó, nang inyong mangá casinungalingan. Iguinagalang co, pó, cayong parang tunay na ama, subali,t, lalo póng malaqui ang tacot at galang co sa Panginoon Dios, na may gaua sa inyo,t, sa aquin; caya, pó, cung aco,i, tanungin, ay sasabihin co, pó, na cayo,i, nagcacamali, at iba ang sinasabi, pó ninyo, sa naquiquita nang mata co.

Itong asal nang isang mabait na anac, ay siyang segurong icapanginginig nang tacot nang isang mapanumpang ama; ¿at hindi baga matatacot ang tauong sumacsi sa mangá hamac na bagay, at sa mangá casinungalingan sa Panginoon Dios, na naca-aalam nang dilang calihima,t, cabulaanang natatago sa caibuturan nang loob nang tauo?

Matacot na cayong manumpa nang hamac at nang casinungalingan sa ngalan nang Dios; at cung sacali,t, nacapanumpa na cayo nang gayon sa harap nang Justicia, ó sa harap nang ibang tauo, at dahilan dito sa inyong panunumpang hamac at sinungaling ay may naulan nang pag-aari, ó nasiraan caya nang puri, ay catungculan ninyong baguhin ang inyong panunumpang masama, at cayo rin ang may catungculang magbayad nang ganitong mangá perjuicio.

Ang icalauang casangcapan nang panunumpang magaling ay ang catouiran. Dito sa casangcapanang ito,i, nagcacasala ang nanunumpa nang hindi matouid, yaon bagang mangá bagay, na hindi mangyaring sundi,t, tuparin cundi mag-

daan muna sa casalanan. Sa mangā halimbaua,i, matata-
lastas ninyong maigui itong aral na ito. Paqingan ninyo.

Nagcapisang minsan ang maraming Judio, na ang bilang
ay mahiguit sa apat na pouo, at dumulog sila sa mangā
Príncipe nang mangā Sacerdote, at sa mangā matatanda sa
bayan, at ang uica niyong mangā Judio:—Caming magcaca-
sama,i, may pangaco, na pinatibay namin nang panunumpa
sa ngalan nang Dios, na di camí titiquim nang isa mang
subo nang canin, at di camí iinum nang isa mang lagoc nang
tubig, hangan di namin patayin si Pablo, (si Poon San Pa-
blo baga).

Itong panunumpa niyong mangā Judio, ay laban sa ca-
touran, sapagca,t, hindi nila naalaman, cung tatangapin, ó
dili caya, nang mangā Príncipe nang mangā Sacerdote, at
nang mangā matatanda sa bayan ang canilang ipinanumpa;
hindi rin naalaman, cung sila,i, sasagutin agad, ó matata-
galan caya, at di mangyaring di mamatay sila sa gutom at
uhao; at saca, tangapin man ang canilang panunumpa, at
sagutin man silang madali, ay magcacasala rin sila nang ma-
laquing casalanan sa harap nang Panginoon Dios, dahilan sa
pagpatay nila nang isang tauong ualang casalanan.

Isa pang halimbaua. Sa mapagmasdan ni David ang ma-
laquing capalamarahan ni Nabal, at ang masamang ganti
niya sa magaling na guinaua ni David din sa caniya, ay
nag-uica si David sa harap nang caniyang mangā sundalo
nang ganito:—Gauin nang Dios sa mangā caauay ni David,
ang ninanasa cong gauin cay Nabal, at nanunumpa aco sa
ngalan nang Dios, na bucas nang umaga,i, sisirain co,t, li-
lipulin ang sangbahayan ni Nabal, at papatayin co ang lahat
nang tauo, at gayon din ang mangā hayop, na ualang mati-
tirang buhay isa man.

Ito nga naman isang panunumpang masama at laban sa

catouiran, sapagca,t, hindi matutupad cundi magdaan muna sa casalanan. Mangyayari ring lipulin ni David ang sangbahayan ni Nabal, palibhasa,i, marami siyang sundalo, datapoua,t, nang maquita niyang parapa sa caniyang harap yaong si Abigael, na ihinihinging tauad niya ang caniyang asaua, at dinalhan pa niya nang mangã cacanin ang mangã sundalo ni David, na nadadayocdoc nang gutom, ay binalit tuloy ni David ang caniyang loob, at nagpasalamat siya sa Panginoon Dios, sapagca,t, dahilan cay Abigael, ay hindi sinunod niya ang caniyang panunumpang di matouid.

Itong panunumpa ni David, at yaong isa sa mangã Judio, at gayon din naman ang mangã panunumpang guinagaua nang mangã hunghang at masasamang tauo, na hindi masunod at matupad, cundi magdaan sa casalanan, na para baga nang panunumpa nang pagnanacao nang ari nang iba, nang panghihiganti sa capoua tauo, nang pagsira nang puri, nang pagdouahagui ó paglibac caya sa pinacacauay nila at nang iba pang ganitong panunumpa,i, pauang masasama,t, laban sa catouiran, at ang nanunumpa nang ganito, ay nagcacasala sa oras nang caniyang panunumpa, at sa oras nang pagtupad nang caniyang ipinanumpa.

Ang icatlong casangcapan nang magaling na panunumpa ay ang tantong dahilan. Dito sa casangcapanang ito,i, nagcacasala ang nanunumpa nang mangã bagay na hamac, ó di caya inuusisa niya muna,t, iniisip cung tapat sa Panginoon Dios ó dili baga ang caniyang ipanunumpa, at caya gayon, sapagca,t, totoo man at matouid ang ipinanunumpa nang tauo, ay cung hamac na bagay lamang at di tapat sa Dios ang ipanunumpa niya, ay parurusahan din siya nang Panginoon Dios para nang uica nang Santong Sulat:... *quia non erit impunitus, qui super re vana nomen ejus assumpserit.* (1)

(1) Deut. cap. V, §. 11.

Caya pacatantoin ninyo, manġa capatid co, na cung sinasacsi ninyo ang Panginoon Dios, ó sinasambit ninyo caya ang caniyang santong pangalan sa capangahasa,t, capalaluan lamang; ó nang cayo,i, ariing matapang nang manġa tauo sa bayan; sa caparangalanan caya, ó sa hamac na pagnanais nang caunting tubo sa inyong pagcacalacal; sa casiraan nang munting ari na ualang cabuluhan; sa inyong manġa paglalaro; sa inyong manġa pagsasalitaan nang balang na; sa inyong manġa magagaang catipanan; ó nang cayo,i, paniualaan lamang nang ibang tauo; pacatantuin ninyong maigui, anaquin, na sa totoo man at sa matouid man ang inyong ipinanunumpa, ay parurusahan din cayo nang Panginoon Dios, dahilan sa manġa hamac na bagay, na isinasacsi ninyo sa caniya... *quia non erit impunitus, qui super re vana nomen ejus assumpserit.*

Pacatandaan ninyong maigui, manġa capatid co, itong tatlong bagay na casangcapang cailangan sa magaling na panunumpa, at houag na cayong mangahas manumpa, cung di casama ang tatlong naturang casangcapan. At bucod dito, ay ipalaman ninyo sa loob ang manġa mahal na uica ni Poon San Agustín, na ang sabi:—ang panunumpa nang tauo nang casinungalingan, ay nacasisira nang caloloua niya; ang panunumpa nang tauo nang catotoohan, ay may panganib; ang di panunumpa nang tauo nang minsan man lamang, ay siyang totoong ualang capanganiban. *Falsa juratio exitiosa est, vera juratio periculosa est, nula juratio secur.*

Paliuanaguin naua nang Panginoon Dios ang inyong pag-iisip, at houag na ninyong sambitin ang caniyang santong pangalan, cundi sa puspos na capacumbabaan nang loob; sa boong pag-galang, at sa matibay na pag-asa,t, pananalig, nang cayo nga,i, maguing dapat magcamit nang caniyang mahal na gracia dito sa buhay na ito, at nang caloualhatian doon sa langit. Siya naua.

Plática 4.^a del segundo precepto.

SOBRE LA COSTUMBRE DE JURAR.



Malaki ang camalian nang maraming cristiano, na ang isip nila бага, ay uala silang liuag magbalic loob sa Panginoon Dios sa panahong darating, magparati man sila sa casalanan, at papamisanhin man nila ngayon ang canilang catauoan at loob sa pag-gaua nang masama,t, hindi tapat sa Panginoon Dios.

Ang ganitong mangá cristiano,i, pauang pinagdadayaan nang Demonio, at paua nama,i, sinoatan nang Panginoon Dios sa bibig nang caniyang mahal na Profetang si Jeremias, na ang uica:—*Si mutare potest Ethiops pellem suam, aut Pardus varietates suas, et vos poteritis benefacere, cum didiceritis malum.* (1) Sa macatouid: cung ang Aeta, ó ang ibang tauong talagang maitim, ay macapag-aalis nang canilang caitiman; at cung ang hayop, na pinanganganlang Leopardo, ay macapagbago, ó macapag-iba nang caniyang mangá salit salit na culay; ay macagagaua rin cayo nang magaling, ca-hima,t, namimihasa cayo sa pag-gaua nang masama; na ang cahuluga,i, ganito: Ang Aeta at ang Leopardo ay hindi nacapagbabago nang canilang culay, ay gayon din, hindi

(1) Jerem. cap. XIII. v. 23.

cayo nacagagaua nang magaling, cung nararatihan sa masama.

¿Diyata,i, hindi na baga mangyayaring mapacagaling sa langit ang tauong nararatihan sa pagcacasala? Mangyayari rin, mangá capatid co, ang uica ni Poon San Gerónimo, mangyayari rin, cung ang gayong tauo,i, pagcalooban nang Panginoon Dios nang isang mabagsic na gracia. Mangyayari rin, anaquin, na ang mapagpatubong tauo, ang pala-agolo, ang mapanumpa, at ang ibang may gayaring masamang cabihasahan, ay magbalic loob sa Panginoon Dios at mapacagaling sila sa langit, subali,t, maliuag na totoo, at malaqui ang pang'anib na icapapacasama nila sa inferno.

Pacatandaang maigui nang mangá mapanumpang tauo itong aral na ito, sapagca,t, sila ang pinatutungculan co,t, pinatatapatan nitong aquing Plática. Paquingan ninyo.

Pagcabolic loob sa Panginoon Dios ni Poon San Agustín tauong macasalanan at datihan sa panunumpa, ay pinacaiisip isip niyang madalas ang masamang lagay nang caniyang caloloua, at ang malaquing pang'anib na icapapacasama niya sa inferno, cung baga siya,i, binauian nang Panginoon Dios nang buhay, niyong siya,i, macasalanan, at itong pag-iisip-isip niya,t, pag-aalaala,i, siyang iquinapanginiginig nang tacot nang boong catauoan niya. Caya quinhahabagan niyang totoo ang mangá manunumpang tauo, at tinatangisan pa niya ang canilang cabihasahan, sapagca,t, dating naalaman niya, na ang ganitong asal ay masamangmasama, at nacamamatay nang caloloua.

Sa mangá gaua ni Saul Hari nang mangá taga Israel, ay sucat ninyong sapantahain ang malaquing capang'aniban nang caloloua nang mangá manunumpang tauo.

Nang isang umaga, at sa oras na casalsala,i, maquiquipag-baca si Saul at ang caniyang mangá sundalo sa mangá Fi-

listeo, ay ipinahayag ni Saul ang isang mahigpit na utos sa caniyang mangá hocbo, at ang napapalaman doon sa utos na yao,i, ganito:—Tamaan nang sumpa nang Dios ang sinomang lalaqui, na mangahas cumain nang anoman hangang hapon, at hangan di aco macapanghiganti sa aqing mangá caauay.

Yaong si Jonatas, anac ni Saul, na hindi nacaringig nang utos at panunumpa nang caniyang ama, ay, sa malaqing cagutuman, isinungquit niya nang caniyang tungcod sa isang bahay nang pucyotan, sa paglalagós niya nang isang bundoc, at tumiquim siya nang caunting pulot.

Pagcahapon, ay nagtanong si Saul sa Panginoon Dios, cung maitutuloy pa niya ang paghagad at paquiquipagbaca sa mangá Filisteo at cung caniyang matatalo; at sa ualang sagot sa caniya ang Panginoon Dios, ay naghinala siya sa caniyang loob na mag-isa, na ang caniyang mangá sundalo,i, nagcasala,t, sumouay sa utos at panunumpa niya. Cayanunumpa siyang uli sa ngalan nang Dios na: ang sinomang nagcasala ó sumouay sa ipinag-utos niya,i, caniyang papatayin, cahima,t, ang caniyang anac na si Jonatas ang siyang nagcasala.

Sa pag-uusisa ni Saul nang catotoohanang nang caniyang hinihinala, ang guinaua,i, sinuerte niya ang caniyang mangá sundalo, at nagsapalaran na siya, at ang tinamaan ay ang caniyang anac na si Jonatas. Hindi ipinagcaila ni Jonatas ang caniyang pagcain nang caunting pulot, subalit, sinaysay rin niya, na cung caya,t, nagcagayon, sapagca,t, siya,i, nagugutom na totoo, at hindi niya naalaman, at hindi niya nariringig ang utos nang caniyang ama.

Gayon man ang pagsasalaysay ni Jonatas nang caniyang guinaua,i, nagalit na totoo ang caniyang ama sa caniya, nanunumpa nang panibago si Saul nitong catacot-tacot na panunumpa:—Parusahan aco, aniya, parusahan aco nang Pa-

n̄ginoon Dios nang lalong mabigat na parusa, cundi quita,i, patayin n̄gayon ding arao na ito.

Ito na, mang̃a capatid co, ang tatlong panunumpang sunod-sunod, na nagmumula sa cabihasahang manumpa. At ito rin naman ang isang halimbauang icaquiquilala ninyo nang malaquing pang̃anib nang caloloua nang tauong nararatihan sa panunumpa.

Ang capang̃anibang ito,i, ipinahahayag din ni Poon San Juan Crisóstomo sa caniyang mang̃a sulat, na ang uica:—*Anima jurantis plena est vulneribus et cicatricibus*, sa macatouid: ang caloloua nang tauong mapanumpa,i, punong-punó nang mang̃a sugat at mang̃a pilat, sapagca,t, uala isa mang tauong datihang manumpa nang madalas, na di magsinungaling maminsan-minsan sa caniyang mang̃a panunumpa: *Nemo est qui frequenter juret, qui aliquando non perjuret.*

At bucod dito,i, ¿sino caya ang paniniualaan ninyong lalo, ang tauong may maiguing asal, na hindi nanunumpa minsan man, ó ang tauong hamac na asal, na nanunumpa oras-oras nang mang̃a ualang cabuluhan?

At mahal man ang tauo, at mataas man ang caniyang calagayan, ¿ay paniniualaan ninyo siya alang-alang lamang sa caniyang carangalan, cung siya,i, datihan manumpa oras-oras nang mang̃a hamac na bagay? Seguro,i, hindi; at caya gayon, sapagca,t, mahal man ang tauo, ay cung hamac ang caniyang asal, at dati siyang sinungaling, ay mahirap paniualaan, manumpa man siya sa ng̃alan nang Dios.

Cung caya cayo,i, nanunumpa, ang uica ninyo, sapagca,t, cayo,i, hindi pinaniniualaan; at cung caya cayo,i, hindi pinaniniualaan, ang uica co, sapagca,t, madalas na cayo,i, nagsisinungaling at nanunumpa. Cayo ng̃a,i, nanunumpa sa pagbili, cung sa pagbibili nang isang bacol-baculang bayabas, at nang isang suliyao na duhat. Cayo,i, nanunumpa sa

halagang isang cuartang itmo, at sa halagang isang marabilis na bunga. Cayo,i, nanunumpa sa halagang isang caracot na palay, at sa halagang calahating velis na suca, at sa ibang ganitong manġa hamac na bagay... ;At ibig pa ninyo,i, ang cayo,i, paniualan nang lahat! Hindi mangyayari iyan, manġa capatid co.

Caya alalahanin ninyong palagui ang aral nang Dios Espiritu Santo, na ang uica:—Houag mong papamihrasahin ang bibig mo sa panunumpa, sapagca,t, madalas cang magcacasala.—Houag mong gamitin oras-oras ang nġalan nang Dios, at houag mo namang sambitin maya,t, maya ang pangalan nang manġa Santo, sapagca,t, hindi ca mauaualan nang casalanan.—Ang tauong nanunumpang madalas ay mapupuno nang casalanan, at ang caniyang bahay, ay hindi mauaualan nang parusa. (1)

At houag ninyong sabihin, ang uica co naman, houag ninyong sabihin, na cung caya cayo,i, nanunumpang madalas, sapagca,t, siyang naquiquita ninyo,t, nariringig sa ibang tauo sa bayan. Houag baga ipagmamatomid ninyo, anaquin, na cung caya madalas ang inyong panunumpa, sapagca,t, madalas namang nanunumpa ang manġa matatanda; ang manġa marurunong mag-ingat sa cahalayan; ang manġa inaari ninyong banal at mabait; ang manġa cahalili nang Panginoon Dios, at ang iba pa; palibhasa,i, itong inyong manġa catouiran, ay masasagutan co,t, sasagutan co nang ganoon:—Ang icaluang utos nang Panginoon Dios, na ang sabi: Houag cang manumpa sa nġalan nang Dios nang hamac lamang; itong utos na ito, anaquin, ay nauocol at tumatama sa ating lahat, maguing ano ang ating calagayan, at tayong para-para,i, huhucuman nang Panginoon Dios, at ang nacasunod nang caniyang manġa utos, ay gagantihin niya sa langit, at ang hindi sumu-

(1) Eccli. cap. XXIII. ŷ. 9 y siguientes.

nod ay parurusahan sa inferno.

Caya, mangá capatid co, houag ninyong pahamacan itong aral, na iniaral co sa inyo ngayong arao na ito.

Naalaman cong tanto, na ang cabihasahang manumpa,i, maliuag bitiuang, at mahirap iuacsi, sapagca,t, ang nanunumpa,i, ang dila, na madaling mabigcas at mahirap piguilin. Datapoua,t, mapipiguil din ninyo ang dila, ang uica ni Poon San Agustín, cung baga ibig ninyong humingí sa Panginoon Dios nang caniyang mahal na gracia; iibiguin din ninyong humingí sa Panginoon Dios nang caniyang mahal na gracia, cung cayo,i, natatacot magcasala sa caniya; at cayo nama,i, matatacot magcasala sa Panginoon Dios, cung pacaalalahanin ninyo,t, gunam-gunamin ang inyong pagca-cristiano.

Mahalin ninyo, mangá capatid co, itong hatol ni Poon San Agustín. Papamihahatin ninyo ang inyong dila sa magaling na pangungusap, sa pagpapasalamat, pagsamba,t, pagpupuri sa Panginoon Dios at sa paghingí sa caniya nang isang mabagsic na gracia, na icasapit ninyo sa totoong caloualhatian nang langit. Siya naua.



Plática 5.^a del segundo precepto.

SOBRE LA BLASFEMIA.

Ang isa pang bagay, na nasasaclao sa icalauang utos nang Dios, ay ang pangungusap nang tauo nang mangnga catampalasanan sa Panginoon Dios at sa caniyang Santong Pangalan, at sa ibang bagay na may bucod na camahalan. Sa macatouid: ang pagpapahamac nang tauo, ang pagsumpa, ang pagmumura,t, panglilibac niya sa Panginoon Dios, cay Jesucristo, sa mahal na Virgen, sa mangga Santo at sa mangga larauan nila; sa Santísimo Sacramento at sa lahat nang bagay na sagrado, at siyang pinanganganlang blasfemia, cung sa uicang castila, at cung sa tagalog ay uicang paglait.

Tatlong bagay na uicang paglait ang sinasaysay nang mangga marurunong. Ang isa,i, ang pagcacaila ó ang pagtatatua nang tauo sa Panginoon Dios nang alinman sa caniyang mangga cabagsican, ang caniyang capangyarihan bagá, ang caniyang cagalingan, ang caniyang carununga,t, catouiran, at ang siya,i, puno,t, caouian nang lahat; ó cung baga,i, inahihingui nang tauo sa Panginoon Dios ang hindi nauocol at tapat sa caniya; sa halimbaua: cung uicain nang tauo, na ang Panginoon Dios ay cabigan, na ang Pangin-

noon Dios ay may masasamang asal, at ibang ganito.

Ang icalaua,i, cung inahihinguil nang tauo sa caniyang sariling cabagsican ang nauuol sa Panginoon Dios lamang. Maguing halimbaua ang isang General na, ang caniyang pananalo sa mangá caauay, ay hindi niya inahihinguil sa Panginoon Dios, na siyang Dios nang mangá victoria, cundi sa sariling lacas niya,t, catapangan.

Ang icatlo,i, cung ang tauong may taglay na capaghilian ó casamaan nang loob, ay inahihinguil niya sa Demonio ang pagmimilagro, at ang pag-gaua nang mangá cababalaghang gaua, na di dapat ihinguil sa iba cundi sa Panginoon Dios lamang. Maguing halimbaua ang guinaua nang mangá Judio, na, sa maquita nila ang mangá cababalaghang gaua ni Jesucristo, ang pagpapaalis niya baga nang Demonio sa mangá catauoan nang tauo at ibang ganitong gaua, ay inahihinguil nila yaong mangá gauang yaon, sa cabagsican ni Belcebung Príncipe nang mangá Demonio, at hindi sa sariling capangyarihan ni Jesucristo Dios na totoo at tauo namang totoo.

Itong tatlong bagay na catampalasanan nang tauo sa Panginoon Dios, ay mararagdagan pa nang ibang marami, na para baga nang pagpapaualang galang nang tauo sa alin mang sangcap nang catauoang mahal ni Jesucristo; ang panglilibac nang tauo,t, paglalaro sa Santísimo Sacramento sa altar; ang pagpapahamac niya sa alin man sa pitong Sacramentong quinat-ha ni Jesucristo, at iba pang ganito, na pauang uicang paglait at casalanang daquila sa Panginoon Dios. Dito sa mangá bagay na ito,i, mauuol ang ipagsesermon co sa inyo ngayon.

Ugali nang mangá tampalasang alila na ualang tacot sa Dios, ay magpaconouaring igalang, purihin, at pagpitaganan pa nila ang panginoong canilang inaasahan nang malaquing



paquinabang: subali,t, cung magcataong magcasirà ang mag-panginoon, at uala nang inaasahan niyong mangà alilang yaon, ay caalam-alam, tatampalasanin nila ang canilang panginoon, hindi na nila igagalang, hindi na pupurihin, hindi na pagpipitaganan, at hindi naman catatacutan; cundi bagcus ay pag-uupasalaan nila, susuliyapan, didilatan, sisiraan nang puri, at oras-oras ay lilibaquin nila ang canilang panginoon sa harap man ó sa licod, sa uica ma,t, sa gaua.

Malaquing casalanan ito, mangà capatid co, na halos ualang maitapat na parusa sa caniya: n̄guni,t, malaqui man itong casalanang ito,i, tila ualang cabuluhan, cung ipara ninyo sa casalanang ipinagcacasala sa Panginoon Dios nang mapangahas na tauo, na nagmumura, nanglilibac, sumisira nang puri, ó nag-uuicang paglait sa caniya, palibhasa,i, ang Panginoon Dios ay siya ang tunay at totoong Panginoon nating lahat, at siya n̄ga lamang ang sucat nating asaha,t, panaligan nang dilang icagagaling nang ating catauo,a,t, caloloua.

Ang calac-ha,t, calupitan nitong casalanan, ay maquiquilala ninyo dito sa isusunod cong salitang pinulot co sa Santong Sulat.

Sa lupang tinatahanan nang mangà Israelita,i, naquipagtalo ang isang tauong taga Egipto, sa isang tauong taga Israel, at doon sa canilang paquiquipagtalo, ay pinangahasan nang taga Egipto ang Panginoon Dios, sinumpa niya,t, siniraan pa nang puri, caya dinaquip siya,t, iniharap nang Moyses, na siyang canilang Puno at Capitan, nang parusahan niya nang ucol na parusa.

Sa di naalaman ni Moyses ang itatapat niyang parusa sa mangà sumisira nang puri,t, nag-uuicang paglait sa Panginoon Dios, ay ipinaculong niya muna sa bilangguan ang nangturang tauo, at tuloy itinanong niya sa Panginoon Dios.

cung ano cayang minamatapat niyang parusa sa gayong bagay na casalanan, at ang sagot sa caniya nang Panginoon Dios ay ganito:—*Educ blasphemum extra castra... et lapidet eum populus.* (1) Sa macatouid:—Palabasin mo sa tina-tahanan nang mangã campon co iyang mapangahas na tauo, na nagpahamac sa aquin nang caniyang mangã uicang paglait, at ang lahat nang tauong nacaringig nang caniyang masasamang uica,i, magpatong nang canilang camay sa ibabao nang caniyang ulo, at tuloy haguusin siya nang bató nang sangbayanan, hangan di ubusi,t, patayin siya,t, matabunan nang bató. At saca, ang uica pa nang Panginoon Dios cay Moyses, at saca ipahayag mo sa mangã taga Israel itong aqing utos, na siya baga:—Ang sinomang tagarito man sa Israel ó taga ibang bayan, na mangahas magpahamac sa aquin nang caniyang mangã uicang paglait ay patayin..... *Qui blasphemaverit nomen Domini, morte moriatur.* (2)

Malaquing-malaqui nãa, mangã capatid co, itong casalananang ito, yayang ganoong calaqui ang parusang itinatapat nang Panginoon Dios sa caniya. Caya nãa ang uica ni Poon San Agustín, na ang lupit at halay nang casalananang ipinagcacasala nang tauo cay Jesucristong sumasalangit nang caniyang mangã uicang paglait, ay casinglaqui nang casalananang guinaua nang mangã Judio nang pagpaparipa nila sa Cruz cay Jesucristo dito sa lupa. *Non minus peccant qui blasphemant Christum regnantem in cœlis, quam qui crucifixerunt ambulantem in terris.* (3)

Malaquing casalanan ang sa magnanacao, na nangangahas cumuha nang di caniyang ari, lalong-lalo cung ang pinagnacauan niya,i, isang salantang pobre. Malaquing casalanan ang sa tauong nangangahas pumatay sa capoua niya tauo,

(1) Levit. cap. XXIV, v. 14.—(2) Ibid. cap. XXIV, v. 16.—(3) Stus, August Sup. cap. XXVI, Matth.

lalong-lalo cung ang pinapatay niya,i, ang anac nang isang babaying bauo, na ualang ibang macatutulong sa caniyang paghahanap buhay. Malaquing casalanan ang sa nanunumpa nang panunumpang sinongaling, lalong-lalo cung ang caniyang panunumpa,i, siyang icaapi nang capoua niya tauo. Datapoua,t, malalaqui man itong manġa casalanang ito,i, tila magagaan, cung ipara sa casalanang guinagaua nang tauong tumatampalasan at nag-uuicang paglait sa Panginoon Dios at sa caniyang Santong Panġalan, ayon sa sabi ni Poon Santo Tomás, na ang uica: *Omne quipe peccatum comparatum blasphemiae levius est.* (1)

Caya pinarusahan nang Panginoon Dios yaong si Sennaquerib na Hari nang manġa Asirio, sapagca,t, malaquing casalanan ang ipinagcasala niya sa Dios, nang caniyang manġa uicang sumpa,t, paglait. Pinangahasan nitong culang palad na Hari ang ating Panginoon Dios, at minura niya,t, linibac, siniraan pa nang puri, at ga inaari niyang isang Dios na hamac, na ualang capangyarihan sa paglaban sa caniya at sa manġa sondalong caniyang nasasacupan, at ipinagpaparanġalan pa niya ang caniyang pananalo sa manġa capoua niya Hari, at ang caniyang pandidigma sa maraming caharian, na pauang inahihinguil niya sa sariling lacas at catapangnan at hindi sa cabagsican nang Dios, na siyang punong pinagmumulaan nang lahat nang pananalo,t, victoria. Subali,t, itong capalaluan, capusunġan, pagmumura,t, pagpapaualang galang ni Sennaquerib sa Panginoon Dios, ay guinantihan nang Panginoon Dios din nang totoong mabigat na parusa, at sa isang gabi lamang, ay pinatay nang isang Angel ang sangdaan ualong puo,t, limang libong sondalo sa caniyang ejército, at siya nama,i, pinatay nang caniyang dalauang anac.

Pinangahasan naman ang Panginoon Dios, at ga pinagbuhatan nang camay nang manġa sondalo ni Benadab na

(1) D. Thom. 2. 2. quæst. 13 art. 3.

Hari rin nang mang̃a Sirio, na ang uica nila baga sa canilang Hari, ay ganito:—Mahal na Hari namin, anila; cung caya tayo,i, natalo niyong isang taon nang mang̃a taga Israel, sapagca,t, tayo,i, naquipagbaca sa canila sa mang̃a bundoc; diyata,i, tayo na ng̃ayon, lumusub na tayo,t, maquipagbaca uli sa canila sa mang̃a caparang̃an at lupang pantay, at sigurong-siguro,i, macacamtan natin ang victoria, palibhasa,i, ang Dios nang mang̃a taga Israel, ay Dios lamang nang mang̃a taga bundoc, at hindi Dios nang mang̃a tauong tumatahan sa mang̃a lupang pantay.

Malaquing capusuñgan ito, mang̃a capatid co, at malaquing pag-aalis ó pagbauas sa Pang̃inoon Dios nang caniyang capangyarihan, at malaquing pagsira nang caniyang puri; palibhasa,i, ang Pang̃inoon Dios ay macapangyayari sa lahat, sa bundoc ma,t, sa parang, sa gubat at sa hauang lupa, sa tubig at sa cati, sa ilog at sa dagat, at sa catagang uica, sa langit at sa lupa. Caya itong pagmumura,t, capang̃ahasan nang mang̃a vasallos ni Benadab sa Pang̃inoon Dios, ay guinantihan nang Dios din nang malaquing parusa, at sa isang maghapon lamang ay pinatay nang mang̃a taga Israel ang sangdaang libo nang mang̃a sundalo ni Benadab.

Caya, mang̃a capatid co; cung baga diyan sa inyo,i, mayroong mang̃a bibigang tauo, na naglalapastang̃an sa Pang̃inoon Dios, at sumisira nang puri niya nang canilang mang̃a uicang paglait, ay alalahanin nila ang mang̃a halimbawang ipinagsalita co, sampu nang parusang ipinarusa nang Pang̃inoon Dios sa mang̃a capoua nilang bibigan, upang icadala nila,t, icaquilala nang calac-han nang casalanang ipinagcacasala sa Pang̃inoon Dios nang mang̃a nagmumura,t, nanglilibac sa caniya, lalong-lalo cung pacaisipin nila sa loob cung sino caya ang Dios na canilang pinaglalapastang̃anan. Sapagca,t, sino caya ang inyong tinatampalasan nang

inyong manġa uicang paglait? ;Di baga ang macapangyayaring Dios, na gumaua sa atin sa lalong hamac na putic? ;Di an? maauaing Dios, na nagtanim sa atin sa halamanan nang santa Iglesia nang tayo,i, maguing casapacat nang manġa Sacramentong quinat-ha ni Jesucristo, at nang macamtan natin naman, balang arao, ang caniyang caloulhatian? ;Di yaong di matingcalang Dios, na sinasamba nang manġa Angeles, pinagpapala nang manġa Arcángeles, iniibig nang manġa Querubines, sinisinta nang manġa Serafines, at linuluhuran nang sang-infierno?

;Ay manġa capatid co! ;Marahil di ninyo pangangahasan ang isang capitang may varas, hindi ninyo mumuraht, di ninyo susumpain, talastas man ninyong tanto, na cayo,i, macaliligtas sa caniyang camay! ;At ang macapangyayaring Dios, na di ninyo maliligtas; at siya ang maghuhucum sa inyo balang arao? ;Ang macapangyayaring Dios, na sa casalsalang oras nang pagsumpa, pagmumura,t, paguiucang paglait ninyo sa caniya, ay sucat macabunot nang inyong dila, at sucat macabau nang buhay ninyo, at magtapon nang inyong caloloua sa cailaliman nang inferno? ;Ay siya pa, anaquin, ang inyong paglalapastangnan?

;Ay manġa capatid co! Houag cayong sumicad sa langit, houag na, anaquin, maglapastangan cayo sa Panginoon Dios nang inyong manġa uicag sumpa,t, paglait, cundi bagcus ay purihin ninyo siya,t, igalang nang dilang uica,t, gaua ninyo At ang lahat na manġa pagsumpa, pagmumura,t, paglilibac ninyo sa Panginoon Dios at sa caniyang Santong Pangalan, sampung manġa escandalong ibinigay ninyo sa capoua tauo, ay pagsisihan ninyo ang lahat, at ipagcompisal ninyo nang tapat, nang cayo,i, pagcalooban nang Panginoon Dios nang caniyang mahal na gracia dito sa lupa, at nang caniyang caloulhatian sa langit. Siya naua.

Plática 6.^a del segundo precepto.

SOBRE LA BLASFÉMIA CONTRA LA VÍRGEN Y LOS SANTOS.

Ang ipinagsermon co sa inyo, manġa capatid co, nang isang lingo, ay natutungcol sa manġa uicang paglait nang tauo sa Panginoon Dios; at ang ipagsesermon co sa inyo nġayon, ay natutungcol naman sa manġa uicang paglait nang tauo sa mahal na Vírgen at sa manġa Santo.

Ang lahat nang manġa uicang paglait nang tauo sa Panginoon Dios, sa mahal na Vírgen, sa manġa Santo at sa iba,t, ibang bagay na sagrado, ay para-parang casalanang daquila, datapoua,t, ang ibang manġa uicang paglait ay may cahalong heregías, at ang iba,i, uala.

Ang ualang cahalong heregías, ay ang pagpapahamac, pagsumpa,t, pagmumura nang tauo sa Panginoon Dios, sa mahal na Vírgen, at sa manġa Santo, na ualang ibang nasaloob nang tauo sa oras nang pag-uuicang paglait niya, cundi ang panlilibac niya lamang sa canila, datapoua,t, quiniquilala niya,t, di niya itinatatua ang anomang camahala,t, cabagsicang nauucol sa canila.

Ang manġa uicang paglait, na may cahalong heregías, ay cung, bagá, hindi lamang sinusumpa, minumura,t, linilibac

nang tauo ang Panginoon Dios, ang mahal na Virgen at ang mangá Santo, cundi pa nama,i, ayao quilalanin niya,t, itinatataw pa ang anomang camahala,t, cabagsican nilang pinasasampalatayanan sa atin nang santa Iglesia. Cung sa halimbaua,i, ang uicain nang tauo sa oras nang panlibac niya sa mahal na Virgen, na itong cataastaasang Señora, ay hindi totoong Ina nang Dios; hindi siya Virgen bago ipinanganac niya si Jesus; hindi Virgen sa panganganac, at hindi naman Virgen nang macapanganac na. Itong uicang paglait, anaquin, at ang ibang ganito,i, may cahalong heregias, sapagca,t, ayao quilalanin nang tauo ang pinasasampalatayanan sa caniya nang santa Iglesia.

Ang calac-han nang casalanang guinagaua nang tauo, na nag-uuiicang paglait sa mahal na Virgen at sa mangá Santo, ay siyang sasaysayin co ngayon. Paquingan ninyo.

Cung ano ang laqui nang calagaya,t, carangalan nang tauong pinagcacasalanan nang ibang tauo, ay gayon ding calaqui, ang cabigatan nang casalanang guinagaua nitong nagcacasala, ang uica ni Poon San Bernardino de Sena. *Tanto major est culpa, quanto major est persona in quam committitur.*

Casalanan nga, ang uica nitong marangal na Santo, casalanan nga ang pagmumura,t, paglibac sa alin mang ugaling sacop ó vasallos nang Hari; subali,t, lalong malaquing casalanan, cung ang minumura,t, linilibac ay isang Coronel ó Capitang General nang caniyang ejército; lalo pa, cung ang linilibac ay anac nang Hari, at lalo pang lalo, cung ang Hari, ay siyang linilibac at minumura.

¿At cailan di, mangá capatid co, cailan di itatapat nang Hari ang parusa sa may casalanan, ayon at alinsunod sa calagaya,t, carangalan nang tauong pinagcacasalanan? Acala co,i, ganoon nga.

Datapoua,t, ¿cung baga ang tunay na ina nang Hari, ay siyang murahin, libaquin, ó tampalasanin nang alin mang vasallos niya, ay ano caya ang gagauin nang Hari? ¿Ano cayang parusa ang itatapat niya sa calac-ha,t, calupitan nang casalanang guinaua nang tampalasang tauo na lumapastangan sa caniyang ina nang mangá uicang paglait? Ay-auan co baga sa mangá Hari dito sa mundo cung ano ang canilang gagauin; subali,t, cung sa Dios na Hari nang langit at nang lupa, ay maquiquilala ninyo, dito sa aquing sasalitin, ang parusang ibibigay niya sa mapangahas na tauong nagmumura,t, nag-uuiicang paglait sa caniyang mahal na Ina na si Guinoong Santa María.

Sinasalita ni Cesario, na mayroong dalauang sondalo, na capoua,i, bibigan, masasamang asal, at datihan sa pagsumpa,t, pag-uuiicang paglait sa Panginoon Dios at sa caniyang mahal na Ina.

Nagsamang minsan itong dalauang sondalo nang pagpa-roon sa sugal, at nang dumating sila sa pinagsusugalang bahay, ay lumapit na sila sa *lamesa*, umupó sa mangá upuang nahahanda roon sa mangá sugarol, at nagpasimula na sila,t, nagsugal.

Halos hindi pa nangangainit nang canilang pagca-upo,i, sa di sinasampahan sila nang mabuting baraja, ay nagalit na totoo ang isang sondalo, at nanumpa tuloy siya sa Panginoon Dios, at minura niya,t, linibac nang mangá catacot-tacot na pagmumura,t, panlilibac, na pauang tiniis nang Panginoon Dios, at hindi niya inaalumana, na parang hindi niya nariringig.

Yaong isang sondalo, na hindi rin pinapanhican nang mabuting baraja, ay nagalit namañ, at dala nang cagalitan ay nag-uica sa caniyang casama nang ganito:—Casama co, aniya, ay hangal cang lubha, at totoong hindi ca marunong

sumumpa,t, magsalita; at tuloy nagsumpa siya nang catacot-tacot, nagmura,t, nag-uicang paglait sa Panginoon Dios, na pauang tiniis din nang Dios at ga ipinagpaubaya niya; nguni,t, nang sumpain at tampalasanin niyong bibigang sondalo ang mahal na Virgen, ay hindi na nacatiis ang Panginoon Dios, cundi bagcus ay ipinaringig niya ang isang mahugong na voces, na ang uica:—*Injuriam meam dissimulavi, matris meae ulciscar*. Sa macatouid, anang Dios: ang catampalasanan mo sa aquin, ay pinagpaubaya co, subali,t, ang catampalasanan mo sa aquing Ina, ay igaganti co. At caalam-alam ay naiuaan yaong sondalo, na hindi naalaman ninoman cung sinong nacaiua sa caniya, at napatihulog na patay sa ibabao nang *lamesa*, at ang caniyang caloloua,i, inihatid nang mangnga Demonio sa bilangguan nang inferno. Ganito ang pagpaparusa nang Panginoon Dios sa mangnga tauong naglalapastangan sa caniyang mahal na Ina.

At hindi lamang pinarurusahan nang Panginoon Dios ang mangnga tauong naglalapastangan at nag-uicang paglait sa mahal na Virgeng nasasalangit, cundi pa nama,i, yaong mangnga tauro na nanlilibac, naglalaro,t, nagmumura sa mangnga larauan nang mahal na Virgeng nalalagay sa mangnga altar o sa ibang mangnga lugar, ay pinarurusahan din, para nang maringing ninyo dito sa isusunod cong salita.

Doon sa isang Provincia na ang ngala,i, Brabante, mayroon, dao, na isang maguinoong caballerong mayaman at sagana sa lahat nang bagay, na di nasasalatan nang anomoman; datapoua,t, masamang totoo ang caniyang asal, palalong loob siya,t, datihan sa pagsumpa, pagmumura,t, panlilibac sa Panginoon Dios, sa mahal na Virgen at sa mangnga Santo.

Mayroon itong caballerong isang cabayong bulag ang dalauang mata, at siyang quinatotouaang totoo niya,t, quina-

lulugdan, sapagca,t, mabuti ang pangangatauoan, mariquit ang balahibo, magaling na magaling ang caniyang paso, at ang lahat na caasalan nang cabayo,i, pauang maiigui.

Nang isang arao,i, pinaliguan niya ang cabayo, siniyahan at pinahiyasan pa nang salit-salit na sintas, sinaquian tuloy at nagpasial. Nacarating siya sa isang Ermitang pinananambahan nang taga Brabante at nang mangá bayang calapit sa isang larauan nang mahal na Vírgen, na ang ngála,i, mahal na Vírgen sa Asprocola, at doon huminto siya,t, tumapat sa mahal na Vírgen, at nag-uica sa caniya nitong mangá uicang paglait:—Oy Señora, anang caballero, oy señora, cung icao,i, macapangyayari,t, milagroso, na para nang sabi nang mangá hunghang na tauo, na di co pinaniniualaan, ay paliuanaguin mo ang mangá mata nitong aqing cabayo.

Pagcapangusap nang caballero nitong catampalasanan sa mahal na Vírgen, capagcaraca,i, nagcatingin ang caniyang cabayo, nguni,t, siya,i, nabulagan. Ito ang ipinarusa nang Panginoon Dios sa naturang caballero dahilan sa caniyang pagmumura,t, pagcaualang galang sa larauan nang mahal na Vírgeng ina nang Dios.

Ang lahat na sinabi co tungcol sa mahal na Vírgen, ay siya co rin namang sinasabi tungcol sa mangá Santo.

Ang mangá Santo,i, naquiquipagharing casama ni Jesucristo doon sa caharian nang langit. Ang mangá Santo,i, siyang Pintacasi nating mangá tauong salarin, na oras-oras, at sa toui-toui, ay ipinanalangin tayo nila sa Panginoon Dios, nang tayo,i, patauarin niya, at pagcalooban nang caniyang mahal na aua. Ang mangá Santo,i, quinacatoto nang Dios at pinaca Príncipes nang caniyang caharian. Caya hindi niya matiis, na libaquin at murahin ang mangá Santo nang mangá tampalasang tauo, at cung minsan ay pinarurusahan pa niya, dito sa buhay na ito, ang mangá tauong nag-uuui-

cang paglait sa mangá larauan nang mangá Santo, para nang maquiquita ninyo dito sa susunod na salita.

Doon sa isang Ciudad na ang ngála,i, Colonia, mayroon, dao, na matagal nang panahon, na isang tauong palalong loob at matigas ang ulo, palasumpa,t, manlilibac, na ang mangá Santo man, ay hindi nacaliligtas sa caniyang maruming bibig.

Dumulog na minsan sa larauan ni Poon San Annon Obispo sa Colonia, itong tampalasang tauo, at sumumpa sa Santo nitong catacot-tacot na sumpa:—Pumutoc ang dalaua cong mata, cung iyang Santong nalalagay diyan sa altar, ay nacagamot nang minsan man lamang sa alin mang bulag na mangá mata.

Pagcapangusap niyong tauo nitong catampalasanang ito, caraca-raca,i, lumoua ang caniyang canang mata, na ualang natira doon cundi isang malalim na butas na catacot-tacot tingnan.

Nacalat agad sa boong Ciudad ang nangyaring ito, at madaling-madali,i, naparoon sa quinalalaguian niyong palasumpang tauo ang mangá maguinoo, ang mangá cahalili nang Dios at ang mangá punong lahat, na para-para,i, nangaghatol dito sa tauong matigas ang ulo nang pagsisisi nang casalanang guinaua at nang paghingí nang tauad doon sa Santong tinampalasan niya. Datapoua,t, hindi lamang hindi niya pinaquina,t, sinunod ang mabubuting hatol sa caniya nang mangá puno at mangá cahalili nang Dios, cundi pina-ngahasan niyang uli at linapastangan ang mahal na Santo nitong ibang uicang paglait:—Cung totoong may capangyarihan iyang Santong iyan, ay palouain pa niya itong caluaa cong mata.

Halos di pa tapos ang pag-uuicang ito,i, tinamaan siya nang parusa nang Panginoon Dios, at dinurog ang caniyang ca-

liuang mata nang isang bagay, na parang pana, na di naquita nang mangá caharap doon cung saan nangaling ang gayong pana, at namatay tuloy yaong tampalasang tauo, at ang caniyang caloloua,i, ibinulid nang mangá Demonio sa bilangguan nang inferno.

Dito sa mangá salitang ito,i, mapag-uauari na ninyo, mangá capatid co, ang calac-han nang casalanang guinagaua nang tauong sumusumpa, nagmumura, nanlilibac at nag-uiucang paglait sa mahal na Virgen at sa mangá Santo. Caya matacot na cayo dito sa calupit-lupit, at cahalay-halay na casalanan. At cung sacali,t, cayo,i, nahulog sa gayong bagay na casalanan, ay pagsisihan ninyong masaquit, ipagcompisal nang tapat, at humingi cayong tauad sa Panginoon Dios.

At cung бага,i, hindi ninyo nilapastangan, hangan ngayong oras na ito, ang mahal na Virgen at ang mangá Santo nang inyong mangá uicang masasama, nang inyong mangá uicang paglait, ay magpasalamat cayo sa Panginoon Dios nang maraming-marami, at dasalin ninyong taos sa loob ang panalanging ito:

—Panginoon naming Dios at Amang maauain, ipagcaloob mo sa amin, na sa toui-touina,i, sintahin ca nami,t, ibiguin at pasalamatan pa, maguing sa caguinhauahan, maguing sa cahirapan namin. At cung natatanto mo, Panginoon namin, na, sa panahong darating, ay susumpain din, mumurahin at lilibaquin nitong aming dila ang iyong Santong Pangalan, ó ang mahal mong Ina ó ang mangá Santo, na quinacatoto mo, ay bunutin mo na dito sa aming bibig ang aming dila.

At yayamang icao ay macapangyayari sa lahat, ay ipagcaloob mo sa amin, Panginoon naming Dios, na houag na bagang gamitin namin ang aming dila sa anomang masama, cundi bagcus, siya,i, maguing catulong namin sa pagpupuri sa iyo, at sa pagcocompisal nang mahusay, at siya rin nama,i,

maguing parang pintacasi namin sa pagcacamit nang iyong mahal na gracia dito sa lupa, at saca nang caloualhatian sa langit. Siya naua.



Plática 7.^a del segundo precepto.

SOBRE EL VOTO Ó PROMESA.

Ang isa pang aral, na nasasacupan din nang icalauang utos nang Dios, at siya cong binabantang saysayin sa inyo ngayong arao na ito, ay ang mangá pangacong guinagaua nang tauo sa Panginoon Dios, ó sa mahal na Vírgen at sa mangá Santo, alang-alang sa Dios.

Hindi tunay na pangaco, at hindi nga sucat turang pangaco, ang di sinasamahan nitong limang bucod na casangcapan, na ipahahayag co sa inyo ngayon.

Ang naunang casangcapan nang tunay na pangaco, ay ang pagsambit ó pag-uiuica nang tauong nangangaco nitong mangá uicang ito:—aco,i, nangangaco.—Sa macatouid, cung ang tauo,i, nangangaco nang anoman sa Panginoon Dios, sa mahal na Vírgen ó sa alin mang Santo, ay cailangang uicain niya sa caniyang loob man lamang nang ganito: aco,i, nangangaco sa Panginoon Dios, ó sa mahal na Vírgen, ó sa ganoong Santo, na gumaua nang gayo,t, gayon, ó magdasal nito,t, nito, at cung di sambitin niya itong mangá uicang ito,i, hindi sucat ariing pangaco yaon, cundi tica lamang ó banta nang loob.

Diyan sa inyo,i, may marami na nagcacasaquit, at dala nang cahirapan, ay nag-uiuica sila nang ganito:—Mahal na

Virgen, anila, cung aco,i, gumaling dito sa saquit cong ito,i, magsisimba aco sa Antipolo, magsisimba aco sa Totorumba, magpapamisa aco sa Padre nang isa ó dalauang Misa etc., at itong pag-uuicang ito,i, inaari na nilang pangaco, bago,i, hindi pangaco, cundi tica lamang ó bantacaya nang loob.

Ang icalauang casangcapan nang maguing totoo ang pangaco, ay ang pagcaalam nang tauo,t, pagcatalastas nang caniyang ipinangangaco. Caya ualang casaysayan ang mangapangacong guinagaua nang mangabatang uala pang justong bait at pag-iisip, sapagca,t, hindi nila naalaman ang canilang guinagaua; at gayon din, ualang cabuluhan ang pangacong guinagaua nang tauong inaalimpungatan, ó may casiraan ang ulo, gaua nang saquit ó nang cagalitan.

Ang icatlong casangcapan nang tunay na pangaco, ay ang cusain nang tauo ang pag-gaua nang pangaco, at tica hin niyang sundin. Caya, cung sa halimbaua,i, pinipilit nang isang ama ang caniyang anac, tinatacot, ó pinagbabalaan baga nang pagdurog nang catauoan niya nang hampas, cundi siya mangaco nang gayon, ay mangaco man ang nasabing anac, ualang cabuluhan ang caniyang pangaco, palibhasa,i, hindi quinucusa niyang gauin.

Ang icapat na casangcapan nang maguing totoo ang pangaco, ay ang ipatungcol nang tauo sa Panginoon Dios lamang ang lahat nang pangacong caniyang guinagaua, ó gagauin caya.

Ugaling uicain nang mangatauo:—aco,i, may pangaco sa mahal na Virgen; aco,i, may pangaco cay Poon San Antonio; aco,i, may pangaco cay Poon San José ó sa ibacayang Santo; subali,t, ito,i, mangasalita lamang, sapagca,t, ang totoong pinangangacoan at dapat pangacoan nang tauong cristiano, ay ang Panginoon Dios lamang; at ang mahal na

Virgen at ang ibang mangá Santo, ay sila ang sacsi, catulong at pintacasi natin.

Ang icalimang casangcapan nang tunay na pangáco, ay ang houag bagang mangáco ang tauo nang anomang masama cundi nang magaling lamang. Caya ang mangá pangácong manghiganti, sumugat, domouahagui, ó pumatay caya sa capoua tauo, ay hindi tunay na pangáco, at ang nangangáco nang gayon, ay nagcacasala nang daquilang casalanan, sapagca,t, itong mangá pangácong ito,i, hindi nagbibigay puri sa Panginon Dios, cundi bagcus ay nagpapahamac sa caniya.

Pacatandaan ninyong maigui, mangá capatid co, itong limang casangcapanang iquinayayari nang tunay na pangáco. At cung бага mayroon cayong guinauang pangáco, na di nasisinsay dito sa mangá tinuran cong casangcapan; ay sundin ninyong madali, at houag ninyong ipagpabucas-bucas ang pagtupad niyon.

Uica nḡa nang Dios Espiritu Santo:—*Cum votum voveris Domino Deo tuo, non tardabis reddere: quia requirer illud Dominus Deus tuus....*(1) Sa macatouid: Houag mong ipagliban-liban ang pagtupad mo nang ipinangáco mo sa Panginon Dios, sapagca,t, cung magpacabalam ca nang pagsunod ay sisisihin ca niya, dahilan sa pagcalauon.

Mahanḡay, ang uica rin nang Dios Espiritu Santo, mahanḡay houag mangáco ang tauo nang ano-anoman, cung di rin susundin niya,t, tutuparin ang caniyang ipinangáco. *Multoqu melius est non vovere, quam post votum promissa non reddere.* (2). Sapagca,t, itong pagcaliban-liban nang tauo nang pagtupad niya nang caniyang pangáco,i, maguiguing casalanan sa harap nang Panginon Dios.... *et si moratus fueris, reputabitur tibi in peccatum.* (3).

Magpacahiya na nḡayon, yaong mangá tauo, na dahilan

(1) Deut. cap. XXIII, ḡ. 21.—(2) Eccles. cap. V, ḡ. 4.—(3) Deut. cap. XXIII ḡ. 21.

sa canilang saquit ó cahirapan, ay nangangacong cusa sa Panginoon Dios nang pagsisimba nang ganoong daming Misa dito man, ó sa ibang bayan, at nang pag-gaua nang gayo,t, gayong gauang cabanalan, cung sila,i, gumaling sa canilang hirap ó saquit; at saca, cung maigui na sila,t, maguinhaang ang canilang catauoan, ay linilimot nila,t, di inaalumana ang canilang mangá pangaco, at alaalahanin man nila, ay ipinagpapabucas-bucas nila ang pagtupad niyon.

Ay ano, mangá capatid co; ¿di nãa бага cacagalitan nang Panginoon Dios ang mangá tauong ito? ¿Di nãa бага isisisi nang Panginoon Dios sa canila ang pagpapahamac nila sa caniya nang canilang mangá pangacong biro?

Cung бага,i, may tauo, na nangaco, ó naquipagtipan caya sa inyong gumaua nang gayo,t, gayong bagay, at saca pinagdadaayan cayo,t, pinagsisinungalingan, ó nagdadahilan siya nang mangá dahilang ualang cabuluhan, ó nagpapabucas-bucas siyang tiquis nang pagtupad nang mangá ipinangaco niya sa inyo, ay ano, mangá capatid co; ¿mangyayari bagang di ninyo sisihin ang inyong catipan at paghihinanactan pa? ¿Mangyayari bagang di ninyo sabihin siya,i, palamarang loob, at tampalasan, at tauong di sucat paniualaan nang sinoman?

Ay itapat ninyo ngayon sa inyo rin itong halimbuang ito.

Ipagpalagay ninyong cayo,i, nangangaco sa Panginoon Dios, ó sa mahal na Virgen, ó sa alinmang Angel at Santo, alang-alang sa Dios, na siyang totoong pinatutunculan nang mangá pangaco; ipagpalagay ninyo, anaquin, na cayo,i, nangaco sa Panginoon Dios nang gayo,t, gayong gauang cabanalan, cung cayo,i, gumaling sa inyong hirap ó saquit; at saca, nang macamtan na ninyo ang inyong hinihingi, ay linilimot ninyo ang Panginoon Dios, na nagpagaling sa inyo,

hindi na ninyo inaalumana ang inyong pangaco, ó ipinagpapabucas-bucas ninyo ang pagtupad ninyo. Ay ano, mangá capatid co; ¿mangyayari bagang di isisi sa inyo nang Panginoon Dios ang inyong gaua? ¿Mangyayari cayang di icagalit niya ang pagpapahamac na guinagaua ninyo sa caniya rin at sa caniyang mahal na Ina, at sa mangá Angel at Santo? Cayo rin ang mag-isip, cayo rin ang magsabi.....

Naalaman co, na ang tauong may tunay na dahilan sa di pagtupad nang caniyang pangaco, ay hindi nagcacasala sa Panginoon Dios, di man tuparin niya ang gayong pangaco; subali,t, natatanto co rin naman, na ang lahat nang pangacong guinagaua nang tauo, ay catungculan niyang sunding madali, at cung sacali,t, ualang dahilan, at ipinagpapabucas-bucas niya ang pagtupad niyon, ay nagcacasala siya sa Panginoon Dios, para nang uica nang Santong Sulat.... *et si moratus fueris, reputabitur tibi in peccatum.*

Tapat na tapat dito sa lugar na ito ang isang salitang napulot co sa buhay ni Poan San Apiano.

Mayroon, dao, isang tauong lumpo,t, quimao, na nararatay sa banig capagcatauo niya. Pinintacasing minsan nitong caauauang tauo ang caniyang mangá caquilala, na siya baga,i, pasanin nila,t, ihatid sa mahal na simbahan ni Poon San Apiano.

Sinunod nang mangá caquilala nang lumpo ang caniyang capamanhican, at pinasan siya,t, inihatid sa simbahan ni Poon San Apiano Pagcapasoc nang lumpo sa naturang simbahan, ay nanalangin siyang taos na taos sa caniyang loob sa Panginoon Dios, at tuloy nangaco siya cay Poon San Apiano na, cung siya,i, caauaan nang Santo, at pagalingin ang caniyang catauoan, ay magsisilbi siya, sa boong buhay niya, doon sa mahal na simbahan ni Poon San Apiano.

Pagcapangaco nang ganoon niyong quimao, ay nacamtan

niyang agad ang hinihingi,t, pinagnanasaan niyang caguinhauaha,t, cagalingan. Caya nagpasalamat siya sa Panginooon Dios at sa mahal na Santo, at noui na sa tinitirahan niyang bahay, na luluco-lucso, gaua nang pagcatoua.

Dumulog tuloy itong lumpo sa Señor Obispo, at ipinahayag sa caniya ang lahat nang nangyari, pati nang caniyang pangaco, at gayon din ang inaacala niya sa caniyang loob, na bago sundin niya baga ang caniyang pangaco, ay dadaluin niya muna ang caniyang magulang na natatahan sa malayong bayan.

Sinauay nang Señor Obispo itong tauo nang caniyang inaacala, at pinangusapan nang ganoon:—Bago mo sundin ang iyong binabanta, ay pacaisipin mo muna, at baca sacali ay sisihin ca ri,t, parusahan ni Poon San Apiano, dahilan sa pagpapacalauon mo nang pagtupad nang ipinangaco mo sa caniya.

Hindi, pó, ang sagot niyong dating quimao, hindi, pó, cundi, ang ibig co, pó, lamang, ay maquita co ang aquing magulang, at maquita naman aco nila, nang matalastas nila itong caguinhauahan nang catauoan co, at ang malaquing milagrong guinaua ni Poon San Apiano sa aquin; at agad-agad ay ooui aco dito, at tutuparin co ang aquing ipinangaco.

Inayunan na siya nang Señor Obispo, at pinahintulutang dumalao sa magulang, at dali-daling ipinahanda niyong dating lumpo,t, quimao ang lahat nang cailangan sa caniyang paglacad.

Nang sumapit ang arao nang caniyang pag-alis, ay pumasoc siya muna sa simbahan ni Poon San Apiano, sa pag-sisimba, at sa pagpapasalamat sa mahal na Santong nagpagaling sa caniya; datapoua,t, capagcapasoc niya sa simbahan, ay nasauli ang dati niyang saquit, na lalong mahirap pa sa dati.

Ganito, mangá capatid co, ang pagpaparusa nang Panginoon Dios sa mangá tauong nagpapabucas-bucas nang pagtupad nang canilang mangá pangaco.

Marami namang casalanan ang ipinagcacasala nang iba sa Panginoon Dios, doon din sa oras nang pagtupad nila nang canilang mangá pangaco; at caya gayon, sapagca,t, ang pag-ganap nila niyon ay idinadaan nila sa capalaluan, sa caparangalanan, ó sa calibugan, na siyang iquinasisira nang dilang magagaling, na talaga nilang gauin.

Dito sa bagay na ito,i, madalas na madalas nagcacasala ang mangá dalaga. Madaling-madaling nangangaco silang mag-simba sa Antipolo, sa Paquil, ó sa ibang malayong bayan; at pagsapit nang oras nang pagtupad nang canilang mangá pangaco, ay hihiram sila nang mabubuting damit, cung uala silang sarili; hahanap sila nang iba,t, ibang pahiyas, na ipamumuti sa canilang catauoan, quiquita sila tuloy nang magaling na cabayong masasaquian nila, at pagcatapos nito,i, siya na, yayaon na silang casama ó calapit nang mangá lalaquing lumiligao sa canila (cung baga,i, may lumiligao.)

Sa canilang paglacad, ay ipinagpaparangalan nila,t, ipinagpaparangya ang cabayo at ang damit na hiniram nila, at pinagtatauanan pa ang mangá linalaluan nila.

Pagdating doon sa bayang pagtutuparan nila nang pangaco, ay uulic-ulic silang ualang tahan, at ang lahat nang calayauan nang canilang catauoan ay siyang hahanapin.

Tinutupad din nila ang canilang pangaco, subali,t, parang uala sa canilang loob. Na, cung sa bagay, ang pangaco,i, siyang guinagaua nilang paraan sa pagpapalayao nang canilang catauoan.

Ay ano, mangá capatid co; itatangapin baga nang Panginoon Dios, mamahalin caya niya itong ganitong mangá pangaco? Acala co,i, hindi.

Caya ang dapat ninyong isasaloob; ang dapat ninyong hangari,t, ticahin sa pag-gaua,t, sa pagtupad nang mangã pangaco, ay ang pagbibigay puri,t, dangal sa Panginoon Dios at sa mangã Santo. Diyata,i, cung cayo nacapangaco na, ay houag ninyong ipagpabucas-bucas ang pag-ganap niyon, cundi bagcus ay tuparin ninyong madali, at houag ninyong haluan ang pagtupad nang mangã bagay-bagay na hindi caucol.

Cung ganito ang inyong gauin at sundin, ay tatanggapin nang Panginoon Dios ang inyong mangã pangaco, at caaauan cayo niya,t, pagcacalooban nang caniyang mahal na gracia dito sa lupa, at saca nang caloualhatian sa langit. Siya naua.



TERCER MANDAMIENTO.

Plática 1.^a del tercer precepto.

Memento ut diem sabbati
sanctifices, *Exod. cap. XX. v. 8.*



Magmula nang capalin nang Panginoon Dios itong santinacpan nang langit, ay may bilin na siya sa mangá tauo, bagay sa pangngilin.

Totoo nga,t, hindi sinasalaysay nang Santong Sulat, cung ano,t, cung paano ang pagbibilin ó pag-uutos nang Panginoon Dios sa ating mangá magugulang na si Adan at si Eva nang pangngilin; subali,t, nasasaisip at loob nang lahat na mababait at marurunong na cristiano, na sila,i, pinagbilinan nga,t, inutusang mangilin sa mangá taedang arao. At acala co,i, hindi aco lilihis sa catouiran, cung sabihin co, na ang arao na ipinapangilin sa canila,i, ang arao nang Sábado.

At caya gayon ang aqing acala, sapagca,t, sa anim na arao, ay quinapal nang Panginoon Dios ang langit at ang lupa at ang ibang mangá bagay-bagay na naquiquita,t, di naquiquita natin, at sa icapitong arao, (sábado baga), ay nagpahingá siya, (cung sana sa nagpapahingá), at ga itinucoy niya ang gayong arao sa pagsamba,t, pagpupuri nang tauo sa caniya.

At caya gayon naman ang aquing acala; sapagca,t, nang macalabas na ang mang̃a taga Israel sa caalipinan nang mang̃a Hari sa Egipto, ay inutusan nang Panginoon Dios ang caniyang campon at catiuala, na si Moyses, na ipahayag niya sa canila itong ganitong utos:—*Memento ut diem sabbati sanctifices*. (1) Sa macatouid: alalahanin mo ang pang̃ingilin sa arao nang Sábado; at sa ganoong arao ay itahan ninyo ang pag-gaua nang mabibigat na gaua, at houag nang hahanapin ninyong iba sa naturang arao, cundi ang nauucol lamang sa pagpupuri sa aquin, at ang nauucol naman sa pagpapacagaling nang inyong caloloua.

Itong utos na iniutos nang Panginoon Dios sa mang̃a taga Israel, ay siya rin namang inuutos nang Panginoon Dios sa ating lahat na mang̃a cristiano, at siya cong binabantang sayayin sa inyo ngayong arao na ito. Paquingan ninyo.

Ang arao nang Sábado,i, siyang inuutos nang Panginoon Dios, na ipang̃ilin nang mang̃a Israelita at nang lahat nang tauong tinuturang taga Israel. Subali,t, nang mabuhay na mag-oli si Jesucristong Panginoon natin, ay ilinipat nang mang̃a Apóstoles, (sa capahintulutan din nang Panginoon Dios), sa arao nang Domingo ang dating pang̃ingilin nang mang̃a Israelita sa arao nang Sábado, at caya gayo,i, sapagca,t, marami man ang mang̃a dahilang ipinang̃ingilin nang mang̃a Israelita nang arao nang Sábado, ay hindi rin mapapara sa mang̃a dahilang ipinang̃ingilin nang mang̃a cristiano na arao nang Domingo.

At totoo n̄ga, sapagca,t, ang arao nang lingo,i, napupuno nang lahat nang bagay na Misterio.

Sa arao nang Domingo ay nagpasimula ang Panginoon Dios nang pag-gaua nitong mundo.

Sa arao nang lingo, ay ipinanganac si Guinoong Santa

(1) Loco citato.

María, Ina nang Dios at Ina naman nating mangá tauong salarin.

Sa arao nang lingo, ay ipinang'anac naman si Jesucristong Ama,t, Pang'inoon natin.

Sa arao nang Domingo, ay napaquita sa tatlong Hari yaong mariquit na bituing namatnugot sa canila hangan sa Belén.

Sa arao nang lingo, ay bininyagan ni Poon San Juan Bautista ang ating Pang'inoong Jesucristo doon sa ilog nang Jordan, at Jesus ang ipinangalan sa caniya.

Sa arao nang lingo, ay pumasoc sa Jerusalen si Jesucristong Pang'inoon natin, na sumasacay sa isang munti,t, hamac na hayop, at inilatag nang mangá tauong naroroon ang cani-canilang lambong at manto, na siyang pinayayapacan sa ating Pang'inoon, at ang mangá batang anac nang mangá Judio, ay para-parang may hauac na palaspas, na ipinagpupuri sa caniya.

Sa arao nang Domingo, ay nabuhay na mag-uli ang ating Pang'inoong Jesucristo sa icatlong arao nang caniyang pagcamatay.

Sa arao nang lingo, ay pinanaugan nang Dios Espíritu Santo ang mangá Apóstoles, at quinasihan sila nang caniyang mahal na gracia.

At sa arao nang lingo, ang uica pa ni Poon San Agustín, ay paririto si Jesucristong Pang'inoon natin, at huhucom sa nangabubuhay at sa nangamatay na tauo.

Itong lahat, at ang iba pang marami ay siyang dahilan nang paglilipat nang mangá Apóstoles sa arao nang Domingo ang dating pang'ingilin nang mangá Israelita sa arao nang Sábado. Caya ang arao nang Domingo,i, catungculan nating pilit na ipang'ilin.

Totoo nga, na catungculan nating ibiguin, sintahi,t, pa-

mintuhuan ang Panginoon Dios arao-arao at oras-oras, subali,t, lalong-lalo na mahigpit at masiquip itong ating catungculan sa arao nang Domingo at sa ibang fiestang ipinapangilin sa atin nang santa Iglesia, at itinutucoy niya sa pagpupuri sa Panginoon Dios at sa mangá Santo.

Tungcol dito, sa catungculan nating mangilin cung Domingo at ibang mangá tucoy na arao, ay mayroong isang magandang salita, na sasalitain co sa inyo ngayon.

Doon sa Egipto,i, mayroon, dao, isang bucal, na ang ngala,i, bucal ni Jesus, sapagca,t, doon, anang salita, sapagca,t, doon sa tabi nang bucal na yaon, ay inahilig ni Guinoong Santa María ang caniyang mahal na anac na si Jesus, niyong silang Mag-anac ay pasa-Egipto.

Ang tubig na lumalabas doon sa naturang bucal, ay guinagamit nang isang tauo sa pagdidilig niya nang isang halamang tinatamnan niya taon-taon nang bálsamo.

Sa paghangó nang tubig doon sa nasabing bucal, ay nagpacana ang tinuringang tauo nang isang máquina, na pinipihit nang apat na baca ó toro caya. At ito na ang ca-guila-guilalas.

Itong mangá hayop na ito, na gumagauang ualang tangui oras-oras, ay pagdating nang hating gabi nang sábedo hangan sa hating gabi nang lingo, at gayon din sa ibang mangá fiestang pangilin, ay ayao silang gumaua, at patain man nang palo, ay hindi rin mapilit silang gumaua,t, pumihit doon sa máquina.

Ang ugali nitong mangá tinuran cong hayop, ay sucat icahiya nang maraming cristiano, na hindig hindi inaalaala nila ang Panginoon Dios sa mangá hamac na arao, cundi pa nama,i, pinababayaan nila,t, hindi inaalumana ang pangingilin cung Domingo at ibang fiesta, na dapat ipangilin; caya sila,i, matatapatan niyong uicang paghihinanaquit nang

Panginoon Dios sa mang'a taga Israel, na ang sabi baga nang Panginoon Dios:—*Cognovit bos possessorem suum..... Israel autem me non cognovit.....* (1) Sa macatouid: quinquilala nang baca ang caniyang panginoon, nguni,t, ang mang'a taga Israel, yaon bagang mang'a tauo, na bucod cong pinili,t, hinirang, ay hindi cumiquilala sa aquin.

Itong paghihinanaquit nang Panginoon Dios sa mang'a Israelita,i, tamang-tama nga sa mang'a cristianong hindi nangingilin sa mang'a arao na dapat ipangilin.

Caya, mang'a capatid co, sa mang'a arao nang lingo at fiestang pangilin ay houag nang gagauin ninyong iba, cundi ang nauocol lamang sa pagbibigay puri sa Panginoon Dios, at sa cagalingan nang inyong caloloua.

Alintana ang mang'a mumunting gaua, ang pamamandao baga nang caunting oras, ang pag-iguib at ang pagbayo nang casiyahan sa maghapon, at ang ibang ganitong cailangan, ay mangyayari ring gauin nang tauo sa arao na pangilin, sapagca,t, hindi bual nang Panginoon Dios sa atin ang pag-gaua, sa ganoong mang'a arao, nang mang'a magagaang na gaua, lalong-lalo cung itong gauang ito,i, cailangan at hindi matagal gauin.

Subali,t, ang lalong magaling at tapat na ualang pang-anib, ay ang houag na cayong gumaua nang ano-anomang trabajo, cahit ano ang cagaanan, sa mang'a Domingo at fiestang pangalin, cundi bagcus, ang ganitong mang'a arao, ay ihayin ninyong boong-boo sa Panginoon Dios, at houag ninyong gugulin sa mang'a capalaluan, caparangalanan at casayahan, cundi sa pagbibigay puri lamang sa Panginoon Dios, at sa pag-gaua nang icagagaling nang caloloua ninyo.

Ang pagsisimbang taos sa loob, ay siyang una-unang iniutos at hinihingi nang santa Iglesia sa inyo sa mang'a

1) Isai. cap. I. v. 3.

Domingo,t, fiestang pangilin, caya tuparin ninyo nang lubos na pagsunod, at samantalang cayo,i, naririto sa simbahan, ay pagsisihan ninyo ang inyong mangá casalanan; paampon cayo sa Panginooon Dios at sa mahal na Vírgen, patulong cayo sa ating marangal na Patron, at sa mangá Santong dating pinipintacasi ninyo; na cung gayon ang inyong gauí,t, sundin, ay caaauaan din cayo nang Panginooon Dios, at pag-cacalooban pa nang caniyang mahal na graciang icasasagit ninyo sa caloualhatian nang langit. Siya naua.



Plática 2.^a del tercer precepto.

SOBRE LA SANTIFICACIÓN DE LAS FIESTAS.



oon sa icatlong utos nang Dios, na ang sabi:—*Manġilin ca cung Domingo at sa ibang fiestang dapat ipangilin, ay nasasaclao itong dalauang cautusang ito.*

Ang isa baga: *ay houag cang gumaua nang mabibigat na gaua*; at ang isa naman: *ay gumaua ca nang mararapat na gaua*, ang pananalangin baga, ang pagdarasal, ang pagpapanibago nang Pananampalataya, nang Pananalig at nang Pag-ibig sa Dios na lalo sa lahat.

Caya nagcacamaling totoo ang maraming cristiano, na ang isip nila baga, ay nacaganap na sila nitong icatlong utos, cung sila,i, hindi gumagaua nang mabibigat na trabajo, di man sila,i, manalangin, magdasal ó gumaua nang ibang cabanalang gaua. ¡Malaqui, anaquin, ang camalian nitong mangã tauong ito!

Sa mangã lingo at fiesta,i, naglalaro silang maghapon, at hindi nila inaalaala ang Panginoon Dios at ang canilang caloloua; dumadalao sila sa canilang mangã caibigan, at nagsasalitaan sila, nang mahabang oras, nang mangã sari-saring mangã casiraan nang puri nang capoua tauo; nagsasayao sila,t, naglalasing, at gumagaua pa nang ibang casalanan, jat ang uica pa nila,i, nacapangilin na sila! Maling-mali

mang̃a capatid co, itong canilang gaua,t, uica; subali,t, mali man, ;ay siyang caugalian nang caramihang cristiano, nga-yong panahong ito!

¿Di ito nga,i, siyang guinagaua nang maraming tauong taga rito sa bayan? ¿Di sila nga ang lumalacad nang dalaua ó tatlong oras caya cung Domingo,t, fiesta, nang sila,i, macapagsabong lamang? ¿Di sila rin ang nagdadahilan nang calayuan nang canilang bahay sa di pagsisimba, at naparoroon sila sa sabungang malayo pa sa simbahan? ¿Di sila rin ang nagdadahilan nang pagtauo sa bahay, at nang saquit nang canilang catauoan sa di pagsisimba, bago-bago,i, cung gusto nilang uminom nang alac, ó pumarito sa loob nang bayan sa paghanap nang caualan ay dali-daling inililicquir ang hagdang at lalacad na?

Marami pa,t, malalaqui pa ang casalanang ipinagcacasala nang mang̃a tauo sa Panginoon Dios, cung Domingo,t, fiesta, sa ipinagcacasala nila, cung hamac na arao lamang.

Sa mang̃a hamac na arao, ay gumagaua ang tauo sa buquid ó sa bahay caya, sa bundoc ó sa dagat, sa cati ó sa tubig, at cumiquita nang pagcabuhay; at di niya iniisip, di niya inaalaala ang anomang masama, palibhasa,i, nalilibang ang caniyang loob sa caniyang gaua, at trabajo, datapoua,t, pagdating nang arao nang lingo,t, fiesta,i, halos ualang licat ang caniyang pagcacasala sa Panginoon Dios, palibhasa,i, ang hinahanḡad nang caramihang cristiano sa mang̃a arao na pangilin ay ang casayaha,t, calayuan nang canilang catauoan.

Ang totoong tungo nitong icatlong utos, mang̃a capatid co, ay ang pagsamba natin nang puspus na galang sa Panginoon Dios, at ang pagpapasalamat sa caniya dahilan sa mang̃a biyayang ipinagcacaloob niya,t, ipagcacaloob pa sa ating mang̃a tauong salarin.

Ang ibig nang Panginoon Dios, ay itahan nang tauo

ang caniyang trabajo sa mang̃a lingo,t, fiesta, at samantalahin niya ang gayong mang̃a arao sa pag-gaua nang mang̃a cabanalang gaua.

Itong aral na ito,i, siya ring aral nang santa Iglesia. Uica ñga nang Santo Papa na si Nicoláo 1.^o—Ang dilang gaua nang tauo sa bahay man ó sa buquid, sa bundoc man ó sa dagat, ay itahan niya sa arao nang lingo, nang maualan siya,t, patauarin nang mang̃a caculañga,t, camaliang guinagaua niya sa mang̃a hamac na arao; at catungculang pilit nang tauo, ang pumasoc sa simbahan cung Domingo sa pananalangin at sa paghahain sa Panginooon Dios nang ano-anoman; sa paquiquinig nang sermon at nang asal; sa pagbibigay puri sa mang̃a Santo at Santa, at sa pagtulad at pag-gaya nang mang̃a cabanalang guinaua nila.

Itong lahat na ito,i, nasasaclao, ayon sa uica nang naturang Santo Papa, doon sa mahal na utos na yaon: *Memento ut diem sabbati sanctifices*. Sa macatouid: Mang̃ilin ca cung Domingo at mang̃a fiestang dapat ipangilin.

Maraming aral naman, ang iniaral nang isang Santo Concilio sa Aquilea, bagay sa catungculan nating ialay sa Panginooon Dios ang mang̃a arao nang lingo,t, fiesta.

Sa mang̃a arao nang lingo at fiesta, anang Santo Concilio, ay hindi lamang magsisimba ang cristiano, cundi pa naman ay papasoc sa simbahan umaga,t, hapon sa pagdarasal, sa paquiquinig nang sermon, at sa pananalangin; at houag ialay niya sa mang̃a caauay nang caloloua ang isa mang cabahagui nang santong arao nang lingo. Sa macatouid: houag gugulin nang tauo ang mang̃a arao na pangilin sa pag-iinom nang labis, sa pagsasabong, sa pagsusugal ó sa iba cayang mang̃a cagagauang nacaguiguising nang masasamang cahinguilan nang catauoan.

Itinutuloy pa nang Santo Concilio ang caniyang aral,

na ang uica:—Sa arao nang lingo,i, catungculan nang cristiano,i, itahan ang mangā gauang ucol sa catauoan, para nang iniutos nang Panginoon Dios sa caniya; subali,t, hindi dapat itahan niya ang pag-gaua nang mangā magagaling na gauang nauucol sa caloloua, ang pagsisimba baga, ang pagdarasal, ang paglilimos sa mangā pobre, ang pagdalao sa mangā may saquit, at ang pag-gaua nang ibang mangā caauaang gaua.

Anaqui tucso nang Demonio ang pagcalimot nang maraming cristiano sa canilang caloloua, at ang Demonio rin ang nacahihila sa canila sa pag-gaua nang hindi maigui, at siya rin ang nacalilibang sa canila, nang houag bagang pumasoc, sila sa simbahan, cung Domingo at fiesta sa pagsisimba, pagdarasal at paquiquinig nang aral nang Dios.

Nang nabubuhay pa si Poon San Estevan Obispo, ay namasdan niya, na iilan-ilan lamang ang mangā tauong pumapasoc sa Simbahan cung Domingo, sa pagsisimba,t, paquiquinig nang sermon, cung siya,i, nagmimisa,t, nangangaral; caya dumaing siya sa Panginoon Dios, na cung mangyayari, ay ipahayag at ipaquita sa caniya ang bagay na dahilan nitong caniyang pinagmamasdan.

Pagcapanalangin nang Santo nang gayon, ay naquita nang caniyang mata ang mararaming malilibog na tauo, mangā sugarol at mangā mananayao, na linilibot nang Demonio, linilibang at inilalayo sa simbahan, nang houag silang mag-simba at tumupad nang catungculang cristiano.

Itong namasdan ni Poon San Estevan Obispo, nang siya,i, nabubuhay pa, ay siya co namang sucat itapat sa maraming tauong nasasacupan co.

Marami n̄gang tauong taga rito ang linilibang nang Demonio, cung Domingo,t, fiesta, nang houag silang pumasoc sa simbahan. Caya mayroong nagdadahilan nang caualaan

nang damit na maisisimba; mayroong nagdadahilan nang pagtao sa bahay, nang pamamandao at nang calayuan sa simbahan; mayroong nagdadahilan nang pag-aalaga sa bata at nang saquit nang catauoan, at mayroong nagdadahilan nang sari-sari pa, na cung usisain at siyasating maigui, ay matalastas natin, na ang caramihan niyong mangá dahilan ay hindi totoo, cundi mangá dahi-dahilan lamang at mangá carayaan nang Demonio, na ang ibig niya,i, agauin ang canilang caloloua,t, ibulid sa inferno.

Totoo nga na ang mangá tauong matatamaring magsimba cung Domingo at fiesta, ay parang nasasacamay nang Demonio, at maliuag na sila,i, macapagbalic loob sa Panginoon Dios. Itong mangá tauong di nagsisimba,t, di naquiquinig nang mangá aral nang Dios; ay sino caya ang macapupucáo sa canila, nang sila,i, macalabas sa masama nilang lagay?

Datapoua,t, ang mangá tauong masisipag magsimba,t, maquinig nang mangá magagaling na aral, ay cahima,t, macasalanan sila,i, ga mayroon pa silang caunting pag-ibig sa Dios, at sucat umasa sila, na doon sa pagsisimba nila,t, paquiquinig nang sermon, ay ca-aauaan sila nang Panginoon Dios at huhulugan nang isang mabagsic na gracia, na icapagsisisi nila nang canilang mangá casalanan, at icapagbabago nang dating asal.

Caya, mangá capatid co, ang mangá arao nang lingo at fiesta, ay ialay ninyong boong-boo sa Panginoon Dios. Houag ninyong tularan ang mangá masasamang tauo, na ualang pinagcacasipagang iba sa mangá arao na pangilin, cundi ang pagsunod lamang nang lahat nang calayauang pinipita nang canilang catauoang lupa. Caya, pigain man, cung sana sa dayap, pigain man ang loob nitong mangá tauong ito,i, ualang lalabas doon, cundi ang dilang bagay

na cabahuan; ang calibugan baga; ang pagnanacao; ang pagbibintang; ang pagsisira nang puri sa capoua tauo; ang casinunġalingan, at ang lahat na masasama.

Tularan ninyo sana ang manġa magagaling na cristiano, na hindi lamang cung lingo at fiesta, cundi halos arao-arao, ay pumapasoc sa simbahan sa pagsisimba; at ang manġa pangiling arao ay sinasamantala nila sa pag-gaua nang manġa mararapat na gauang ucol sa Dios, sa canilang caloulou,t, sa capoua tauo.

Tularan ninyo, anaquin, itong magagaling na cristiano, bagay sa pagtupad nang icatlong utos nang Dios, at gagantihin cayo nang Dios din nang malaqing ganti sa langit. Siya naua.



Plática 3.^a del tercer precepto.

SOBRE LA OBLIGACIÓN DE NO TRABAJAR EN LAS FIESTAS.

Ang ipagsesermon co sa inyo n̄gayon, mang̃a capatid co, ay matutungcol sa catungculan nating di gumaua nang mabibigat na gaua, cung Domingo,t, fiesta; sapagca,t, bagaman marami ang ipinagsalita co sa inyo bagay dito sa ating catungculan, ay ibig cong ulitin nang ulitin nang matandaan ninyong maigui. Caya paquingan ninyo.

Ang catungculan nating di gumaua nang mabibigat na gaua, cung Domingo,t, fiesta, ay nasasaclao doon sa ipinag-uutos cay Moyses nang Panginoon Dios, na ang uica:—*Memento ut diem sabbati sanctifices*. Sa macatouid: ay alaalanin mo,t, houag mong lilimutin ang pang̃ingilin sa arao nang Sábado. Na cung sa bagay; gumaua cayo sa anim na arao nang balang malooban ninyong hindi masama; subali,t, sa icapitong arao, sa Sábado baga, ay magpahing̃a cayo, at houag cayong gagaua nang iba, cundi ang nahihinguil lamang sa caloloua ninyo at sa capurihan co. Houag naman cayong magpagaua sa mang̃a anac ninyo, sa mang̃a alila,t, upahan at mang̃a hayop man nang anomang mabigat na gaua, na macasisira nang inyong pang̃ingilin, sapagca,t, ang pang̃ingilin ninyo sa ganitong arao, ay siyang icaquiquilala nang la-

hat, na cayo,i, mangá campon co, at aco ang inyong Dios...
Videte ut sabbatum meum custodiatis, quoniam signum est inter me et vos.... (1).

Parang sinarili nang Panginoon Dios ang arao nang Sábado, at hindi niya ibig na ang gayong arao,i, gugulin nang tauo sa mangá gauang di ucol sa cagalingan nang canilang caloloua. Caya sa arao nang Sábado,i, bawal sa mangá Judio ang pag-uualis at paglilinis sa bahay, ang pagpitas nang mangá bunga nang cahoy, ang pagquital nang bulaclac, ang pagviviage, ang pagcacalacal, ang pangangaso, ang pangingisda, ang pangangahoy, ang pangdadamo at ang pagluluto man nang pagcain, ¿ano pa? ang mangá hayop man nila,i, hindi rin magagamit, maguing sa paragos, maguing sa sorlong ó sa carruage,t, calesa, at hindi rin sila maca pangabayo.

Itong lahat nang ito,i, sinusunod nang mangá Judio nang lubos na pagsunod at nang magandang loob, palibhasa,i, nata-tacot sila, na maca di sila ipaquibilang sa mangá campon nang Dios, cung sirain nila ang arao na ipinapangilin nang Panginoon Dios sa canila.

Itong lahat nang ito,i, siyang inaalaala niyong carami-hang Judio na, dala nang carouahaguinan sa canila ni Antioco, ay nagsi-alis sa canilang pinagtitirahang bayang casama ang canilang mangá anac, sampo nang mangá pag-aari,t, cayamanan nila, at nagsi-ahon sa bundoc, at doon nagsitago sa isang malaquing lungang naroroon.

Hinahabol itong mangá Judio nang mangá sondalo ni Antioco, at caalam-alam nang mangá Judio, ay ito na ang mangá sondalo sa pinto nang lunga, at maquiquipagbaca sa canila. Datapoua,t, palibhasa,i, Sábado ang arao na yaon, ay hindi cumibo ang mangá Judio; hindi nila guinamit ang

(1) Exod. cap. XXXI, v. 13.

armas sa pagsasangalang sa canila rin; hindi naman sini-itan nila ang pinto nang lunga; hindi tinacpan nang mangã bato; hindi linaguian nang mangã pasolo ang daan, at hindi man nacagaua sila nang ano-anomang sucat macapiit sa canilang mangã caauay nang pagpasoc sa lunga; cundi bagcus ay sanglibong catauo ang napapatay sa mangã sondalo, houag lamang sirain nila,t, pahamacan ang panggingilin sa arao nang Sábado; sapagca,t, ang boong isip nila,i, magcacasala sila nang daquilang casalanan, cung sila,i, gumaua nang anoman sa ganitong arao.

Totoong pinagsasaqitan nang mangã Judio ang gauang panggingilin sa arao nang Sábado at sa ibang mangã fiestang pinanggingilinan nila, at ang ibig pa nila, cung mangyayari, ay houag nang gamutin nang mangã médico, sa ganitong mangã arao, ang mangã may saquit.

Caya ang dilang magagaling na guinaua ni Jesucristong Panginoon natin sa arao nang Sábado, ang pag-gamot niya бага sa mangã may saquit; ang pagbuhay sa nangamatay; ang pagpapaalis nang Demonio sa catauoan nang tauo, at ang ibang ganito,i, pauang pinipintasan nang mangã Judio, at pinag-uupasalaan pa nila si Jesucristo, na ang uica nila бага:—.... *Non est hic homo á Deo, qui sabbatum non custodit.* (1) Sa macatouid: itong tauong ito,i, hindi campon nang Dios, sapagca,t, hindi nanggingilin cung arao nang Sábado.

Mali man itong caisipa,t, caugalian nang mangã Judio, paliibhasa,i, hindi ipinagbabauwal nang Panginoon Dios ang pag-gaua nang mangã magagaling at cauaang gaua sa mangã arao na pangilin; mali man, anaquin, ang canilang cagagauan, ay siyang sucat icahiya nang maraming taga rito, na ang mangã lingo,t, fiesta,i, di nila inaalumana, at

(1) Joan. cap. IX, §. 16.

ga itinalaga nila sa pagtatrabajo, at ang hamac na arao, ay ga itinalaga nila sa pagpapahinga.

¿Di ito nga ang inuugali nang maraming babayi, na uala man silang guinagaua sa mangá hamac na arao, ay hindi cumiquibo, at pagdating nang arao nang lingo,t, fiesta, ay doon na sila magsisipag at lalabhan nila ang lahat nang damit na marumi?

¿Di ito rin, ang guinagaua niyong isang babayi, na, ang damit, na napupunit sa loob nang sanglingo, ay itinatabi niya sa isang suloc nang bahay, hangan dumating ang arao na pangilin, na siyang itinalaga niya sa pananagpi at sa pagsusursi nang damit?

¿Di ito rin ang iniaasal nang maraming tauo, na damuhin man ang canilang palayan ó dalatan, ay uala silang quibo sa mangá hamac na arao, at pagdating nang arao nang lingo,t, fiesta, ay siyang pagparoon sa canilang mangá palayan sa pagbubunot at pag-gamas nang damo?

¿Di ito rin ang guinagaua nang mangá magbibigas, na sa hamac na arao,i, halos hindi nila naalaala ang canilang cacalacalin, at saca sa gabi nang Sábado hangan sa nagbubucang liuayuay nang arao nang lingo, at sa gabi nang lingo, nang maca-ave-María ó maca-ánimas, ay doon na sila magbabayo,t, pipintacasinin pa nila ang ibang tauo sa pagsira nang capangilinan?

¿Di ito rin ang inuugali nang maraming tauo, na ang arao nang lingo,t, fiesta,i, siyang itinalaga nila sa pangangahoy, sa pagtataga nang cauayan, sa paghila nang balang na, at sa pag-gaua nang ibang mabibigat na gaua?

Cung pumarito ngayon, sa halimbaua, yaong mangá Judio, na nag-uupasala cay Jesucristo, at ang uica nila,i, hindi siya campon nang Dios, sapagca,t, gumagamot siya,t, nagpapaguinhaua sa mangá may saquit sa arao nang Sábado;

cung pumarito, anaquin, yaong mang̃a Judio, at maquita nila ang masamang pang̃ingilin nang mang̃a taga rito sa mang̃a Domingo,t, fiesta, ay, ¿ano caya ang canilang sasa-bihin? ¿Ipaquiquibilang cayo nila baga sa mang̃a campon nang Dios? Seguro,i, hindi; bagcus ay ipaquiquibilang cayo sa mang̃a campon nang Demonio, na siya n̄ga ang umaag-lahi at humihila sa inyo sa di pang̃ingilin cung Domingo at fiesta.

Ang dilang guinaua,t, quinapal nang Pang̃inoon Dios, ay para-parang umaaral sa inyo nang pang̃ingilin cung Domingo at fiesta. ¿Aba natin, cung ang arao,i, di mang̃ilin, (cung sana sa nang̃ingilin), at di sumunod sa ipinag-utos nang Pang̃inoon Dios sa caniya! Cung parating umaarao, ¿ay di masusunog tayong lahat? ¿Di matutuyo ang mang̃a ilog? ¿Di mamamatay ang mang̃a cahoy at mang̃a halaman, at ang lahat nang hayop ay mamamatay rin, gaua nang cainitan?

Cung palagui namang umuulan, ¿ay di baga malilipos itong sanglupaan, at malilipos din ang sangcatauohan? Ganoon n̄ga. Caya ang arao,i, ga nang̃ingilin cung tagulan, at ang ulan naman, ay ga nang̃ingilin cung tagarao, at para-para,i, sumusunod nang ipinag-utos nang Pang̃inoon Dios sa canila.

Ang mang̃a cahoy ay may casalsalang panahon sa pagdadahon, at may panahong casalsalan sa pamumulaclac at pamumun̄ga; at ang ibang panahon ay ga pinang̃ingilinan nila, (cung sana sa nang̃ingilin.)

Ang lupang di pinagpapahing̃a ninyo, cundi bagcus tinatamnan ninyong palagui, ay hindi mapapaquinabang̃an ninyo nang marami, palibhasa,i, hindi tutubo nang maigui ang anomang itanim ninyo doon.

Gayon din ang nangyayari sa ating mang̃a tauo.

¿Ano cayang magaling ang tutubo sa catauoa,t, caloloua nang tauo, na halos ualang tanda nang pagcacristiano niya? ¿Ano bagang magaling ang tutubo sa caloloua,t, catauoa nang tauo, na ang mangá arao nang lingo,t, fiesta, ay hindi ipinag-iiba niya sa mangá hamac na arao? ¿Anong magaling ang tutubo sa catauoa,t, caloloua nang isang tauong catulad nang Demonio, bagay sa di panggingilin, cung Domingo at fiesta?

Ang Demonio nga,i, hindi nanggingilin, ang uica ni Poon San Buenaventura, sapagca,t, Domingo man at fiesta, at oras oras man ay ualang patid ang canilang pagtatrabajo. Sa macatouid: ang Demonio,i, hindi nagpapahinga, nang sangdali mang oras, nang paghampas, pagpaparusa,t, pagpapasaquit sa mangá napacasama sa infierno; at uala ring patid ang panunucso niya sa atin, na oras-oras ay lililibot tayo niya,t, hinahamon sa masama.

Bucod dito,i, pinagmamasdang maigui nang Demonio ang lahat na guinagaua nang tauo sa mangá arao nang lingo at fiesta, at tinatandaan niya,t, isinusulat pa.

Ito nga ang naquita minsan nang isang Santo, na munting namatay siyang tacot pagcaquita nang ganoon.

Itong Santong ito,i, napagupit nang buhoc sa isang arao nang fiestang pangilin, at caalam-alam niya,i, naquita niyang caharap ang isang Demonio, na pinagsisipagan niyang totoong ang pagsimot nang dilang buhoc na guinugupit nang mangagapas, at binibilang pa niya,t, isinusulat, at isinisilid niyang tuloy sa isang supot, na pinasan niya agad at dinala sa infierno; na ang banta baga nang Demonio ay ingatang maigui doon, at saca, sa oras nang paghuhucum nang Panginoon Dios sa naturang Santo, ay ilabas niya ang supot at ipaquita sa totoong Juez nating lahat, nang parusahan niya ang Santo.

Malaquing totoo ang tacot niyong Santo nang panonood niya nitong nangyaring ito, caya mula noon ay hindi na siya napagupit sa arao nang pangilin.

Caya, mangã capatid co, cung ibig ninyo, na cayo,i, ipaquibilang ni Jesucristo sa caniyang mangã campon, ay houag na cayong gumaua nang mabibigat na gaua cung Domingo,t, fiestang pangilin.

Ang mangã mamamalacaya, ang mangã mangãngaso, ang mangã magsasaca, ang mangã anloague, ang mangã magbabay, ang mangã maglalaba, ang mangã mananahi, at ang lahat na gumagaua nang mabibigat na gaua sa mangã lingo,t, fiesta, uala man silang tantong dahilan, ay matacot na sa Panginoon Dios, at pacaisip-isipin nila,t, aalalahanin, na ang pangingilin cung Domingo,t, fiesta, ay isang utos cabilang nang sampuonng utos nang Dios, at ang tauong di tumutupad nang iisang-isang utos nang Dios, ay mapapacasama sa inferno, tuparin man niyang mahusay ang ibang siam na utos.

¡Cahimanauari, maalis na sa inyo ang catamaran, nang cayo,i, macasunod nang lubos na pagsunod nang mangã utos nang Dios at nang santa Iglesia, nang cayo,i, maguing dapat magcamit nang langit, na itinatalaga nang Panginoon Dios sa mangã masusunurin sa caniya! Siya naua.



Plática 4.^a del tercer precepto.

SOBRE LA OBLIGACIÓN DE OIR MISA.

Mangilin ca, cung Domingo at fiestang dapat ipangilin. Itong aral na ito, mang̃a capatid co, ay siya cong ipinang̃aral sa inyo nang mang̃a lingong nagdaan, at siya co namang binabantang ituloy ngayon, sapagca, t, ang pang̃ingilin at ang paquiquinig nang Misa, na sasaysayin co ngayong oras na ito, i, nagcascalangcap, at hindi mahihiualay ang isa sa isa.

Caya, cung itanong ninyo sa aquin, cung sino ang totoong nang̃ingilin sa mang̃a Domingo, t, fiesta; ay sasabihin co sa inyo, na: yaong mang̃a tauo, na naquiquinig nang boong Misa, magmula sa puno hangan sa dulo, at hindi gumagaua nang anomang mabigat na gaua, cung ualang tantong dahilan at lubos na pahintulot nang may capangyarihan, ay sila lamang ang totoong nang̃ingilin.

Ang caunaunahang catungculan nang tauong cristiano, cung Domingo, t, fiesta, i, maquinig nang boong Misa. Subali, t, ¿ano caya ang santa Misa?

Itong tanong na ito, i, siyang itinanong na minsan nang isang herejes sa isang tauong nagbabansag cristiano, t, ma-

simbahing totoo; at ang sagot nitong cristiano,i, ganoon:—
hindi co naalaman. |Marahil ito ring sagot na ito,i, siya
namang isasagot nang caramihang naquiquinig sa aquin, cung
baga sila,i, tanungin tungcol sa bagay na ito! Caya paca-
tantoin ninyong maigui itong aquing sasabihin.

Ang santa Misa, mangá capatid co, ay isang cataas-taasan
at camahal-mahalang haying iniaalay nang santa Iglesia sa
Panginoon Dios, at doon nga sa pagmimisa, ay inihahayin
nang santa Iglesia sa Dios Ama, sa camay at gaua nang
Padreng nagmimisa, ang tunay at mahal na catauoan at
dugó nang bugtong na Anac nang Dios, si Jesucristo бага,
na nagpacamatay sa Cruz, cusa niya,t, tubos sa ating ma-
nga tauong salarin. Ito nga ang cahulugan nang santa Misa,
cung sa madaling salita.

Ang lahat nang tauong cristiano, lalaqui,t, babayi ay may
catungeulang magsimba cung Domingo at fiestang pangilin,
pagsapit nila sa edad nang pitong taon, at ang di magsim-
ba,i, magcacasala nang daquila, cung uala silang tunay na
dahilan sa di pagsisimba. Datapoua,t, itong dahalang ito,i,
hindi sucat timbangin nang may catauoan, cundi ang ca-
niyang Cura ó ang caniyang Confesor ay sila ang tatanungin,
at sila ang bahalang magtimbang niyon.

Tatlong bagay na casangcapan ang iquinayayari nang
santa Misa. Ang nauna,i, ang pagbubulong nang Padreng
nagmimisa sa hostia,t, sa alac na nasisilid sa caliz, na ca-
pagnabulungan na niya nang mangá uicang talaga ni Je-
sucristo sa gayon, capagcaraca,i, naroroon sa hostia ang
mahal na catauoan ni Jesucristo, at sa caliz ang caniyang
dugóng mahal, casama nang caniyang caloloua,t, pagca Dios.

Ang icalauang casangcapan iquinayayari nang santa
Misa, ay ang paghahayin nang Padreng nagmimisa sa Dios
Ama nang mahal na catauoan at dugó nang caniyang ma-

sintahing Anac na si Jesucristo, na natatago sa hostia at sa caliz na binulungan nang Padre.

Ang icatlo,i, ang pagsubo nang Padreng nagmimisa niyon ding hostia, at ang pag-inom niyon ding alac na binulungan niya.

Itong tatlong bagay na ito,i, siyang camahal-mahalan at capuno-punoan sa lahat nang bagay, na nasasaclao sa santa Misa; caya magcacasala nang daquilang casalanan ang tauong nagsisimba, cung бага di niya harapin ang alin man dito sa tatlong casangcapang iquinayayari nang Misa.

Ang di paquiginig nang tauo nang santa Misa, magmula sa puno, sa macatouid: magmula sa pagdating nang Sacerdote sa altar hangan sa paglilipat nang librong misal sa dacong caliuang Padre, ay hindi maguiguig casalalang malaqui; at gayon din, hindi magcacasala nang daquila ang tauong hindi naquiginig nang Misa magmula nang macasubo at macainum na ang Sacerdote, hangan sa catapusan nang Misa, cung itong tauong ito,i, nagsimba magmula sa puno nang Misa.

Datapoua,t, mangá capatid co, ang puno ma,t, catapusan nang santa Misa ay catungculang simbahan nang mangá tauong cristiano, alinsunod sa canilang lagay, at nang maguing totoo yaong napapalamán sa dasal, na ang uica:— Maquinig nang boong Misa cung Domingo at fiestang pinangingilinan.

Ang nahuhuli sa Misa ay may catungculang maquinig nang ibang Misa, cung mayroon, at cung uala,i, catungculan niyang pilit na maquinig niyong cabahagui nang Misang inabutan niya.

Ang mangá nagsasalitaan sa simbahan, ang mangá natutulog, ang mangá lumilingos-lingos, na tiquis pinagagala-gala nila ang canilang loob sa oras nang pagmimisa, ay

hindi lamang, di sila nagsisimba, cundi nagcacasala pa sa Panginoon Dios, uala silang galang sa caniya,t, sa caniyang mahal na bahay, at malaquing escándalo pa ang ibinibigay nila sa mangá tauong caharap, na nacaquiquita sa canila.

Ang mangá namamandao bago magsimba cung Domingo at fiestang pangilin; ang mangá nangangaso; ang mangá dumadalao sa canilang buquid ó sa canilang mangá hayop; ang mangá umaahon sa bundoc ó pasa-ibang bayan caya, at ang lahat na gumagaua nang ibang gauang ganito, ay cung may dili-dili ang canilang loob, cung aabutan nila ang Misa ó hindi caya, ay nagcacasala sila nang malaquing casalanan sa Panginoon Dios, abutan man nila ang Misa,t, macasimba man sila; at caya gayon, sapagca,t, nagcucusa silang pasasapananib nang di pagsisimba, at ang nacaiibig nang capanganibang icahuhulog niya sa casalanan, ay nacaiibig din nang casalanan, at nagcacasala nga.

Ang mangá maglalacad at ang mangá magviviaje ay para-parang may catungculang magsimba sa mangá bayang canilang tinutulacan, ó sa mangá bayang dadaanan, ó sa canilang paroroonan.

Hindi nacatutupad nang catungculang magsimba ang tauong naquiquinig nang dalauang calahating Misa sa dalauang cahalili nang Dios, sabay-sabay man ang canilang pagmimisa, ó sunod-sunod man caya.

Ang boong Misa man nang dalauang Sacerdote, na nagmimisang sabay-sabay, ay hindi rin mapapaquingan nang tauong nacaiibig tumupad nang catungculan niyang magsimba; at caya gayon, sapagca,t, ang naquiquinig sabay-sabay sa dalauang Misa, ay di mangyaring di pagalain niya ang caniyang loob at mata, na mamaya,i, nasa isang Misa, mamaya,i, pasa-isa naman, at hindi nga matutupad niya

ang napapalamán sa dasal, na ang uica:—Maquinig nang boong Misa cung Domingo at fiestang pinanggingilinan.

Hindi masabi, mangá capatid co, ang mangá paquinabang na quinacamtan nang cristiano sa pagsisimba, at lalong-lalo, cung ang gayong cristiano,i, hindi lamang nagsisimba nang boong Misa cung Domingo,t, fiesta, cundi arao-arao naman, at nagsasaquit pa siyang maquinig nang lahat nang Misang inaabutan niya sa simbahang caniyang pinapasucan. Dito sa susunod na salitang pinulot co sa historia,i, mapag-uauuari-uari ninyo ang catotoohanang nitong aquing sinasabi.

Niyong nabubuhay pa si Poon Santa Isabel Reyna, (Haring babayi), sa Portugal, ay mayroon siyang isang pages na masimbahing totoo, at mauilihin sa dilang magagaling, at siya ang pinagcaciualaan nang Reyna nang paglilimos sa mangá pobre, nang pagsusustento sa mangá may saquit, at nang pagpapagaling nang lihim sa lahat nang maralitang tauo.

Naramdaman nang isang pages nang Haring lalaqui, ang pagmamahal nang Reyna sa caniyang pages, at ang pagcaciualala niya sa caniya nang dilang calihiman, bagay sa pag-gaua nang mangá caauaang gaua, at sa pagpapagaling sa mangá salantang tauo, at pinasucan siya nang malaquing capanaghilian.

Dala nitong capanaghiliang ito ang pages nang Hari, ay nagbanta siyang magpahamac sa pages nang Reyna, cahi,t, talastas niya, na ang pages nang Reyna,i, banal at magaling na tauo; caya pinagbintangán niya nang pagcacasala nang mahalay sa caniyang panginoong babayi, at itong bintang na ito,i, siyang ibinulong at isinumbong niya sa Hari, na parang totoo.

Sa maringig nang Hari ang ipinagsasalita sa caniya nang caniyang pages, ay natilihing totoo,t, naualan nang loob,

na di maisip-isip niya cung ano caya ang dapat niyang gauin.

Pagcahapon niyong ding arao na yaon, ay nanaog ang Hari at nagpapasial, at doon sa caniyang pagpapasial ay nakuila niya ang isang maninggas na hurno nang apog, na dinodoopan nang dalauang catauo. Linapitan nang Hari itong dalauang catauo, binati at pinangusapan nang gayon:—Bucas nang madaling arao, ay paririto ang isang pages nang aquing palacio, at magtatanong sa inyo, cung cayo,i, nacasunod na nang utos at bilin nang Hari sa inyo cahapon nang hapon, ay pagcatanong sa inyo nang pages nang ganitong tanong, ay itapon ninyo agad siya dito sa hornong ito.

Noui na ang Hari sa caniyang palacio, at nang quina-bucasan pagcamadaling arao, ay inutusan niya ang pages nang Reyna nang pagparoon sa hurno, at inaralan nang dapat itanong niya doon sa nag-aalaga nang hurno.

Nanaog na ang pages nang Reyna, at lumacad na, alinsunod sa utos sa caniya nang Hari, nguni,t, pagdating niya sa tapat nang isang simbahan, ay siyang pagtugtog nang pagtataas nang mahal na Hostia caya pumasoc siya doon at pinaquingan yaong Misa. Caalam-alam niya,i, lumabas ang isang Sacerdoteng magmimisa rin, at pinaquingan niya naman itong Misa; nagmisa tuloy ang isa pang Sacerdote at pinaquingan din niyang boong-boo itong icatlong Misa.

Nababalisa ang loob nang Hari, at ibig niyang maalaman cung nasunod ó dili caya ang caniyang utos at bilin, at sa pag-uusisa niya nitong bagay na ito, ay inaralan niya,t, inutusan ang caniyang pages.

Sumunod ang pages, at pagdating niya sa hurno, ay nagtanong siya sa dalaua catauon naroroon nang ganito:—
Natupad бага ninyo ang utos at bilin nang Hari sa inyo cahapon nang hapon? Halos di pa tapos ang caniyang tanong,

ay sinungaban siya niyong dalaua catauo at itinapon sa guitna nang hurno

Pagca maya-maya,i, ito na ang pages nang Reyna, na nangagaling sa simbahan, at inusisa niya sa mang'a nag-aalaga nang hurno, cung sinunod na nila ang bilin at utos nang Hari sa canila; at ang sagot sa caniya niyong dalauang catauo ay:—Oo sinunod na namin cangina pa.

Noui na ang pages nang Reyna sa palacio, at ibinalita niya sa Hari ang sagot sa caniya niyong dalaua catauo.

Sa maquita nang Hari ang pages nang Reina, na ang isip niya,i, patay na, ay nagulumihanang siyang totoo, na halos di matutong mangusap, at inusisa niya sa pages cung saan baga siya,i, nagpacabalam.

Aco pó, ang sagot nang pages, ay pumasoc sa isang simbhang aqing nadaanan, at pinaquingan co, pó, doon ang dalauang Misang boo at calahati pa, na magmula sa pagtataas nang mahal na Hostia, caya, pó, aco,i, naglaon nang pagsunod nang inyong utos. Houag acong cagalitan nang Hari,t, panginoon co, sapagca,t, itong guinaua co, ay siya pong bilin sa aquin nang aqing ama sa oras nang caniyang pagcamatay, na ang uica niya sa aquin ay: cung mangyayari, ay paquingan co ang lahat nang Misang aabatan co, samantalang aco,i, nasa simbahan.

Itong banayad na sagot na ito,i, siyang nagpaquilala sa Hari nang silo, na iniumang nang caniyang pages sa pages nang Reina, pati nang pagcaualang casalanan nang magpanginoon nang Haring babayi; at ito rin nga,i, siyang icahalata naman ninyo nang mang'a macacamtang paquinabang nang mang'a cristianong masisipag magsimba nang boong Misa, cung Domingo,t, fiestang pinanggingilinan, at cung hamac na arao.

Caya, mang'a capatid co, sa mang'a lingo at fiesta, ay

magpacasipag cayong maquinig nang boong Misa, para nang iniuutos sa inyo nang Panginoon Dios at nang santa Iglesia. At sa mangá hamac na arao man, ay magsimba cayo,t, magsimba, nang macamtan ninyo ang mangá gracia,t, biyayang ipinagcacalooob nang Panginoon Dios sa masimbahing tauo. Siya naua.



Plática 5.^a del tercer precepto.

SOBRE EL POCO APRECIO EN QUE TIENEN Á SU ALMA LOS
QUE NO OYEN MISA.

Ang caunaunahang catungculan nang tauong cristiano sa mangá Domingo,t, fiestang pangilin, ay ang paquiquinig nang boong Misa, para nang iniuutos nang santa Iglesia sa ating lahat.

Malamig ang pananampalataya sa Dios nang mangá tauong cristiano, na ang pinagsisipagan nila cung Domingo at fiesta, ay ang icaguiguinhaua lamang nang canilang catauoan, at dili ang icaguiguinhaua nang caloloua nila.

Anaqui, hindi naalaman nitong mangá cristiano, na ang caloloua natin ay mahal na totoo sa Panginoon Dios, palibhasa,i, ang ating caloloua,i, siyang ipinagcatauoang tauo nang caniyang Anac na si Jesucristong Panginoon natin. Tila,i, hindi nila naalaman, na ang caloloua natin ay siyang ipinagdalita ni Jesucristo nang di masabing mangá hirap, at siya rin ang iquinamatay niya sa Cruz, cusa niya,t, aua lamang sa ating mangá tauong salarin. Hindi, yata, naalaman nila, na itong ating caloloua, na tinubos at binili ni Jesucristo nang caniyang mahal na dugó at pagcamatay sa Cruz, ay ga ipinagbibili nilang muli sa Demonio nang ca-

nilang catamarang magsimba at nang canilang pag-gaua nang mang'a bagay-bagay, na ualang cauculan sa pang'ingilin nang mang'a arao na pangilin.

Totoong-totoo, ang uica ni Poon San Agustín, totoong-totoong dapat tangisan nang lahat ang casamaan niyong tauong nagbibili nang caniyang caloloua sa Demonio, nang pagsunod niya nang mang'a gusto,t, caluguran, at nang pagsouay niya sa mang'a ipinag-uutos nang Pang'inoon Dios at nang santa Iglesia sa caniya.

Masama n'ga ang lagay, at lalong masama ang maguiguing catapusan nang mang'a matatamarin at mapagtamasang tauo, na ang canilang inaaring dios dito sa lupa,i, ang canilang catauoan, at di nila inaalumana ang canilang caloloua, na siyang iguinawa nang Pang'inoon Dios nang di mabilang na cababalaghang gaua.

Ang ganitong mang'a tauo, ang uica rin ni Poon San Agustín, ay hindi sucat turang tauo, palibhasa,i, uala silang hinahangad na iba dito sa mundo, cundi ang nauucol lamang sa caguinhauahan nang canilang catauoan, at hindi ang nauucol sa cagalingan nang caloloua nila.

Caguilaguilalas manding tingnan ang casipagan nang maraming tauong cristiano bagay sa pagquita nang icaguinhaua nang catauoan nila.

Ang canilang catauoan lamang, ay siyang pararamtan at pahihiyasan cung Domingo,t, fiesta. Ang canilang catauoan lamang, ay siyang pacalilini,t, pacabubutihin. Ang canilang catauoan lamang, ay siyang pacacanin at pabubusugin. At sa catagang uica,i, ang canilang catauoan lamang, ay siyang inaalagaan nila nang puspos na casipagan, at ang canilang caloloua,i, siyang pinababayaang nila,t, hindi inaalumana.

Caya may saquit man ang canilang caloloua, at punong-puno man nang mang'a casalanan, ay hindi guinagamot nila

nang magaling na pagcocompial at pagcocomulgar, ó nang magaling na pagsisisi at pagtiticang di na sila magcacasalang muli. Magutum man ang canilang caloloua, ay dili pacacain nang mangá mararapat na gaua, nang pagsisimba baga, nang pananalangin, nang paquiquinig nang sermon, at nang pag-gaua nang ibang gauang cabanalan. Hubo,t, hubad man ang canilang caloloua nang mahal na gracia nang Dios, ay dili isaman pararamtan nila,t, pahihiyasan nang magaling na damit nang mangá cabanalang gaua, cundi lalong-lalong sisirain nila,t, dudumihan at susugatan pa nang ibang bagong casalanan cung mangá Domingo,t, fiestang pangilin.

Ang ganitong mangá cristiano, na nacalilimot sa canilang caloloua cung Domingo,t, fiesta, ay pinaghihinanactan at pinangangaralan ni Poon San Juan Crisóstomo, na ang uica:— Cundi ca marunong, tauo cang cristiano, cundi marunong magpacamahala sa caloloua mo na para nang dapat; cung ayao mong palaloin ang caloloua mo sa iyong catauoan, ay ipatay mo man lamang. Sa macatouid: ay alagaan mo ang caloloua mo, para man lamang nang pag-aalaga mo sa catauoan mo; alagaan mo ang caloloua mo, para man lamang nang pag-aalaga mo sa caban ó suclobang pinag-iingat mo nang mangá hiyas ó salapi; alagaan mo ang caloloua mo para man lamang nang pag-aalaga mo sa buslong pinagsisidlan mo nang ipacacain sa iyong mangá hayop.

¿Mangyayari baga, na ang catauoan mong lupa,t, hamaac na putic, ay siya mong pacamahalin, at ang caloloua mong anac nang Dios, na sucat magmana nang caniyang mangá cayamanan sa langit, ay siya mong pahahamacan, pauualang halaga,t, pababayaan? ¡Oh caol-olan sa dilang caol-olan!

¡Cung may damdam ang catauoan mo, ay guinagamot mo agad; cung marumi ang paa mo,i, hinuhugasan mo tu-

loy; cung punit ang damit mo, ay tinatagpian mong madali!
;Ay baquit ang caloloua mo, may damdam man, marumi man
at punong-puno man nang casalanan ay pababayaan mo,t,
pahahamacan? ;Oh caol-olan sa dilang caol-olan!

Ganito ang paghihinanaquit at ang pagcahabag ni Poon
San Juan Crisóstomo sa mangá tauong cristianong nasasacu-
pan niya; at ito ring paghihinanaquit na ito,i, siya co na-
mang sucat itapat sa caramihang cristianong nasasacupan co,
na sa mangá lingo,t, fiesta, ay hindi lamang hindi guina-
gamot at linilinis ang canilang caloloua, cundi sinasactan
pa nila,i, dinudumihan nang maraming casalanan, nang di
pagsisimba baga, nang pagsusugal, nang paglalasing at nang
iba pang lubhang marami.

Ay ano, ;di co baga sucat paghinanactan at cahaba-
gan yaong mangá tauo, na ang pinaquiqualaman nila, cung
Domingo at fiesta, ay ang canilang sasabungin lamang na
natatali sa bahay, ay pagtugtog nang Misa, ay doon na ipa-
nanaog nila sa calzada, at hahagurin nang hahagurin, at
pag-uulot-ulotin, at bibituan pa, at gayon nang gayon ang
canilang gagauin hangang di matapos ang Misa?

;Di co sucat paghinanactan at cahabagan ang maraming
tauo, babayi,t, lalaqui, na pagtugtog nang Misa,i, siyang
paglabas nila sa bahay at pasailog, at maliligo, may dili-dili
man ang canilang loob, cung aabutan nila ang Misa ó dili
caya?

;Di co sucat paghinanactan at cahabagan yaong mangá
tauo, na sa umaga nang Domingo,t, fiesta, bago magmisa,
ay lalacad na sa pagbili ó sa paghango nang ititinda nila,
ó magluluto caya,t, maghahanda nang canilang ilalaco, ta-
lastas man nilang di aabutan ang Misa?

;Di co sucat paghinanactan at cahabagan pa ang mara-
ming taga rito, na pagtugtog nang Misa, cung Domingo

ay lululan sa bangca,t, mamamandao, matanto man nila, na di mangyaring di maliban sa pasisimba sa gayong arao?

Di co sucat paghinactan at cahabagan ang ibang tauo, na sa arao nang Sábado ay aahon sa bundoc, na may casa-mang aso, at doon sa arao nang lingo,i, mangangaso nang mahabang oras, na di nila inaalaala ang Panginoon Dios, di nila inaalumana ang pagsisimba, at ang mangá asong canilang quinatotouaan ay ga pinauuna nila,t, pinalalalo sa canilang caloloua?

Mag-ingat at matacot ang tauong cristianong di nagsisimba sa mangá arao na pangilin, at maca sacali,t, siya,i, tamaan nang malaquing parusa nang Panginoon Dios, dito man sa buhay na ito, para nang mariringig ninyo dini sa isusunod cong salita.

Mayroon, dao, isang maguinoong Caballero, na mauilihin sa pangangaso, at malimuting totoo sa caniyang caloloua: Ang boong arao nang lingo,t, fiestang pangilin, ay guinugul nitong Caballero sa pangangaso, na di niya inaalumana ang pagsisimba, at di naman gumagava siya nang ano-ano-mang sucat icagaling nang caniyang caloloua.

Madalas na madalas na sinasauay itong Caballero nang caniyang asaua nang pangangaso niya,t, nang di pagsisimba niya cung Domingo,t, fiesta, datapoua,t, hindi siya napasasauay at hindi rin pinaquiquingan niya ang mabuting aral nang caniyang asaua, cundi bagcus ay nagbibingi-bingihan siya sa dilang magagaling at sa mangá pagtauag nang Panginoon Dios sa caniya. Subali,t, hindi nalauen at naratan siya nang isang catacot-tacot na purusa nang Panginoon Dios sa caniya.

Buntis ang caniyang asaua, at niyong cabuanan na,t, cagampang totoo, ay umahon sa bundoc itong Caballero sa isang arao nang lingo, na hindi nagsimba, at nangaso

siya doon niyong boong maghapong yaon.

Samantalang nangangaso siya,t, nagsasaya doon sa bundoc, ay nanganac ang caniyang asaua, at ang ipinanganac ay isang sangol, na ang ulo,i, parang aso, at catulad mandin nang isang asong ipinanganaso nang naturang Caballero.

Sa maquita nang babayi ang caniyang ipinanganac, ay natilihan siya,t, nalumbay na totoo; at dala nang malaquing hiya niya sa manga tauo, ay ipinabaon niyang agad ang caniyang anac sa silong nang bahay.

Pagdating nang Caballero nang dacong hapon ay inusisa niya sa asaua, cung saan naroroon ang caniyang ipinanganac.—Ay auan, ang sagot nang babayi.—Sabihin mo sa aquin ang totoo, ang uica nang Caballero, at cung hindi ay papatayin quita nitong taglay cong espada.

Sa malaquing tacot nang babayi, ay ipinahango niya sa baunan ang caniyang anac, ipinaquita sa Caballero, at ang uica.—Na ito na ang aqing ipinanganac, na catacot,tacot panoorin; tingnan mo,t, pagmasdang maigui, at pacaisipin mo sa iyong loob, cundi malaquing parusa ito nang Panginoon Dios sa iyo, dahilan sa masama mong pangingilin, at sa di mo pagsisimba sa manga arao na ipinag-uutos nang Panginoon Dios at nang santa Iglesia.

Nagulumihanang totoo ang Caballero nang maquita nang caniyang mata ang nangyaring ito at pinagsisihan niyang ma-saquit ang caniyang manga casalanan, at magmula niyon, ay hindi na siya sumala sa pagsisimba cung Domingo,t, fiesta.

Caya, manga capatid co, gunamgunamin ninyo sa loob itong salitang ito, at upang siyang icadala nang maraming cristianong catulad nang naturang Caballero, na, sa manga arao na pangilin ay hindi sila nagsisimba, hindi sila gumagana nang anomang magaling na icabubuti nang canilang caloloua, at hindi man inaalaala nila ang Panginoon Dios,

Malaquing totoo ang paquinabang na quinacamtan nang cristiano sa pagsisimba, at lalo na, cung ang caniyang simba, ay ipinatutungcol niya sa mangá caloloua sa purgatorio, na nasasalatan nang tulong natin, at ualang lalong sucat ica-guinhausa nila sa canilang lagay, para nang sila,i, ipagsimba natin.

At cung cayo,i, may magandang loob sa inyong mangá magulang na nangamatay na, ay catouran ang ipagsimba ninyo silang madalas, na siyang maguing parang ganti ninyo sa magaling na pag-aalaga nila sa inyo nang sila,i, nabubuhay pa.

Houag raman macalimot ang asaua sa caniyang asaua, ang capatid sa caniyang capatid, ang catoto sa caniyang catoto, ang camag-anac sa caniyang camag-anac, na nangamatay na, cundi bagcus, ay magsaquit cayong magsimba, hindi lamang cung lingo,t, fiesta, cundi arao-arao, at ipatungcol ninyo ang inyong simba sa mangá calolouang nahihirapan sa purgatorio, at asahan ninyo, na cayo nama,i, gagantihin nang Panginoon Dios nang malaquing ganti dito man sa buhay na ito, at doon sa cabilang buhay. Siya naua.



na ti
?
guina
casul
man
at a
dilan
capo
Siya,
sasag
Dios
at sa
(
noon
ilag
fugia

Plática 6.^a del tercer precepto.

SOBRE EL RESPETO Á LOS TEMPLOS.

Ang isa pang aral, na napapalamán sa icatlong utos nang Dios, ay ang catungculan nating magpacagalang sa mangá Templo, sa mangá simbahan baga, palibhasa,i, ang mangá simbahan ay siyang bucod na bucod na tinatahanan nang Panginoon Dios.

Totoo nga na ang Panginoon Dios ay nasasalihat na guinawa niya. Siya,i, nasasabahay ninyo, cahima,t, sa mangá casuloc-sulucan, at caya,i, hindi cayo nacagagaua nang anoman doon, na di niya maquita. Siya,i, nasasatindahan ninyo, at ang dilang inyong pagdaraya, sa capoua ninyo tauo, ang dilang casinungalingan, pag-uupasala,t, panlilibac ninyo sa capoua tauo ay para-parang naquiquita,t, nariringig niya. Siya,i, nasasabuquid ninyo, nasasaparang, nasasabundoc, nasasagubat, nasasadagat, at sa catagang uica: ang Panginoon Dios ay naroroon sa tinatahanan ninyo,t, linalacarang lugar, at sa mangá pinatutunguhan ninyo.

Caya ang uica nang Santong Haring si David:—Panginoon cong Dios, aniya, ipaano baga ang paglayo co,t, pagilag sa iyo at sa mahal morog muc-ha?.... *et quo á facie tua fugiam?* Cung aco, ang uica rin nang Santong Hari, cung

aco,i, umaquiat sa langit, ay doon ca naroroon. *Si ascendero in caelum, tu illic es.* Cung aco nama,i, manaog sa inferno. ay naroroon ca rin. *Si descendero in infernum, ades.....* At cung iuan co nang lihim ang aquing bahay, at aco,i, magtanan at pasa cabilang ibayo nang dagat, at doon aco tumahan, ay doon man maquiquita mo rin aco, at pipiguilin mo aco nang canan mong camay. *Si sumpsero pennas meas diluculo, et habitabero in extremis maris. Etemim illuc..... tenebit me dextera tua.* (1)

Datapoua,t, bagaman ang Panginoon Dios ay nasasalaha na guinaua niya, ay ang mangá simbahan ó templo na may Santísimo, at ang langit ay siyang totoong quinalalaguan nang caniyang luclucan, siyang quinatitirahan niyang bahay.

Parang bahay manding sarili nang Panginoon Dios ang mangá simbahang may Santísimo, at silang dapat ninyong igalang nang lubos na pag-galang, palibhasa,i, naririto sa simbahan ang ating Panginoong Jesucristong buhay na buhay at naririto rin ang lahat na quinacailangan ninyo, nang mapacagaling sa langit ang inyong caloloua.

Dito nga naririto ang bucal na binubucalan niyong malinao na tubig na ibinibinyag sa inyo, at nagcacaloob sa inyo nang capatawaran sa casalanang original, yaon bagang casalanang minana natin cay Adan, at nagcacaloob pa nang mahal at cauna-unahang gracia

Naririto rin ang tribunal nang penitencia, na nagpapatuad sa inyo nang inyong mangá casalanan, at nagsasanti pa sa inyo niyon ding unang graciang sinabi co, cung бага,i, nauala sa inyo dahilan sa pagcacasala ninyo; at miminsanin cong sabihin.

Naririto sa simbahan ang camahalmahalan at cataas-taasang Sacramento sa Altar, na quinatitirahang palagui nang

(1) Ps. CXXXVIII, v. 7 y siguientes.

Anac nang Dios, na si Jesucristong Panginoon natin, na sinasamba nang sangcalangitan, quinatatacutan nang sang-infierno, at iguinagalang nang mangá Demonio di man cusa nang canilang loob; linuluhuran nang lahat nang mababait na cristiano, at sinasamaha,t, pinaglilingcoran at pinag-aauitang ualang licat nang mangá Angeles at Arcángeles, nang mangá Querubines at Serafines.

Caya alang-alang man lamang sa mangá Angeles na nagsisilbi sa canilang Dios at Panginoon sa loob nang simbahan, ay dapat ninyong igalang nang puspos na galang itong mangá lugar na ito.

Ay ano, mangá capatid co; ¿cung maquita ninyo nang inyong sariling mata ang dami,t, capal nang mangá Angeles na naglilingcod sa canilang Hari,t, Panginoon, ay di baga lalaquí at lalalo sa dati ang pag-galang ninyo sa mangá simbahan? Seguro,i, ganoon n̄ga. Diyata,i, maniuala cayo, na cahima,t, di ninyo naquiquita, ay macapal n̄gang totoo ang mangá Angeles na sumasama,t, naglilingcod sa Panginoon Dios dito sa mangá templo ó simbhang tinitirahan niya.

Si Poon San Juan Crisóstomo ay siyang pinagcaloobang madalas nang Panginoon Dios nitong capalarang ito, ang pagcaquita niya baga sa sariling mata nang simbhang punung-puno nang mangá Angeles, na nagsisilbi sa ating Dios at Panginoon. Itong capalarang ito,i, quinacamtan nang Santo sa oras nang caniyang pagmimisa, at doon sa oras na yao,i, ipinaquiquita nang Panginoon Dios sa caniya ang maraming Angeles, na ang suot ay damit na maputi na parang busilac, at lumilibot-libot sa altar na pinagmimisahan niya, at sinasamba nila nang lubos na pag-galang ang canilang Dios at Panginoon, at ipinanalangin pa nila ang mangá tauong naroroon sa loob nang simbahan.

Caya, ang manġa tauong pasa sa simbahan, sa pag-simba, sa pagdarasal, ó sa pananalangin, ay dapat na pumasoc sila doon nang puspos na galang: at pag naroon na sa loob nang simbahan, ay dapat na magpacahusay sila nang tayó nang catauoan, na houag bagang cumilos nang masamang quilos, at dapat na magpacahusay sila nang canilang loob at piguilin pa nila, na houag bagang pagala-galain nila, t, palipad-liparin sa manġa bagay-bagay na di ucol sa pag-galang at pagbibigay puri sa Panginoon Dios, at sa paghingí nang aua sa caniya.

Cung cayo, sa halimbaua, cung cayo, i, pasa sa palacio nang Hari, sa palacio caya nang Capítang General, sa manġa Alcaldia man lamang, at sa manġa Comandancia at manġa Juzgado, ġay ano caya ang inyong gagauin?... Aco na ang sasagot, at sasabihin co, di co man naquiquita, ang lahat na gagauin ninyo, cung magcataon. Cayo, i, maquinig.

Ang una-unang gagauin ninyo bago cayo humarap sa Hari, ó sa Capítang General, ó sa ibang manġa tauong tinurang co, ay maghahanda cayo nang damit na isusuot ninyo; at tuloy usisain ninyo sa manġa nacacaalam, cung ano, t, ano ang dapat ninyong uicain, cung ano, t, ano ang dapat ninyong gauin; cung ano, t, ano cayang quilos at tayo nang catauoan ang dapat ninyong ipaquita sa camahalan ninyong manġa tauo; at iisipin pa ninyo sa inyong sarili ang lahat na dapat gauin.

Nġayon, pagpasoc ninyo sa silong nang canilang bahay, ay huhusayin ninyo nang panibago ang inyong damit, lalacad cayo nang banayad na banayad, at pag-iiguihin ninyo ang quilos, at pagharap ninyo sa canila, i, mag-aanyo cayong mababang-mababa, itutunġo ninyo ang ulo, t, mata, at ipahahayag sa canila ang inyong carainġan nang boong capa-

cumbabaan, na ualang caquilos-quilos ang inyong catauoan, at ualang calingos-lingos ang inyong mata.

Ito nga,i, sigurong-siguro, ang aasali,t, gagauin ninyo, cung magcataong cayo,i, haharap sa Hari, sa Capitang General, at sa ibang sinabi cong tauo.

Hindi co pinipintasan itong gagauin ninyong ito, cundi bageus ay pinupuri co, sapagca,t, siyang nauucol sa camahalan nila. Subali,t, manga capatid co, cung ito ang inyong gagauin at ugaliiin sa isang Hari, sa isang Capitang General, sa isang Alcalde, sa isang Comandante, sa isang Juez; jay ano caya ang dapat ninyong gaui,t, ugaliiin sa pagparito ninyo,t, pagpasoc sa simbahan, at sa pagharap ninyo sa Hari nang manga Hari, sa Capitang General nang manga Capitang General, sa Alcalde nang manga Alcalde, sa Comandante nang manga Comandante, sa Juez nang manga Juez, sa ating Dios бага at Panginoon nang lahat?... Cayo na ang mag-isip, manga capatid co, cayo na ang magsabi, cayo na ang sumagot...

Ang sasabihin co lamang sa inyo, na si Jesucristong Dios na totoo at tauo namang totoo, dala nang malaquing aua,t, sinta niya sa atin, ay naririyang nga sa Santisimo Sacramento sa altar, boong-boo at buhay na buhay, para бага nang pagcalagay niya sa langit; at cung caya di natin naquiquita,i, sapagca,t, cusang nagtatago siya sa caliitan nang Hostia, nang houag tayong matacot sa caniyang cataasan.

Pacaisipin ninyo ngayon, manga capatid co, cundi malaquing pagpapahamac at pagpapalamara sa Panginoon Dios at sa manga Angeles na casama niya, ang guinagaua nang maraming tauo, na pumaparoon at pumapasoc sa manga simbahan, para nang pagparoon at pagpasoc nila sa manga tindahan nang alac, na ualang gayac ang catauoan at ualang gayac ang loob,

Pacaisipin ninyo, cundi cahalay-halay sa Panginoon Dios at sa mang̃a Angeles, ang guinagaua nang maraming tauo, na pumapasoc sa simbahan, datapoua,t, ang canilang-canilang catauoan lamang ang nasasasimbahan, at ang canilang loob ay nasasaibang lugar; ang canilang catauoan ay nasasasimbahan, at ang canilang panimdim ay nasasa mang̃a lamang bayan; ang canilang catauoan ay nasasasimbahan, at ang canilang pagnanasa,i, nasasaari nang iba; nasasa mang̃a calayauan at catouaan nang mundo; nasasa mang̃a capalalooa,t, caparangalanan; ang canilang catauoan lamang, na naquiquita nang tauo, ay siyang nasasasimbahan, at ang canilang loob, na naquiquita nang Panginoon Dios at nang mang̃a Angeles na caharap, ay siyang nasasacatanimang tauong ibig nilang panghigantihan, ó nasasamali-bog na tauong dati nilang quinatitisan, ó nasasamumunting ari-arian, na cacanin nang ouod at iiuan din nila balang arao, di man cusa nang canilang loob.

Caya, quilalanin ninyo, mang̃a capatid co, ang camahalan nang mang̃a simbahang tinatahanan nang Panginoon Dios at nang mang̃a Angeles, at mula ngayon, ay pumasoc cayo nang boong galang dito sa mang̃a lugar na ito. At palibhasa,i, pinahamacan ninyo silang madalas nang inyong masasamang panimdim, gaua,t, uica, dito rin sa loob nang canilang bahay, ay huming̃i cayong tauad sa canila, at magtica cayong di na gagauang uli nang ganoon.

At sa catapusan, ay pacatandaan ninyong maigui itong sabi ni Poon San Ambrosio, na ang uica:—Ang tauong nag-iisip at nagninilay-nilay sa loob nang simbahan, na siya,i, may caharap na maraming Angeles, na nacaquiquita nang caniyang mang̃a gaua,t, panimdim, ay di mangyayaring di magpacahusay, at uala siyang gagauing iba, cundi ang lalong tapat

sa Dios, ang icagagaling nang caniyang caloloua, at ang icasasapit niya sa totoong caloualhatian sa langit, na siya cong ninanasa sa ating lahat. Siya naua.



CUARTO MANDAMIENTO.

Plática 1.^a del cuarto precepto.

Honora patrem tuum et matrem tuam..... *Exod. cap. XX, v. 12.*



Naalaman ninyong dati, na ang utos nang Dios ay sampuo; at naalaman din ninyo, na ang tatlong nauunang utos ay nauucol sa pagpupuri sa Panginoon Dios, at ang pitong nahuhuli ay nauucol sa ating capoua tauo.

Ang aral, na nasasaclao sa tatlong nauunang utos nang Dios, ay sinaysay co na sa inyo nang mangá lingong nagdaan; caya sasapulan co ngayon ang pagsaysay nang cahulugan nang pitong nahuhuli, Paqingan ninyo.

Ang caunaunahang utos na nauucol sa ating capoua tauo, na, cung sa bilang ay siya ang icapat na utos nang Panginoon Dios, ay yari:—*Honora patrem tuum et matrem tuam*, sa macatouid: igalang mo ang iyong ama,t, ang iyong ina.

Malinao na malinao itong utos na ito; subali,t, nang matalastas ninyong maigui, ay sasabihin co sa inyo, na diyan sa utos na iyan, ay hindi lamang nasasaclao ang pag-galang natin sa magulang, cundi pa naman ang pagsunod natin, pamimintuho, pag-aalila,t, paglilingcod sa canila.

Sasabihin co naman sa inyo, na diyan sa utos na iyan, ay nasasacloao rin ang pag-galang natin sa mang̃a matatanda sa atin, sa mang̃a Sacerdote at sa mang̃a Puno; na cung sa bagay, ay para ring magulang natin silang lahat. At ito ang catibayan nang mang̃a sinasalita co.

Ang pag-galang sa mang̃a matatanda sa atin, ay iniuutos nang Panginoon Dios sa atin, doon sa Santong Sulat, na ang uica:—*Coram cano capite consurge, et honora personam senis.....* (1) sa macatouid: tumindig ca sa harap nang mang̃a maputi na ang ulo, at igalang mo ang matandang tauo. At caya gayon ang utos at bilin nang Panginoon Dios sa atin, sapagca,t, sucat acalain nang lahat, na ang catandaan ay sinasamahan nang carununga,t, cabaitan at nang iba pang magandang ugali, na dapat igalang nang mang̃a tauong bata pa.

Catouriran ding igalang nating parang magulang ang mang̃a Sacerdote, at sila n̄ga ang mang̃a cahalili nang Dios dito sa lupa, at sila rin ang pinagcacautang̃an natin nang dilang icapapacagaling natin sa langit. Sila n̄ga,i, dapat pag-pitaganan, at caalang-alang̃anan nang sino,t, sinoman, nang puspos na galang, sa harap man, cung sa licod nila, ayon sa bilin at utos nang Panginoon Dios sa ating lahat. Hindi rin dapat pintasan sila,t, pagtauanan, ó pag-uupasalaan caya nang mang̃a icasisira nang canilang puri, sapagca,t, ito,i, maguiguing casalanan sa harap nang Panginoon Dios, na ang ibig, ay houag hucuman ang caniyang mang̃a cahalili nang sinoman, liban sa mang̃a mahal at mataas na Puno nila; caya ang uica nang Dios din sa Santong Sulat:—*Nolite tangere christos meos*, (2) sa macatouid: houag ninyong hipuin ang aquing mang̃a Sacerdote.

Dapat namang igalang natin ang mang̃a Hari, ang ma-

(1) Levit. cap. XIX, v̄. 32.—(2) Ps. CIV, v̄. 15.

n̄ga Príncipe, ang man̄ga Capitang General, ang man̄ga Gobernador, ang man̄ga Alcalde, ang man̄ga Juez, ang man̄ga Capitang may varas, at ang ibang man̄ga Puno,t, man̄ga Justicia, sapagca,t, itong lahat ay binibiguan nang Panginoon Dios nang capangyarihan sa pagpapasunod sa atin sa magaling, caya ang uica nang Dios din..... *Non est enim potestas nisi á Deo:.....* (1) sa macatouid: ualang may capangyarihan, cundi ang Panginoon Dios ay siya ang magbigay.

Itong man̄ga Puno, ay sila n̄ga ang may catungculang magturo sa atin nang magaling, at sila rin ang may catungculang magbantay at mag-usisa cung mayroong man̄ga palagulo, man̄ga lasing, man̄ga sugarol, man̄ga magnanacao, man̄ga di nagsisimba cung Domingo,t, fiestang pangilin, man̄ga di nagcocompisa cung cuaresma, at man̄ga may iba,t, ibang man̄ga masasamang vicio,t, ugali; at cung sacali,t, mayroon, ay catungculan nilang pilit sirain at pagbaualan itong man̄ga casalanang ito, alinsunod sa cabagsicang ipinagcaloob nang Panginoon Dios sa canila, at tayo nama,i, may catungculang sumunod nang balang utos nila, cung matouid at tapat sa Dios.

Datapoua,t, malaqui man ang catungculan nating igalang ang lahat na tinuran cong tauo, ay hindi maipapara sa catungculan nating igalang at ibiguin ang sariling magulang natin, ang ating ama,t, ina baga, sapagca,t, itong pag-galang at pag-ibig sa man̄ga magulang, ay hindi inuugali lamang nang man̄ga cristiano, alinsunod sa utos nang Panginoon Dios sa canila, cundi siya rin ang inuugali nang lahat nang man̄ga tauong nangabubuhay dito sa ibabao nang lupa, maguing Aeta,t, Moros man, at hindi binyagan.

Tauong hindi binyagan yaong si Séneca, at gayon man.

(1) Rom. cap. XIII, v. 1.

ay isinulat niya sa mangá librong caniyang quinat-ha, na, sa lahat nang catungculan nang tauo, ay ualang maipara sa catungculan nating igalang, purihin at ibiguin ang ating mangá magulang.

Tauo ring hindi binyagan si Socratés, at gayon ma,i, nagsasalita nang ganito:—¿Ano cayáng pagcaibig ang maipapara sa pag-ibig nang isang ina sa caniyang anac? ¿Ang pagtataguri oras-oras nang ina sa caniyang anac! ¿Ang pagcapuyat niya, cung gabi, at ang casipagan niya, cung arao, sa pag-aalila nang caniyang anac! ¿Ang masaquit na capagalan niya, sa paghanap nang ipacacain, at nang ipadadamit sa anac! ¿Ang capighatian, calumbayan at pagbabalisa nang loob niya, cung magcaramdam siya,t, nauaualan ó quinuculang caya nang gatas sa pagpapasuso sa anac! Caya, itong lahat nang ito, at ang iba pang maraming-marami, ang uica ni Socratés, ay pauang naguiguing utang na loob natin sa ating mangá magulang, at siyang nacasusulong sa atin sa pag-ibig, sa pagpupuri,t, sa pag-galang sa canila.

Tunay nga, mangá capatid co, na ang catungculan nating ibiguin at igalang ang ating magugulang ay malaquing totoo. At tunay rin, na ang anac, na di umiibig at gumagalang sa caniyang mangá magugulang para nang dapat, ay ga nauaualaan siya nang caniyang pagca-anac.

Ito,i, totoong-totoo, sapagca,t, ang ating mangá magulang, ay sila, (liban sa Dios), ang pinagcacautangan natin nang lahat nang bagay, maguing sa catauoan, maguing sa caloloua. At nang matalastas ninyong maigui itong catotoohanang ito,i, pagmasdan ninyo, ngayong cayo,i, may bait na, ang mangá cahirapan at capagurang tinitiis nang mangá magulang sa pag-aalila,t, pagpapalaqui sa canilang mangá anac. Pagmasdan ninyo ang canilang capighatian, ang canilang pag-iiyac, ang canilang pagpupuyat cung magcasa-

quit ang canilang anac. Pagmasdan ninyo ang iba,t, iba pang ganitong tinitis at dinadalita nang mangá magulang sa pag-aalaga sa atin, at sabihin ninyong tuloy, cung dapat turan at ipangalang anac ang anac, na di marunong umibig at gumalang sa caniyang ama,t, ina.

Caya, mangá capatid co, ipalamán ninyo sa loob, at pacatandaan ninyong maigui itong caunting aral, na ipinag-sesermon co sa inyo ngayon. At cung sacali,t, cayo,i, nag-palamara,t, tumampalasan sa inyong ama,t, ina: cung sacali,t, di ninyo iguinagalang sila,t, iniibig na para nang dapat: cung sacali,t, pinagtungayauan ninyo sila,t, minura ó pinag-uicaan caya nang masama, ay pagsisihan ninyo ang lahat nang iyan, at magpumilit cayong magbago nang dating asal ninyo sa canila. At mag-ingat din cayo, sapagca,t, ang anac na palamara sa magulang, ang cadalasa,i, hindi nagcacapalad nang mabuting palad, dito man sa buhay na ito, at doon man sa buhay na ualang hangan.

Tamang-tama dito sa aquing iniaaral sa inyo ang sinasalita nang mangá lumang historia. Mayroon, dao, dalauang magcapatid, na ang ngalan nila,i, si Cleovis at si Biton, na capoua,i, hindi binyagan. Ang ina nitong magcapatid, ay Sacerdotisa, na may mangá catungculang tutuparin doon sa isang bahay na sinasambahan nang mangá tauo sa canilang mangá dios-diosang hamac, at sa ualang cabayong macahihila nang carruajeng paglululanan nang canilang ina, ay sila nang dalauang magcapatid ang humila niyon, at inihatid ang canilang ina doon sa paroroonang bahay ó simbahan.

Itong mabuting halimbaua nang pag-ibig at pag-galang niyong dalauang magcapatid sa canilang ina, cahima,t, sila,i, para-parang hindi binyagan, ay siyang dapat ninyong tularan bagay sa pag-ibig ninyo,t, pag-galang sa inyong

manga magulang. At asahan ninyo, na cung tapat ang inyong pag-ibig at pag-galang sa inyong ama,t, ina, ay iibigin din cayo nang Panginoon Dios, at gagantihin pa niya nang malaquing ganti dito man sa lupa, ó di man caya dito sa lupa, ay doon sa langit.

¡Cahimanauari ay maguing dapat tayong lahat na magcamit nang buhay na ualang hangan sa langit! Siya naua.



Plática 2.^a del cuarto precepto.



SOBRE LA OBEDIENCIA Y OTROS DEBERES DE LOS HIJOS
PARA CON LOS PADRES.

Malaquing totoo ang catungculan nating umibig at gumalang sa ating ama,t, ina, para nang sinaysay co sa inyo nang isang lingo. Datapoua,t, mauaualang cabuluhan ang gayong pag-ibig at ang gayong pag-galang, cundi langcapan nang mabubuti at caucol na gaua; cundi бага samahan nang magaling na pagsunod natin sa mangá utos nilang matotouid at nang magaling na paglilingcod at pag-aalila natin sa canila, cung sila,i, naghihirap at nasasalatan.

Uica nãa nang Dios Espiritu Santo:—*In opere et sermone et omni patientia honora patrem tuum.* (1) Sa macatouid: igalang mo ang iyong ama, sa uica,t, sa gaua, at tiisin mo ang caniyang mangá caculangán.

Caya, ang mangá anac na hindi nagsusumaquit sumunod sa magulang; ang mangá anac na nagdadahilan nang balang cabulaanan, ó nagsasaquit-saquitan caya, nang houag silang mautusan; ang mangá anac na dumadabog-dabog, umiingos-ingos, ó nagmamato-mato caya, cung sila,i, utusan nang ma-

(1) Eccli. cap. III. §. 9.

nga magulang nang manga matouid at cailangan. Itong lahat na ito,i, nagcacasala sa Panginoon Dios.

Madalas na madalas na ipinagtatagubilin at iniuutos sa atin nang Santong Sulat ang pagsunod nati,t, paglilingcod sa magulang. Ang calahating mahiguit nang icatlong capitulo nang Eclesiastico,i, nauucol dito lamang sa catungculan nating ito. Madalas namang pinagbabalaan nang Santong Sulat nang manga sarisaring parusa ang manga anac na tumatampalasan sa canilang magulang. Subali,t, palibhasa,i, mapapacahabang totoo itong aquing plastica, cung sabihin co ngayon ang lahat, ay ilan lamang ang aquing turingan.

Si Poon San Pablo, doon sa mahal na surat niya sa manga taga Efeso,i, nagsasalita nang gayon:—*Filii, obedite parentibus vestris in Domino..... Honora patrem tuum et matrem tuam..... Ut bene sit tibi, et sis longævus super terram.* (1) Sa macatouid: manga anac co,i, sundin ninyo, alang-alang sa Dios na Panginoon natin, ang matotouid na utos at aral sa inyo nang inyong manga magulang, sapagca,t, ang pagsunod ninyo sa canila, ay catampatang totoo. Igalang ninyo sila,t, pamintuhoan at pagsilbihan nang tapat, nang mapasa inyo ang manga pangaco nang Panginoon Dios, nang macamtan ninyo ang magandang capalaran, at nang mabuhay cayo nang mahabang arao dito sa ibabao nang lupa.

Bagay dito sa catungculan nating sumunod at mag-alila sa ating manga magulang, ay mayroon sa Santong Sulat isang mabuting halimbaua, na dapat nating gayahan.

Si José anac ni Jacob ay siyang catiuala nang Haring si Faraon. Ang mataas na calagaya,t, carangalan ni José,i, ualang capara. Ang capangyarihan niya sa boong caharian nang Egipto ay malaquing totoo, palibhasa,i, siya nga ang

(1) Ephs. cap. VI, v. 1, 2 et 3.

icalaua nang Hari doon sa cahariang yaon. Ang lahat nang taga Egipto,i, tumutunĝo at nagsisiluhod sa harap niya. Ang balang gusto,t, calooban ni José, ay ipinasusunod agad nang Hari sa manĝa sacop niya.

Datapoua,t, ganito mang calaqui ang cataasan, caranĝala,t, capangyarihan ni José sa cahariang yaon, ay hindi rin nalimutan niya,t, tinalicuran ang caniyang amang tauong mahirap, cundi bagcus nang mabalitaan niya, na ang caniyang ama,i, pasasa Egipto, ay ipinagayac niyang agad ang carruaje, sinaquian at tumulac na siya sa pagsalubong sa caniyang ama. Pagcaquita ni José sa caniyang ama, ay lumungsad siyang madali sa carruaje, at niyacap niyang madalas na madalas ang caniyang ama, at napaiyac pa siya nang malaquing pagcatoua. Bucod dito,i, ang lahat nang bilin at utos ni Jacob cay José, ay sinunod niyang lahat nang magandang loob.

Itong magaling na gaua ni José sa caniyang ama, ay siyang dapat pag-aralan at sundin nang lahat na manĝa anac tungcol sa canilang manĝa magulang.

Caya houag ninyong tularan iyang manĝa anac, na, capag sila,i, may asaua na, at lalong-lalo, cung maigui-igui ang canilang pagcabuhay, ay nagpapalalo na sila, at pinababayaan nila,t, tinatalicuran ang canilang manĝa magulang. Hindi lamang di pahahatol sila sa canilang matanda, cundi pa nama,i, hindi inaalagaan, at hindi man pacacanin nila ang canilang magulang, mamatay man sila nang gutom; at bucod dito,i, hindi rin sinusunod at tinutupad nila ang manĝa utos at bilin sa canila nang canilang ama,t, ina, cung sila,i, may saquit na malubha,t, mamamatay na.

¡Malaquing capalamarahan ito, na di masilid-silid sa loob nang isang mabait na anac! Ang Dios Espiritu Santo,i, nagsasalita sa Santong Sulat nang gayon:—*¡Quam male fama*

est, qui derelinquit patrem!.... et est maledictus à Deo, qui exasperat matrem. (1) Sa macatouid: ualang puri munti man ang mang̃a anac na tumatalicod, nagpapahamac at nagpapau-baya sa ama, at sinusumpa nang Panginoon Dios, ang mang̃a auac, na nagbibigay galit sa ina.

Uica naman ni Poon San Pablo, na ang mang̃a anac, na tumatalicod sa magugulang at hindi nag-aalaga sa canila para nang dapat, ay uala silang pananampalataya sa Dios, at masasama pa sa hindi binyagan:—*Si quis autem suorum etc. etc.* (2)

At hindi lamang masama pa mang̃a hindi binyagan, cundi masama pa sa mang̃a hayop, sapagca,t, ayon sa uica ni Plinio,i, mayroong mang̃a hayop na nagsusustento at nag-aalaga sa canilang mang̃a magulang cung matatanda na. Ang mang̃a hayop, na ang ng̃ala,i, lirón, ang uica ng̃a ni Plinio, at gayon din ang ibang mang̃a ibon ay nagpapacain at nag-aalaga sa canilang mang̃a magugulang, cung matanda na sila,t, may saquit at mahina ang catauoan.

Sinasalita naman ni Poon San Ambrosio na ang mang̃a ibon, na ang pang̃ala,i, cigüeña, ay hindi lamang nagsusustento at nag-aalila sa canicanilang magulang, cung matanda na, cundi nama,i, sinusucuban pa nila nang canilang paepac at nang houag maguinao; at cung cailangang lumipat sa ibang lugar sa paghanap nang pagcabuhay, ay pinapasan nang maauaing anac ang canilang matanda, at inihahatid sa canilang paroroonan.

Itong mang̃a halimbawang ito,i, sucat macaguisang nang loob niyong m̃ga anac, na hindi lamang ang hindi na-aaua sa canilang mang̃a magulang na naghihirap at matanda na, cundi pinaglalaman pa, di pinacacain, at di pinararamtan, punit-punit man ang canilang damit, at madayucdoc man nang gutom. Ang ganitong mang̃a anac ay sinusumpa

(1) Eccli. cap. III. v. 18.—(2) 1.ª Tim. cap. V. v. 8.

nang Panginoon Dios nang ganoong catacot-tacot na sumpa:—
*Ang mata, anang Panginoon Dios, ang mata nang anac
na masouain, na nagpapahamac at nagpapalamara sa ma-
nnga magulang niya, ay luc-in nang manja ouac at lamunin
pa nang manja inacay nang Aguila. (1)*

Caya, manja capatid co, nang houag cayong sapitan nang gayong sumpa nang Panginoon Dios, ay pagpilitan ninyong sundin ang balang utos na matotouid na ipinag-utos nang manja magugulang sa inyo. Pacatandaan ninyong maigui itong uicang *utos na matotouid*, sapagca,t, cung di matouid ang utos, ay hindi catungculan ninyong sundin, maguing sino ang nag-utos sa inyo.

Alilain ninyo ang inyong ama,t, ina, alagaan at paglingcoran nang lubos na loob at nang boong macacayanan ninyo, alang-alang sa inyong mahigpit na catungculan, at alang-alang man lamang sa manja hirap at dalamhating tiniis nila sa pag-aalila,t, pag-aalaga sa inyo sapul nang pagcabata ninyo.

At sa catapusan, ay paqingan ninyo itong magandang salita, na pinulot co sa manja libro.

Doon sa Sicilia, sa Provincia nang Catania,i, mayroon, dao, dalauang magcapatid na hindi binyagan. Ang manja magulang nitong magcapatid ay mahihina,t, may saquit. Doon sa calapit nitong mag-anac ay mayroong isang malaquing volcan, na ang ngala,i, Etna.

Nagcataong pumutoc itong volcan; at nang maquita ninyong maauaing magcapatid ang capal at ningas nang apoy na umaagos at nangagaling sa volcan, ay pinasan nang isa ang caniyang ama, at pinangco naman nang isa ang caniyang ina, at itinacbo nilang dalauang magcapatid, nang di abutan nang apoy ang canilang manja magulang na masunog at mamatay.

(1) Prov. cap. XXX. j, 17.

Datapoua,t, mabilis man ang tacbo nila,i, inabutan din sila nang apoy; nguni,t, pagcalaqui-laqui nang aua nang Panginoon Dios sa mangā anac, na na-aaua sa canilang mangā magulang! Nang sila,i, abutan niyong capal at catacot-tacot na apoy, ay nauahi agad, sa pahintulot nang Panginoon Dios, ang apoy na yaon, at ang isa mang balahibo nang catauoan niyong mag-anac ay hindi naano.

Diyata, mangā capatid co, itong malaquing pag-ibig, itong malaquing pag-galang at itong malaquing aua niyong dalauang magcapatid na hindi binyagan sa canilang ama,t, ina, ay siyang dapat ninyong gayahan, at siyang dapat ninyong asalin sa inyong mangā magulang, nang cayo nama,i, caauaan nang Panginoon Dios, at pagcalooban nang buhay na ualang hangan sa langit. Siya naua.



Plática 3.^a del cuarto precepto.

SOBRE LA OBLIGACIÓN DE LOS PADRES DE EDUCAR Á SUS
HIJOS.

Ang ating Panginoon Dios, na nag-uutos sa mangá anac nang pag-ibig at pag-aalila nila sa mangá magulang; ay siya rin naman ang nag-uutos sa mangá magulang nang pag-ibig at pag-aalila nila sa mangá anac. lisa nãa ang catungculan nang mangá anac, at ang catungculan nang mangá magulang bagay sa pagcacaibigan nila,t, pag-aalagaan.

Doon sa mangá lingong nagdaan, ay sinaysay co na sa inyo ang catungculan nang mangá anac, na umiibig at mag-alila sa mangá magulang; at bagaman tila,i, nauocol na say-sayin co nãayon ang catungculan nang mangá magulang na umibig at mag-alila sa mangá anac, ay lilisanin co na, palibhasa,i, ualang mabait na magulang, na di tumupad nang catungculang ito; at ang ipahahayag co sa inyo nãayong oras na ito,i, ang mahigpit na catungculan nang mangá ama,t, inang umaral at magturo sa mangá anac, capagcabata nila, nang dasal at nang dilang aral at asal cristiano, na icapapagaling nila sa langit. Paquingan ninyo.

Naalaman co, na mayroong mangá ama,t, inang masisi-

pag at matatacutin sa Dios, na nagsasaquit magturo nang aral nang Dios sa canilang mangá anac, capagcabata nila, nang sila,i, magcaroon nang bait, at matutong cumilala, magpuri at matakot sa Dios na Panginoon natin.

Caya, catoua-toua manding paquingan, at caalio-alio tingnan, cung minsan, ang mangá maliliit na batang halos di pa umaangat sa lupa,t, halos di pa nacapanungusap, at marunong na sila nang pag-aatanda nang santa Cruz, nang Ama namin, nang Aba pó, nang Sumasampalataya aco, at nang iba pa. ¡Calugod-lugod nǵang paquingan ang pagcacautal-utal na pangungusap nitong mangá munting na bata, cung sila,i, nagdadasal nang mangá panalanging itinuturo sa canila nang magulang! ¡Calugod-lugod nǵang tingnan ang tayo,t, quilos nang canilang mata,t, catauoan, at ang canilang paghahaloquipquip sa harap nang iba, na tila sila,i, matatanda nang tauo!

¡Subali,t, itong inugali nang ibang mangá magulang sa canilang mangá anac, ay hindi sinusunod nang caramihang mangá ama,t, ina!

Ang caraniuang nangyayari ay ganito: inaalila nang mangá ama,t, ina at tinuturoan ang canilang mangá anac nang lahat na tungcol sa catauoan, nǵuni,t, pinababayaán nila ang pag-aral at pagtuturo sa mangá anac nang nangatutungcol sa caloloua. Caya, cung dito sa mangá magulang na ito,i, minamahal at minamabait na nila ang canilang mangá anac, cung sila,i, macaahon sa bundoc sa pangangahoy, ó sa pag-aalaga doon nang mangá calabao, baca ó iba cayang hayop. Pinupuri nilang lubha, sa harap nang ibang tauo, ang canilang mangá anac, cung sila,i, marunong nang tumauro sa bahay, at tumanod sa buquid ó sa cainǵin caya, at lalo pang lalo cung natutuhan na nang canilang anac ang pag-iguib, ang pagbayo, at ang iba pang mangá gaua sa bahay,

cahima,t, di sila marunong cumilala,t, matacot sa Panginoon Dios, na siyang punong pinagmumulan nang dilang carununga,t, cagalingan, cahima,t, di sila marunong nang anomang magaling na icapagcacabait nila,t, icapapasalangit nang canilang caloloua.

Caya, magsimba man, di man magsimba ang canilang mangã anac, cung Domingo,t, fiestang pinangingilinan: magcompisal man, di man magcompisal sila, cung cuaresma; mag-aral man, di man mag-aral sila nang dasal, ay ualang cabuluhan ang lahat nang ito sa ganoong mangã magulang. At masira man at mapacasama sa infiernong magpapasaulang hangan ang caloloua nang canilang anac, ay uala ring casaysayan sa mangã ganitong ama,t, ina. Cung ang canilang mangã anac ay marunong nang tumauro sa bahay, magalaga nang mangã hayop, mangãhoy, tumanod sa buquid at umiguib at magbayo, ay maigui na rao.

¡Ay mangã magulang! ¡Saan naroroon ang inyong bait? ¡Nasaan caya ang inyong tacot sa Panginoon Dios? ¡Di baga ang Panginoon Dios ay siya ang nagpapaalaga sa inyo nang inyong mangã anac? ¡Di baga ang mangã anac ninyo, ay anac din naman nang Panginoon Dios? ¡Di cayo nga,i, pinagcalooban nang Panginoon Dios nang mangã anac, nang aralan ninyo sila baga,t, turuan nang magaling na aral na icapapasalangit nila?

Ganoon nga, at siyang utos at bilin nang Dios Espiritu Santo sa lahat nang tauong may mangã anac, na ang uica:—*Filii tibi sunt? erudi illos, et curva illos á pueritia illorum.* (1) Sa macatouid: mayroon cang mangã anac? ay aralan mo sila,t, turuan capagcabata nila, nang macamtan nila balang arao ang caloualhatian nang langit.

At tunay nga, sapagca,t, cung di aralan ninyo ang inyong

(1) Ecclí cap. VII, §. 25.

mang̃a anac, hangang maliliit pa, ay mahirap nang turuan, cung malalaqui na.

Ang cahalimbaua nang tauo, cung dito sa bagay na ito, ay ang mang̃a cahoy. Cung ang cahoy ay may caboctotan, ay madaling touirin at hutuquin hangan bata pa, palibhasa,i, malambot; subali,t, cung pababayaang lumago,t, lu-maqui at tumigas, ay hindi na maalis ang caniyang caboctotan.

Cahalimbaua rin nang tauo ang mang̃a lupang bubuquirin. Maigui man ang lupa, ay hindi paquiquinabang̃an, cung di pagsacahan; at pagsacahan man, ay hindi rin paquiquinabang̃ang tótoo, cundi alagaang maigui, palibhasa,i, masusucalan at mapupuno nang dilang bagay na damo, na macainis nang mang̃a pananim.

Ay ganito rin ang mangyayari sa inyong mang̃a anac. Sa macatoid: cundi alagaan ninyo silang maigui, at aralan nang dasal at nang ugaling cristiano; cundi ninyo hutuquin ang canilang caboctotan, capagcabata nila, ay mahirap na turuan, mahirap na hutuquin cung malalaqui na sila, at, cung sana sa cahoy, ay matigas na; at masusucalan tuloy, at mapupuno ang canilang bait nang dilang bagay na cadi-liman, at ang canilang caloloua,i, mapupuno nang dilang bagay na casalanang icaiinis at icamamatay nila,t, icapapacasama nila sa inferno magpasaualang hangan.

Pacaisipin ninyo, mang̃a ama,t, ina, pacaisipin ninyong maigui itong mang̃a halimbaua nang lupa at nang cahoy, na sinalita co, at dito nga,i, mahahango ninyo ang dapat ninyong ugaliin at asalin sa mang̃a anac na mumunti, nang sila,i, magcabait, at nang houag silang lumihis sa matoid na daang patungo sa langit.

Aralan ninyo ang inyong mang̃a anac, at papamihahatin ninyo sila sa mabubuting asal, capagcabata nila, sapagca,t,

ang batang maliit ay parang pagquit na malambot, na mading matatalaan nang anomang magaling at nang anomang masamang itinuturo,t, iniaaral sa canila.

Houag ninyong palayauing lubha ang inyong mang'a anac na maliliit, at magpapalalo sila.

Houag cayong maquitoua, maquitangis at maquipaglaro sa canila nang labis; sapagca,t, itong paquiquitoua, paquiquitangis at paquiquipaglaro sa canila ay siyang icalaliqui nang canilang loob, at siyang icauauala nila nang galang sa inyo, at cayo,t, cayo rin ang magsisisi dito sa mang'a gaua ninyong ito.

Alalahanin ninyo naman at pacatalastasin, mang'a ama,t, ina, na ang mang'a anac na inaralan at tinuroang maigui nang mang'a magulang nang sila,i, bata pa, ay marami ang naguing banal at Santo, at sinasamba natin ngayon sa mang'a altar, at pinipintacasi pa natin sila sa ating mang'a cahirapan; at, sa cabalictaran, ang mang'a anac, na hindi inaralang maigui, capagcabata nila, cundi pinabayaan nang mang'a magulang na musunod nila ang canilang gusto,t, calooban, ay macapal na totoo ang naguing masasamang tauo at parang Demonio, at nangapacasama sa inferno.

Ang catotoohanang nitong aking sinasabi, ay maquiquita ninyo dito sa isusunod cong salita.

Mayroong dalauang magcapatid, na si Wenceslao at si Boleslao ang mang'a ngalan, mang'a Principe at Duque sa Bohemia. Si Wenceslao,i, naguing banal at Santo, at siya,i, sinasamba natin ngayon sa mang'a altar, nguni,t, si Boleslao,i, naguing masamang tauo at para manding Demonio, na hindi lamang pinatay niya ang maraming cristiano cundi pa naman ang caniyang capatid na Wenceslao ay pinatay rin at mianartir niya.

At caya gayon, pacatandaan ninyong maigui, mang'a

magugulang, at caya gayon ang nasapit na buhay nitong dalauang magcapatid; sapagca,t, si Wenceslao, capagcatabata niya, ay inalila, inarala,t, pinamihasa sa magaling at mabuting gaua nang caniyang indang tanda, na ang ngála,i, si Ludmila, na maauaing babayi, matacutin sa Dios, at banal, at masipag umaral nang catouiran sa caniyang apó; datapoua,t, si Boleslao, ay inalila,t, inalagaan nang caniyang tunay na ina, na ang ngála,i, si Draomira, na mabilog na babayi, masamang asal, tacot man sa Dios ay uala, at uala ring casipag-sipag, munti man sa pag-aral at pagtuturo sa caniyang anac nang asal cristiano at nang anomang gauang magaling.

Caya, mangá ama,t, ina, houag ninyong calilimutan ang magaling na aral, na ipinagsermon co sa inyo ngayon. Pacatandaan ninyong maigui ang mangá salita,t, halimbauang ipinahayag co sa inyo, at alinsunod doon, ay touirin ninyo,t, aralan, alagaa,t, turoan ang inyong mangá anac, hangan mahlilit pa, nang cayo,t, sila,i, maguing dapat na magcamit nang mabuting capalaran dito man sa buhay na ito at doon sa icalauang buhay. Siya naua.



Plática 4.^a del cuarto precepto.

SOBRE LA OBLIGACIÓN DE LOS PADRES DE CORREGIR
Á SUS HIJOS.

Ang isa pang catungculan nang mangã magugulang ay ang pagsauay nila sa mangã anac nang balang iniaasal nilang hindi magaling, at ang pagpaparusa sa canila cung gumagaua nang masama.

Itong catungculang ito,i, nasasaclao rin naman doon sa mangã mahal na uica nang Dios Espiritu Santo sa mangã tauong may anac, na ang sabi:—*¿Filii tibi sunt? erudi illos, et curva illos à pueritia illorum.* (1) Sa macatouid:—*¿Pinagcalooban ca nang Panginoon Dios nang mangã anac? ay aralan mo,t, pacatouirin capagcabata nila, at parusahan mo sila, cung may casalañan.*

Caya catungculan nang mangã ama,t, ina magsauay sa canilang mangã anac, cahima,t, mumunti pang bata, nang dilang guinagaua nila,t, uiniucang masasama, nang mauulaan sila nang masasamang asal at tubuan nang magagaling. At cung sacali,t, itong mangã mumunting batang ito,i, hindi pasauay; at cung sacali,t, ang magaling na aral nang mangã magugulang sa canila,i, pinahamaca,t, di pinaquiquingan

(1) Loco supra citato.

nila,i, catungculan nang mangã ama,t, ina magparusa sa mangã anac nang isang parusang caucol at tapat sa canilang edad, nang sila,i, madala, at houag nang gumaua ó mag-uica silang uli nang masama.

Ang pagpalo at ang pagpaparusa nang mangã magugulang sa canilang mangã anac, cung sila,i, gumagaua nang di catouiran, ay hindi lamang hindi maguiguing casalanan nang mangã ama,t, ina sa harap nang Panginon Dios, cundi bagcus, ay maguiguing cabanalan nila, alinsunod sa naturang utos nang Dios Espiritu Santo, na ang uica:—... *curva illos á pueritia illorum*, sa macatouid:— hutuquin mo,t, touirin ang iyong mangã anac, capagcabata nila, at parusahan mo sila cung cailangan.

Itong cutungculan nang mangã magugulang, bagay sa pagtoid sa mangã anac, at sa pagsauay sa canila nang guinagaua nilang masama, ay lalo,t, lalong dapat sundin nang magugulang, cung ang canilang mangã anac ay malalaqui na,t, may bait.

At tunay nãa, sapagca,t, maraming catampalasan ang sucat gauin, at guinagaua nãa nang mangã bata, cung malalaqui-laqui na,t, may bait, at lalong-lalo cung lalaqui, cung pabayaang nang magulang, at di sila,i, piguilin nang caunting tacot ó parusa.

Cung minsan nãa,i, nananaog cung gabi itong mangã batang ito, at nagsasalamuha sila sa pagnanacao nang manoc, saguing, tubó, ó sa pag-gaua caya nang ibang hindi maigui. Cung minsan nama,i, gumagala-gala, at nagliligalig sila sa calzada, at nag-aaglahi pa sa balang masalubong nilang babayi, at madalas naman pumapanhic sa bahay nang quinaliligauan at doon nahihiga,t, natutulog casiping ó calapit nang babaying quinatotouaan nila.

Itong lahat na naturan co, at iba pang maraming casa-

lanang guinagaua nang mangá bata, ay hindi dapat ayunan at consentihin nang mangá magulang, cundi bagcus ay catungculan nilang pagbaualan ang canilang mangá anac nitong catampalasanan nila sa Panginoon Dios at sa capoua tauo; at cung di sila pasauay, ay parusahan na,t, paloin nang magulang, hangan di maalis at mauala sa mangá bata ang canilang masasamang asal. Utos nga ito nang Panginoon Dios sa mangá ama,t, ina, na ang uica:—.... *Curva illos á pueritia illorum.* Sa macatouid: hutuquin mo ang iyong mangá anac, capagcabata nila, at parusahan mo sila, cung cailangan ang parusa.

Madalas inuulit nang Santong Sulat itong utos nang Panginoon Dios sa mangá magulang bagay sa pagpaparusa sa canilang mangá anac.

Ang mangá ama,t, ina, na totoong umiibig sa canilang mangá anac, ay ang pumapalo,t, humahampas sa canila nang madalas, anang Dios Espiritu Santo:— *Qui diligit filium suum, assiduat illi flagela,...* (1)

Uica rin nang Dios Espiritu Santo:—*Curva cervicem ejus in juvenute, et tunde latera ejus dum infans est, ne forte...* etc. (2) Sa macatouid: baliin mo ang liig nang anac mo, at pucpuquin mo ang caniyang mangá taguiliran hangan siya,i, bata pa, maca cung lumaqui, ay hindi ca na paniualaa,t, sundin niya, at malaquing pighati at cahirapan ang masasapit nang loob mo. Na cung sa bagay, ay ito ang cahulugan nang mangá uica nang Dios Espiritu Santo: aralan mo,t, turuan ang mangá anac mo hangan sila,i, maliliit pa, at parusahan mo sila,t, parusahan nang caucol na parusa, pag sila,i, may casalanan, maca cung sila,i, malalaqui na, ay hindi na paquingan ang mangá hatol at utos mo sa canila, cundi bagcus ay sila pa ang humatol at magpasunod sa iyo,

(1) Eccli. cap. XXX. v. 1.º (2) Ibid. cap. XXX. v. 12.

na parang sila ang panginoon, at mahihirapang totoo ang loob mo.

Itong hirap na ito,i, siyang nasapit at tiniis, sa capahintulutan nang Panginoon Dios, nang mangá magulang niyong dalauang bagontauo, na palaguing nagsasama,t, nagsasalamuha sila cung gabi, sa panliligao at sa pag-gaua nang iba pang hindi matotouid; na capoua sila,i, pinababayaan at ga quinoconsinte nang canilang ama,t, ina.

Itong dalauang bagongtauong ito,i, capoua mayroong quinaiuilhang babayi. Nagalit sa canila ang Panginoon Dios, at sa caniyang pahintulot ay ganoon ang nangyari, na cacot-tacot paquingan. Ang isa, dito sa dalauang magcasamang bagongtauo, ay casalucuyang nangagaling siya sa bahay nang pinanliligauan niyang babayi, ay sinalubong nang Demonio, at pinatay doon din sa calzadang inabutan niya; at ang isa namang bagongtauo, ay pagcalabas niya sa bahay nang caniyang magulang, at pasasabahay nang pinanliligauan niyang babayi, ay biglang-biglang hinauacan siya nang Demonio sa buhoc, at binatac at hinila siya hangan doon sa bahay na dating pinapanhican, at doon din, sa harap niyong malibog na babaying pinagcacasalanan niya, ay binitay siya nang Demonio sa isang bosolan, at inihatid ang caniyang caloloua sa inferno.

Itong nasapit na hirap niyong caauauang mangá magulang, na nagpahamac at hindi sumunod nang utos at bilin nang Dios Espíritu Santo sa canila, bagay sa pagtuturo sa mangá anac nang magagaling, hangan sila,i, maliliit pa, at bagay sa pagsauay at pagpaparusa sa canila, cung sila,i, gumagaua nang masama, ay siya rin ang masasapit ninyo, cung di aralan ninyo nang matotouid ang inyong mangá anac, capagcabata nila, at cung di parusahan ninyo sila,t, hampasing madalas, cung may casalanan sila.

Caya, mangá capatid co; cung cayo,i, may mangá anac, ay houag ninyong pababayaang masunod nila ang canilang gusto,t, calooban, cahit ano ang caliita,t, cauntian nang inyong mangá anac, cundi bagcus, ay aralan ninyo sila nang magaling, capagcabata nila, at paloin ninyo sila,t, parusahan nang tapat, cung ayao nilang sundin ang matotouid na utos ninyo sa canila, at lalo pang lalo, cung di tuparin nila ang mangá mahal na utos nang Panginoon Dios at nang santa Iglesia sa ating lahat na mangá cristiano.

Parusahan ninyo sila,t, parusahan, cung may casalanan, at houag cayong maaua sa canila, sapagca,t, itong aua ninyo sa canila,i, siyang maguiguing mabisang camandag, na ica-sisira nang caloloua nila, at nang caloloua ninyo.

Bantayan ninyo sila, gabi,t, arao; at usisain ninyong maigui ang canilang guinagaua, at cung sino-sino ang canilang quinasasamahan.

Malayong-malayo dito sa ipinagsesermon co sa inyo nãyon, ang inuugali ninyong mangá magulang, na ang cadalasa,i, ganito ang inyong guinagaua:

Cung baga sacali,t, nagcacasala ang inyong mangá anac at sila,i, maliliit pa, ay pinababayaang ninyo sila,t, di man pinangangaralan, at ang quinacatouiran ninyo, ay mumunti pa sila,t, ualang malay; at cung ang anac na nagcacasala,i, malaqui na, ay pinababayaang din ninyo, ó pinangangaralan caya nang totoong malalambot na pangungusap, na ualang casaysayan, at ang quinacatouiran ninyo naman, ay may bait na sila,t, naalaman at natatalastas ang canilang guinagaua. Na cung sa bagay, mumunti man at malaqui man ang inyong mangá anac, ay hindi ninyo inaalumana ang canilang mangá casalanan, at hindi ninyo sila pinarurusahan, at quinicop pa ninyo sila nang houag parusahan nang iba.

Ang ugali naman nang caramihang mangá magulang

ay umayon nang umayon sa balang gusto,t, calooban nang mang̃a anac na mumunti, at ang cauicaan ninyo,i, caauaaua sila; at sumuay man sila sa inyong mang̃a utos, ay hindi pinarurusahan ninyo,t, hindi man sinasauay, cundi pinabayaan ninyo, at ang quinacatouiran ninyo ay magcacabait din ang inyong mang̃a anac, cung sila,i, lumaqui.


Ito ang caraniuang gauin nang mang̃a ama,t, ina: subali,t, nang cayo,i, madala,t, matakot, ay paquingan ninyo,t, italá sa inyong puso itong mang̃a uica nang Dios Espíritu Santo, na ang sabi:—*Qui parcit virgœ, odit filium suum...* (1) Sa macatouid: Ang mang̃a magulang, na hindi humahampas ó nagpaparusa sa canilang mang̃a anac, cung cailangang sila,i, hampasi,t, parusahan, ay ualang caibig-ibig munti man sa canilang mang̃a anac.

Caya, mang̃a ama,t, ina; ang lahat na mang̃a utos at bilin nang Dios Espíritu Santo sa inyo, ay sundin ninyo nang lubos na pagsunod, nang cayo nang mang̃a anac ninyo,i, caauaan nang Panginoon Dios at pagcalooban nang buhay na ualang hangan sa langit. Siya naua.

(1) Prov. cap. XIII. v. 24.



Plática 5.^a del cuarto precepto.



SOBRE EL BUEN EJEMPLO QUE DEBEN DAR LOS PADRES Á SUS
HIJOS.



oon, sa mangá lingong nagdaan, ay sinaysay co sa inyo ang catungculan nang ama,t, inang umaral sa canilang mangá anac nang lalong magaling at tapat na aral; at gayon din sinaysay co naman ang catungculan nilang humampas at magparusa sa canilang mangá anac, cung may casalanan. Ngayon ay ipahahayag co sa inyo, na iyang lahat nang iyan, ang pag-aral baga,t, ang pagpaparusa nang magulang sa anac, ay mauaualang cabuluhan cung itong pag-aral at pagpaparusa,i, hindi samahan nang magulang nang mabuting halimbaua. Paquingan ninyo

Hindi mangyayaring matanto,t, maquilala nang mangá bata ang cagalinga,t, camahalan nang mangá aral, na itinuturo nang mangá ama,t, ina sa canila, cung ito ring aral na ito,i, hindi sinusunod muna nang mangá magugulang nila.

Idadaan co ito sa isang halimbaua, nang matalastas ninyong maigui,

Ipagpalagay ninyo, na mayroong isang ama ó isang inay, na umaaral sa canilang mangá anac, na ang Dios na

totoo ay iisa lamang; na ang mga Personas nang Santísima Trinidad ay tatlo, Dios Ama baga, Dios Anac at Dios Espiritu Santo; na ang icalauang Personas nang Santísima Trinidad, ang Dios Anac, baga, ay nagcatauoang tauo, at namatay sa Cruz, cusa niya,t, aua lamang sa ating mangá tauong salarin; na may langit at may inferno; na ang langit ay cacamtan lamang nang mangá banal at masusunurin sa utos nang Panginoon Dios at nang santa Iglesia, at ang inferno,i, siyang casusunugan nang mangá hindi banal at masusoayin sa naturang mangá utos; na ang Panginoon Dios ay dapat nating ibigui,t, sintahin oras-oras, at dapat nating sambahin saan-saan man, at lalong-lalo sa mangá simbahang bucod na tinatahanan niya; na dapat nating sundin ang caniyang mahal na utos, at ang iba pang ganitong mangá aral.

Ipagpalagay ninyo, anaquin, na itong lahat nang ito ay iniaaral nang isang ama ó nang isang ina sa canilang mangá anac.

Cung sa magaling, ay magagaling na totoo itong mangá aral na ito. Subali,t, cung maquita,t, pagmasdan nang mangá anac, na ang canilang ama ó ina,i, hindi sumusunod, at hindi gumagaua nang mangá ipinasusunod at ipinagagaua sa canila, ay ¿paniniualaan caya itong magugulang nang canilang mangá anac? Acala co,i, hindi; cundi bagcus ay uiuicaing marahil nang mangá anac nila, sa canilang loob na mag-isa man lamang nang ganoon.—Cung totoo at magaling ang iniaaral at itinuturo sa amin nang aming magugulang, ay ¿baquit caya hindi sinusunod at guinagaua nila muna, nang sila,i, cunan naming halimbaua? Siguro,i, hindi totoo at magaling ang itinuturo nila sa amin, sapagca,t, iba ang canilang sinusunod at guinagaua.

Ganito, anaquin, ang uiuicain marahil nang mangá anac,

na inaaralan nang magaling nang canilang magugulang, n̄gu-
ni,t, itong pag-aral na ito,i, hindi sinasamahan nang man̄ga
magugulang nang mabuting halimbaua.

Caya pacatandaan ninyong maigui, man̄ga ama,t, ina, na
ang inyong man̄ga anac, cung sa cadalasan, ay hindi ga-
gaua,t, aasal nang iba, cundi ang naquiquita nilang guina-
gaua ninyo.

Ang inyong masasama ó mabubuting asal at gaua, ay
siya n̄ga lamang ang susundin nila,t, paparisan marahil.
At sa catunayan.

Caya naguing banal at Santo si Isaac, sapagca,t, ang
canyang ama na si Abrahan ay banal din, at pauang ca-
banala,t, mabubuting gaua ang guinagaua niya sa harap nang
canyang anac.

Caya naman nagcasala si Amnón nang mahalay na ca-
salanan sa caniyang capatid na babayi, sapagca,t, ang ca-
niyang ama na si David, ay nagcasala muna sa isang may
asaua.

Cung caya ang uica nang Dios Espíritu Santo ay:.....
et nequissimi filii eorum. (1) Sa macatouid: cung masama
ang guinagaua nang man̄ga magugulang, ay masama rin,
at lalo pang masama ang gagauin nang canilang man̄ga
anac..... *et nequissimi filii eorum.*

Dito man sa bayang ito,i, maquiquita ninyo,t, mapupuna
ang catotoohanang nitong aquing sinasabi.

Libutin n̄ga ninyo nang inyong pag-iisip itong boong
bayang ito, at mapagmamasdan ninyong ualang pagsala, na,
cung ang isang ama, sa halimbaua, ay sugarol at palainom;
ay ang caniyang man̄ga anac, ay maguiguing sugarol at
palainom din at lalalo pa sa canilang ama.

Cung ang isang ama,i, nagtutun̄ga-tun̄gayao lamang, ang

(1) Sap. cap. III, v. 12.

caniyang mang̃a anac, ay maguiguig palatung̃ayao at palasumpa.

Maquiquita rin ninyo,t, mapagmamasdan, na, cung ang isang ina, ay nag-uupasala sa capoua tauo nang mang̃a mumonting bagay, na ualang cabuluhan, ang caniyang mang̃a anac ay mang̃angahas na mag-uupasala nang mang̃a mabibigat na bagay-bagay, na icasisira nang puri nang canilang capoua tauo.

At maquiquita rin ninyo, na, cung ang isang ina,i, nagdaramit nang mahahalay; ang caniyang mang̃a anac na babayi, ay magcacasala pa nang mahalay na casalanan, sa paghanap nila lamang nang maipapara,t, maitutulad nila sa canilang ina.

Hindi masaysay na para nang dapat ang cabagsican nang mang̃a masasama ó mabubuting halimbauang naquiquita nang mang̃a bata sa canilang magugulang.

Caya ang hatol at bilin ni Poon San Pablo sa caniyang discipulo na si Tito ay ganoon:—*In omnibus teipsum probe exemplum bonorum operum.....* (1) Sa macatouid: biguian mo ang mang̃a tauo nang mabuting halimbaua, sa lahat nang bagay, na sinasalita mo, at guinagaua mo.

Ganito rin ang utos at hatol nang Santo Concilio de Trento sa lahat nang tauong may mang̃a anac.

At gayon din ang iniaaral ni Poon San Gerónimo sa isang babayi, na ang ng̃ala,i, Leta, na caniyang tinuturua,t, inaalagaan bagay sa caloloua. Anac co, ang uica nang Santo sa caniya, anac co, ay alagaan mong maigui ang iyong anac na babayi. Houag maquita niya sa iyo ma,t, sa asaua mo ang ano-anomang di matouid at tapat sa Dios. Cayong mag-asaua,i, siyang salaming panganganinuhan nang inyong anac. Houag ninyong dumihan, houag ninyong libagan ang

(1) Tit. cap. II. §. 7.

inyong caloloua nang mumunti mang libag, na sucat macasira nang caniyang malinis na buhay. Madali pa ang pag-aral at pagtuturo sa caniya nang mabubuting halimbaua sa magagandang salita. *Magis eam exemplum docere posse quam voce.*

At sa catapusan, ay pacatantoin ninyo, manğa magugulang na nagbibigay nang masamang halimbaua sa inyong manğa anac, pacatantoin ninyo, anaquin, na cayo,i, pinaghihinanactan nang Dios Ama, sapagca,t, ang mataas at calugod-lugod na pangalang ipinagcaloob niya sa inyo, ang pagtauag baga nang manğa anac sa inyo na *ama*, ay pinahahamacan ninyo, dahilan sa manğa casalanang guinagaua ninyo sa harap nang inyong manğa anac.

Ang Dios Anac ay naghihinanaquit naman sa inyo, sapagca,t, ang caloloua nang inyong manğa anac, na tinubos niya nang caniyang camahalmahalang dugó, ay sinisira ninyo nang masasamang aral, na itinuturo ninyo sa canila.

Ang Dios Espiritu Santo ay naghihinanaquit din sa inyo, sapagca,t, hindi ninyo inihahanda ang puso at loob nang inyong manğa anac, nang matanggap nila doon ang caniyang manğa mahal na biyaya.

Si Guinoong Santa María, pati, ay naghihinanaquit sa inyo, sapagca,t, ang caniyang pagcamaauaing Ina nang manğa macasalanang tauo, ay ga inaalís ninyo sa caniya, dahilan sa manğa escándalo,t, masasamang halimbauang ibinibigay ninyo sa inyong manğa anac.

At gayon din, ang manğa Angeles na catutubo nang inyong manğa anac, ay nagagalit nama,t, naghihinanaquit sa inyo, sapagca,t, ang caloloua nang inyong manğa anac, na pinapag-alaga sa canila nang Panginoon Dios, ay sinisira, inaacsaya,t, pinahahamacan ninyo nang masasamang asal at gaua, na ipinaquiquita ninyo sa canila.

Caya nğa, manğa ama,t, ina, ay talicdan na ninyo ang

manġa camaliang dating guinagaua ninyo sa harap nang inyong manġa anac. Pagsisihan ninyong masaquit ang lahat nang casalanan ninyo pati ang manġa casalanang guinaua nang inyong manġa anac, dahilán sa masasamang halimbuang ipinaquita ninyo sa canila. Houag na cayong gumaua,t, magsalita nang anomang masama sa harap nang inyong manġa anac; cundi bagcus, ay ipanalangin ninyo sila oras-oras sa Panginoon Dios, nang cayo,t, sila,i, pagcalooban niya nang caniyang mahal na pagtulong dito sa buhay na ito, at saca nang caloualhatian sa langit. Siya naua.



Plática 6.^a del cuarto precepto.

SOBRE EL RESPETO Y OBEDIENCIA Á LOS SUPERIORES.

Sa icapat na utos nang Panginoon Dios ay nasasacloa rin, parang sinabi co na noong arao, nasasacloa rin, anaquin, ang catungculan nating gumalang at mamintuho sa mangá puno, at sumunod sa canila, cung matotoid ang mangá utos nila. Itong bagay na ito, i, siyang saysayin co ngayon: caya paquingan ninyo.

Magmula nang capalin ang tauo, i, may utos na ang Panginoon Dios sa canila, na sumuyo sa may capangyarihan. Caya si Eva, i, sumusuyo cay Adan, at si Adan nama, i, sumusuyo sa Panginoon Dios, at ualang ibang tauo dito sa mundo, na sucat panuyuan niya.

Si Solon isa sa mangá pitong mababantog na marurunong sa Grecia, ay tinanong na minsan nang caniyang mangá capoua marurunong, na, ¿cung ano caya ang mabuting gain nang magcapalad ang isang bayan, ang isang ciudad, ang isang provincia, t, caharian, at nang macamtan nila ang tootong capayapaan at catahimican sa canilang buhay? At ang sagot ni Solon ay ganito: Magcacapalad, aniya, ang lahat nang tauo sa isang boong caharian cung sundin nilang maigui ang utos nang mangá puno, at cung sundin naman nang mangá puno ang utos nang canilang Hari. Ito ang

sagot ni Solon; subali,t, palibhasa,i, hindi binyagan, ay culang ang caniyang sagot, caya, cung aco,i, tanungin, ay dudugtungan ang sagot ni Solon nang ganitong dugtung:— at cung sundin nang canilang Hari ang utos nang Panginon Dios, na siya ang Hari nang mangá Hari.

Ang lahat nang tauo; ang uica ni Poon San Pablo ang lahat nang tauo, ay dapat sumuyo,t, sumunod sa capangyarihan nang canilang mangá puno; at caya gayon, sapagca,t, ang canilang capangyarihan ay sa Dios din nangagaling, at ualang capangyarihang di mangaling sa Dios; at ang lumalaban, ang uica pa nang Santo, at ang lumalaban sa capangyarihan nang may capangyarihan, ay parang lumalaban sa calooban nang Panginon Dios at sa caniyang mangá utos.

Madalas na madalas inuulit ni Poon San Pablo ang pagbibilin at pagpapaalaala sa atin nang catungculan nating gumalang, sumuyo,t, mamintuho sa mangá puno, at sumunod sa canila, cung ang iniutos nila sa atin, ay matotouid at hindi laban sa mangá utos nang Panginon Dios.

Ang mangá sulat nang naturang Apóstol cay Timoteo at cay Tito,i, punong-puno nitong mangá bilin. Doon nga,i, nagpapahayag at nagsasaysay si Poon San Pablo nang catungculan nating sundin ang utos nang mangá puno, cahit ano ang casamaan nang canilang sariling ugali, cung ang ipinag-utos nila sa atin, ay matotouid at tapat sa Panginon Dios.

Doon din ipinagtatagubilin niya sa atin ang catungculan nating ipanalangin sa Panginon Dios ang ating mangá puno nang sila,i, pagcalooban nang magandang capalaran. At doon naman ay ipinagtatagubilin nang Santo Apóstol ang catungculan nang mangá alilang sumunod, umibig at mamintuho sa canilang mangá panginon, hindi alang-alang sa upa, hindi

alang-alang sa ganti ó parusang macacamtan nila, cung sila,i, sumunod nang masama ó nang magaling na pagsunod sa canilang panginoon, cundi alang-alang sa Dios, na siya ang Panginoon nating lahat.

Mabagsic na totoo si Nabucodonosor na Hari sa Babilonia. Siya ang bumihag sa mangá taga Judá at inioui niya sa caniyang caharian, at doon pinapagsaquit niya nang iba,t, ibang bagay na pagsaquit, na para baga nang guinaua niya doon sa tatlong batang ang ngala,i, si Misach, si Sidrach at si Abdenago, na ipinatapon niya,t, ipinasilid sa isang maningás na horno, sapagca,t, ayao nilang sundin ang caniyang utos, na ang caniyang larauan baga, ay sambahin nila na parang Dios.

Datapoua,t, ganoon man ang cabagsica,t, caasalan ni Nabucodonosor, ay ipinagbilin nang mahal na Profetang si Baruch, na nabibihag din sa Babilonia, ipinagbilin, anaquin, ni Baruch sa caniyang mangá cababayan, na ipanalangin nila sa Panginoon Dios ang Haring si Nabucodonosor at ang caniyang anac na si Baltazar, nang sila,i, pagcalooban nang mahabang buhay, at nang cami naman, ang uica rin nang mahal na Profeta, at nang cami naman, ay macapagtiis nang anomang hirap, at macapagsisilbi,t, macapaglilingcod sa canila nang mahabang arao, at nang marapatin cami nang canilang calooban. (1)

Si Jesucristong Panginoon natin ay siyang bucod na bucod na nagbigay nang magandang halimbaua sa atin, bagay sa pagsunod nang mangá matotouid na utos nang mangá puno.

Niyong si Jesucristo,i, nasasatiyan pa nang camahal-mahalang Virgeng si Guinoong Santa María, ay ipinalacad nang Emperador na si Cesar Augusto sa boong caharian

(1) Baruch. cap. I, v. 11. 12.

niya ang isang bando ó pregón, na ang ipinag-utos niya doon, ay magsioui ang lahat nang tauong sacop niya sa cani-canilang mangá pinangagalingang bayan, at pasulat sila doon sa padron nang bayan. Ang binabanta,t, hinahangad nang Emperador sa gayong utos, ay magsibouis ang lahat nang tauong sinasacupan niya, na ualang matirang isa mang di bumouis sa caniya.

Nang manaog ang nasabing cautusan nang Emperador, ay si Guinoong Santa María at ang caniyang mahal na Esposong si Poon San José, ay nasabayan nang Nazaret, na ang layo sa Beleng bayang pinangagalingan nila,i, dalauang pouo,t, ualong oras lacarin.

Si Guinoong Santa María,i, may dalang tauo, tauong Dios, si Jesucristo baga, sa caniyang calinis-linisang tiyan, at gampan na siya.

Ang panahon ay masamang-masama.

Ang capobrihan nilang mag-esposo,i, malaqui.

At bucod dito,i, catouriran caya, na ang mangá Hari sa langit at lupa, na si Jesus na mag-ina baga, ay bomouis sa Emperador na si Cesar Augusto, at sa caninomang Hari,t, Emperador dito sa mundo?.....

Subali,t, gayon man carami,t, calaqui ang mangá maida-dahilan nila sa di pagsunod nang utos nang Emperador, ay hindi sila cumibo, cundi bageus ay sinunod nila nang magandang loob ang utos ni Cesar Augusto, at agad-agad ay lumacad silang patunço sa Belen. At caya gayon, sapagca,t, mahirap mang tuparin ang nasabing utos, ay matouid din, palibhasa, ang mangá Emperador at mangá Hari, ay macahihingi,t, macasingil sa canilang mangá sacop nang catam-patang bouis, sa pag-aalaga,t, pangongosiua sa lahat na pinag-pupunoan nila.

Dito sa mangá sinalita co,i, mahahango na ninyo, mangá

capatid co, ang catungculan nating gumalang at mamintuho sa mangá puno, at ang catungculan din nating sumunod nang canilang mangá utos, cung matotouid at hindi laban sa utos nang Panginoong Dios.

Naringig ninyo, na ang mangá Hari nang langit at nang lupa, ang ating Panginoong Jesucristo baga at ang caniyang mahal na Inang si Guinoong Santa María, ay nacasunod din nang lubos na pagsunod, niyong sila,i, dirito pa sa lupa, nang utos ni Cesar Augusto, bagaman mahirap tuparin at bagaman marami ang maipagdadahilan nila sa di pagsunod nang ganoong utos.

Cayá houag ninyong tingnan ang pagcatauo nang mangá puno ninyo, at ang canilang mabubuti ó masasamang ugali sa pagcatauo nila, cundi ang titingnan ninyo lamang ay ang canilang capangyarihan, na hindi galing sa iba cundi sa Panginoon Dios, na siya ang macapangyayari sa lahat.

Igalang ninyo sila,t, pamintuhuin, at sundin ninyo ang canilang mangá utos, cung magagaling at tapat sa Dios, cahima,t, di nila sundi,t, tuparin ito ring ipinag-utos nila sa inyo. Datapoua,t, cung ang iniutos nila sa inyo,i, masama,t, laban sa utos nang Panginoon Dios at nang santa Iglesia, ay houag ninyong sundin, houag ninyong tuparin, cahima,t, cayo,i, patayin ó parusahan nang dilang bagay na parusa, sapagca,t, ang una-unang catungculan nating sundin ay ang mangá utos nang Dios, na siyang puno nang mangá puno, siyang Hari nang mangá Hari, siyang Juez nang mangá Juez, siyang Alcalde at Gobernador nang mangá Gobernador at Alcalde.

Cayo naman, mangá alila, mangá patahan, mangá criado, ay pacatandaan ninyong maigui itong aral co, at cayo nga,i, madalas na madalas nagcacasala laban dito sa ipinangaral co sa inyo ngayon. Pacatandaan ninyong maigui, anaquin, ang

iniaral co sa inyo, at alinsunod dito,i, cung cayo ay pagagauin nang inyong mang̃a pang̃inoon sa mang̃a arao nang Domingo,t, fiestang pang̃ilin; cung cayo baga,i, hindi pasimbahin sa mang̃a nasabing arao; cung cayo,i, utusan caya nila nang pagdadala nang mang̃a sulat na palasintahan, ó nang mang̃a pasabing may masamang cahulugan; at sa cagatang uica: touing cayo,i, utusan nang inyong mang̃a pang̃inoon nang pag-gaua,t, pag-uica nang hindi matouid at tapat sa Dios, ay houag at houag ninyong sundin ang canilang mang̃a utos, at magcacasala cayo sa Pang̃inoon Dios cung sinusunod ninyo. At cung baga cayo,i, cagalitan ó parusahan nila, ay humanap cayo nang ibang pang̃inoon, ó magpaupa cayo sa iba, ó magpalimos caya, at hindi mauaualan nang macacain ang sumusunod nang tapat na pagsunod sa utos nang Pang̃inoon Dios.

At cayong lahat, mang̃a naquiquinig sa aquin, ay italá ninyo sa inyong puso ang mang̃a aral na itinuro co sa inyo ngayon, at sundin ninyo nang magandang loob, nang cayo,i, maguing dapat na magcamit nang langit. Siya naua.



Plática 7.^a del cuarto precepto.

SOBRE LA DIGNIDAD DE LOS SACERDOTES Y EL RESPETO
QUE LES DEBEMOS.

Nasasaclao rin sa icapat na utos nang Panginoon Dios ang catungculan nating sumunod, gumalang at maminuho sa mangá Sacerdoteng lahat, at lalong-lalo, nang mangá Santo Papa, mangá Cardenales, mangá Obispo at mangá Cura Párroco. Itong catungculan nating ito, i, siya cong sasaysayin ngayon, caya paquingan ninyo.

Malaqui man ang carangalan nang mangá Hari, at nang mangá Emperador, ó nang ibang Puno na nagpapasunod sa lahat nang tauo dito sa lupa, i, hindi maipapara sa carangalan nang cahuli-hulihang Sacerdoteng cahalili nang Dios, na nagpapasunod sa atin bagay sa caloloua.

Cung ano ang pagcaiba, t, pagcalayo nang catauoan sa caloloua, ay gayon din ang pagcaiba, t, pagcalayo nang carangalan nang mangá Hari at nang mangá Emperador at nang ibang mangá Puno, sa carangalan nang isang Sacerdoteng cahalili nang Dios.

Ualang carangalan, ang uica ni Poon San Ambrosio, ualang carangalang anoman dito sa lupa, na maipapara sa carangalan nang pagcasacerdote nang mangá Sacerdote: cung

pagtimbang-timbangin mo, ang uica rin nang Santo, ang camahalan nang mang̃a Hari at nang mang̃a Príncipe, at ang camahalan nang mang̃a Sacerdote, ay maquiquita mo, na ang camahalan nang mang̃a Hari ay, cung sa bagay, parang tinga lamang, at ang camahalan nang mang̃a Sacerdote ay guintong mistula (1).

Gayon din ang sabi ni Poong San Juan Crisóstomo, na ang uica:—Lalong mataas at cagalang-galang ang pagcaserdote sa pagcahari, (2) at ualang capangyarihan, aniya, na maipapara sa capangyarihan nang mang̃a Sacerdote (3).

Ang capangyarihan nang mang̃a Sacerdote, ang uica naman ni Poong San Bernardo, ay ualang caparis sa langit ma,t, sa lupa, liban sa capangyarihan nang Panginoong Dios. (4) Cayo, ang uica pa nito rin Santo, cayo lamang, mang̃a Sacerdote, ay siyang pinagcalooban nang Panginoong Dios nang capangyarihan sa pagpapaguing dugo,t, catauoang mahal ni Jesucristo nang alac at tinapay. Ang mang̃a Angeles at Arcangeles, ang mang̃a Potestades, mang̃a Querubines at Serafines doon sa langit, at ang sinomang tauo dito sa lupa, ay ualang may ganitong capangyarihan, cundi cayo lamang, mang̃a Sacerdote. (5)

Bucod dito,i, ang sadiyang cabagsican nang mang̃a Sacerdote sa pagpapatawad ó di pagpapatawad nang casalanan nang tauo,i, ualang capara sa lupa ma,t, sa langit, liban sa Dios, na siya ang pinangagalingan nang dilang capangyarihan. Ang mang̃a casalanan, ang uica nang Panginoon Dios sa mang̃a Sacerdote, ang mang̃a casalanan, na ipatawad ninyo sa mang̃a tauo diyan sa lupa, ay ipatatawad co rin dito sa langit, at ang mang̃a casalanang di ipatawad ninyo, ay hindi co naman ipatatawad. (6)

(1) Ambro. Lib. de Dig. Sacerd.—(2) Hom. V. in cap. VI. Isai.—(3) Lib. III. de Sacerd.—(4) Bern. Serm. de convers. ad cleric.—(5) Serm. I. in Cœn. Dom.—(6) Matth. cap. XVIII, v. 18.

Marami pang mang̃a sabi,t, uica nang Santong sulat at nang mang̃a Santo, ang maidudugtong co rito sa mang̃a sina. lita co na, nang maquilala ninyong maigui ang bucod na carangalan, camahala,t, capangyarihan nang pagcasacerdote nang mang̃a Sacerdote; subali,t, acala co,i, labis na labis ang aqing sinabi, nang matalastas ninyo,t, matanto itong bagay na ito.

Tiniquis co,t, sinadiya ang pagtuturing at pagsambit nang mang̃a sabi,t, uica nang Santong Sulat at nang mang̃a Santo, tungcol sa carangalan, camahalan at capangyarihan nang mang̃a Sacerdote, at maca sacali, cung di co turingan at sambitin, ay uicain nang mang̃a bibigang tauo at nang mang̃a ualang bait, na itong lahat nang ito,i, gaua co lamang, na ang hinahabol co rito sa aqing sermon ay ang pagpupuri sa aquin, palibhasa, aco,i, Sacerdote rin.

Hindi, mang̃a capatid co, hindi co hinahabol at hinahangad ang aco,i, purihin ninyo, ó ang aco,i, purihin nang ibang tauo, hindi at hindi.

Talastas co, na, cung sa aqing pagcatauo, aco,i, isang macasalanang tauong paris din ninyo at lalo pa sa inyo, caya hindi co hinahabol ang aco,i, purihi,t, mahalin ninyo sa aqing pagcatauo, cundi ang hinahangad co lamang dito sa aqing sermon ay ang pagpapaquilala sa inyo nang bucod na camahalan nang pagcasacerdote nang mang̃a Sacerdote, at gayon din ang pagpatalastas sa inyo nang catungculan nating sumunod, umibig, mamintuho,t, gumalang sa canila hindi alang-alang sa canilang pagcatauo, cundi alang-alang sa canilang pagcasacerdote.

Itong catungculan nating ito,i, siyang ipahahayag co sa inyo ngayon, datapoua,t, hindi co rin gagamitin ang aqing sariling uica, cundi ang uica lamang nang Santong Sulat.

Ang uica nga nang Dios Espiritu Santo:—*Honora Deum*

ex tota anima tua, et honorifica sacerdotes..... (1) Sa macatouid: igalang mo nang boong puso mo ang Panginoon Dios, at igalang mo naman ang mang̃a Sacerdote.

Ang naquiquinig sa mang̃a Sacerdote, ang uica rin nang Dios Espiritu Santo sa Evangelio ni Poon San Lucas, ang naquiquinig sa mang̃a Sacerdote, ay para ring naquiquinig sa aquin, at ang nagpapahamac sa canila,i, para ring nagpapahamac sa aquin.—*Qui vos audit.... et qui vos spernit.....* (2)

Si Samuel mahal na Profeta,i, dumaing na minsan sa Panginoon Dios nang mang̃a pagpapahamac sa caniya nang mang̃a taga Israel, at inalio siya nang Panginoon Dios na ang uica:—*non enim te abjecerunt, sed me.....* (3) Sa macatouid: Samuel, anang Dios, Samuel, hindi icao ang pinahamaman nang mang̃a taga Israel, cundi aco rin. Na cung sa bagay, ang pagpapahamac nang mang̃a taga Israel sa Profeta,t, Sacerdote na si Samuel, ay inaari nang Panginoon Dios na parang pagpapahamac sa caniya ring sarili.

Dito sa mang̃a sinalita co, na pauang hinango co sa Santong Sulat ay maquiquilala na ninyo ang catungculan nating mamintuho, gumalang, umibig at sumunod sa mang̃a Sacerdoteng cahalili nang Dios.

Subali,t, cung бага mayroong mang̃a Sacerdote, na masasamang ugali at macasalang tauo, ay, ¿catungculan nating igalang sila,t, sundin at pamintohoin? Oo, ang sagot ni Poon San Juan Crisóstomo: *Etsi male vivant Sacerdotes, non tamen à subditis judicandi sunt.* (4) Sa macatouid: cahima,t, masama ang pamumuhay nang mang̃a Sacerdote, ay houag susuayin, houag mumurahin at houag pahamaman nang mang̃a cristiano, sapagca,t, hindi dapat na hucuman sila nang

(1) Eccli. cap. VII. v. 23.—(2) Luc. cap. X. v. 16.—(3) I. Reg. cap. VIII, v. 7.—(4) Hom. LXXXV.

canilang mangá sacop.

Ang mangá Escribas at Fariseos ay sila ang pinaca Doctores at tagapagturo sa mangá taga Israel nang aral nang Dios; na, cung sa bagay, nagcacaparis sila nang mangá Sacerdote. At baga man naalaman ni Jesucristo, na sila, i, malilibog na tauo, masasaquim sa salapi, at masasamang ugali; gayon man, anaquin, ay nag-utos siya sa mangá Israelita, na, sundin nila, t, tuparin ang lahat na magaling na iniaaral sa canila nang mangá Escribas at Fariseos, datapoua, t, houag gayaha, t, parisan ang canilang guinagaua. *Omnia ergo quaecumque.....* (1)

Caya, ang uica nang cagalang-galang na si Padre Claret, caya hindi dapat tingna, t, pagmasdan natin ang carunungan ó cahangalan nang mangá Sacerdote, ang canilang cataasan ó cababaan, ang canilang pagcamaguinoo ó pagcatimaua, ang canilang mabuti ó masamang ugali; cundi ang dapat nating tingnan, pagmasdan at igalang ay ang canilang pagcasacerdote. (2)

At sa catapusan, ay pacatantoin ninyo, t, pacatandaang maigui, na, ang capangyarihan nang mangá banal at nang mangá macasalanang Sacerdote, bagay sa pamimigay nang mangá Sacramento sa mangá tauo, ay iisa rin at ualang pagcacaiba; sapagca, t, ang capangyarihang ipinagcacaloob nang Panginoon Dios sa mangá Sacerdote, ay hindi ipinagcacaloob sa canilang pagcatauo, cundi sa canilang pagcasacerdote.

Caya, mangá capatid co; quilalanin na ninyo ang bucod na camahalan nang mangá Sacerdoteng cahalili nang Dios. at quilalanin ninyo naman ang catungculan nating sumunod, gumalang, mamintuho, t, umibig sa canila. At cung baga sacali, t, mayroon cayong naquiquita, ó nababalitaan caya, ma-

(1) Math. cap. XXIII. ŷ. 3.—(2) Claret. Plática para la Dominica XIII despues de Pentecostes.

nga Sacerdote, na hindi nagbabagay nang canilang buhay sa canilang mataas at mahigpit na catungculan, ay houag ninyong murahin, houag ninyong siraan nang puri, cundi bagcus ay caauaan ninyo sila,t, ipanalangin sa Panginoon Dios, nang sila,i, magbago nang ugali.

Ang mangã Sacerdote ay mangã ama nang inyong calouloua, caya gauin ninyo sa canila ang inuugali ninyong gauin sa inyong tunay na ama.

Cung nagcacasala ang inyong ama, ay tinatacpan ninyo ang caniyang puri, ay gayon din ang gauin ninyo sa mangã Sacerdoteng nagcacasala. Tacpan ninyo ang canilang puri, sapagca,t, siyang calooban nang Panginoon Dios, at umasa cayo, na gagantihin cayo nang Panginoon Dios nang magandang ganti dito man sa buhay na ito, at doon sa isang buhay. Siya naua.



QUINTO MANDAMIENTO.

Plática 1.^a del quinto precepto.

Non occides. *Exod. cap. XX,*
v. 13.



Ang binabanta cong saysayin sa inyo ngayong arao na ito, mangá capatid co, ay ang icalimang utos nang Panginoon Dios, na ang uica: *Non occides*, sa macatoid: Houag cang papatay nang capoua mo tauo.

Malinao na malinao itong icalimang utos nang Panginoon Dios, at madaling matalastas nang sino mang tauo, cahima,t, hangal. Datapoua,t, dito sa mangá uicang ito: *houag cang papatay nang capoua mo tauo*, ay hindi nasasaclo lamang ang catungculan nang tauong houag pumatay sa capoua tauo, cundi marami pang mangá bagay-bagay ang napapalaman sa naturang mangá uica.

Doon nga,i, nasasaclo ang catungculan nang tauong houag magnasa nang camatayan sa caniya mang sariling catauoan at sa caniyang capoua tauo.

Doon din, sa nasabing mangá uica,i, nalalaman ang catungculan nang tauong houag gumaua nang anomang icapagcacasquit niya, ó icasisira caya nang caniyang catauoan.

At doon nama,i, nasasaclo ang catungculan nang tauong

houag magbigay nang escándalo ó masamang halimbaua sa capoua niya tauo.

Itong lahat na mangá bagay na ito,i, sasaysayin co, cung aco,i, biguian nang Panginoon Dios nang gracia,t, buhay. Caya sasapolan co ngayon, at ang ipangangaral co sa inyo, dito sa caunting oras, ay ang catungculan nang tauong houag pumatay sa capoua tauo. Paquingan ninyo.

Sa lahat nang quinapal nang Panginoon Dios dito sa lupa, ang tauo,i, siyang minamahal niyang totoo.

Ang tauo nga,i, siyang calarauan nang Panginoon Dios. Ang tauo,i, siyang pinagcalooban nang Panginoon Dios nang caloloua,t, catauoan, nang mabuhay siya,t, macagagaua dito sa lupa nang icapapacagaling niya sa langit. Caya ang buhay at camatayan nang tauo ay sinarili nang Panginoon Dios.

Ang Panginoon Dios nga lamang ay siyang nacabubuhay at nacamatay sa tauo, caya ipinagbabaua niya sa ating lahat, dito sa icalimang utos niya, ang pagpatay natin sa ating capoua tauo.

Mahigpit na mahigpit itong utos nang Panginoon Dios sa atin. Hindi lamang ipinagbabaua niya sa lahat nang tauo ang pagpatay sa capoua, cundi pa naman ay itinutucoy na niya ang parusang dapat iparusa dito man sa lupa sa mangá tauong nangangahas pumatay sa capoua nila tauo.

Uica nga nang Panginoon Dios sa Santong Sulat: *Qui percusserit hominem volens occidere, morte moriatur.* (1) Sa macatouid: Ang sumusugat sa tauong talaga,i, patayin, ay patayin siya,t, patayin.

Ang pumapatay sa caniyang capoua tauo, ang uica rin nang Panginoon Dios, ay dacpin mo siya, cahima,t, naroroon sa altar, nang siya,i, patayin: *Si quis per industriam occiderit proximum suum.....; ab altari meo evelles eum ut moriatur.* (2)

(1) Exod. cap. XXI. v. 12.—(2) Exod. cap. XXI. v. 14.

At ito ring utos na ito, ay inuulit nang Panginoon Dios sa Santong Sulat, na ang uica: *Qui percusserit et occiderit hominem, morte moriatur.* (1) Na ang cahuluga,i, ganito: Ang pumapatay sa capoua tauo, ay patayin naman siya,t, patayin.

Subali,t, ganoon mang cahigpit ang utos nang Panginoon Dios tungcol dito sa di pagpatay nang tauo sa capoua niya tauo, ay mayroon ding hindi nasasacupan nitong utos na ito.

Ang mangã matataas na Puno, baga, na may capang-yarihan, ay pinahihintulutan nang Panginoon Dios, nang sila,i, macapagpapatay sa mangã tauong may mabibigat na casalanan, at nacasisira nang capayapaan nang mangã bayan-bayan. At caya pinahihintulutan nang Panginoon Dios ang matataas na Puno nang gayong pahintulot, sapagca,t, mahirap na totoong piguilin ang casouailan nang mangã tauo dito sa lupa, cundi sila tacutin nang isang malaquing parusa.

Gayon din, ay ipinahihintulot nang Panginoon Dios, na ang tauong hinaharang ó linolooban nang mangã tulisan ó nang masasamang tauo, na talagang siya,i, papatayin, ay macalaban sa canila sa pagsasangalang nang caniyang saring buhay, at macapatay pa sa canila, cung sacali,t, ualang-uala siyang pag-iiuasan. Pacatandaan ninyong maigui itong mangã uica cong ito:—*cung ualang-ualang pag-iiuasan,* sapagca,t, cung macaiiuas din ang tauo sa ibang paraan, ay baul na baul sa caniya ang pagpatay sa capoua tauo.

Ang calac-han nang casalanan nang tauong pumapatay nang capoua tauo, ay maquiquilala naman ninyo doon sa guinaua nang Panginoon Dios cay Cain.

Si Cain, unang anac ni Adan, dala nang malaquing ca-

(1) Levit. cap. XXIV. v. 17.

panaghilian, ay pumatay sa caniyang capatid na si Abel; at capagcaraca,i, napaquita sa caniya ang Panginoon Dios at nag-uica sa caniya nitong mangá catacot-tacot na uica:— Cain, ang dugo nang capatid mo, na nasasabog sa lupa, ay sumisigao sa aquin hangan sa langit, at humihinging ganthian. Caya, sasamahan cang palagui nang sumpa co dito sa ibabao nang lupa; at pagsacahan mo man ang lupa, ay hindi tutubuan nang maiguing tubo; at gagala-gala ca dito sa mundo, na parang tauong layas at laboy. *Dixitque ad eum...* etc. etc. (1)

Dito sa icalimang utos nang Panginoon Dios, ay nagcacasala nang malaquing totoong casalanan ang mangá babaying dalaga, soltera caya, balo man at may asaua, na nagcacalaman sa tiyan, at umiinum nang gamot, na inacala nilang macatutunao nang laman nang canilang tiyan, ó gumagaua caya nang ibang paraang icaagas nila. Itong casalalang ito,i, may casamang *Excomuni6n mayor*, cung baga,t, buhay ó tauo na ang laman, na pinatutunao nila.

Gayon din, ay nagcacasala nang malaqui,t, catacot-tacot na casalanan, ang nagbibigay nang gamot sa naturang mangá babayi, ó nagtuturo at naghahatol sa canila nang mangá gamot, na ica-aagas nila.

Tungcol dito sa icalimang utos nang Panginoon Dios, ay ibig co sana, na pag-iisip-isipin at pagninilay-nilayin nang lahat nang tauo itong bagay na aquing sasabihin ngayon.

Cung tayo,i, pumapatay nang alin mang hayop, ay pinapatay natin at tapus na; uala na tayong sucat alaalahanin tungcol sa canilang cararatnan, palibhasa,i, uala silang caloloua. Subali,t, ang tauo,i, may catauoan at may caloloua; caya itinatanong co sa inyo: ¿Cung patayin natin ang tauo capoua natin, ay saan baga patutungo ang caniyang caloloua? ¿Pasasalangit caya siya, ó pasasainfierno baga?....

(1) Gens. cap. IV, §. 10, 11, 12.

¡Ay, mangá capatid co! Isipi,t, pacaisipin ninyo, na ang caramihan nang tauo, ay hindi nahahanda sa isang biglang pagcamatay, caya cung patayin silang bigla,i, marahil mapacasma sila sa inferno, magpasaualang hangan. ¿At sino caya ang paghahanapan nang Panginoon Dios nang caloloua,t, catauoan nitong tauo, cundi ang nacamatay sa caniya?....

Maraming bagay-bagay ang nacabubuyo sa tauo sa pagpatay nang capoua tauo, nguni,t, ang totoong nacatutulac sa caniya sa gayon, ay ang malaquing pagnanasa niyang manghiganti sa inaacala niyang caauay; ang pagmamasaquim niya sa salapi,t, cayamanan, at ang labis na pag-uiuili niya sa mangá lamang bayan.

Caya, mangá capatid co; iuacsi ninyo,t, ilayo sa inyong loob itong mangá casalanang ito. Alalahanin ninyo ang mahigpit na catungculan nating umibig sa ating capoua tauo, at mula ngayon, ay houag na cayong gumaua nang anomang icasasama ó icasisira nang canilang catauoan ó caloloua, cundi bagcus, ay ibiguin ninyo sila,t, ibiguin, para nang pagcaibig ninyo sa inyo rin, nang cayo,i, caauaan nang Panginoon Dios at pagcalooban nang langit. Siya naua.



Plática 2.^a del quinto precepto.



NO ES LÍCITO MATARSE Á SÍ MISMO NI DESEARSE LA MUERTE.



Hindi lamang ipinagbabawal nang Panginoon Dios sa icalimang utos niya ang pagpatay nang tauo sa capoua niya tauo, cundi ipinagbabawal niya naman ang pagpatay nang tauo sa caniya rin, at ang pagnanasang mamatay ó magpacamatay, at gayon din ang pag-gaua nang anomang icasasama ó icasisira nang caniyang sariling catauoan.

Malaquing-malaqui ang casalanang guinagaua nang tauong nagpapacamatay, palibhasa,i, hindi tayo ang may ari nang ating buhay, cundi ang Panginoon Dios, caya ang tauong nagpapacamatay, ay parang nagnanacao siya sa Panginoon Dios nang caniyang capangyarihan.

Tayo, manġa capatid co, ay pinagcacalooban nang Panginoon Dios nang buhay, nang tayo,i, mabuhay dito sa lupa, sa pagsunod nang manġa mahal na utos niya, at sa pag-gaua nang manġa mararapat na gauang icapagbibigay puri sa caniya, at icapapacagaling natin sa langit. Diyata, cung ang tauo,i, nagpapacamatay, ġay di nġa lumalaban sa calooban nang Panginoon Dios, na ang ibig, ay mabuhay tayo hangan di sumapit ang arao,t, oras na tinutucoy niya sa atin?

Itong lahat nang sinabi co tungcol sa tauong nagpapaca-

matay, ay siya co ring sinasabi tungcol sa tauong nagnanasang mamatay ó magpacamatay, sapagca,t, ang tauong gumagaua ó nagnanasang gumaua nang di ninanasa nang Panginoon Dios, ay lumalaban sa caniyang mahal na calooban, at nagcacasala nang malaqui.

Ang nagcacasalang madalas dito sa utos na ito, ay yaong mangã tauong mauilihin sa mangã lamang bayan, na ualang pinagcacasipagang iba dito sa ibabao nang lupa, cundi ang pagpapalaqui nang canilang cayamanan; ang pagtutubo nang maraming salapi sa canilang pagcocalacal, at ang pananalo sa toui-toui sa canilang pagsusugal. Ito nga,i, siyang pinacadios nila, na hindi nauuuala sa canilang loob gabi,t, arao.

Caya cung namamatay ang canilang mangã hayop; ó natutunao baga,t, nasisira ang ibang cayamana,t, pagcabuhay nila, ay nagnanasa na silang mamatay, ó nagbabantang magpacamatay.

Cung nangungulugui sila sa pagcocalacal, ay nagpapatuacal na sila,t, nagsusumpa sa canilang catauoan, at umaayao na silang mabuhay dito sa mundong ito.

Cung sila nama,i, matalo sa sugal, ay nagagalit sila nang labis, at nagtutungayao nang catacot-tacot; sinusumpa nila ang canilang catauoan; ang canilang mangã anac at asaua, ay pinagbubuntuhan nang galit, at ang canilang sariling buhay ay inaari nilang hamac. Ang uica nga nila sa canilang loob na mag-isa, ó sa harap caya nang ibang tauo ay: ¡mahanğay aco,i, mamatay na! ¡anhin co baga itong buhay cong ito? ¡Maigui pa ang aco,i, mamatay nang bigla, tamaan nang hanğin, tamaan nang culog, at iba pang ganitong mangã uica, na pauang masasama at casalanan sa Panginoon Dios!

Itong mangã tauong itong di marunong magtiis nang mangã ugaling cahirapan dito sa buhay na ito, at nagnanasa

tuloy na mamatay ó magpacamatay, ay culang-culang ang canilang bait at mahina,t, malamig ang canilang pananam-palataya sa Panginoon Dios. Hindi nila iniisip ang masasapit nila doon sa cabilang buhay; at ang Panginoon Dios, na siya ang Ama nating maauain, na dapat pagtacobuhan nang lahat nang tauo sa oras nang canilang mangá cahirapan, ay siya pa ang canilang nalilimutan at hindi inaalaala.

Ang mangá tauong nagpapacamatay, at ang mangá nagnanasang mamatay, dahilan sa mangá cahirapang caloob nang Panginoon Dios sa canila dito sa lupa, ay para-parang nagpapahamac sila sa Panginoon Dios nang malaquing pagpapahamac, at ga hindi nila naquiquilala ang caniyang pagca Ama,t, Panginoon, na ang ibig niya,i, mabuhay tayo sa pagpupuri sa caniya, at sa pag-gaua nang icagagaling nang caloloua natin.

Hindi rin inaalaala nila, na ang mangá cahirapan dito sa lupa,i, siyang dapat daanan nati,t, tiisin nang tayo,i, macapagcamit nang langit; at hindi naman inaalaala nila, na ang Panginoon Dios ay siyang dapat nating daingan, palibhasa,i, siya ang maauaing Médico,t, Ama, na nacapagbibigay sa atin nang caguinhauahan, cung tayo,i, naghihirap.

Nagcacasala naman dito sa icalimang utos ang mangá tauong cumacain ó umiinom na tiquis nang anomang talastas nila, na icasisira nang canilang catauoan.

Nagcacasala rin dito sa utos na ito, ang tauong, cusang lumalagay sa pang'anib na icamamatay niya. Subali,t, cung siya,i, lumalagay sa pang'anib na icamamatay niya, hindi dala бага nang masamang pagnanasa niyang mamatay ó magpacamatay, cundi alang-alang sa Dios na Panginoon natin, ó alang-alang, caya, sa malaquing ibig at aua niya sa capoua tauo, ay hindi siya magcacasala nang munti man, cundi bagcus ay pupurihin siya nang Panginoon Dios at nang mangá mababait na tauo.

Gayon din nagcacasala nang totoong malaquing casalanan dito sa icalimang utos ang mangá maglalasing, palibhasa,i, bucod sa casiraang guinagaua nila sa canilang sariling catauoan, at sa canilang sariling puri, ay nagbibigay pa sila nang masamang halimbaua sa capoua tauo.

Ang tauong lasing, tabi sa caloloua, ay nagcacaparis nang mangá hayop, at talo pa siya, cung minsan, nang mangá hayop, cahima,t, ang hayop ay ualang bait.

Isang cabayo, sa halimbaua, isang calabao caya, ay nacapagpapasunod na maigui sa canilang sariling catauoan, at cung sila,i, palacarin nang canilang panginoon sa cabulusang daan, ay hindi naglilico-lico sa paglacad. Subali,t, ang tauong lasing ay hindi nacapagpapasunod nang mahusay sa caniyang catauoan, cundi bagcus ay papaling-paling at pahapay-hapay ang caniyang lacad, na, ualang di quinatituran niya, at madalas namang napaparapa. At malouang man ang daan ó calzada, ay maquipot at masiquip na masiquip sa caniyang tiguib na catauoan, caya madalas nasasagasa sa mangá bacuran, na sa magecabicabila nang calzada, at cung minsan ay iguiniguiba pa nila nang canilang ulo, na napapasubasob doon, at pinagtutunḡayauan nilang tuloy nang sari-saring tunḡayao.

Ang tauong lasing ay uatal-utal, cung mangusap, at cung sacali,t, matutong mangusap, ay pauang cahalayan at di matinong salita ang lalabas sa caniyang bibig. Caya siya,i, pinangngilagan nang mangá mababait na tauo, linilibac at pinaglalaroan nang Demonio, at pinagtatauanan nang lahat nang tauo, bata,t, matanda.

Ang tauong lasing ay ipinapara nang ibang marurunong sa isang sasaquian ó bangcang tiguib na. At tunay nga, sapagca,t, cung itong bangcang itong tiguib na, ay pasasalaot, ay di mangyaring di malubog, cung malacas-lacas ang hangin

at malaqui ang daluyong, cahima,t, mabait at marunong ang piloto; ay gayon din ang lasing, cung tiguib na, ay di mangyaring di mapahamac ang caniyang catauo,t, caloloua dito sa calautan nang mundo.

Caya mang'a capatid co, houag ninyong tangapin sa inyong loob ang masamang pagnanasang mamatay ó magpacamatay, at hindi cayo ang may ari nang inyong buhay, cundi ang Panginooon Dios. At cung cayo,i, datnan nang anomang cahirapan, ay tiisin ninyo nang magandang loob, alang-alang sa Panginooon Dios na pinagcacautangan nang macapal na utang; at houag cayong gumaua nang mang'a talastas ninyong icamamatay ó icacasira nang inyong catauoan.

Houag ninyong sumpain ang inyong catauoan, at houag namang ipanganyaya ninyo nang mang'a uica,t, mang'a gauang hindi tapat.

Ang mang'a maglalasing, yaong bagang mang'a tauo, na nararatihang uminom nang alac, hangan sa totoong pagcasira nang canilang pagcaalam tauo, ay itahan na ang canilang masamang ugali, at matacot sa Dios, at alaalahanin pa, na ang catauoan nang tauo, ay quinapal nang Panginooon Dios, nang maguing alipin nang caloloua, at ang caloloua,i, siyang guinaua nang Panginooon Dios, panginooon nang catauoan, at hindi catourang alagaang maigui at pabusuguin ang alipin, at gutumin ang panginooon.

Tayo, mang'a capatid co, ay quinapal nang Panginooon Dios, nang siya,i, pagsilvihan natin dito sa lupa, nang macamtan natin ang langit; caya hindi dapat, na palayuin natin nang labis ang catauoan, na cacanin din, balang arao, nang ouod, at hindi naman dapat na pahamacan natin at sirain ang catauoan, na siya ang casamasama nang ating caloloua sa inferno man ó sa langit, cundi ang ucol at dapat at catouran nating gauin, ay alagaan ang

ating catauoan, nang tapat na pag-aalaga, na siyang ma-
catulong sa ating caloloua, sa pag-gaua nang mararapat na
gauang icapapasalangit natin. Siya naua.



Plática 3.^a del quinto precepto.

DEL PERDON Á LOS ENEMIGOS.

Magaling na totoo, at tapat sa inyong caloloua,t, ca-
taucoan ang binabanta cong ipangaral sa inyo nga-
yong arao na ito; ang catungculan baga nating mag-
patauad sa ating mangá caauay. Paquingan ninyo.

Macapal na totoo ang mangá tauong nagtatanima,t, nag-
cacagalitan sa malaqui ma,t, sa munting dahilan; at itong
pagtataniman at pagcacagalitan ay nalalaganap sa mangá
caharian, sa mangá provincia, sa mangá ciudad, sa mangá
bayan at sa mangá camag-anacan pa.

At cung caya naisipan cong ipangaral sa inyo ngayon
ang catungculan nating magpatauad sa ating mangá caauay,
sapagca,t, ibig co,t, ninanasang totoo nang aquing loob, na
itong arao na ito,i, siyang maguing catapusan nang ating
mangá pagtataniman. Ibig cong ibig, na ang mangá ma-
gagaliting tauo at masusuoling loob, na nagtatanim sa
capoua nila tauo, ay houag nang lumabas dito sa simbahan,
hangang di pag-iguhihin nila muna ang canilang loob, at mag-
tauana,t, magpatauaran, at ang apoy, na iquinaiinit nang
canilang calooban, at iquinasusulong nila sa panghihiganti
sa mangá caauay ay subhan nila agad at halinhan niyong

isang apoy nang pagcaibig na ipinadala ni Jesucristo sa ating mang'a cristiano, hangang sa cataasan nang langit, at ang uica:—*Ignem veni mittere in terram: ¿Et quid volo nisi ut accendatur?* (1)

¿Mayroon baga diyan sa inyo ang isa mang tauo, na hindi nacaiibig magpaningas nang canilang loob nitong loulahating apoy na padala ni Jesucristo sa atin?

¿Mayroon cayang isa mang tauong di tumangap nitong inaacala co,t, ninanasa?

¿Mayroon bagang isa mang tauo, na hindi nacaiibig magcapayapa sa capoua niya tauo, na caniyang quinacaauay?

¿Mayroon caya diyan sa inyo ang sino mang tauong umaayao dumulog cay Jasucristo, ngayon ding oras na ito, at humingi sa caniya nang caunting apoy nang pagcaibig, na maicaibig niya sa capoua niya tauong dating pinagtataniman? Acala co,i, uala isa man.

Subali,t, cung sacali,t, mayroon, ay sasabihin co sa canila, na, palibhasa,i, ayao silang magpatawad sa canilang mang'a caauay, ay hindi naman sila patatauarin nang Panginoon Dios.

Caya, magcolación man sila nang marami; magparusa man sa canilang catauoan at maglimos man sila sa mang'a pobre nang boong cayamanan nila, ay mauuualaang halaga ang dilang gauang iyan, sapagca,t, ang uuiicain ni Jesucristong Panginoon natin sa canila,i, gayon:—.... *Dimittite, et dimitemini.* (2) sa macatouid: Cung ibig ninyo, na cayo,i, patauarin nang Panginoon Dios, ay patauarin ninyo naman ang inyong mang'a caauay.

Caya maguiguing hamac at ualang cabuluhan ang canilang mang'a panalangin; ang canilang pagsisimba; ang canilang pagdarasal; ang canilang pagcocompisal at pagcoco-

(1) Luc. cap. XII, v. 49.—(2) Luc. cap. VI, v. 37.

mulgar; at ang mang̃a caraingan pa nila sa Panginoon Dios, sa mahal na Virgen at sa mang̃a Santo ay hindi nila macacamtan, cung di patauarin nila muna ang canilang mang̃a caauay.

At hindi lamang di macacamtan nang mang̃a mapagtanim na tauo ang canilang hinihingi sa Panginoon Dios at sa mang̃a Santo, cundi pa nama,i, pinahahamacan nila ang canilang caloloua nang malaquing capahamacan.

At tunay n̄ga, sapagca,t, ang pagdarasal nang *Ama namin*, na minamahal na totoo nang Panginoon Dios at nang santa Iglesia,i, siyang maguiguing sumpang catacot-tacot sa caloloua,t, catauoan nang tauong nagdarasal niyon, cundi patauarin niya muna ang caniyang mang̃a caauay.

Matitilhan cayong totoo, cung baga, sa pahintulot nang Panginoon Dios, ay macaquita cayo nang dami nang mang̃a calolouang napacasama sa inferno dahilan sa pagdarasal nang *Ama namin*. Houag ninyong pagtac-han itong mang̃a uica cong ito, at n̄gayon din ay ipaquiquilala co sa inyo ang catotoohanang nitong sinabi co. Paquingan ninyo,

Cung tayo,i, nagdarasal nang *Ama namin*, ay humihingi tayo sa Panginoon Dios, na ipatauad niya sa atin ang ating mang̃a utang, para nang pagpapatauad natin sa nagcacautang sa atin. Sa macatouid: ang hinihingi natin sa Panginoon Dios, ay patauarin niya tayo nang ating mang̃a casalanan, para nang pagpapatauad natin sa ating capoua nang canilang casalanan. N̄gayon, cung itong mahal na panalangin ay dasalin nang isang mapagtanim na tauo, na ayao magpatauad sa caniyang mang̃a caauay, ay ang hinihingi niya sa Panginoon Dios sa pagdarasal nang *Ama namin*, ay ang houag naman siyang patauarin. Na, cung sa bagay, ang tauong mapagtanim na nagdadasal nang *Ama namin*, ay siya rin ang humahatol sa caniya nang pagpapacasama niya sa inferno nang magpasualang hangan.

Caya, matacot na ang mang̃a tauong ayao magpatawad sa canilang mang̃a caauay, na maca sacali, doon sa pagdarasal nila nang *Ama namin*, ay hindi lamang hindi macamtan nila ang canilang hinihingi, cundi bagcus ay tamaan sila nang *Justicia* nang Dios at parusahan nang ualang hangang parusa.

Liban dito,i, catoua mandin ang loob nang tauong ayao magpatawad sa caniyang mang̃a caauay. Palaguing nababalisa,t, napaparati sa dilang masasama.

Cahalay-halay n̄gang tingnan at paquingan ang mang̃a guinagaua nang tauong mapagtanim at masucal na loob sa capoua niya tauo.

Ang mang̃a caculangang ualang cabuluhan nang caniyang cataniman, ay ipinahahayag niya sa lahat nang tauo, at madalas naman, sinasabi niya, parang totoo, ang hindi totoo. At sabihin man niya ang totoo, ay, ang mumunting pouing, na naquiquita niya sa buhay ó caasalan nang caniyang cataniman, inaari niyang malaquing casalanan. At cung minsan pa,i, pinalalaqui niya,t, pinalalaqui, dinaragdagan niya,t, dinaragdagan itong caunting caculangang nang caniyang caauay; na cung paquingan ninyo, ay isipin ninyo malaquing totoo ang casalanan nang caniyang cataniman, bago-bago,i, uala, cundi isang camalian, na ualang casaysayan.

Ganito ang nangyari cay José anac ni Jacob.

Ang pagsasalita lamang ni José sa caniyang mang̃a capatid nang caniyang napanaguimpan, ay siyang iquinasama nang canilang loob sa caniya, at ang uica nila:—¿Sino caya ang macatitiis nang capangahasan nitong ating bata? Siya ang bunso natin, at gayon man, ay ibig na niyang magpasunod sa atin. Caya patayin na natin itong mapangahas na batang ito, ó cung dili caya, ay itapon natin sa isang

balóng ualang tubig, ó ipagbili caya natin sa mangá Ismaelita nagdadaan diyan.

Pagnilay-nilayin ninyo, mangá capatid co, cung ano cayang casalanan ang ipinagcasala ni José sa caniyang mangá capatid, at maquiquita ninyo, na ualang casalanang iba, cundi ang pagsasalita lamang sa canila nang napangarap niya. Subali,t, palibhasa,i, masama na ang canilang loob cay José at pinagtataniman pa nila dahilan sa bucod na pagmamahal sa caniya nang canilang ama; caya inaari nilang malaquing casalanan ang hindi casalanan, ang pagsasalita baga lamang ni José nang caniyang napanaguimpan, at ipinagbili nilang tuloy ang canilang ualang casalanang capatid sa mangá Ismaelita.

Caya, mangá capatid co, matacot na cayo sa Panginooon Dios; cauaan ninyo ang inyong caloloua, at houag ninyong pacasamin sa inferno dahilan sa di pagpapatawad ninyo sa inyong mangá caauay.

Houag ninyong pagtaniman ang mangá gumagaua nang masama sa inyo, cundi bagcus ay patauarin ninyo sila nang magandang loob nang casalanan nila sa inyo.

Alalahanin ninyo, na cayo,i, mamamatay ring ualang pagsala, at doon sa oras na yaon, ay dudulog cayo,t, magmamacaaua cay Jesucristong Panginooon natin, at uiuicain ninyo:—Jesus na Panginooon naming lubhang maauain, ay cauaan mo, pó, cami dito sa catacot-tacot na lagay namin. Patauarin mo, pó, cami nang aming mangá casalanan; houag mo, pó, coming ipahintulot sa tucso, cundi bagcus, ay iadya mo, pó, cami sa dilang masasama at sa Demoniong caauay nang aming caloloua.

Ganito seguro, ang hihingín ninyo sa Panginooon Dios, subali,t, mauaualang cabuluhan itong inyong hingi, sapagca,t, ang isasagot ni Jesucristo sa inyo,i, ganoon:

Hindi co cayo naquiquilala. Hindi co cayo quiniquilalang discipulos co at anac nang aquing Amang Dios, caya, malis na cayo,t, lumayo dito sa aquin, sapagca,t, ang manġa ta-uong di marunong magpatauad, ay hindi naman dapat na si-la,i, patauarin. ¡Ilayo naua nang Panginoon Dios sa inyo ang gayong catacot-tacot na sentencia!

Caya, manġa capatid co, houag ninyong paraanin itong arao na ito, bago cayo,i, magtauaran at magpatauaran. Ibig co, inuulit cong sabihin, ibig co, na ngayong oras na ito,i, siyang maguing catapusan nang inyong pagtataniman. Diya-ta,i, patauarin ninyo sa tanang loob ang inyong manġa ca-auay, nang cayo nama,i, patauarin nang Panginoon Dios at pagcalooban nang caniyang mahal na gracia, na icasasapit ninyo sa totoong caloualhatian nang langit. Siya naua.



Plática 4.^a del quinto precepto.

DEL AMOR Á LOS ENEMIGOS.

Hindi lamang nasasaclao sa icalimang utos nang Panginoon Dios ang catungculan nating magpatauad sa ating mang̃a caauay, cundi nasasaclao rin ang catungculan nating umibig sa canila. Caya ang pag-ibig natin sa mang̃a caauay, ay siyang ipagsesermon co sa inyo ngayon. Paquingan ninyo.

Cung tingnan co lamang, mang̃a capatid co, cung tingnan co lamang at pagmasdan ang carupuca,t, cahinaan nang tauo, ang damdam co,i, mahirap na mahirap tuparin ang catungculan nating umibig sa mang̃a caauay; subali,t, cung isipin co,t, pagnilay-nilayin ang carunung̃a,t, capangyarihan nang Panginoon Dios, na nag-uutos sa atin nang gayon, ay sasabihin co sa inyo, na hindi at hindi mahirap umibig sa ating mang̃a caauay, palibhasa,i, ang Panginoon Dios, na nag-uutos ay siya rin ang nagbibigay sa atin nang gracia,t, lacas sa pagtupad nang ipinag-uutos niya.

Doon sa panahong nabubuhay dito sa lupa, si Jesucristong Panginoon natin, ang sinusunod nang caramihang tauo ay ang aral sa canila nang ibang mang̃a Judio, na ang sabi nila baga,i, *houag ibiguin ang mang̃a caauay*. Caya nangaral

si Jesucristo sa caniyang mangá discípulo, at ang uica sa canila,i, ganito:—Naringig ninyo at natatanto ang sinasabi nang marami, na ang uica baga nila,i, dapat ibiguin ang capoua tauo, datapoua,t, ang mangá caauay ay dapat pag-taniman. *Audistis quia dictum est: Diliges proximum tuum, et odio habebis inimicum tuum.* (1) Subali,t, houag ninyong paniualaan itong mangá sabi,t, aral nang mangá tauong sinungaling: maniuala cayo sa aquin, palibhasa,i, ang iqui-naparito co sa mundo ay ang pag-aral at pagtuturo co sa inyo nang lahat nang catotoohanang at nang lahat na magagaling, na icapapasalangit ninyo. Caya ang utos co sa inyo, ay:—ibiguin ninyo ang inyong mangá caauay, at gantihin ninyo nang magaling ang mangá nagtatanim at nagpapanganyaya sa inyo, at ipanalangin ninyo sa Panginoon Dios ang mangá nag-uupasala,t, dumorouahagui sa inyo, nang cayo,i, maguing tunay na anac nang inyong Amang Dios na nasasalangit. *Ego autem dico vobis: Diligite inimicos vestros: benefacite etc. etc....* (2)

Mahirap n̄ga, inuulit cong sabihin, mahirap n̄gang ibiguin nang tauo,t, ipanalangin sa Panginoon Dios ang capoua tauong quinacaauay niya. Mahirap n̄ga, cung tingnan lamang ang sarili nating lacas; subali,t, maquiquilala ninyo, na hindi maliuag tuparin itong catungculang ito, cung pacaisipin ninyo, na si Jesucristo rin ang nag-utos sa atin nang gayong pag-ibig.—*Ego autem etc...* Aco, ani Jesucristo, acong Hari,t, Panginoon nang langit at nang lupa, aco n̄ga ang nag-uutos at nagpapahayag sa lahat nang tauo nang pag-ibig at pagpapagaling nila sa canilang mangá caauay.

Maquiquilala naman ninyo, na hindi mahirap tuparin itong catungculang ito, cung pacaisipin ninyo, na si Jesucristo rin ay siya ang nagbigay sa ating lahat nang halimbaus,

(1) Matth. cap. V. §. 43.—(2) Matth. cap. V. §. 44, 45.

hangan doon sa Cruz na pinagpacoan sa caniya.

Niyon n̄gang nasasa Cruz si Jesucristong Panginoon natin, ay dumaing sa caniyang Amang Dios, na houag bagang parusahan niya ang manḡa palamarang Judio, na nagparipa sa caniya, cundi bagcus ay ipatawad sa canila ang canilang casalanan, sapagca,t, ani Jesucristo, sapagca,t, hindi nila naalaman ang canilang guinagaua... *Pater dimitte illis: non enim sciunt quid faciunt...* (1)

Itong catungculan nating umibig sa manḡa caauay, ay sinunod nang lubos na pagsunod nang manḡa Santo at nang manḡa may loob sa Panginoon Dios.

Si José anac ni Jacob, ay hindi nagalit, at hindi naman sumama ang caniyang loob sa manḡa capatid niya, na nagbili sa caniya sa manḡa Ismaelita; cundi bagcus, ay ipinatawad niya ang canilang guinauang casalanan; at niyon siya,i, naging catiuala,t, pinacacatauon nang Hari sa Egipto na si Faraon, ay guinanti niya ang caniyang manḡa capatid na lilo nang magandang ganti, at pinagcalooban pa niya nang maraming totoong manḡa caloob at biyaya.

Nang maquita naman ni Moises, na ang manḡa tauong sacop niya,i, dumadampot nang manḡa batong ihahaguis at ipapatay sa caniya, ay doon din sa oras na yaon, ipinatawad niya ang canilang casalanan, isinamba niya ang caniyang manḡa camay, at ipanalangin niya sa Panginoon Dios ang lahat na nagbabantang magpanḡanyaya at pumatay sa caniya.

Sa buhay ni Poon Santa Teodora,i, nababasa itong cataca-tacang salita. Itong Santang ito,i, dala nang malaquing capighatian nang loob, dahilan sa isang casalananang guinaua niya, ay nagsoot nang soot lalaqui, at pumasoc sa isang Convento nang manḡa Padre, at doon tinutupad at

(1) Luc. cap. XXIII, §. 34.

sinusunod nang masiglang loob ang lahat nang penitencia,t, mabibigat na gauang ugaling gaui,t, sundin nang mangá Padreng casama niya. At caalam-alam niya,i, pinagbintanĝan siya nang isang nasirang dalaga, na ang uica,i, si Padre Teodoro, (si Poon Santa Teodora baga), ay siya ang nacabuntis sa caniya.

Dito sa lagay na ito, ay hindi lamang hindi nagalit si Poon Santa Teodora, cundi ipinatauad niya agad ang casalanan doon sa dalagang nagbintang sa caniya, at hindi man nagsangalang sa caniyang sariling puri, cundi bagcus ay nagtiis siya nang lahat nang hirap at cahihiyan sa capoua tauo, at tinangap niya,t, tinupad ang mabibigat na parusang ipinarusa sa caniya nang mangá Puno, na ang isip nila baga,i, si Poon Santa Teodora, ay hindi babayi cundi lalaqui, at siya nĝa ang nacabuntis sa naturang dalaga.

Si Poon San Gerónimo naman, ay pinaghinalaa,t, pinagbintangan nang isang malaquing pagbibintang, nang pagcacasala niya baga sa mangá babaying datidating quinocompisal niya. Datapoua,t, gayon mang calaqui ang casiraang guinagaua nang maraming tauo sa caniyang sariling puri, ay hindi siya cumibo, at hindi naman nagcalinĝa sa caniya rin, cundi bagcus ay pinatauad ang mangá nagpahamac sa caniya, at ipinagdasal pa niya,t, ipinanalangin sa Panginoon Dios ang caniyang mangá caauay.

Hindi rin nagalit si Poon San Estevan sa mangá tauong humahaguis nang bató, at nagpaguing martir sa caniya, cundi bagcus, ay quinaauaan niyang totoo at ipinanalangin sila sa Panginoon Dios, na ang uica niya baga:—¡Oh, calamistamisan cong Jesus! ¡Tanggapin mo na ang aquing calouloua, at houag mong parusahan itong mangá tauong ito, dahilang sa casalanang guinagaua sa aquin, sapagca,t, hindi nila naalaman ang canilang guinagaua.

Ganito ang pagsunod nang mang̃a Santo at banal na tauo nang catungculan nating umibig sa mang̃a caauay.

Baga man, itong magagaling na halimbauang ibinibigay sa atin nang mang̃a Santo at banal, ay sucat icatalastas niyo nang mahigpit na catungculan nating umibig at magpagaling sa mang̃a capoua tauo na caauay natin, at sasabihin co pa,t, sasalaysayin sa inyo ang isang bagay, na di mangyaring di macapilit sa inyo sa pag-ibig sa mang̃a gumagaua nang masama sa inyo.

Tayo, mang̃a capatid co, ay quinapal nang Panginoon Dios at inutusang sumunod nang iba,t, ibang mang̃a utos niya sa atin. At nang houag tayong magdahilan nang anoanong dahilan, ay pinagcacalooban tayo nang tapat na gracia,t, lacas sa pagtupad nang mang̃a ipinag-uutos niya sa atin. Itong lahat nang ito,i, totoo, at siyang pinasasampalayanan sa atin nang santa Iglesia.

Subali,t, gayon man, ay madalas na madalas sumusouay tayo sa utos nang Panginoon Dios, at lumalaban sa caniyang mahal na calooban, at pinahahamacan pa natin ang caniyang pagca-Dios at Panginoon at pagca-Amang maauain. Na cung sa bagay, tayo,i, naguiguing caauay nang Panginoon Dios, nang mahal na Virgen, at nang mang̃a Angeles at Santo.

Caya itinatanong co sa inyo ngayon: ¿Ano baga ang masasapit natin, cung tayo,i, tampuha,t, pagtaniman nang Panginoon Dios, nang mahal na Virgen at nang mang̃a Angeles at Santo? Ay ualang iba, cundi ang inferno.i, siyang naguiguing cararatnan nating lahat.

Totoong-totoo ito, subali,t, palibhasa,i, ang Panginoon Dios, na nag-uutos sa atin nang pag-ibig sa capoua tauo na caauay natin, ay siyang una-unang sumusunod nito ring ipinag-uutos niya sa atin, caya hindi lamang ipinatatawad niya sa atin ang mang̃a casalanan, cung tayo,i, humihinging ta-

uad sa caniya, cundi pa naman tayo,i, binibiguan niya nang lahat na cailangan sa pagsisisi nang casalanan at sa paggamot sa ating caloloua. Ang manġa Sacramento baga; ang gracia, na ang nġala,i, *suficiente*, sa macatouid: ang gracia, na, cung ayunan nati,t, samantalahin, ay siyang icaalis natin sa casalanan at icapagcacamit natin nang langit; ang macapangyayaring pag-aampon sa atin nang mahal na Virgen: ang pagtulong sa atin nang manġa Santo, at ang pagcacinglinga nang manġa Angel na catutubo natin.

Itong lahat nang ito, anaquin, at ang iba pang marami, ay pauang tandang maliuanag nang malaquing pag-ibig nang Panginon Dios sa atin, cahima,t, tayo,i, macasalanan at caauay niya. At ito ring lahat nang ito,i, siyang sucat icalambot at icaquiling nang inyong loob sa pag-ibig sa capoua tauo, na quinacaauay ninyo, at sa pag-ganti nang magaling sa manġa gumagaua sa inyo nang masama.

Caya, manġa capatid co, ipalaman ninyo sa loob itong iniaral co sa inyo nġayon, at sundin ninyo nang lubos na pagsunod. Ibiguin ninyo ang capoua tauo, caauay man ninyo at patauarin ninyo sila nang dilang pagcacasala sa inyo, nang cayo,i, maguing tunay na anac nang Dios, at ipatauad naman sa inyo ang manġa casalanan ninyo, at pagcalooban pa cayo nang buhay na ualang hangan sa langit. Siya naua.



Plática 5.^a del quinto precepto.

SE REBATEN ALGUNAS ESCUSAS QUE SUELEN ALEGARSE PARA NO
PERDONAR Á LOS ENEMIGOS.

Sinaysay co na sa inyo nang mangña lingong nagdaan ang catungculan nating magpatauad at umibig pa sa capoua tauo, na quinacaauay natin.

Acala co,i, malinao ang pagsaysay co sa inyo nitong mangña bagay na ito; subali,t, palibhasa,i, sari-saring dahilan ang dinadahilan nang mangña mapagtanim na tauo, at nang mangña magagalitin at masusucaling loob sa di pagpapatauad sa canilang mangña caauay, caya ipagsesermon co ngayon, at ipaquiquilala co sa inyo, na ang canilang mangña dinadahilan ay hamac na hamac at ualang casaysayan. Paquingan ninyo.

Ang marayang Demonio, na ualang pinagcacasipagang iba, cundi ang pagtulac sa atin sa pag-gaua nang casalanan, nang tayo,i, mapahamac sa infierno, ay siyang naca-hihila sa mangña mapagtanim na tauo sa di pagpapatauad sa capoua tauo nang caniyang casalanan, at siya rin ang nagtuturo,t, nagsusumbong sa canila nang iba,t, ibang dahilan, na pauang ualang cabuluhan, para nang maquiquita ninyo ngayon.

Cung pangaralan ang mangá mapagtanim na tauo nang pagpapatawad nila sa canilang mangá caauay, ay madalas na madalas sumasagot sila nang ganoon sa nangangaral sa canila.—Hindi co minamaliuag, cundi bagcus ay malouag na malouag sa loob co ang pagpapatawad co sa mangá gumagana nang masama sa aquin, at sa mangá caauay co. Subali,i, inaalaala co, na ang puri co,i, masisira, cung aco,i, siyang dumulog sa aquing mangá caauay sa paghingí nang tauad sa canila, at cung patauarin co sila naman nang mangá casalanan nila sa aquin. Itong pagsira nang aquing puri, ay hindi co mabata,t, matiis, cung caya,i, hindi co sila pinatawad muna.

Cung sa paimbabao na pagtingin, mangá capatid co, tila,i, matouid ang dinadahilan nitong mangá mapagtanim na tauo, sa di pagpapatawad sa canilang mangá caauay; subali,t, cung cutcutin nati,t, halungcayin, at hanapin natin ang totoong laman nang canilang dinadahilan, maquiquita natin, na ualang casaysayan, at galing lamang sa cagalitan, sa capalaluan at sa casamaan nang loob ang canilang mangá dahilan.

At sa catunayan. ¿Nasira baga ang puri ni Jesucristong Panginoon natin, pinatawad man niya ang mangá tampalasang Judio, na nanglibac, nagbintang, nag-upasala, at nagparipa sa Cruz sa caniya?

¿Nasira caya ang puri ni David, dahilan sa pagpapatawad niya cay Saul, na umuusig sa caniya at talaga,i, papatayin?

¿Nasira caya ang puri nang mangá Mártires pinatawad man nila ang mangá nagpahirap at pumatay sa canila? Hindi nga, mangá capatid co, cundi bagcus ay nagcapuri silang lalo pa sa dati.

Caya ang pagcasira nang canilang sariling puri, na dinadahilan nang mangá mapagtanim na tauo sa di pagpapatawad

sa canilang mang̃a caauay, ay bulaan at sinong̃aling na dahilan, na ualang cabuluhan. Anaqui, ay nalimutan na nila ang mahal na aral, na napapalamán sa dasal, na ang uica:—*Mapapalad ang mang̃a mababang loob, at sila,i, magcacamit nang caharian sa langit.*—*Mapapalad ang mang̃a maauain, at sila,i, magcacamit nang aua.*

At bucod dito,i: ¿Sino caya ang canilang pagtatacbuhan sa oras nang canilang pagcamatay? ¿Ang santa Iglesia baga ang patutunguhan nila? Ay capagcaraca,i, sinasabi co sa canila, na hindi matatangap nang santa Iglesia ang mang̃a tauong ayao maquipagbati at magpatauad sa canilang mang̃a caauay.

¿Pagtatacbuhan caya nila ang mang̃a cahalili nang Dios? Ay nagcacamali naman sila, sapagca,t, ang mang̃a cahalili nang Dios ay ualang capangyarihan sa pagpapatauad nang casalanan nang tauong ayao magpatauad sa capoua tauo, caauay man niya.

¿Si Jesucristo, caya, ang canilang pagtatacbuhan, at hingan nang tauad at aua? Ay mali rin ang canilang caisipan, palibhasa, ang isasagot sa canila ni Jesucristong Panginnoon natin ay ganoon:—Ualang patauad sa hindi marunong magpatauad; ualang aua sa hindi marunong maaua sa capoua nila tauo: *Judicium enim sine misericordia illi qui non fecit misericordiam.....* (1)

Ang quinacatouiran namang madalas nang mang̃a mapagtanim na tauo sa di pagpapatauad sa mang̃a caauay nila,i, gayon:—Aco,i, tauong ualang casalanan; ang caauay co ay siya ang may casalanang marami sa aquin, at sa caniya nangagaling itong lahat na nangyaring ito, aco,i, matanda sa caniya, caya cahalay-halay, cung aco,i, siya pang sumuco sa caniya; diyata,i, sumuco na siya sa aquin, palibhasa ma-

(1) Jacob. cap. II. §. 13.

tanda aco sa caniya, at patatauarin co siya nang lahat na masamang guinaua niya sa aquin.

Ganito n̄ga ang quinacatouiran nang ibang manḡa mapagtanim na tauo sa di pagpapatauad sa manḡa capoua tauo, na quinacaauay nila; subalit, dito sa manḡa catouiran nilang ito,i, sumasagot si Jesucristo nang ganoon:—Cung cayo,i, ualang casalanan, ay lalong-lalo aco, palibhasa aco,i, Dios, na hindi macapagcasala; cung cayo,i, matanda sa inyong manḡa caauay, ay lalong matanda aco sa inyo, sapagca,t, aco,i, ualang hangan; at gayon man, ay hindi lamang hindi aco nagtatanim sa inyo, cundi bagcus, ay tinatauag co cayo oras-oras at tinutulunḡan co cayo nang aquing mahal na gracia, nang cayo,i, macaalís sa masamang lagay ninyo, at macapagcamit nang langit, Datapoua,t, yayamang ayao cayong magpatauad sa manḡa caauay ninyo, ay ayao naman aco magpatauad sa inyo. Ualang patauad sa hindi marunong magpatauad, ualang aua sa hindi marunong maaua sa capoua nila tauo. *Judicium enim...*

Cung minsan naman, ang dinadahilan nang mapagtanim na tauo,i, ganito:—Ang manḡa quinacaauay co, aniya, ay palamarang totoo sa aquin, at ang balang magaling na guinagaua co sa canila, ay guinaganti nila sa aquin nang dilang bagay na catampalasanan, caya hindi co sila pinatauad muna, maca itong pagpapatauad co sa canila nang canilang manḡa casalanan, ay gantihan pa nila nang masama.

Itong manḡa dahilan at catouirang ito,i, sinasagutan naman ni Jesucristong Panginoon natin nang gayon:—Cung palamara sa iyo ang manḡa caauay mo, ay lalo cang palamara sa aquin. Aco ang may capal sa iyo. Aco ang nagbigay sa iyo nang buhay nang cataoua,t, caloloua. Aco ang nagcaloob sa iyo nang manḡa pag-aari mo,t, cayamanan. Aco ang nagcacaloob sa iyo nang manḡa Sacramento at manḡa

graciang iba, na sucat icapacagaling mo sa langit; at gayon man, ay pinagcacasalanan mo aco,t, tinatampalasang palagui. Itong mangã casalanan mong ito, ay ipatatauad co sana sa iyo, subali,t, sapagca,t, ayao cang magpatauad sa mangã caauay mo, ay hindi ca naman patatauarin co. Ualang patauad sa hindi marunong magpatauad, ualang aua sa hindi marunong maaua sa capoua nila tauo. *Judicium enim.....*

Ang uica naman nang ibang mapagtanim na tauo, ay: uala siyang masamang loob sa canilang mangã caauay cundi ang ibig niya lamang, ay tapatan sila nang justicia nang mangã puno sapagca,t, ang casalanan sa caniya nang mangã caauay niya,i, mararami, malalaqui at pauang hayag sa boong sangbayanan.

Datapoua,t, ang isinasagot ni Jesucristo sa mangã nagdadahilan nang gayon, ay ganito:—Uala naman acong masamang loob sa inyo, cundi, bagcus, ang ibig co,i, magpatauad sa inyo nang lahat nang casalanan ninyo sa aquin, nguni,t, sapagca,t, ang ibig ninyo,i, tapatan nang justicia nang mangã puno ang inyong mangã caauay, ay tatapatan naman cayo nang Justicia nang aquing Amang Dios. Ualang patauad sa hindi marunong magpatauad, at ualang aua sa hindi marunong maaua sa capoua nila tauo. *Judicium enim....*

Mayroon namang mapagtanim na tauo, na ang uica,i, hindi siya nagnanasa nang anomang masama sa caniyang mangã caauay, cundi ang ibig niya lamang ay houag maqui-alam sila sa caniyang bahay at buhay, caya, ang uica sila,i, sumabahay nila, at aco naman ay sasabahay co.

Itong catapustapusang dahilan nang mapagtanim na tauo sa di pagpatauad sa mangã capoua tauo, na quinacaauay niya, ay sinasagutan naman ni Jesucristo nitong catacot-tacot na sagot:—Hindi naman aco nagnanasa nang anomang

masama sa inyo; hindi naman aco nagtatanim sa inyo; dapatoua,t, yayang ayao cayong magpatauad sa inyong mangá caauay, cayo,i, sumabahay ninyo, na siya ang infernong caucol sa inyong mangá casalanan, at aco nama,i, sasabahay co, na siya nga ang langit, na tinatalaga co sa mangá Angeles, sa mangá Santos, sa mangá banal at sa mangá maauaing tauo, na alang-alang sa aquin, ay nagpapatauad sa canilang mangá caauay. Ualang patauad sa hindi marunong magpatauad, ualang aua sa hindi marunong maaua sa capoua nila tauo. *Judicium enim sine misericordia illi qui non fecit misericordiam.....*

Naringig na ninyo, mangá capatid co, ang mangá dinadahilan nang mangá mapagtanim na tauo sa di pagpapatauad sa canilang mangá caauay, at naringig naman ninyo ang mangá sagot sa canila ni Jesucristong Panginoon natin. Ipinahayag co rin sa inyo, na ang inferno,i, siyang maguiguig cararatna,t, catapusan nang mangá tauong ayao magpatauad sa capoua tauo, na quinacaauay nila. Ngayon ay ipaqui- lala co sa inyo, na ang buhay nang mapagtanim na tauo, ay cahabaghabag dito man sa lupa.

Ang loob niya,i, namamalisang palagui, at nagugulo ang caniyang pag-iisip. Ang pagquita lamang sa caniyang mangá caauay, ay nacasasama nang calooban niya. Cung baga,i, natatanao niya sa isang calzada ang caniyang mangá cataniman, ay agad-agad lumilico siya sa ibang calzada; at cung sacali,t, nagcacasalubong silang magcaauay sa daan ay inililingon niya ang muc-ha. Ang tunog lamang nang voces nang caniyang mangá caauay, ay iquinagagalit niya. Ang lahat nang quilos, gaua,t, uica nila,i, binabacayan niya. Pini- pintasan niya ang dilang asal at caugalian nang caniyang mangá caauay, cahima,t, magaling ang asal nila, ay inahihinguil niya sa masama. Madalas nama,i, hindi siya maca-

tulog at tinatabangan pa nang pagcain, gaua nang mangá panimdim, na humahalucay nang caniyang loob.

Ito nga ang cahabag-habag na lagay nang mangá magpaganim na tauo, at nang mangá magagaliti, t, masusucaling loob, na ayao magpatauad sa capoua tauong canilang quina-caauay. Sa macatouid: dito sa buhay na ito, i, uala silang ibang macacamtan cundi hirap at casucalan nang loob, at doon sa cabilang buhay, ay ualang ibang dadatnan cundi ang maningas na apoy sa inferno nang magpasaualang cata-pusan.

Caya mangá capatid co, houag nang pagtaniman ninyo ang inyong mangá caauay; houag nang pagnasaan ninyo sila nang anomang masama, cundi bagcus, ay ipatauad na ninyo sa canila ang balang casalanan nila sa inyo, at ibiguin ninyo sila, para nang pagcaibig ninyo sa inyo rin, nang cayo naman ay ibiguin nang Panginoon Dios, patauarin nang mangá casalanan ninyo, at pagcalooban nang langit. Siya naua.



Plática 6.^a del quinto precepto.

SOBRE LA GRAVEDAD Y MALICIA DEL ESCÁNDALO.

Ang isa pang casalanang lumalaban sa icalimang utos nang Panginoon Dios, ay ang pinanganganlang escándalo, ang pagbibigay baga sa ating capoua tauo nang masamang halimbaua.

Hindi maisip, at di naman masabi ang calac-han nang casalanang ito, at malaquing di hamac sa pagpatay nang catauoan nang tauo; palibhasa,i, ang escándalo ay nacapag-papahamac, nacasisira at ga pumapatay sa ating caloloua, na siyang may bucod na camahalan sa mangá gaua nang Panginoon Dios.

Gayon man calaqui itong casalanang ito,i, maraming totoong tauo ang pinagdadayaan nang Demonio, at nahuhulog sa ganoong casalanan, at naguiguing escandalosong tauo.

Mahirap turingan ang tapat na cabilangan nang mangá escandalosong tauo; subali,t, dito sa mangá sasalitain co, ay macapag-uauari-uari na cayo, cung sino,t, sino ang gumagaua nitong casalanan. Cayo,i, maquinig.

Ang pinanganganlang escandalosong tauo, ay ang lahat, na gumagaua ó nag-uiuica nang anomang masama sa harap nang capoua tauo, at lalong-lalo, cung ang canilang guina-

gaua ó uiniuca,i, may bisa sa paghila,t, paghamon sa iba sa pag-gaua,t, pag-uica nang masama.

Caya ipinaquiquibilang sa mang̃a escandalosong tauo ang mang̃a umaauit nang malilibog ó mahahalay na auit, at ang mang̃a umaaral sa iba nang ganitong auit.

Ang mang̃a humahatol, nag-aamo-amo, ó nag-uutos caya sa capoua nila tauo nang pagtutubo at pagpapatubo nang labis nang salapi. Ang mang̃a nagtuturo sa iba nang pag-nanacao, nang di pagsasauli nang aring nacao sa pinag-nacauan nila, at nang iba pang ganitong gaua. Ang mang̃a umaaglahi sa iba sa gauang mahalay, maguing sa uica, maguing sa gaua, sa mang̃a guinday ma,t, sa mang̃a quinday. Ang mang̃a cumucuhila sa capoua tauo sa di pagtanggap nang mang̃a Sacramento nang santa Iglesia; sa di paquiquinig nang sermon; sa di pagsisimba, at sa di paniniuala sa mang̃a aral, na pinasasampalatayanan sa atin nang Panginoon Dios at nang santa Iglesia, at sa di pagsunod at pag-gaua nang iba pang magagaling at tapat.

Itong lahat na mang̃a tauong ito, ang uica ni Poon San Bernardino de Sena, ay pauang escandalosong tauo, na nacasisira, at ga pumapatay nang caloloua natin.

At hindi lamang escandalosong tauo, cundi pa naman, ay mang̃a silo nang Demonio ang itinatauag sa canila nang mang̃a marurunong. At tunay n̄ga, sapagca,t, jano caya ang sucat itauag at ipangalan doon sa mang̃a tauo, na ang caramihang uicang ibinibigcas nila sa bibig ay tungayao nang tungayao, na ualang licat, sumpa nang sumpa, na ualang patid; at itong lahat nang ito,i, nariringig nang canilang mang̃a anac, nang canilang mang̃a casambahay at nang mang̃a capitbahay pa? jDi sila n̄ga,i, parang silo nang Demonio, na nacahihila sa mang̃a nacariringig sa canila sa pag-uiniuca nang masama?

¿Ano baga ang sucat ipangalan doon sa mangá tauong may asaua, na ang pagsunod nila nang mangá ipinahihintulot sa tunay na mag-asaua, ay hindi ipinaglilhim nila, cundi bagcus ay guinagaua nila, t, sinusunod, na ualang caingát-ingát, at halos sa harap nang ibang tauo? ¿Di nga baga sila, i, parang silo na isinisilo nang Demonio sa canilang mangá anac, at sa ibang mangá tauo sa bahay, na nacamamalay ó nacaquiquita caya niyong mangá gauang yaon?

At ang mangá magugulang, na nagcucunsinti na mahiga, t, matulog sa canilang bahay, doon sa mangá lalaquing lumiligao ó nangangasaua sa canilang mangá anac na babayi. At yaon namang mangá magugulang, na, sa mumunti, t, hamac na paquinabang, ay umuurali sa canilang mangá anac sa pagnanacao at pagdaraya sa capoua tauo. Ang mangá talanding babayi naman, na nagpacaquis-quis nang canilang catauoan, na nagdadamit nang madalang at malibog na pagdaramit, at pinaiigui, t, pinababango ang canilang buhoc, na nag-guiguinday sa calsada, at pinupungay ang mata, at ipinagmamalibog nang labis ang canilang quilos at lacad. Itong lahat nang ito anaquin, ay ¿di nga baga mangá silo, na inuumang nang Demonio sa paghuli nang maraming caloloua, at ibubulid niya sa infierno?

¿At ano caya ang ipangangalan doon sa mangá ualang puri, t, ualang hiyang magugulang, na nagbibili nang caloloua, t, catauoan nang canilang mangá anac na babayi, macamtan nila lamang ang isang munting paquinabang, isang munting guinhaua nang catauoan?..... Ayauan sa ibang tauo, nguni, t, cung sa aquin, ay uala acong ipangangalang iba, cundi Demoniong tunay at masama pa sa Demonio.

Ang mangá escandalosong tauo, na nagbibigay nang masamang halimbaua sa capoua nila tauo, ay ipinapara nang

Santong Sulat sa salot, sa peste at sa mangá tauong may masamang saquit.

Cung mayroon n̄ga, sa halimbaua, sa isang ciudad, ó sa isang bayan, ang isa, dalaua ó tatlong catauo, na may peste ó masamang saquit caya; ay madaling-madaling nacahahaua sa iba nang canilang saquit, at caalam-alam ninyo,i, macacalat sa boong ciudad, sa boong bayan ang ganoong saquit. Ay gayon din; cung sa isang ciudad, sa isang bayan ay mayroong isa, dalaua ó tatlo cayang escandalosong tauo, na nagbibigay nang masamang halimbaua sa capoua nila tauo, ay madaling-madaling nasasalin sa iba ang canilang masasamang asal at ugali, at hindi malalauon, ay malalaganap na sa boong ciudad, sa boong bayan, ang canilang masasamang gaua, at mag-iiba na ang dating mabubuting asal at caogalian nang sangbayanan, at masisira tuloy at mauualat, para nang uica nang Santong Sulat: *Homines pestilentes dissipant civitatem:.....* (1)

Malaqui man ang casalanan nang mangá tauong nagbabanal-banalanan, ay malayong-malayo sa casalanan nang mangá escandalosong tauo, na nagbibigay nang masamang halimbaua sa capoua tauo. Ang mangá tauong nagbabanal-banalanan, ay hindi nacapagpapanganyaya sa iba, cundi sa canila ring sarili; subali,t, ang mangá escandalosong tauo ay hindi lamang nacasisira sa canila ring sarili, cundi nacasisira pa,t, nacapagpapanganyaya sa isang boong bayan, sa isang boong ciudad, sa isang boong caharian, na pinagsasalinan nila nang canilang masamang saquit, nang canilang masamang ugali, baga. *Homines pestilentes dissipant civitatem:.....*

Caya ang uica ni Jesucristong Panginoon natin sa caniyang Santo Evangelio,i, ganito:.... *Necesse est enim ut veniant scandala; Verumtamen, vœ homini illi per quem scan-*

(1) Prov. cap. XXIX §. 8.

datum venit. (1) Sa macatouid: hindi mauuuala ang mang̃a escándalo dito sa lupa, datapoua,t, aba nang mang̃a escandalosong tauo, na nagbibigay nang masamang halimbaua sa capoua nila tauo. Aba nang lalaqui, aba nang babayi, aba nang bagongtauo, aba nang dalaga, na nag-uiuica ó gumagaua nang anomang sucat icahulog nang capoua nila tauo sa casalanan. Mahañga,i, itali sa canilang liig ang isang guilingang bato,t, itapon sa guitna nang dagat, bago sila magbigay nang masamang halimbaua sa isa man lamang nang mang̃a campon co..... *expedit illi ut suspendatur mola asinaria in collo ejus, et demergatur in profundum maris.* (2)

Natatacot din acong mamatay, ang uica ni Poon San Bernardo, natatacot din acong mamatay, palibhasa,i, hindi aco nagpaparati sa isang magandang pagcamatay; subali,t, aniya, minamagaling co pa ang aco,i, mamatay na, sa pag-gaua ó pag-uiuica co caya sa harap nang capoua co tauo nang ano-anomang macasusulong nang canilang loob sa pag-cacasala sa Panginooon Dios.

Pacatandaan ninyong maigui, mang̃a capatid co, itong sabi,t, uica ni Poon San Bernardo, at itapat ninyo roon ang inyong mang̃a gaua,t, ugali.

Ang mang̃a uica, ang mang̃a gaua at ang mang̃a asal nang mang̃a escandalosong tauo, na nagbibigay sa inyo nang masamang halimbaua, ay houag ninyong tularan, houag ninyong parisan, cundi bagcus, ay pangilagan ninyo itong m̃ga mapang̃anib na tauo, para nang pag-uilag ninyo sa mang̃a tauong may peste ó masamang saquit.

Houag cayong pasilo sa canila at sa masamang aral nila, nang houag mapahamac ang inyong caloloua,t, ibulid nang Demonio sa inferno.

At nang cayoy,i, macaiuas sa malaquing parusang itina-

(1) Matth. cap. XVIII. v. 7.—(2) Matth. cap. XVIII. v. 6.

talaga nang Panginoon Dios sa mga escandalosong tauo, ay baguhin ninyo ang dating ugaling masasama; mag-asal cayo nang asal cristiano, at magbigay na cayo nang magaling na halimbaua sa inyong capoua tauo, at nang cayo,i, pagcalooban nang Panginoon Dios nang caniyang mahal na pag-aampon dito sa lupa at saca nang caloualhatian sa langit. Siya naua.



Plática 7.^a del quinto precepto.

PROSIGUE LA MATERIA DE LA PLÁTICA ANTERIOR SOBRE EL
ESCÁNDALO.



alaquing totoo ang pagpapahamac na guinagaua cay Jesucristong Panginoon natin nang mangá escandalosong tauo, na nagbibigay nang masamang halimbaua sa capoua nilá tauo.

Ang mangá escandalosong tauo, ay parang humahamon sa capoua nila tauo sa paglaban at pagsuay sa Panginoong Dios; at ang lalong iniibig ni Jesucristo dito sa ibabao nang lupa, ang tauo бага, na sinacop niya,t, tinubos nang caniyang mahal na dugo, ay parang pinapaguiguing alipin nilang uli nang Demonio at catoto ni Lucifer, at inaacay pa nila sa cabulusang daang patungo sa infierno, dahilan sa masasamang halimbaua, na ipinaquiquita nila sa canila.

Ang mangá escandalosong tauo, ay parang nagnanacacay cay Jesucristo nang caniyang mangá campon; at sila nga ang may casalanan nang pagcauala sa capoua tauo nang mahal na gracia nang Dios, at nang pagcaanac nila nang Dios pati nang caloualhatian sa langit.

Malaqui nga ang casalanan nang mangá escandalosong tauo, cung caya,i, naisipan cong mangaral sa inyo muli,

ngayong arao na ito, tungcul sa cabigatan nang casalanang escándalo. Cayo,i, maquinig.

Macapal pa ang mang̃a calolouang napacasama sa infierno, dahilan sa masasamang halimbauang naquita nila sa ibang tauo, sa mang̃a calobouang napacagaling sa langit, dahilan sa mabubuting halimbauang naquita nila sa mang̃a Santo,t, ibang tauong banal.

Cung ngayong oras na ito,i, mabucsan ang infierno, ay bahag-ya na maquiquita natin doon ang isa mang tauo, na di sumigao,t, mag-uica nang ganoon: ¡Cundangán si Cuan, ay hindi aco mapapacasama dito sa infierno nang magpasaualang hangan! ¡Aba co, ang mariringig nating sigao nang caramihan, aba co, at dahilan cay Cuan at sa masasamang halimbauang ipinaquita niya sa aquin, aco,i, matutupoc, na ualang catapusan, dito sa ningas nang infierno!

¡Pagcasama-sama nang gaua natin, mang̃a capatid co, dito sa lupa! Ang ipinag-uutos nang Panginoon Dios sa atin, ay umibig tayo sa mang̃a capoua tauo, cahima,t, mang̃a caauay natin; at ang guinagaua natin, ay hindi lamang hindi iniibig natin sila, cundi bagcus ay hinihila natin sa infierno, dahilan sa masamang halimbauang ipinaquiquita natin sa canila. ¡Ano cayang sucát asahan cay Jesucristong Panginoon natin nang mang̃a tampalasang tauo, na nacasisira,t, nacapagpapahamac nang mang̃a calolouang tinubos niya nang caniyang mahal na dugo at pagcamatay sa Cruz?

Caya. ¡Aba nang lahat na may catungculang magpasunod sa iba, cung di malinis at mahusay ang pagtupad nang canilang catungculan!

¡Aba nang mang̃a ama,t, ina, na di nag-aasal nang tapat sa pagcacristiano nila!

Ay ano, mang̃a magugulang, ¿di mahañga,i, houag maguing tauo ang inyong mang̃a anac; yayamang, cung caya

pinabinyagan ninyo sila,i, nang mabuhay nang buhay na ualang hangan; at ngayon ay ga pinapatay ninyo sila nang isang camatayang ualang catapusan, dahilan sa masasamang halimbauang ipinaquiquita ninyo sa canila? Ano caya ang itututol ninyo cay Jesucristong Panginooon natin, doon sa catapusang oras, cung cayo,i, hucuman niya?

Ang tauo, mang'a capatid co, ang tauo cung pagcalooban siya nang Panginooon Dios nang mang'a anac, ay para manding binibiguan siya nang mang'a buquid, na sucat niyang pagsacahan at paquinabangan, cung alagaan nang tapat na pag-aalaga.

Ang lupang bubuquirin, magaling man at mataba, ay magcacadamo rin at susucal, na di mapaquinabangan, cundi alagaa,t, linising palagui. Datapoua,t, masama man at pacat ang lupang bubuquirin, ay mapapaquinabangan din at tubuan nang dilang magandang tubo, cung alagaang palagui at diliguin sa panahon.

Gayon din ang nangyayari sa mang'a anac nang may mang'a anac. Maigui man, sa halimbaua, ang quiling nang loob nang mang'a anac, ay tutubuan din sila nang sarisaring damong masasama, at mapapahamac pa sila, cundi alagaang maigui nang canilang ama,t, ina, at bunutin, cung sana sa damo, ang ugat nang masasamang asal na tumutubo sa canila. Subali,t, masasama man ang asal at ugaling bumubucal sa mang'a anac, ay iigui rin sila,t, mapapacagaling sa langit, cung alagaan silang palagui, at aralan nang canilang ama,t, ina nang mang'a aral na tapat sa Dios, at di paquitaan nang masamang halimbaua.

Ang dapat asalin nang mang'a magugulang sa uica ma,t, sa gaua at sa lahat nang bagay, sa harap nang mang'a anac nila, ay ang asal ni Jesucristong Panginooon natin, at iyan din ang dapat nating asalin sa harap nang capoua tauo, nang

houag baga mapacasama sa inferno sinomang tauo, dahilan sa masamang halimbauang ipinaquiquita natin sa canila, cundi bagcus ay mapacagaling silang lahat sa langit alang-alang sa mabubuting gauang naquiquita nila sa atin.

Cung di ganoon ang ating gagauin at uugaliin, ay tayo,i, paraparang paghihinanactan nang capoua tauo, sisisihin nang Panginoon Dios at parurusahan pa nang caucol na parusa. Subali,t, lalong-lalong paghihinanactan nang mangã anac, nang mangã sacop at nang mangã alila ang canilang mangã magulang, mangã puno, mangã panginoon at mangã tauong lahat na may catungculang magpasunod sa iba, cung dahilan sa masamang halimbauang ipinaquiquita nila sa canilang mangã sinasacupan, ay napahamac sila sa inferno.

Ang isusunod cong salita,i, magpapatotoo nitong aquing sinasabi.

Mayroon, dao, isang tauo, na nagcasaquit nang mabigat na saquit, at niyong siya,i, mamamatay na, ay sumigao nang malacas, na ang uica niya baga,i, ganito: ;Aba nang aba nang nagdaya sa aquin, at nagpasulong sa pagcacasala co sa Panginoon Dios!

Magaling na magaling ang buhay at ugali nitong tauo, at marunong na marunong siyang mag-ingat sa cahalayan nang daco noong arao; subali,t, naquisama siyang minsan sa ibang tauo, na namungcahi sa caniya sa mahalay na gaua, at magmula niyon ay nagcaugat na sa caniyang loob ang pagcauili sa mahahalay, na di na maiuauacsi niya sa boong loob at buhay niya.

Nang isang gabi, niyong mabigat na siya, ay sumigao nga nang malacas at napapatulong siya sa mangã tauo sa bahay. Pagcaringig nang mangã tauong nasasabahay ang caniyang sigao, ay dinaluhan siya, at capagcaraca,i, pina-caon nila ang mangã cahalili nang Dios, nang macatulong

sa caniya sa magandang pagcamatay.

Pagdating doon nang mangá cahalili nang Dios, ay humatol sa caniya, na siya, i, paampon sa mahal na Virgen, at patulong sa mangá Santo, lalong-lalo sa Angel na catutubo niya at sa caniyang Santong calag-yo, at magcompisal siya nang tapat.

¡Hindi na panahon! ang sagot niyong caaua-auang tauong naghihingalo na; ¡hindi na panahon! subali, t, ¡Aba nang nagdaya sa aquin at cumuhila sa pagcacasala co sa Panginoon Dios!

Naquiquita co na, ang uica pa niya, naquiquita co na ang mangá Demoniong caharap, na nag-aagauan sila sa pagdampot nang caloloua co, t, maihatid nila sa inferno, datapoua, t, jaba nang mangá tauong cumuhila sa aquin sa pag-gaua nang casalanan!

Aco, ang uica rin nang may saquit, aco nga, i, mapapacasama sa inferno, at doo, i, matutupoc aco magpasaualanghangan, nguni, t, hangan doon pa, i, sisigao aco nang sisigao nang malacas, at papanghihigantihan co sa Dios ang mangá tauong masasamang asal, na nagpahamac sa aquin magpasaualang catapusan.

Ganito ang sigao at paghihinanaquit niyong culang palad na tauo sa nangagbigay escándalo ó masamang halimbaua sa caniya, at tuloy napatid ang caniyang hininga, at ang caloloua niya, i, nahulog sa camay nang Panginoon Dios.

Ito rin, mangá capatid co, ito rin ang gagauin sa inyo, sa oras nang canilang pagcamatay, niyong mangá tauong mapapacasama sa inferno, dahil sa masamang halimbauang ipinaquita ninyo sa canila.

Cayo ri, t, cayo rin ang ipaghihinanaquit sa Panginoon Dios niyong dalaga ó soltera, na dahilan sa inyong pagba-

bantang masama sa canila, ó dahilan sa inyong pag-aaglahi, ó dahilan sa inyong mangá pangaco ó pagbabala caya sa canila, ay nahulog sila sa casalanan, ó cung dili caya, ay naabalahan sila,t, nahahalangan sa pag-gaua nang magaling, na icapapasalangit nila.

Cayo ri,t, cayo rin ang ipaghihinanaquit sa Panginoon Dios niyong bagongtauo, na dati-dati ay mabait at masunurin sa utos nang Panginon Dios at nang santa Iglesia, at ngayo,i, naging tampalasan at masouayin, dahilan sa masamang halimbauang naquiquita niya sa inyo.

Cayo ri,t, cayo rin ang ipaghihinanaquit sa Panginoon Dios niyong mangá babayi at niyong mangá lalaquing may asaua, na dati-dati ay ualang caparis, cung sa pag-ibig at paglilingcod sa asaua, at ngayon, sa maquita nila,t, mapagmasdan ang masamang guinagaua ninyo, ay uala nang liuag munti mang maglilo sa canilang mangá asaua, magcasala oras-oras sa Panginoon Dios at magbigay pa nang masamang halimbaua sa lahat nang tauo.

Itong mangá tinuran cong tauo, at iba pang marami, ay di mangyaring di maghinanaquit sa inyo, at sumigao pa sa oras nang canilang pagcamatay:—Aco,i, mapapacasama sa inferno; aco,i, parurusahan sa purgatorio; datapoua,t, ¡Aba nang nagpaquita sa aquin nang masamang halimbaua! ¡Aba nang cumuhila sa aquin sa pag-gaua nang casalanan!

Caya, mangá capatid co, cung бага mayroon cayong pinaquitaan nang masamang halimbaua, ay itauad ninyo agad sa Panginoon Dios ang mangá casalanang guinagaua nila dahilan sa inyo, nang houag cayong paghihinanactan nila, at houag naman sisihin cayo nang Panginoon Dios.

Baguhin na ninyo ang inyong dating asal na masasama, at mula ngayon, ay magpumilit cayong gumaua nang magaling, na sucat parisan at tularan nang mangá tauong pi-

naquitaan ninyong dati nang masamang halimbaua; nang cayo,t, sila,i, caauaan nang Panginoon Dios, patauarin nang manga casalanan ninyo, at pagcalooban nang langit. Siya naua.



SESTO MANDAMIENTO.

Plática 1.^a del sexto precepto.

Non mæchaberis. *Exod.*
cap. XX. v. 15.

Ang ipinag-utos sa atin sa icaanim na utos nang Panginoon Dios ay ang calinisan nang caloloua,t, catauoan, maguing sa panimdim, sa pag-uica,t, sa pag-gaua, at ang pag-iinghat natin sa dilang bagay na calibugan.

Itong icaanim na utos ay lalactauan co sana; at hindi co mandin sasaysayin sa inyo ang napapalaman doon, cung sundin co ang bilin ni Poon San Pablo sa mangã taga Efeso at sa lahat nang cristiano, na ang uica:—*Formicatio autem et omnis immunditia.... nec nominetur in vobis....* (1) Sa macatouid: ang calibugan, at ang casalanang lahat na lumalaban sa icaanim na utos nang Panginoon Dios, ang mahalay na pagtingin бага, ang malibog na pangungusap, ang pagtauang galing sa mangã salauolang salita, at ang dilang bagay na casalanang sucat ipagcasala nang isang cristiano, tungcol sa calupaan, maguing sa catauoan niyang sarili, cung sa catauoan nang iba, ay houag ninyong turan at houag

(1) San Pablo. Ep. ad Ephes. Ep. V. v. 3.

ninyong sambitlain man lamang sa inyong mangá catouaa,t, pagsasalitaan.

Gayong calaqui ang cabigatan nang casalanang mahalay, na ang pagsambit man lamang niyon ay hindi calooban nitong marangal na Apóstol, sapagca,t, malaqui ang pang-anib na icabibihag nang caloloua nang tauo, at icahila sa pag-gaua nang calibugan.

Datapoua,t, palibhasa,i, mahigpit na mahigpit ang utos nang Panginoon Dios sa mangá cahalili niya na nag-aalaga nang mangá caloloua, na ang uica niya baga sa bibig ni Isayas:—*Clama, ne cesses..... et nuntia populo meo scelera eorum.....*(1), sa macatouid:—sumigao cayo nang malacas, at houag ninyong itahan sandali mang oras ang pagsigao at pagpapahayag sa aquing mangá campon nang canilang mangá casalanan. Caya, alinsunod dito sa mahigpit na utos ay ipahahayag co sa inyo ngayon at sa mangá lingong susunod ang calac-ha,t, cabigatan nang casalanang calibugan, at ang malaquing casiraang guinagaua niya sa caloloua,t, catauoan nang tauong cristiano. Paquingan ninyo.

Sa lahat nang bagay, na sucat macasira,t, macapagpapahamac nang dilang cagalingan nang caloloua nang tauo, ay ualang caparis ang pag-gaua,t, pagsunod nang mangá calibugan.

Gayong calaqui ang catapangan nang casalanang calibugan at gayong calaqui ang caniyang capangyarihan, bagay sa pagpapahamac nang caloloua,t, catauoan nang tauo, na ualang cabanalang gauang di sirain niya,t, dumihan. Uala isamang biyaya,t, graciang ipagcaloob nang Panginoon Dios sa tauo, na di pauualan niyang halaga. At uala namang casalanan at masasamang gaua, na di patubuin nang calibugan sa loob nang tauong malibog.

(1) Isai. cap. LVIII. §. 1

Caya ang calibugan ay ipinapara ni Eusebio Cesariense sa isang malaqing hayop, na may pitong ulo, sapagca,t, ang calibugan, ay siya nga ang punong pinagmumulan nang di masabing mangã casalanan nang tauo sa Panginoon Dios, at nang di masabing mangã casamaang icasisira nang caloloua niya.

Ang cauna-unahang casamaang nagmumula sa calibugan ay ang cabulagan nang bait; caya ang tauong malibog ay hindi mandin natututong gumaua nang anomang magaling.

Si Salomon ay marunong na totoo,t, mabait, at malaqui naman ang caniyang cabanalan; subali,t, nang siya,i, napabihag sa labis na pagsinta sa mangã babayi, ay nalabuan ang caniyang bait, at di man siya tumalicod sa totoong Dios, ay nagpagaua siya nang mangã templo ó simbahan sa mangã dios-diosang hamac, na sinasamba nang mangã babaying qui-naiuilihan niya.

Ang isa pang casamaang nangagaling sa calibugan ay ang cahinaan nang loob nang tauong malibog sa pag-gaua nang magaling. At totoo nga, sapagca,t, ang tauong nauiuili sa mangã calupaan, ay naguiguing parang lumpo, na ualang lacas sa pag-iisip at pag-gaua nang mangã icapapasalangit niya.

Caya, maliuag na totoo, ang uica nang Profetang Oseas, maliuag na totoo, na magbalic loob sa Panginoon Dios ang mangã malilibog na tauo; maliuag na totoo ang sila,i, macaquilala nang masamang lagay nang canilang caloloua, at matutong lumabas sa casalanan, sapagca,t, ang canilang loob ay mahina na, palibhasa,i, napabihag na sila sa calibugan. *Non dabunt cogitationes suas, ut revertantur ad Deum suum: quia spiritus fornicationis in medio eorum.....* (1)

Ang isa pang casamaang nangagaling din sa calibugan ay ang cabalisahan nang loob. Ang malibog na tauo nga,i,

(1) Oseas cap. V. ý. 4.

hindi lamang nauaualan nang lacas sa paglaban sa masasa-mang tucso at quiling nang caniyang catauoan, cundi nababalising palagui ang loob niya. Caya mamaya,i, umaayao, mamaya nama,i, umiibig; n̄gayo,i, nacaibig na lubha sa quinaiuilihan niyang babayi, at mamaya,i, pinagtataniman na niya; n̄gayo,i, cumiquita,t, dumudulog sa caniyang sinisinta, at mamaya,i, linalayuan niya,t, iniilagan: n̄gayo,i, tumataua siya nang malacas, at mamaya,i, tumatangis na siya,t, nalulumbay. Ganito n̄ga ang lagay nang malilibog na tauo.

Caya, sa dilang masasama, ay ualang casingsama ang calibugan, sapagca,t, ang calibugan, ang uica ni Poon San Agustín, ay siyang lalong dumorouahagui sa atin; siyang lalong nacasisira sa atin; siya rin ang lalong nacasusugat sa caloloua natin; siya n̄ga ang lalong maliuag iuacsi sa ating loob at catauoan, at siya n̄ga naman, ang sabi nang Santo, yaong catacot-tacot na masama, na sinasambit natin sa pagdarasal nang *Ama namin*, na ang uica natin baga, ay:—*Iyadya mo cami sa dilang masama*.

Dito sa man̄ga sinalita co,i, sucat na ninyong matalastas ang cabagsican nang calibugan, at ang malaquing pangangan-yaya niya sa ating caloloua,t, catauoan. Subali,t, lalo pang lalo na maquiquilala ninyo ang casamaan nang casalanang malibog, cung pacaisipin ninyo ang nangyari doon sa man̄ga Ciudad nang Distrito ó Provincia na ang n̄gala,i, Pentapolis, at ang catacot-tacot na parusang ipinarusa nang Panginoong Dios sa canila.

Doon sa naturang Distrito nang Pentapolis, ay pauang malilibog ang man̄ga tauo,t, macasalanan, na sampouo mang banal na tauo,i, uala; at gayong calaqui ang canilang pagca-malibog, na ang dalauang Angel, na sinugo nang Panginoon Dios doon sa Sodoma, ay ibig halayin at pagcasalanan nang man̄ga taga roon. Caya, quinagalitan silang totoo nang Pa-

nginooon Dios, dahilan sa canilang manġa gauang calibuga,t, calupaan, at pinahulugan sila nang apoy na galing sa langit, at yaong limang Ciudad, na ang nġala,i, Sodoma, Gomorra, Adama, Seboin at Segor ay nangasunog at nangalipol, na ualang di naging abo. Ang manġa cahoy, ang manġa sari-saring damo, ang manġa bagay-bagay na hayop, ang manġa bahay at iba pang manġa gaua nang tauo at tubong lupa, ay para-parang nangatupoc. At sa manġa tauo man ay ualang natirang buhay, cundi si Lot, ang caniyang asaua, at ang dalauang anac na babayi. At ang asaua man ni Lot ay namatay rin sa daan, dahilan sa pagsouay niya sa utos nang santong Angel, na ang bilin baga cay Lot at sa caniyang manġa casama, ay houag ilingon nila ang muc-ha sa panonood nang apoy na nagniningas sa Sodoma.

Itong lahat nang ito,i, siyang icatatanto ninyo nang mabagsic na panganganyaya nang calibugan sa caloloua,t, catauoan nang tauo sa pag-gaua nang dilang bagay na icapapahamac nilang magpasaualang hangan.

Caya, manġa capatid co, pacaisipin ninyo ang cabigatan nang casalanang mahalay, at ang malaquing panganganyayang guinagaua niya sa inyong manġa caloloua,t, catauoan. Inyong ala-alahanin naman ang aral ni Poon San Pablo, na ang uica... *Quoniam qui talia agunt, regnum Dei non consequentur.* (1) sa macatouid: ang manġa gumagaua nang masama ucol sa calibugan, ay hindi macapapasoc sa langit. At caya ganoon, sapagca,t, ayon sa manġa sinambit cong uica ni Profeta Oseas, ang calibugan ay ga nacabibihag nang puso,t, loob nang malilibog na tauo, na ang Panginooon Dios man ay hindi nila inalaala.

Bucod dini, ay hindi manding magcacapalad dito man sa buhay na ito ang malilibog na tauo, cundi bagcus ay mag-

(1) Ep. ad Galatas, cap. V, ĳ. 21,

cacahirap sila nang di masabing mangá hirap sa loob at catauoan nila. Ang canilang loob ay mauaualan nang capayapaan, at ang canilang catauoan ay mauaualan nang lacas at guinhaua, ó paglilitauan caya nang iba,t, ibang saquit at caramdaman.

Ang totoong icapagcacapalad nang tauo, at ang icapagcacamit niya nang mangá capalarang ualang hangan, ay ang mahigpit na pag-iingat niya sa mangá gaua, uica,t, pagnasang mahalay.

Caya, magpacaingat cayo, at lumayo sa dilang bagay na calibugan, nang mapasainyo ang capalarang ualang hangan sa langit. Siya naua.



Plática 2.^a del sexto precepto.

SOBRE LOS MALES QUE SE ORIGINAN DE LA LUJURIA.

Ang calibugan, mangá capatid co, ay siyang punong pinagmumulan nang di masabing mangá cahirapan, at nang di mabilang na mangá casalanan. Itong bagay na to,i, siya cong ipangangaral sa inyo ngayon. Paqingan ninyo.

Ang mangá malilibog na tauo, ang uica ni Poon San Gerónimo, ang mangá malilibog na tauo, na ualang pinagcacasipagang iba cundi ang pag-gaua nang mangá mahahalay na gaua, ay nagpapaieli nang canilang buhay; sumisira nang canilang puri; nagpapatunao nang canilang pag-aari,t, cayanaman; sinisira pa nila ang canilang bait, at naguiguing parang bulag at hunghang, na hindi sila macaquilala ó macahalata man lamang nang masamang anyo nang canilang caloloua,t, catauoan.

Itong mangá cahirapang sinasalita ni Poon San Gerónimo, ay maquiquita rin ninyo dito sa hinaharap nating panahon.

Ang maicling buhay, ang maagap, baga, na pagcamatay nang maraming tauo; ang caaua-auang lagay nang maraming mag-anac; ang capobriha,t, caruc-haan nang iba, na dati-dati ay maigui ang pagcabuhay; ang casiraan nang maraming

mag-asaua; ang cahiya-hiya at caaua-auang lagay nang maraming soltera at dalaga; ang masamang tayo nang maraming may saquit; itong lahat nang ito, anaquin, at ang iba pang marami, ay isaan caya nangagaling, cundi sa mang'a calibuga,t, calupaang guinagaua nang mang'a tauong malilibog?

Ang calibugan ay siya naman ang punong pinagmumulan nang di mabilang na mang'a casalanan. Hindi nga matacal, cung sana sa tacalan, ang capal nang casalanang ipinagcasala sa Panginoon Dios nang mang'a malilibog na tauo, na nangagugumon sa mang'a gauang calupaan at cahalayan.

Niyong mamamatay na si Poon San Gerónimo, ay inalaran niya ang caniyang mang'a discipulos, na lumilibot nang caniyang hihigan, at hinatulan niya nitong magaling na ualang casinggaling na hatol:—Mang'a discipulos co, aniya, maniala cayo sa aquin; umilag cayo sa calibugan; houag cayong patucso sa cahalayan, sapagca,t, ang casalanang malibog, ay siya ang lalong ipinagdadaya,t, ipinananalo nang mang'a Demonio sa caloloua nang tauo:—*Non est aliquod peccatum, quo toties Diabolus victor existat.*

Ang malilibog na tauo ay ga nacabibihag sa ibang tauo at naca-aalipin sa canila, at namumungcahi pa,t, humihila sa canila, sa pag-gaua nang guinagaua nilang casalanan. Caya hindi maipara ang calibugan sa ibang mang'a punong pinagmumulan nang casalanan, sapagca,t, ang calibugan, ay ualang icalaua, ualang capara, bagay sa pagpapasulong nang loob nang tauo sa pag-gaua nang masama.

At totoo nga, sapagca,t, ang pagquita, sa halimbaua, nang isang tauong nalalasing, ay hindi nacasusulong nang loob nang ibang tauo sa pagnanasang magpacalasing. Gayondin, ang pagquita sa isang tauong nagagalit, ay hindi nacasusulong nang loob nang ibang tauo sa pagnanasang magalit.

Ang pagbasa nang mang̃a librong quinapapalamnan nang mang̃a salitang tungcol sa iba,t, ibang casalanan, ay nacasusulong din nang loob nang tauo sa pagtulad at pag-gaua nang mang̃a binabasa niya roon; subali,t, hindi para nang calibugan.

Bagay sa calibugan, ay ang pagbasa lamang nang mang̃a palasintahang sulat; ang paquiquinig lamang nang mang̃a salaulolang salita at mahahalay na auit; ang pagquita lamang nang malilibog na pagdaramit; ang pagtingin lamang nang masamang anyo,t, quilos nang catauoan sa paglacad ma,t, sa pag-upo, sa pagtindig ma,t, sa pagquindat; itong lahat nang ito, anaquin, ay para-parang nacaguiguising sa catauoan nang tauo nang caniyang masasamang caquilingan, at nagpapasulong sa caniya sa pagcacasala sa Panginoon Dios nang di mabilang na casalanan. Cung caya ang uica ni Poon San Gerónimo, na ang calibugan, ay siyang bucod na bucod sa ibang casalanang nagpupumilit sa Panginoon Dios nang siya,i, magalit. *Et pre cateris iram Dei provocat.*

At hindi lamang casalanang mahalay ang guinagaua nang mang̃a tauong nagugumon sa vicio nang calibugan, cundi pa naman ay napaparati ang canilang loob sa pag-gaua nang dilang bagay na casalanan, cung siya,i, quinacailangan nila sa pagsunod nang canilang masamang vicio,t, ugali.

Malubay na malubay at mababang loob si David. Tiniis niya, na ualang munti mang galit, ang mang̃a pag-uupasala sa caniya nang caniyang mang̃a caauay. Mayroon man siyang capangyarihan at tunay na dahilan sa pagpatay cay Saul, ay hindi siya cumibo, at hindi naman inano niya si Saul. Pinatawad din niya nang magandang loob ang caniyang anac, na si Absalon at ang ibang tauo, na lumalaban sa caniya, at umaagao nang caniyang pagcahari. Datapoua,t, gayon mang calaqui ang calubaya,t, cababaan nang loob ni David, at ang cabutihan nang caniyang ugali, ay, niyong siya,i,

nagcasala cay Bersabe, sa macatouid: pagcahulog niya sa casalanang malibog, ay linimot niya tuloy ang Panginoon Dios, at pinapatay niya si Urias, asaua ni Bersabe, sapagca,t, siya ang quinacailangan niya sa pagsunod nang caniyang masamang gaua, at nang houag masira ang caniyang puri, at nang houag mahalata nang sinoman ang caniyang guinawang casalanan.

Si Balác, Hari sa Moab, ay sa ualang naalaman niyang gauing paraan, na icapananalo niya sa mangá Hebreos, na magagaling at matatapang na sundalo sa mangá pagbabaca, na hindi natatacot, nang munti man, sa mangá caauay, cahima,t, marami, palibhasa,i, tinutulongan silang palagui nang Panginoon Dios. Sa ualang naalamang gauin, anaquin, ang Haring si Balác, ay napahatol siya sa isang masama,t, falsong Profeta, na ang ngála,i, si Balaan, at isinanguni sa caniya: na cung ano cayang mabuting gauin, nang siya,i, macapanalo sa mangá Hebreos, na hindi napatatalo sa canino man; at ang hatol ni Balaan ay ganito:

—Hari at Panginoon co, itong mangá bagay na tauong may loob sa totoong Dios, at sumusunod nang caniyang mangá utos, at nag-iingat pa sila sa calibugan at sa lahat nang gauang mahalay, na nacasisira nang cabooan nang canilang catauoan; ay hindi matatalo nang alin mang Hari sa catalasan nang armas at sa catapanangan nang mangá sondalo. Caya, Hari at Panginoon co, ito ang aquing hatol sa iyo:—Isandal ninyo sa ding-ding ang inyong mangá armas, at papaghiyasan mo ang maraming dalagang mabubuti at magaganda ang catauoan; iyong papagsuubin sila,t, papaglangisin ang canilang buhoc; at paparoonin mo sila, tuloy, doon sa pinagcacatipunan nang mangá Hebreos. Ipagbilin mo,t, iutos sa naturang mangá dalaga, na sila,i, magpaibig sa mangá Hebreos, at mamungcahi pa sa canila sa malilibog na gaua.

Cung masunod mo, at cung sundin mo itong hatol co sa iyo ay asahan mo, na iyo na ang victoria, at matatalo mo ang mang̃a Hebreos.

Itong infernong hatol nang falsong Profeta ay sinunod nang Hari sa Moab at nang mang̃a Príncipe sa Madian, caya yaong mang̃a matatapang na Hebreos, na hindi napasusuco sa limang Haring naquiquipagbaca sa canila; na hindi nata-tacot sa canilang mang̃a armas; na hindi napabibihag sa mang̃a calaban nilang mang̃a sondalong pili sa caballería man-cung sa infantería; na hindi nag-aalumana sa mang̃a maqui-nang guinagamit nang mang̃a sondalo sa una, sa pagtitibag nang mang̃a cuta; yaong mang̃a matatapang na Hebreos, anaquin, na lumalaban sa lahat na mang̃a caauay at hindi napatatalo sa canila, ay napatucso at napatalo sila agad sa mang̃a hamac na babaying pinasugo roon nang Haring Balac; nagcasala sa canila, tinalicdan nila tuloy ang Pangin-oon Dios; sinamba nila ang mang̃a diosdiosang bulaan, at napabihag sa canilang mang̃a caauay. ¡Ganoong calaqui ang cabangisan nang calibugan!

Ang malilibog na tauo,i, madalas pinarurusahan nang Panginoon Dios dito man sa buhay na ito.

Si David nga,i, pinarusahan nang Panginoon Dios nang malaquing parusa, dahilan sa pagcacasala niya cay Bethsabee para nang mariringig ninyo ngayon.

Ang isang anac na dalaga ni David, na ngala,i, si Thamar, ay dinahas at pinagcasalanan nang capatid na pangay na si Amnon.

Si Amnon ay pinatay nang caniyang capatid na si Absalon.

Si Absalon naman ay lumaban sa caniyang ama, at ibig agauin ang caniyang pagcahari.

Yaong sampouong babaying asaua ni David, na iniuan

niya sa palacio sa Jerusalem, ay paraparang dinahas ni Absalon din at pinangagcasalanan.

Itong lahat nang ito, at ang iba pang maraming nasapit ni David sa caniyang buhay, ay pauang parusa nang Panginoon Dios sa caniya, dahilan sa casalanang mahalay na caniyang guinaua.

Yaon namang mangá babaying taga Moab at taga Madian, na nacapagpanganyaya sa mangá Hebreos at nagcasala sa canila, ay pinarusahan din nang Panginoon Dios nang malaquing parusa.

Ang canilang limang Hari ay pinatay; ang canilang mangá Caharian ay nagubat, na ang iisa mang catauoan nang mangá tauong nagsisipamayan doon, ay hindi pinatawad nang matapang na Capitan, na si Phinees. Matanda, t, bata, lalaqui, t, babayi, mahirap at mayaman, ay paraparang pinatay at pinapatay ni Phinees, na ualang itinirang buhay, cundi ang mangá dalagang vírgen, na nag-iingat na maigui sa cahalayan.

Hindi rin naualan nang malaquing parusa yaong mangá Hebreos, na napatalo at napasuco at napabihag sa mangá babaying taga Moab at taga Madian, at nagcasala sa canila.

Dalauang pouo, t, apat na libong tauo ang pinapatay ni Moyses at ipinaparipa sa Cruz, na siyang parusang minamatapat niya sa canilang casalanan, ang pagtalicod nila бага sa Panginoon Dios, at ang pagsamba pa nila sa mangá diosdiosang hamac.

Dito sa mangá sinalita co, i, sucat ninyong matalastas at maquilala ang catouiran nang aquing sinabi sa loob nitong Plática: na ang calibugan бага, i, siyang punong pinagmulan nang di mabilang na mangá casalanan, at siya rin naman ang ga nagpupumilit sa Panginoon Dios nang siya, i, magalit.

Caya, mangá capatid co; umilag cayo sa calibugan, na

siyang bucod na bucod sa ibang casalanan, ay totoong nacasisira nang loob nang tauo, at nagpapasulong sa caniya sa pag-gaua nang dilang bagay na masasama.

Alalahanin ninyo ang nasapit ni David sa caniyang buhay, at ang nangyari sa manga Hebreos at sa manga babaying nacapagpanganyaya sa canila sa gauang mahalay; at asahan ninyo, na cayo naman ay parurusahan nang Panginoon Dios nang malaquing parusa dito man sa buhay na ito at doon sa cabilang buhay, cung sacali,t, cayo,i, nagugumon sa gauang calibugan at di ninyo pagsisihang agad ang gayong casalanan, at baguhin ang dating asal na masasama.

Ilayo naua nang Panginoon Dios sa ating lahat ang gayong calaquing parusa! Siya naua.



Plática 3.^a del sexto precepto.

DEL PELIGRO EN CONVERSAR FAMILIARMENTE CON MUJERES.



Marami man ang mangá bagay-bagay na sucat macahila nang loob nang mangá lalaquing tauo sa paggawá nang calibugan, ay ualang icalaua ang paquiquipagsalita niyang matagal at madalas sa mangá babayi, cahima,t, magaling ang caniyang loob, at ang caniyang banta,i, magaling din.

Mapangánib na totoo ang lagay nang isang lalaqui, na, oras-oras, ay dumadalao at naquiquipag-usap sa mangá babayi, sapagca,t, mabuti man ang caniyang loob at banta, ay hindi niya naalaman, cung maigui rín, ó masama caya, ang loob at banta niyong mangá babaying dinadalao niyang madalas at quinacausap.

Ang lalaqui, ang uica ni Poon San Basilio, ang lalaqui, na dumadalao, sumasama,t, naquiquipagsalitaang palagui sa mangá babayi, ay sinungaling siyang totoo,t, di sucat paniualaan ninomang tauo, cung бага uicain niya, na siya,i, ualang pangánib na magcasala sa mangá gauang calibugan.

Ang ganitong tauo, ay maipapara natin sa mangá lasing at sa mangá ol-ol at balio, na hindi macahalata nang ma-

samang anyo nang canilang catauoan, at hindi macaquilala nang canilang saquit.

At caya hindi naquiquilala nang ganitong lalaqui ang caniyang masamang lagay, at ang malaquing pang'anib na icahuhulog niya sa casalanan, ay sapagca,t, ga nabubulagan siya, gaua nang pagcauili niya sa calibugan.

Caya ang binabanta cong sabihin at ipatalastas sa inyo ngayong arao na ito, ay ang malaquing pang'anib, na icahuhulog sa casalanang calibugan nang mang'a lalaquing sumasama,t, naquiquipagsalitanng palagui ó madalas sa mang'a babayi. Paquingan ninyo.

Malaqui ang camalian nang mang'a lalaquing nagsasabi, na sila,i, ualang pang'anib munti mang icapagcacasala nila sa calibugan, causapin man nila nang causapin oras-oras ang mang'a babayi, at sumáma man sa canila sa anomang gaga-uin at paroroonan. ¡Cung mapag-aninag natin ang nasascalooban nang capoua tauo, ay maquiquilala ninyo sana ang catotoóhanan nitong aquing sinasabi? Datapoua,t, doon sa mang'a nangyari, ay mapag-uauari ninyo ang mang'a mangyari.

Mabait na mabait si Salomon, marunong na marunong siya, na ualang casing dunong sa lahat nang ipinanganac nang mang'a babaying tauo. Causap siya nang Pang'inoon Dios. Siya,i, piniling bucod at hinirang sa pag-gaua nang mahal na templong tatahanan nang Pang'inoon Dios. Magaling na magaling siya, na ualang ano-ano ang caniyang buhay at caugalian, at matapang na matapang naman siya, na ualang icalaua nang tapang.

Datapoua,t, gayon man cabait si Salomon, at marunong man siya,t, matapang, ay natalo rin siya,t, napanganyaya sa mang'a babaying caniyang pinagsasalitaan at quinauiuilihan, at hinila pa siya nang mang'a naturang babayi sa pagtalicod sa

Panginoon Dios at sa pagsamba nang mang'a anito at mang'a diosdiosang hamac, na sinasamba nang mang'a babaying quincasama niya.

Caya mag-ingat cayo, mang'a lalaqui, at mang'ilag cayo sa paquiquipagpanayam na palagui sa mang'a babayi, mabuti man ó masama ang canilang ugali, sapagca,t, malaquing totoo ang pang'anib, na icahuhulog ninyo sa casalanang malibog, sa gauaman, sa uica, ó sa pagnanasa.

Ay ano. ¿Di baga maliuag na magtago ang tauo nang apoy sa loob nang damit, at di masunog ang damit, na pinagtataguan niya nang apoy?

¿Di baga maliuag na tumungtong ang tauo sa apoy, at di mapaso ang caniyang paa?

¿Di baga maliuag na lumubog ang tauo sa tubig at di siya mabasa?

Ay ganitong ganito ring caliuag, na di mapaso nang apoy nang calibugan ang loob nang isang lalaqui, na naquiquipagsalitang matagal at madalas sa mang'a babayi.

Ang lalaquing naquiquipagsalitang palagui sa mang'a babayi ay sucat ninyong ipara sa mang'a gamo-gamo at sa mუმunting paparo. ¿Di baga naquita ninyo,t, napagmasdan, sa loob din nang inyong pamamahay, ang nangyayari sa mang'a hayop na ito?

Itong maliliit na hayop, bagay gabi, ay natotouang totoo, cung maquita nila ang caliuanagan nang ilao; caya nangaglipad-lipad sila,t, nagsasalalimbay na lumilibot-libot, at naglulucsuhan pa sa calapit nang ilao. Ang isip nila, cung sana sa pag-iisip, at maigui ang canilang gaua,t, paglalaro, at ualang pang'anib na icamamatay nila, bago-bago,i, caalam-alam nila,i, nasusugba sila sa ilao at nangamamatay.

Gayondin naman ang masasapit nang lalaquing naquiquipagsalitang matagal at madalas sa mang'a babayi, magaling

ma,t, ualang caano-ano ang canilang pinag-uusapan. Caya, ang uica nang Santong Sulat: *Qui tetigerit picem, inquinabitur ab ea...* (1) sa macatouid: ang humihipo nang lunay na malagquit, ay di mangyaring di siya,i, panictan; na cung sa bagay: ang humihipo nang uling, ay hindi mangyaring di siya,i, maulingan.

Itong aral na ito,i, pinatitibay pa ni Poon San Bernardo nang caniyang sabi doon sa mang'a sulat na quinatha niya, na ang uica:—Ang pagsasama, aniya, nang matagal nang isang babayi at isang lalaqui, at di magcasala sila sa calibugan, sa gaua man ó sa uica, sa panimdim man ó sa pagnanasa, ay minamaliuag co pa sa pagbuhay nang isang patay.

Ay ano, mang'a capatid co; ¿Quinacaya baga nang tauo ang pagbuhay sa isang patay? ¿Di hindi? subali,t, gayon man, ay lalong minamaliuag ni Poon San Bernardo ang di pagcacasala sa cahalayan, sa gaua man ó sa uica, sa panimdim man ó sa pagnanasa, nang isang lalaqui at isang babayi, na nagsasama,t, nagpapanayam na matagal at madalas.

Tapat na tapat dito sa ipinangangaral co sa inyo ang inihatol ni Poon San Gerónimo cay Nepociano.

—Nepociano, ani Poon San Gerónimo, houag mong pahintulutang minsan man lamang, na pumanhic sa bahay mo ang mang'a babayi.

—Houag cang maquisuno sa bahay na tinitirahan nang mang'a babayi; at houag cang maniuala sa sarili mong lacas at dating pagmamasid mo sa iyo, na hangan ngayong arao na ito,i, nacapag-ingat cang maigui sa cahalayan.

—Cung icao,i, Santo, ay lalong Santo si David. Cung icao,i, mabait at marunong, ay lalong marunong at mabait sa iyo si Salomon.

—Alalahanin mo,t, pacaisipin, na ang isang babayi lamang

(1) Eccli. cap. XIII. v. 1.

ay siyang ipinagpaalis nang Panginoon Dios cay Adan at sa ating lahat sa Paraiso.

—Cung icao,i, maysaquit, ay paalaga ca sa iyong ina ó sa iyong capatid na babayi, ó cung dili caya, sa isang matandang babaying may tapat na loob sa Panginoon Dios.

—At cung icao,i, alagaan at pagsilvihan nang babaying hindi camag-anac mong malapit, at tinitingnan mong madalas ang caniyang muc-ha, ay mag-ingat ca,t, madala ca rin.

—Cung dahilan sa calagayan mo,t, catungculan, ay calangan mong dalauin ang isang babaying bauo, soltera ó dalaga caya, ay houag cang pumanhic na mag-isa sa canilang bahay, cundi ipagsama mo ang isang magaling na tauo, na may loob sa Panginoon Dios, nang houag masira ang iyong puri.

—Houag cang maquipagsalita sa babayi, cung nag-iisa,t, ualang tauong caharap, na macariringig at macaquiquita nang guinagaua mo,t, sinasalita. At cung cayo nang babayi ay may pagsasalitaan ó pag-uusapan nang anomang lihim, ay houag mong ituloy ang pagsasalita,t, pag-uusap, cung ualang tauong caharap, at di lubhang malayo sa inyong quinatatayoan ó quinauupuan.

—Mag-ingat ca sa iyo rin, at pag-iguilhin mo ang iyong buhay, nang houag maquita nang tauo ang ano-anomang sucat ipagbintang at ipaghinala nila sa iyo.

Ito ang magaling at magandang aral na inihatol ni Poon San Gerónimo sa caniyang catoto na si Nepociano, at siyang dapat sundin nang lahat nang cristianong umibig mag-ingat sa cahalayan at umilag sa panganib na icahuhulog nila sa calibugan.

Malayo sa loob co, ngayong oras na ito, ang pagmumura co sa manga babaying caharap at sa canino mang babaying nabubuhay dito sa mundo. Naalaman co, na marami at macapal ang manga mababait at banal na babayi, na nagbibigay

nang magaling na halimbaua sa mangá bayang tinatahanan nila, at nagbibigay pa nang malaquing puri sa santa Iglesia, nang canilang mangá cabanalang gaua.

Natatanto co rin, na ang langit ay puno halos nang mangá Santa, t, mangá Vírgines, na minatamis nila ang sila, i, pahirapa, t, patayin, bago tumalicol sila sa totoong Dios, at bago masira ang canilang pagca-virgen.

Si Poon Santa Tecla, si Poon Santa Catalina, Santa Margarita, Santa Bárbara, Santa Columba, Santa Ursula at ang mangá libong dalagang casama niya, at ang iba pang di mabilang na mangá Santa, ay pauang sinasamba natin nḡayon sa mangá altar, dahilan sa canilang mararapat na gaua at sa magagaling na halimbauang ibinigay nila sa capoua tauo, at sa mahigpit na pag-iinḡat nila sa mangá calupaan.

Subali, t, gayon man, ay uulitin co, t, uulitin ang aquing bilin sa mangá lalaqui, na mag-inḡat sila baga, t, mag-inḡat sa paquiquipag-ibigan sa mangá babayi.

Hindi co inaalís, at hindi naman ibinabaua nang Panginoon Dios, na ang babayi ay maquipagsalita sa lalaqui at ang lalaqui ay maquipagsalita sa babayi. Magsalitaan man ang isang babayi at isang lalaqui tungcol sa anomang bagay na hindi masama, ay hindi nagcacasala sa Panginoon Dios, subali, t, cung matagal at madalas ang canilang paquiquipagsalitaan, ay may pangānib na, at lalong-lalo, cung ang babayi at ang lalaquing nagsasalitaan, ay hindi totoong matacutin sa Dios.

Caya, cung cailangang dalauin nang isang lalaqui ang isang babayi, ay dalauin nḡa, nḡuni, t, houag mag-onog sa paquiquipagsalitaan.

¡Cung baquit, ang sigao ni Poon San Juan Crisóstomo, cung baquit itinititig nang lalaqui ang caniyang mata sa mangá babayi! ¡Hindi niya iniisip, na ang calarauan nang Dios,

ay hindi natatalá sa catauoan ó sa muc-ha nang mangá babayi cundi sa caloloua nila lamang!

Cung di ganito ang iisipin at gagauin nang lalaqui sa oras nang pagdalao, at paquiquipagpanayam niya sa mangá babayi, ay malaqui ang pang'anib na icahuhulog niya sa calibugan, sa gaua man ó sa uica, sa panimdim man ó sa pagnanasa.

Itong lahat na ipinang'aral co sa inyo, ay hindi sarili cong aral, cundi aral nang Panginoon Dios at nang santa Iglesia, na ualang ibang hinahangad sa atin, cundi ang cagalingan nang caloloua natin.

Caya, mangá capatid co, umilag cayo sa pang'anib, at pacatantoin ninyong maigui, na, bagay sa cahalaya,t, calibugan, ay ualang ibang daang icapanalo natin nang totoong pananalo, cundi ang paglayo,t, pang'ingilag sa mangá tucso at mangá pang'anib.

Si José, na anac ni Jacob, niyong siya,i, tucsuhin at aglahiin nang asaua ni Putifar sa gauang mahalay, ay umilag siya agad at tumacbo, at iniuan pa niya ang caniyang capa sa camay niyong malibog na babayi, na bumabatac sa caniya.

Itong guinaua ni José, ay siyang gayahan ninyo sa anomang pagcacataon, at asahan ninyo, na cayo,i, tutulu-
ngan nang Panginoon Dios, at pagcacalooan nang mahal na gracia niya, na icasasapit ninyo sa totoong caloualhatian sa langit. Siya naua.



Plática 4.^a del sexto precepto.

SOBRE LOS PECADOS DE PALABRA, Ó SEA SOBRE LAS
PALABRAS OBSCENAS.

Macapal ang mang̃a mababait na tauo, na nangongolob na totoo, cung maringig nila ang mang̃a salitang malilibog, at dapat ñga ang canilang pangongolob. Subali,t, marami rin naman ang mang̃a tauong nangongolob sa mang̃a salitang malilibog, na nariringig nila sa iba, at hindi nila inaalumana ang canilang mang̃a salitang salauola,t, malibog at ang canilang pag-ait nang mahahalay na ait, na iquinasisira nang caloloua nilang sarili, at iquinasusulong pa nang loob nang ibang tauo sa pagcacasala sa Panginooon Dios.

Cung dito sa ganitong mang̃a tauo, ay minamaigui na nila, acala co, ang lagay nang canilang loob at conciencia, cung di gauin nang canilang catauoan yaong mang̃a mahahalay na cabiro-biroang sinasalita nang canilang dila.

Caya, magecompisal man silang madalas, at ipagcompisal man nila itong casalanang guinagaua nila sa pag-uiuica nang malibog, ay hindi nila pinagsisisihan, at hindi naman binabali nila ang canilang ugali; sapagca,t, ang isip nila,i, ualang casaysayan ang canilang mang̃a birong mahalay, at

hindi naman maca-aano sa capoua tauo ang canilang mangã salaulang salita.

Caya, sasaysayin co sa inyo ngayon, na ang tauong nagsasalita nang malibog na salita, ay siyang una-unang nasisiraan, at saca sinisira naman niya ang capoua tauo, na nacaringig nang caniyang mangã salaulang salita. Cayo,i, maquinig.

Ualang tauong may masamang asal, na di macapag-panganyaya sa caniya rin muna, ang uica ni Poon San Agustin:—*Nemo malus nisi prius sibi noceat*. Caya ang tauong namimihasang mag-uica nang mahalay, ay ipinapara nang mangã marurunong sa apoy at sa mangã cahoy na iguinagatong sa apoy.

Ang mangã cahoy ngã, na talagang igagatong sa apoy, ay hindi magniningas, cung di magningas muna ang apoy na magpapaningas sa canila. Gayon din naman ang mangã tauong nagsasalita nang mangã malilibog at salaulang salita. Ang mangã uicang mahahalay na ibinibigcas nang canilang bibig, ay siya ngang nagpapaningas sa canila ring loob una-una nang apoy nang calibugan, na macasisira nang caloloua nila.

Ang madalas na pag-uuica nang tauo nang mangã malilibog, ay siyang naca-aalis sa caniya nang hiya; at ang tauong hindi nahihiyang magsalita nang mangã mahahalay, ay hindi malalauon, at mauaualan din siya nang hiya sa pag-gaua nang mangã malilibog na gaua.

Ganito rin ang aral ni Seneca, baga man hindi siya binyagan. Tauo ca, ang uica ni Seneca, tauo ca,t, maguing sinoman icao, at alin-alin man ang calagayan mo,t, catungculan, ay houag cang mag-uica,t, magsalita nang mangã malilibog na uica, sapagca,t, siyang maca-aalis sa iyo nang hiya,t, puri.

Ang manġa uiniuica nang dila, ang sabi naman ni Poon San Mateo, at ni Poon San Lucas, ang manġa uiniuica nang dila, ay siyang nagpapahayag nang laman nang puso at nang loob nang tauong nag-uiuica nang gayon.—*Ex abundantia enim cordis os loquitur.* (1) Na cung sa bagay: cung malibog ang uiniuica nang tauo, ay malibog din ang caniyang pag-iisip, malibog din ang caniyang panimdim, at marahil malibog din ang pagnanasa niya,t, pag-gaua.

Ang sinomang tauong may bait at nangongolob sa manġa uicang malibog at salauola, sapagca,t, siya rin namang pinangongoloban nang manġa Angeles sa langit. Alintana ang manġa Demonio, ay natotoua silang totoo, cung maringig nila ang manġa uicang mahalay, palibhasa,i, naalaman nilang dati, na ang manġa tauong nag-uiuica nang gayon, ay mada-ling agauin nila,t, ihatid sa inferno.

Uica naman nang Panginoong Dios sa Santong Sulat, na ang bibig nang masasamang tauo ay nililiguacan nang manġa casalanan. *Os impiorum redumdat malis.* (2) Datapoua,t, ang bibig nang manġa tauong gumagaua nang manġa bagay-bagay na casalananang di malibog, ay hindi maipapara sa bibig nang manġa tauong malilibog.

Ang maupasalaing tauo, sa halimbaua, ay hindi nag-uupasala sa lahat nang bagay, na ipinagsasalita niya sa capoua tauo. Ang palasumpaing tauo,i, hindi naman nanunumpa sa toui-toui; at gayong din ang gumagaua nang iba,t, ibang casalanan ay hindi namamalagui sa ganoong gaua, at mayroon ding isinasalit-salit na iba. Subali,t, ang namimihasang mag-salita nang manġa mahahalay at salauolang salita, ay hindi macapagsalita nang ano-anoman, na di haluan nang manġa uicang malibog; at hindi itinatahan nila itong masamang ugali, hangan di paningasin nila ang apoy nang calibugan sa

(1) Matth. cap. XII, ŷ. 34. Luc. cap. VI, ŷ. 45.—(2) Eccli. cap. XXIII, ŷ. 23,

canilang catauoan at loob na sarili, at sa loob at catauoan nang capoua tauo, na quinacausap nila. *Et homo nequam in ore carnis suae non desinet, donec incendat ignem.* (1)

Sinasalita naman nang Santong Sulat, na ang matabil na bibig at dila,i, nacasisira,t, nacapagpanḡanyaya sa maraming tauo;—*et os lubricum operatur ruinas.* (2) Datapoua,t, ang casiraa,t, panḡanḡanyayang guinagaua sa capoua tauo nang manḡa nararatihang magsalita nang malilibog at salauolang salita, ay ualang caparis.

Ang matanda,t, batang tauo,i, para-parang hinihila nila sa pag-gaua, ó sa pag-uica, ó sa paninimdim, ó pagnanasa nang mahalay. Nḡuni,t, ang lalong-lalong sinisira nila,t, pinahahamacan ay ang manḡa bata, sapagca,t, ugali nang manḡa batang gumaya,t, tumulad sa manḡa uica,t, gaua nang matatandang tauo, at lalong-lalo sa manḡa uica,t, gaua nang canilang magugulang, ó nang manḡa tauong nagpapalaqui sa canila. *¿Ay ano caya ang maguiguing uica,t, gaua nang manḡa bata, na ualang ibang nariringig at naquiquita sa manḡa magugulang, ó sa manḡa nagpapalaqui sa canila, ó sa ibang tauo caya, cundi ang malilibog na uica,t, gaua? ¿Matututuhan baga nila ang panḡunḡusap at ang pag-gaua nang mahusay at tapat sa Dios? Seguro,i, hindi, cundi bagcus, ay gagaua sila,t, mag-uuica nang lahat nang mahahalay na icasisira nang caloloua nila, at nang caloloua nang canilang capoua tauo.*

Caya, manḡa capatid co, ipalaman ninyo sa loob itong manḡa aral cong ito, at pacaisipin ang laqui nang casalanang ipinagcacasala sa Panḡinoon Dios nang manḡa tauong nararatihang magsalita nang manḡa malilibog at salauolang salita, at ang malaquing panḡanḡanyayang guinagaua nila sa canila ring sarili at sa canilang capoua tauo.

Ang manḡa tauong nararatihan sa pag-uuica,t, pagsasalita

(1) *Eccli. cap. XXIII, v. 23.*—(2) *Prov. cap. XXVI, v. 28.*

nang mang̃a salauola, ay sucat ninyong tauaguing mang̃a Procurador ó mang̃a cahalili nang Demonio.

Hindi caya nang Demonio ang cumohila sa atin nang mang̃a uicang mahahalay, palibhasa,i, hindi siya pinahihintulutan nang Pang̃inoon Dios nang gayon sa toui-toui; caya ang mang̃a tauong malilibog na bibig, ay sila ang pinipilit na guinagaua nang Demonio, na mang̃a Procurador at cahalili niya, sa paghihicayat sa ibang tauo, sa pag-gauá,t, pag-uica nang mang̃a cahalayang icapacacasama nila sa inferno.

¡Cahimanauari madala na yaong mang̃a matouain at masayahing tauo, na ang ipinagpapataua nila sa iba, ay ang mahahalay at salauolang uica,t, salita! Anaqui hindi inaalaala nitong mang̃a tauo, na ang iquinaparito ni Jesucristong Pang̃inoon natin dito sa lupa, ay ang pagtubos nang caniyang mahal na dugo doon din sa mang̃a calolouang sinisira,t, pinahamacan nila, nang canilang mang̃a malilibog na pang̃ungusap.

¡Cahimanauari, madala na cayong lahat, at itahan na ninyo ang dating pagbibiro ninyong mahahalay, na iquinalulumbay nang mang̃a Angeles sa langit, at iquinatotoua nang mang̃a Demonio sa inferno!

¡Cahimanauari, houag nang marinig nang capoua tauo, sa ating bibig, ang munti mang salita ó uicang malibog, na macasisira nang canilang caloloua,t, nang caloloua natin!

Diyata,i, magpumilit tayong lahat na magsalita nang mang̃a magagaling at mahuhusay na pang̃ungusap, na macapagbibigay puri sa Pang̃inoon Dios; macagagaling sa ating caloloua; at macapagpapacagaling sa caloloua nang capoua natin tauo, nang tayo, baga,i, para-parang maguing dapat magca- mit nang caloualhatian sa langit, na siya cong ninanasa sa ating lahat. Siya naua.

Plática 5.^a del sexto precepto.

SOBRE LA CEGUEDAD DEL PECADOR DESHONESTO.

Tayong lahat na mangá tauo ay binibiguan nang Panginoon Dios nang isang maliuanag na ilao, (ang sariling conciencia natin baga), na nacatatanglao sa atin sa dilang gagauin, daraana,t, paroroonan, nang houag tayong magcamali at lumihis sa matouid na daang patungo sa langit.

Ang conciencia nang tauo, cung baga sa ilao, ay siyang nagpapaquita sa atin nang mangá carayaan at mangá silo nang demonio, nang houag tayong maparaya,t, mapasilo: at ang conciencia rin, cung baga sa maestro, ay siyang nagtuturo sa atin nang matouid at nang lico; nang magaling at nang masama; nang cabanalan at nang casalanan, at gayon din nang dilang panganib, na icasisira nang caloloua natin, nang matalastas natin ang dapat iuacsi at ang dapat tangapin. Caya,i, ga nag-uiuica ang sariling conciencia sa ating loob oras-oras nang ganoon:—Ito,i, maigui, yao,i, masama; houag mong gauin ang gayon at casalanan, gauin mo ang ganoon at cabanalan.

Ganito ang pag-aral at pagtuturo sa atin nang sariling conciencia, nang houag tayong patucso sa mangá Demonio at sa

ibang mangá caauy nang caloloua natin, at nang houag tayong magcasala sa Dios.

Datapoua,t, cung ang tauo,i, nagugumon sa mangá casalanan, ay ga binubulagan siya nang Demonio, at ang caniyang conciencia,i, parang patay na; cung caya, pagtalicupan man siya nang maraming diablo, ay hindi na siya nangongolob; at sugatan man ang caniyang caloloua nang maraming sugat, ay ga hindi dinadamdam niya. ¿Ano pa? Cung baga iniisip niya,t, iniibig umalis sa gayong cadiliman, ay ualang naquiquita siyang pintong lalabasan, cundi nagaap-ap na lamang siya sa mangá dingding, na parang tunay na bulag. Itong catotoohanang ito,i, napapalaman sa Santong Sulat, na ang uica: *Palpavimus quasi cæci parietem....*(1)

Ito nga ang quinasapitan nang tauong nagugumon sa mangá casalanan. Subali,t, pacatalastasin ninyong maigui na sa lahat nang casalanang nacabubulag sa tauo, at nacamamatay nang caniyang conciencia, ay ualang lumalalo sa casalanang malibog ó mahalay.

Itong bagay na ito,i, siya cong sasaysayi,t, ipangangaral sa inyo ngayon. Paquingan ninyo.

Dati nang na-aalaman nang mangá Demonio, na ang mangá sugat ó saquit na di naquiquita,t, namamalayan nang tauo, ay hindi niya guinagamot ó pinagagamot. Caya, pag ang tauo,i, napapatucso na,t, nahuhulog sa casalanang malibog, ay ang una-unang binabanta,t, guinagaua nang mangá Demonio sa ganoong tauo, ay ang pagbulag sa caniya, nang houag niyang maquita,t, mahalata ang mangá sugat at masamang anyo nang caniyang caloloua, at ang malaquing pang'anib na icahuhulog niya sa inferno.

Ito nga ang cadalasang nangyayari sa mangá tauong malibog; subali,t, gayon man, ay mayroon ding maraming

(1) Isai. cap. LIX v. 10.

tauong mauilihin sa calibugan, na nagsasabi, sa harap nang iba, ó sa canilang loob na mag-isa, na sila,i, hindi bulag, at mayroon pa silang matang icatitingin, at mayroon naman silang bait na icaquiquilala nila nang maigui at nang masama. Datapoua,t, ipaquiquilala co ngayon sa manğa nag-iisip at nagsasalita nang ganoon, na sila,i, tunay na tunay na bulag.

Ay ano, manğa capatid co: ¿Di baga bulag ang manğa tauo, na ang magaang saquit nang canilang catauoan ay siyang gagamutin ó pagagamutin nilang agad; at ang magbigat ne saquit nang canilang caloloua,i, siyang pababayaa,t, pahahamacan?

¿Di caya bulag ang manğa tauo, na ang lamang bayan ay siyang minamahal nila, at ang manğa cagalingan sa langit ay siyang pinauaualan nilang halaga?

¿Di baga bulag ang manğa tauong lumalacad sa calsada, at hindi naquiquita nila ang manğa caauay na sumasalubong sa canila, at may tangang espadang ipapatay sa canila?

¿Di nğa baga parang bulag ang manğa tauo na tumitised at nahuhulog sa isang malouang at malalim na balón, maliuanag man ang arao?

Ay ganitong-ganito nğa ang lagay nang manğa malilibog na tauo.

Ang saquit nang canilang catauoan ay madaling naramdaman nila, at madaling guinagamot nila ó pinagagamot, nğuni,t, ang saquit nang canilang caloloua,i, hindi inaalu-mana nila,t, pinababayaan.

Ang manğa lamang bayan ay siyang quinauiuilihan nila, at ang manğa lamang langit ay siyang pinahahamacan.

Ang lahat na manğa pangganib, na icamamatay nang canilang caloloua ay parang di nila naquiquita,t, nahahalata; at cung caya, maliuanag man ang arao, (cung sana sa liua-

rag nang arao) ay tumitised din sila,t, nahuhulog sa malalim na lungang sinasalita nang Santong Sulat, na ang uica:— *Fovea enim profunda est meretrix.....* (1) Sa macatouid: ang babaying hitad, ay parang malalim na hucay, na naca-tataos hangan sa inferno.

Ay ano: ¿di parang bulag mandin itong manğa tauong itong di nacaquiquilala nang canilang saquit, di nacaahalata nang canilang masasamang tayo,t, lagay, at di man marunong silang umilag sa manğa pang'anib, na icahuhulog nang canilang caloloua,t, catauoan sa inferno? ¿Sino cayang tauong di bulag na talaga, ang haharap at tatapat sa manğa caauay, na nacaibig pumatay sa caniya?

Ang manğa Demonio ay ipinapara nang ibang manğa marurunong sa manğa ibon, na ang nğala,i, ouac, bagay sa ugali,t, asal.

Ang caugalian nang manğa ouac ay tumuca,t, bumunot agad-agad nang manğa mata nang hayop, na naquiquita nilang may saquit ó patay na caya; at saca pinipilas nila,t, linalamon ang ibang lamang natitira sa catauoan nang hayop.

Ganoon din nğa ang inugali nang manğa Demonio sa tauong malibog. Sa maquita nang manğa Demonio ang isang calolouang may saquit na, dahilan sa guinaua niyang casalanang malibog, ay agad-agad tinutuca nila,t, binubunot ang caniyang manğa mata, nang houag mahalata niya,t, maquiquilala ang caniyang masamang anyo, at ang malaquing pang'anib na icahuhulog niya sa inferno.

Itong lahat na manğa aral na ito,i, ga pinatotoohanang nang Santong Haring si David doon sa manğa Salmong quinatha niya, na ang uica:— *Cor meum conturbatum est, dereliquit me virtus mea: et lumen oculorum meorum, et ipsum non est mecum.* (2) Sa macatouid, ani David: Nagugulo ang puso,t,

(1) Prov. cap. XXIII. v. 27.—(2) Ps. XXXVII, v. 11.

loob co; ang cabanalan ay lumayo na sa aquin, at nauala pati ang caliuanagan nang mang'a mata co. Ganito, rao, ang sabi nang ibang mang'a marurunong, ang sigao ni David, pagcasala niya nang mahalay na casalanan cay Bethsabee.

Cung baquit gayon; subali,t, totoo n'ga, na capag ang tauo,i, nauiuili,t, nagugumon sa mang'a gauang calibugan, ay uala nang siyang caalang-alang sa Panginoon Dios man at sa capoua tauo. Tila n'ga,i, nabubulagan siya. Tila n'ga,i, tinu-tuca na siya at pinagbubunutan nang mang'a Demonio nang mang'a mata nang caniyang caloloua, cung caya,i, ualang capangahasang di guinagaua nang ganoong tauo.

Uala nang alang-alang siya sa mang'a dalaga, sa mang'a balo, at sa mang'a may asaua. Ualang pagcucundang'an siya sa mang'a camag-anac, capatid man ó anac mang tunay; at ang mang'a hayop man ay hindi niya binubucod.

¿At saan di gayon? Bulag na bulag na siya, gaua nang caniyang calibugan, caya linalactauan na niya,t, hindi inaalu-mana ang mang'a bagay-bagay, na nacahahalang sa caniya, masunod niya lamang ang masamang cahinguilan nang caniyang catauoan.

At hindi lamang gumagaua nang gayon ang tauong malibog, cundi natotoua pa siya, at ipinagpaparangalan pa niya ang caniyang mang'a gauang mahalay, para nang uica nang Santong Sulat:—*Qui letantur cum maleferint, et exultant in rebus pessimis.* (1)

Bucod dito, ang tauong malibog ay minamaigui niya ang dapat masamain; minamaputi niya ang maitim, at ang maputi ay minamaitim niya; at caya gayon, sapagca,t, ang calibugan ay nacabubulag sa caniyang caloloua nang houag siyang ma-caquita nang dilim at nang liuanag, para nang uica rin nang Santong Sulat:—.... *excæcavit illos malitia eorum.* (2)

(1) Prov. cap. II. v. 14.—(2) Sap. cap. II. v. 21.

Caya, manġa capatid co, umilag cayong totoo sa calibuga,t, calupaan, na nacabubulag sa caloloua nang tauong malibog; at pacaisipin ninyo, na ang cabulagan nang caloloua, ay masamang-masama pa sa cabulagan nang catauoan.

Ang manġa tauong bulag bagay sa catauoan, ay nacaquiquilala rin sila nang canilang cabulagan, caya,t, napatutulong sila sa iba,t, napa-aacay sa canila. Datapoua,t, ang manġa tauong bulag bagay sa caloloua, ay hindi lamang hindi nacaquiquilala sila nang canilang cabulagan, cundi bagcus ay nagmamabait sila,t, nagmamarunong, at cung minsan, ay ipinagpaparangalan pa nila ang canilang manġa gauang mahalay; at palibhasa,i, bulag nġa ay hindi sila nacamamalay nang manġa pang'anib, na icahuhulog nila sa inferno.

Umilag cayong totoo sa calibugan, inuulit cong sabihin, maca mabulagan ang inyong caloloua, at mapahamac cayong magpasaualang hangan.

Paacay cayo, cung sana sa bulag, paacay cayo sa manġa aral nang Panginoon Dios at nang santa Iglesia, at sa canilang manġa mahal na utos, at umasa cayo na, cung sila ang mag-aacay sa inyo, ay hindi cayo lilihis nang munti man lamang sa matouid na daang patunġo sa langit, na siya cong ninanasa sa ating lahat. Siya naua.



Plática 6.^a del sexto precepto.

SE REBATEN LAS ESCUSAS, QUE SUELEN ALEGAR, ESPECIAL-
MENAE, LAS MUJERES, PARA PECAR CONTRA EL SESTO PRE-
CEPTO.

Madalas na madalas, na ipinagbibilin at ipinag-uutos ni Jesucristo sa ating lahat doon sa Santong Sulat, na, magbantay tayong parati,t, maglamay, sapagca,t, oras-oras ay hinahagap at hinahabol tayo nang Demonio nang tayo,i, sungaban niya,t, lamunin.

Marunong na marunong ang Demonio, bagay sa panucso niya sa tauo; caya, maraming-marami, ang uica ni Poon San Agustin, maraming-maraming totoo ang mang'a inuumang niyang silo sa atin sa lahat nang dadaanan nati,t, lalacaran:—*Ecce tetendit ante pedes nostros laqueos infinitos.*

At totoo nga, sapagca,t, may silo sa dilang cacandin at iinumun natin; may silo sa dilang daramitin, at may silo rin sa lahat nang tauong quinacausap natin.

Gabi,t, arao, at oras-oras ay tinutucso tayo nang Demonio; na cung minsan ay tinutucso tayo sa capalaluan, cung minsan nama,i, sa cagalitan, at madalas naman sa caramutan, sa cayamuan, sa catamaran at sa capanaghilian: suba-

li,t, ang bucod sa lahat, na itinutucso nang Demonio sa atin, ay ang calibugan.

Datapoua,t, ganito mang calaqui ang carunungan nang Demonio sa panunucso sa atin, at gaano mang cadalas ang caniyang panunucso, ay hindi rin tayo matatalo niya, cundi tayo,i, napatatalong cusa sa caniya.

Madalas na nangyayari dito sa lupa, na ang sibat, ang itac, ang baril at ang iba pang armas na pinahihiram natin sa mang'a capoua tauo, ay siyang guinagamit nila sa pagsugat ó pagpatay sa atin din. Ay ganitong ganito ang iniaasal nang Demonio. Hindi mandin mapapatay tayo niya, cung di pahiramin natin muna siya nang mang'a armas, na ipapatay niya sa atin; caya nag-aabang siya, at pagcaquita niyang bucás ang mang'a pinto,t, durung'auan nang ating catauoa,t, caloloua, saca,i, pinapasucan tayo,t, linolooban niya. Na cung sa bagay: hindi malolooban nang Demonio ang ating caloloua, cundi bucsan nating cusa ang mang'a pintong papasucan niya.

Pacatandaang maigui nang mang'a babayi itong aral na ito, sapagca,t, sila nga ang lalong tinatamaan, at sila rin ang bucod na bucod na pinatutungculan co nitong aquing Plática, na ang lamán ay ganito: ualang cabuluhan, at hindi dapat paquingan ang mang'a dinadahilan nang mang'a tauo, at lalong-lalo ang mang'a babayi, sa pag-gaua nang calibugan. Cayo,i, maquinig.

Cung ngayong oras na ito,i, tanungin natin ang maraming babayi, cung ano,t, baquit nagcasala ó nagcacasala sila nang calibugan sa lalaqui, ay marahil ualang ibang isasagot sila sa atin at dadahilanin, cundi ang carapucan nang canilang catauoang lupa, at ang cahinaan nang canilang loob, at ang iba pang ganitong maling dahilan.

Aco, ang sasabihin nang maraming babayi; aco,i, pinag-

aamo-amo,t, hinihimoc nang mang̃a lalaqui; aco,i, pinupuri nila,t, pinangungusapan nang magaganda,t, matatamis na uica; aco,i, pinagcacalooban nila nang anomang quinacailan-
n̄gan co at nang balang hinihing̃i co sa canila, at binibiguan pa aco nang sari-saring regalo. Ay ano: ¿mangyayari bagang di co ibiguin ang umiibig sa aquin nang gayon? ¿Di n̄ga baga,i, maguiguing acong palamarang loob, cung aco,i, di pumayag sa mang̃a hinihing̃i nila sa aquin?

¡Pagcalaqui nang caul-ulan nang mang̃a babaying nagsasabi nang gayon!

Icao, babaying nag-iisip at nagsasalita nang ganoong camalian; cung may bait ca, ay imulat mo ang mang̃a mata, (cung sana sa mata), nang bait mo, at pacatantoin mo, na ang mang̃a pagpupuri,t, paghihimoc sa iyo nang mang̃a sinasabi mong lalaqui, pati nang mang̃a regalo at caloob nila sa iyo, gayon din ang pagtanggap mo nang lahat na iyan, sampon nang hiya,t, tacot mo, na baca uicain nang mang̃a causap mo ó caibigan mong lalaqui, na icao,i, palamarang loob; pacatantoin mo, anaquin, na itong lahat na ito,i, hindi tunay na dahilan sa pag-gaua nang calibugan, cundi pauang carayaan at silo nang Demonio, na ang ibig, ay humuli nang caloloua mo,t, ihatid sa inferno.

Ay ano: ¿cung baga mayroong nagpapainom sa iyo nang lasong icamamatay nang catauoan mo, ay iinumina mo caya? ¿Di hindi? ¿Ay baquit iinumina mong ualang liuag ualang tangui ang lasong icamamatay nang caloloua mo?

Mayroon namang mang̃a babayi, na cung tanungin nang tungcol sa bagay na ito,i, sumasagot nang gayon: caya nagcacasala aco sa mang̃a lalaqui, sapagca,t, aco,i, isang tauong maralita,t, caa-a-a. Malaquing totoo ang aquing cahirapan; uala acong macacain; uala acong madadamit; at uala acong sucat patutunguhan, cundi ang mang̃a lalaquing nacaiibig

sa aquin; cang caya pinagcacalooban co sila nang catauoan co, palibhasa,i, sila nga ang iquiniquita co nang caualan sa aqing bahay.

¡Pagcahalay-halay nang mangá sagot na ito!

Diyata, babayi cang mahirap; ¿ualang ibang daang mahahanap mo nang pagcabuhay cundi ang calupaan at calibugan? Bulaan ca,t, sinungaling. Maraming totoo dito sa mundo ang mangá babaying caparis mong mahihirap, at hindi sila gumagaua nang munti mang casalanan sa paghanap nang icabubuhay nila.

Magpacasipag cang gumaua; cumimot ca sa bahay mo; manahi ca; sumulid ca; lumala, at unatin mong maigui ang mangá litid nang paa,t, camay mo, na siya nga ang inaasal nang mangá mababait na babaying capoua mong maralita; at sa tulong nang gracia nang Dios, ay macaquiquita ca rin nang pagcabuhay.

Marami namang totoo ang mangá babaying nagsasabi na, cang caya sila,i, nagecasala sa lalaqui, sapagca,t, sila,i, pinilit at piniit. Hindi co gusto,t, caloobang magcasala sa calibugan, ang uica nila, datapoua,t, idinaan aco sa lacas, caya uala acong magaua.

Bagay dito sa mangá babaying nagdadahilan nang ganoon ay mayroong isang magandang salita, na ipahahayag co sa inyo ngayon.

Minsan, dao, pumasoc ang isang dalaga sa isang Juzgado humarap siya sa Juez ó Hocom, at sumigao nang malacas: —¡Justicia, justicia Señor Juez! Sa maringig nang Juez ang gayong pagsigao, at sa maquita niya ang paghibic at ang luhang umaagos sa muc-ha niyong dalaga, ay linapitan niya,t, pinangusapan nang ganito:—Icao,i, mapalagay na, guinoong babayi, at saysayin mo sa aquin ang bagay na hinahabol mo sa aqing pagcajusticia.

—Aco, pó, ang sagot nang babayi, aco, pó,i, isang dalagang tauo, na ualang camalaymalay sa calibugan; nasalubong co, pó, cangina isang lalaqui diyan sa parang, at pinilit at piniit aco, at quinuha niya ang aquing pagcadalaga.

—¿At saan naroroon ang lalaquing iyan? ang tanong nang Juez.

—Naririyang pó, sa labas, ang sagot nang dalaga.

—Pinahanap agad nang Juez ang lalaqui, at nang dumating sa caniyang harap, ay sinaysay sa caniya ang bagay na habla nang dalaga, at inusisa tuloy sa caniya, cung mayroon siyang isasagot doon sa mangá bagay na yaon.

At ang tugon nang bagong tauo,i, ganito:—Totoo nga, pó, na aco,i, nagcasala diyan sa babaying iyan, subali,t, hindi co siya pinilit at piniit. Ang nangyari, pó,i, ganoon: nagcasalubong, pó, cami cangina diyan sa parang, at ang Diablong maraya, na nacagugulo sa lahat, ay nagpasalob pó, sa amin nang paglalaro, pagsasalauola,t, pagcasala. Hindi co, pó, siya pinilit, cundi talagang cusa nang aming loob ang pag-gaua nang calibugan. Ito, pó, ang totoo, at siya co ring sasabihin hangan sa harap nang Panginoon Dios.

Pagcaringig nang Juez ang sinasalaysay nang bagongtauo, ay inusisa sa caniya, cung may dala siyang salapi.

—Oo, pó, ang sagot nang bagongtauo; mayroon, pó, acong sampoung piso dini sa supot na ito.

—Cung gayon, ang uica nang Juez, ay ibigay mo na diyan sa babayi ang salaping dala mo pati nang supot na quinasidlan, bayad bilang sa caniyang puri.

Dinampot agad nang dalaga ang salaping iniaabut sa caniya nang bagongtauo; nagpasalamat siya nang maraming-marami sa Hocom, at yumaon na.

Pagcamayamaya,i, tinauag nang Juez ang bagongtauo,

at nag-uica sa caniya nang ganoon:—Cung icao,i, matapang na lalaqui, ay habulin mo iyang babaying iyan, at agauan mo siya nang sampouong pisong ibinigay mo sa caniya.

¡Sabihin pa ninyo ang toua nang bagongtauo! Matulin, na parang quidlat ang paghagad niya sa dalaga. Inabot niya sa dulungbayan, at capagcaraca,i, tinangnan niya,t, ang uica:—Babayi cang ualang hiya, ay isauli mo sa aquin, ngayon din, ang salapi co; pag hindi, ay iuuan cata,t, papatayin.

Lumaban ang babayi; nagbabag silang dalaua nang bagongtauo; nagbubunung catauoan sila,t, naglalacasan sa pag-agao nang salapi; at dito sa tayong ito, na hihingal-hingal capoua,i, dumating silang uli sa Juzgado, at capagcaraca,i, sumigao ang dalaga nang gayon:—Justicia, Señor Hocom; tingnan, pó, ninyo ang capangahasan nitong lalaqui, at sa guitna nang calzada at sa harap nang maraming tauo, ay ibig niyang agauin ang salaping pabigay, pó, ninyo sa aquin.

—¿At inagao niya бага? ang tanong nang Juez.

—Hindi, pó, ang sagot nang babayi, at mapapatay aco muna, bago bituan co ang salaping ipinagcaloob ninyo sa aquin.

Pagcaringig nang Juez nang gayong sagot, ay nataua-taua siya,t, ang uica sa dalaga:—Matapang cang babayi, at di mangyaring di purihin co ang sadiya mong catapanan. Caya ang hatol co,t, sentencia dito sa usap na ito,i, ganoon:—Isauli mo agad-agad diyan sa lalaqui ang caniyang sampouong piso, at houag mo acong baliuin at papaguring uli sa mangá ganitong usap, sapagca,t, parurusahan quita nang mabigat na parusa. At caya gayon ang aquing hatol at sentencia, sapagca,t, talastas co,t, natatanto, na, hindi macucuha nang sinomang lalaqui ang pagcababayi mo, cung

ang catapanġang ipinaquita mo sa pagsasangalang nang caunting salapi, ay siya mo ring ipaquita,t, gamitin sa pagsasangalang nang puri mo.

Itong hatol at sentencia nang naturang Juez, ay siyang dapat itala,t, iquintal nang manġa babayi,t, lalaqui sa canilang manġa puso,t, loob, nang maalaman nila,t, matandaan ang canilang catungculan sa anomang pagcacataon.

¿Ay ano caya ang sucat cong uicain at sabihin bagay sa manġa magugulang na ga nagbibili nang caloloua,t, catauoan nang canilang anac na babayi, at ga iniaalay nila sa Demonio, macaquita sila lamang nang caunting hamac na salapi? ¿Mayroon bagang casamaang macalalalo sa casamaan nitong manġa magugulang? ¿Ang ano,t, anomang cacatouranin nila sa pag-gaua nang gayon, ay sucat paquingan nang tauong may caunting bait? Cung sa aquin, sinabico sa inyo, na ang ganitong manġa magugulang, ay minamasama co pa sa manġa tunay na Demonio. Caya lalactauan co itong bagay na ito,t, baca, manġusap aco nang di mahusay na pangungusap.

Diyata, manġa lalaqui, manġa babayi, ay pacatandaan ninyo,t, pacatalastasin, na ualang ualang sucat ipagdadahilan ninyo,t, ipagmamatouid bagay sa pag-gaua nang calibugan. At totoo nġa, sapagca,t, cung caya,i, gumagaua cayo nang calibugan, palibhasa,i, siya ang hiling nang catauoan at nang loob ninyo. Cung caya,i, nahuhulog at nagugumong cayo sa calibugan, sapagca,t, uala cayong tunay na pananampalataya, pananalig at pag-ibig sa Dios.

Caya, magpumilit cayong gumaua nang catouran; magpumilit cayong magcamit nang langit, at umasa cayo, na ang ibang manġa bagay-bagay, na quinacailanġan natin dito sa lupa, ay ipagcacaloob nang Panġinoon Dios sa inyo. Ganoon nġa ang pangaco ni Jesucristo, na ang uica:—*Querite*

*ergo primum regnum Dei, et justitiam ejus: et hæc omnia
adjicientur vobis. (1)*

¡Cahimanauari ay paquinabangan ninyo itong caunting
aral cong ito, at macamtan ninyo ang caloualhatian sa langit.
Siya naua.

(1) Matth. cap. VI, § 33.



SÉTIMO MANDAMIENTO.

Plática 1.^a del sétimo precepto.

Non furtum facies. *Exod.*
cap. XX. v. 15.

Ang pag-ibig nang Panginoon Dios sa ating manġa tauong tinubos niya nang caniyang mahal na dugó, ay ualang cahalimbaua.

Ang lahat na guinaua niya dito sa mundo, ay para-parang pinaquiquinabangán nang tauo. Ang manġa pananim; ang sarisaring cahoy, na namumunġa nang marami sa canilang capanahunan; ang manġa iba,t, ibang bagay na hayop na gumagapang sa lupa, lumilipad sa hangin at lumalangoy sa tubig; ang manġa guinto,t, pilac at manġa mutyang mahal na natatago sa ilalim nang lupa, at ang maraming-marami pang manġa bagay, ay para-para nġang pinaquiquinabangán nang tauo. At caya gayon, sapagca,t, masiquip na masiquip ang utos nang Panginoon Dios sa canilang lahat, na sila,i, sumuco,t, sumunod sa tauo. Ganoon nġa ang salita nang Santong Sulat, na ang uica:—*Omnia subjecisti sub pedibus ejus.....* (1)

(1) Ps. VIII. v. 8.

Sa mang̃a Angeles man, ay may utos din ang Pang̃inoon Dios sa canila, tungcol sa pamimintuho,t, pagsisilvi nila sa tauo, para nang uica rin nang Santong Sulat:—*Quoniam Angelis suis mandavit de te, ut custodiant te in omnibus viis tuis.* (1) Sa macatouid: Iniutos nang Pang̃inoon Dios sa mang̃a Angeles, na mag-alaga sila sa tauo sa lahat na gagauin niya,t, lalacarin.

Caya, gabi,t, arao ay binabantayan ang tauo nang caniyang Angel na catutubo; at sa pagtulog man at sa paglacad at sa anomang gagauin nang tauo ay casama niya ang Angel, na tinatalaga,t, inuutusan nang Pang̃inoon Dios, na tumanod sa caniya sa dilang capang̃aniban nang caloloua,t, catauoan niya.

Ganoong calaqui ang pag-ibig nang Pang̃inoon Dios sa tauo, na ang iisa-isa mang buhoc nang caniyang ulo,i, hindi nalilimutan niya,t, pinahahamacan, para nang uica ni Poon San Mateo:—*Vestri autem capilli capitis omnes numerati sunt.* (2)

¿Ano pa? Ang pamamahala,t, pangongosiua sa ating mang̃a pag-aari,t, cayamanan ay para ngang inaangquin nang Pang̃inoon Dios, caya nag-uutos siya sa lahat nang tauo, sa ica-pitong utos niya, nang ganito:—*Non furtum facies.* Sa macatouid: houag cang magnacao.

Lubhang quinapopootan nang Pang̃inoon Dios ang tauong magalao ang camay, na cumiquibo nang hindi caniyang ari, at gayong calaqui ang pagcapoot niya dito sa casalanang ito, na hindi tinatangap niya sa langit ang mang̃a magnanacao at mangangagao na tauo, para nang uica ni Poon San Pablo:—*neque fures.... neque rapaces regnum Dei possidebunt.* (3) Caya ang calac-han at cabigatan nang casalanang pagnanacao, ay siya cong ipahahayag sa inyo ng̃ayon. Cayo,i, maquinig.

Ang pag-icot, ang pagcuha, ang paglupig, ang pagsira,t,

(1) Ps. XC, v. 11.—(2) Matth. cap. X, v. 30.—(3) I Cor. cap. VI, v. 10.

ang pagnanasa man nang ari nang ibang laban sa tapat at matouid na calooban nang tunay na may ari, ay para-parang ipinagbabauwal nang Panginoon Dios; subali,t, iba ang bilang at iba naman ang bigat nang casalanang macacamtan nang tauo sa caniyang pagnanacao, paglupig, pagsira ó pagnanasa nang hindi caniyang ari.

Ang pagnanacao, sa halimbaua, ang pagnanacao nang tauo nang ari nang iba sa licod nang may ari, na di baga naquiquita nang may ari, ay maguiguing casalanang daquilá ó mortal, cung malaquing bagay ang ninanacao niya, at maguiguing munti lamang ó venial, cung cacaunting bagay ang caniyang ninanacao.

Ang pagcuha naman, ó ang pag-aagao baga nang tauo nang ari nang iba sa harap nang may ari, ay may taglay na dalauang bagay na casalanan; ang isa,i, dahilan sa pagnanacao, at ang isa nama,i, dahilan sa malaquing pagpapahamac, na guinagaua nang magnanacao, ó mang-aagao na tauo sa pinagnanacauan niya.

Dalaua rin ang maguiguing casalanan nang tauong nagnanacao nang pag-aari nang mangá simbahan, ang isa,i, dahilan sa ugaling casalanang nagmumula sa pagnanacao; at ang isa nama,i, dahilan sa malaquing pagmumura,t, pagcaualang galang, na guinagaua nang magnanacao na tauo sa sagradong bahay na bucod tinatahanan nang Panginoon Dios, at sa mangá bagay-bagay na itinatalaga nang santa Iglesia sa pag-samba,t, pagpupuri sa Santísimo Sacramento sa altar, sa mahal na Virgen at sa mangá Angeles at mangá Santo; at itong casalanang ito,i, pinanganganlang sacrilegio na siya nga ang lalong malaquing casalanang sucat gauin nang tauo sa Panginoon Dios.

At cung sacali,t, ang ninanacao nang tauo sa loob nang simbahan, ay hindi pag-aari nang simbahan, cundi pag-aari

nang iba, maguing tapis, paño, suclay, chinelas ó salapi caya
nang ibang tauo, ay maguiguing dalaua ring casalanan ang
pagnanacao na ito, ang isa,i, dahilan sa mangá bagay na
ninanacao niya, at ang isa nama,i, dahilan sa malaquing
calapastanganang guinagaua sa Panginoon Dios nang tauong
nanganãahas gumalao nang ari nang iba sa caniyang mahal
na bahay ó simbahan.

Hindi mandin masabi ang cabigatan nang casalananang pag-
nanacao; subali,t, mahahalata rin ninyo, cung pag-iisipin
ninyo ang mangá perjuicio,t, cahirapang pangyayari sa
tauong pinagnanacauan nang caniyang mangá pag-aari,t,
cayamanan.

Ang tauong pinagnanacauan nang masasamang tauo nang
caniyang pag-aari, ay palaguing naghihirap ang caniyang
loob, palibhasa,i, gabi,t, arao ay nagugunam-gunam niya ang
caniyang maguinahuang lagay niyong siya,i, di pa pinagna-
cauan nang mangá tampalasan.

Iquinahihirap ding palagui nang caniyang loob ang pag-
tingin at pag-aalaala niya sa caniyang asaua, mangá anac
at mangá apo pa niyang maliliit, na para-parang namumutla,t,
nadadayocdoc nang gutom. At touing nariringig niya ang
pag-iiyac nila dahilan sa uala silang macacain at uala silang
maisimbang damit, ay ga nadudurog ang caniyang puso,t,
loob. At, nang sabihin co sa catagang uica, ang tauong
pinagnanacauan nang caniyang pag-aari, ay ga namamatay
lumbay oras-oras, dahilan sa uala siyang maquitang guinhaua
dito sa ibabao nang lupa.

Dito, anaquin, sa mangá sinalita cong ito,i, mahahalata
na ninyo ang cabigatan nang casalananang pagnanacao, ngu-
ni,t, lalo,t, lalong maquiquilala ninyo, itong bagay na ito
cung sabihin co, na ang tauong namimihasa sa pagnanacao
ang cadalasa,i, masama pati bibig.

Catacot-tacot n̄gang dinguin ang man̄ga pagtutun̄gayao at pagsumpa,t, panunumpa nang man̄ga magnanacao na tauo sa oras nang canilang pagnanacao. Ang bibig nila,i, para manding bibig nang man̄ga taga inferno, na ualang liuag munti mang gamitin at sambitlain ang dilang cahalay-halay na uicang paglait, na nacarurumi,t, nacalilibac at nacapag-papahamac sa Santong pangalan nang Dios; sa Santísimo Sacramento, sa mahal na Vírgen at sa lahat na man̄ga Angeles at Santo.

Ang tauong magnanacao, cung sa cadalasan, ay mapag-higanting tauo naman siya,t, sugarol at malibog; marahas sa man̄ga pobre, at malapit lamang sa man̄ga capoua niya magnanacao.

Ang tauong magnanacao ay siya ang puno,t, capitan nang man̄ga tampalasang tauo, at siya rin ang manggugulo nang capayapaan at nang mabuting pagcacasunduan nang man̄ga bayan.

Ang tauong magnanacao, cung sa cadalasa,i, tampalasan siya sa man̄ga punong bayan; tampalasan sa man̄ga matatanda; tampalasan sa man̄ga magugulang; tampalasan sa man̄ga cahalili nang Dios; tampalasan cay Jesucristo, sa man̄ga Sacramentong caniyang cat-ha, sa mahal na Vírgen, sa Angel na catutubo niya at sa lahat nang Santong nasasa langit.

Ang tauong namimihasa sa pagnanacao ay malimutin nang pagpapacagaling niya sa langit, at ang caniyang pagcacristiano ay caparis nang pagcacristiano nang tauong hindi binyagan.

At sa catagang uica: ang tauong magnanacao ay tauong tauo mandin cung tingnan ang caniyang anyo,t, pangan̄gatauoan, subali,t, Demoniong tunay, cung pagmasdan ang caniyang loob at ang caniyang man̄ga guinagaua.

Caya ang gauang pagnanacao,i, hindi lamang pinarurusahan nang Panginoon Dios nang catacot-tacot na parusa doon sa cabilang buhay, cundi dito man sa buhay na ito,i, pinarurusahan din niya,t, pinarurusahan naman nang mangga pinuno natin.

At sa catunayan: cung sa ating mangga pinuno, ay, arao-arao halos, naquiquita natin, ó nababalitaan caya ang sari-saring ipinarurusa nang mangga Puno sa mangga magnanacao. Cung sa Panginoon Dios naman, ay maraming totoo ang mangga halimbauang mahahango sa Santong Sulat tungcol sa bagay na ito, subali,t, isa lamang ang aquing sasalitín.

Bago pagtalicupan ni Josue yaong malaquing ciudad na ang ngala,i, Jericó, ay nag-utos ang Panginoon Dios sa caniya na, ang lahat nang guinto, pilac at ang ibang mangga casangcapang tumbaga, tangso,t, bacal, na sasamsamin niya roon, ay ihayin ang lahat sa Panginoon Dios at ipaquisama sa mangga pag-aari nang templo ó simbahan; at ang Ciudad, pati nang dilang bagay-bagay na maquita nila roon, ay sunaguin; at houag mangahas sinomang umicot at magtago nang isa mang aspiler sa dilang sasamsamin ó masasamsam.

Ipinahayag ni Josue sa caniyang Ejército itong utos at bilin nang Panginoon Dios sa caniya, datapoua,t, isang tauo na ang ngala,i, si Achan, ay nangahas umicot at magtago nang isang capang grana, nang dalauang daang siclong pilac, at nang isang capirasong guinto, na ang halaga,i, limang pouong siclo.

Nang mabalitaan ni Josue ang bagay na ito, ay ipinaraquip niya si Achan pati nang mangga anac niya, at ipinapucol niya sa boong bayan ang canilang catauoan, hangan di ubusi,t, patayin: at ang bangcay niya, pati nang sa mangga anac niya, at gayon din ang capa,t, guinto,t, pilac, sampo naman nang bahay na pinagtaguan niya nang caniyang nina-

cao, at gayon din naman ang caniyang mang̃a hayop, sampo nang boong pag-aari niya,t, cayamanan ay pauang pinasunog ni Josue sa isang caparangang pinanganganlang Achor hangan di matupoc ang lahat.

Itong lahat nang ito,i, guinaua ni Josue, alinsunod sa utos nang Panginoon Dios sa caniya. Caya dito sa parusang ito nang Panginoon Dios sa tampalasang tauong nangangaahas magnacao nang hindi caniyang ari, ay sucat naman ninyong mahalata ang cabigatan nang casalanang pagnanacao.

Diyata mang̃a capatid co, houag ninyong dumhan ang inyong caloloua nang mang̃a pagnanacao, sapagca,t, ang mang̃a magnanacao,t, mang-aagao nang canilang pag-aari, ay hindi macapapasoc sa langit, ayon sa uica ni Poon San Pablo:—*Neque.... fures.... neque rapaces regnum Dei possidebunt.* (1)

Datapoua,t, ganoon mang cahigpit itong sabi ni Poon San Pablo, ay macapagcacamit din nang langit ang tauong magnanacao, cung baga,i, pinagsisihan niyang masaquit ang caniyang casalanan, iquinucumpisal niyang mahusay, at isinasauli pa niya sa mang̃a pinagnacauan ang balang ninacao niya, alinsunod sa totoong macacayanan niya.

Itong tatlong bagay na itong sinasabi co, sa macatouid: ang pagsisisi, ang pagcocompisal, at ang pagsasauli nang aring nacao, ay capilitang sundin nang mang̃a tauong magnanacao nang sila,i, patauarin nang Panginoon Dios, at maguing dapat silang pagcalooban nang caniyang mahal na gracia dito sa lupa, at saca nang caloualhatian sa langit. Siya naua-

(1) I Cor. cap. VI y. 10.



Plática 2.^a del sétimo precepto.

SOBRE ALGUNOS MODOS DE HURTAR.



Mapapalad ang mang̃a maauain, at sila,i, magcacamit nang aua!

Ganoon ang uinica ni Jesucristong Panginoon natin, mang̃a capatid co, niyong siya,i, umaaral sa atin nang mang̃a magagaling na capalaran; at itong aral na ito,i, siyang dapat isasaloob na palagui nang lahat nang tauong nagbabansag cristiano,t, discipulo ni Jesucristo nang sila baga,i, macagaua para nang guinaua ni Amadeong unang Duque sa Saboya.

Sinasalita nang isang historiador, na minsan ay itinanong dito cay Amadeo nang iilang mang̃a Embajador, cung may-roon siyang mang̃a magagaling na asong ipanangangaso niya nang mang̃a baboy damo,t, mang̃a usa; at ang sagot sa canila nitong mahal na Duque ay ganoon:—Magsiparito pó, cayo bucas nang umaga, at aqing ipaquiquita sa inyo ang mang̃a asong ipinangangaso co.

Nang quinabucasan niyon at madaling arao pa, ay nagsiparoon ang mang̃a Embajador; sinalubong nang Duque, ipinagsama sa isang balcon, at ipinaquita sa canila ang isang bungtong pobre, na linilimusan niya arao-arao, at nag-uica

sa mang̃a Embajador nang ganito:—Ito pong mang̃a mahi-
hirap at mararalitang tauo, na naquiquita, pó, ninyo dito
sa tapat nang bahay co, ay siya co pong pinacaaso, at sila,
pó, rin naman ang ipinangangaso co arao-arao nang calual-
hatian sa langit.

Itong guinaua ni Amadeo,i, maganda,t, mabisang halim-
baua sa maraming tauo, na nagbabansag cristiano,t, disci-
pulos ni Jesucristo, at ibig magcapalad sa langit, bago-bago,i,
ang capalarang hinahangad nila,i, hindi ang tunay na capa-
laran sa langit, cundi ang maling capalarang nagmumula sa
mang̃a cayamanang ninacao, ninanacao,t, nanacauin pa nila
sa capoua nila tauo.

Caya hindi lamang hindi quina-aauaan nila ang canilang
capoua tauo, cundi bagcus, ay binabanta,t, iniisip nilang pa-
lagui ang mang̃a bagay-bagay na paraang maicuha nila nang
caunti ó malaquing pag-aari nang capoua tauo.

Dito sa bagay na ito,i, mauucol ang iaaral co sa inyo
ngayon; subali,t, uala acong ibang ipahahayag sa inyo,
cundi ang isang bagay na paraang guinagamit nang mang̃a
mahihirap na tauo sa pagcuha nang pag-aari nang mayaya-
man, at ang isa namang bagay na paraang guinagamit nang
mang̃a mayayaman sa pagcuha nang caunting hanap nang
mang̃a maralitang tauo. Paquingan ninyo.

Ang caunaunahang ipahahayag co sa inyo ay ang ma-
laquing pagcalimot sa Panginoon Dios nang mang̃a mahihi-
rap na tauo, na gumagalao nang pag-aari nang mang̃a ma-
yayaman.

Ang ipinagdadahilan nang mang̃a maralitang tauo sa pag-
cuha,t, pagsasarili pa nila nang ari nang mayaman, ay ang
canilang casalata,t, capobrihan. ¡Malaquing camalian ito,
mang̃a capatid co, na di matanggap nang tauong matino!

Ang isip baga nang mang̃a mahihirap na tauo,i, hindi

casalanan ang pagnanacao sa mangá mayaman, at casalanan man ang pagnanacao sa canila ay munti lamang casalanan; sapagca,t, ang uica nang mahihirap, sapagca,t, caunti rin ang perjuiciong nangyayari sa mayayaman, palibhasa,i, pag-nacauan man sila,i, malaqui pang cayamanan ang natitira sa canila.

Maling-mali rin, mangá capatid co, itong pag-iisip nang mangá mahihirap; sapagca,t, hindi iisang bagay lamang, cundi dalaua ang cailangang pacatantoin nang tauo, nang maquilala niya, cung daquila ó munti cayang casalanan ang pagnanacao. Ang isang bagay na dapat pacatantoin ay ang perjuiciong guinagaua sa pinagnanacauan; at ang isa naman ay ang camahalan nang pag-aaring ninanacao. Dito sa isusunod cong halimbaua,i, maquiquita ninyong maliuanag na maliuanag ang cahulugan nitong mangá aral na ito.

Isang carayom, cung sa halimbaua, isang carayom, ay hindi malaquing pag-aari, at uala namang malaquing halaga; subali,t, cung itong carayom na ito,i, ninacao nang tauo sa isang mananahi, na ualang ibang maihanap nang pagcabuhay cundi ang carayom na yaon, ay magcacasala nang malaquing casalanan sa harap nang Panginoon Dios ang nagnanacao nang gayong carayom; hindi dahilan sa halaga nang carayom, cundi dahilan sa malaquing perjuiciong guinagaua nang magnanacao na tauo doon sa mananahing yaon, na ualang ibang carayom, na maihanap niya nang macacain, at uala naman siyang ibibili nang iba.

At balictad ngayon. Ipagpalagay ninyo, na ang carayom na ninanacao nang tauo, ay hindi ugaling carayom, cundi isang carayom na guinto,t, diamante, na may malaquing halaga, at ang mananahing pinagnanacauan niyon, ay mayamang tauo, na hindi quinacailangan niyang gamitin ang carayom na yaon sa pagquita nang pagcabuhay. Cung ga-

yon, ay sasabihin co sa inyo, na ang tauong nagnanacao nang ganoong carayom, ay magcacasala rin siya nang ma-laquing casalanan sa harap nang Panginoon Dios, datapoua,t, hindi dahilan sa perjuiciong guinagaua niya sa mayamang mananahi, cundi dahilan sa halaga niyong carayom na guin-to,t, diamante, na ninacao niya.

Itong halimbauang ito, na itinapat co sa tauong magnanacao nang carayom, siya co rin namang itinapat sa mangã tauong nagnanacao nang salapi, palay, cabayo, vaca, calabao at nang iba,t, ibang casangcapang guinagamit nang tauo sa canicanilang calagayan.

Pacatandaang maigui nang maralitang tauo itong aral na ito, nang houag mapagdayaan siya nang ibang mangã tauo, na may masamang loob at ualang tacot sa Dios, na ang uica nila baga:—Ay hindi casalanan ang magnacao sa mangã mayayaman.

Ang quinacatouiran naman cung misan nang mangã mahihirap na tauo,i, ganito:—Caya, pó, cami nagnanacao sa mangã mayayaman, sapagca,t, ayao, pó, silang magpautang sa amin nang ano-anoman sa panahon nang cagutuman.

¡Maling catouiran ito, mangã mahihirap na tauo! Ang di pagpautang sa inyo nang mangã mayayaman, ay hindi tantong dahilan sa pagnanacao ninyo sa canila nang canilang pag-aari. Totoo nã, na ang mangã mayayaman ay may catungculang magpagaling sa inyo, at maglimos sa maralitang tauo nang mangã salaping lumalabis sa canilang pamamahay; datapoua,t, uala sa capangyarihan ninyo ang pagcuha nang canilang ari, cundi nasasacapangyariha,t, calooban nila ang pagbabahagui,t, paglilimos nang canilang cayanaman sa mangã minamatapat nilang mahihirap na tauo.

Cung ang mangã tauong naghihirap ay biguian nang capangyarihan sa pagnanacao sa mayayaman, ay magugulo

tayong lahat; ang boong mundo,i, mauaualan nang capaya-
paan; sapagca,t, cung magcacagayon, sa macatouid: cung
ang naghihirap ay biguian nang capangyarihan sa pagnana-
cao sa mayaman, ay: ¿Di maghihirap-hirapan ang lahat nang
tauo? ¿Di aariin nilang mayaman ang canilang capit-bahay,
ang canilang camag-anac at ang lahat nang capoua nila tauo,
at cacatouiranin nila, na, di umano,i, hindi casalanan ang
magnacao sa canila?

Caya ang caraniuang hirap, at ang caraniuang gutom,
na sumasaguing madalas, at casama-samang marahil nang
manġa maralitang pobre, ay hindi tanto at tunay na da-
hilan sa pagcuha ó pagnanacao nila nang ari nang iba. At
totoo nġa, sapagca,t, ang maralitang tauo,i, may marami
at magagaling na paraang maihahanap niya nang pagcabu-
hay, bago siya,i, mangahas magnacao, at cumibo nang hindi
caniyang ari. Siya,i, macapagpaupa sa iba; siya,i, macasisi-
mot-simot nang manġa bunġa nang cahoy na cusang tumu-
tubo sa bundoc at caparangġan at ipagbili sa ibang tauo; si-
ya,i, macapagpapalimos sa manġa lansangġan at sa manġa
baháy-baháy, ó cung dili caya,i, macadudulog din siya sa
hayag ó sa lihim sa manġa mayroon, ó sa caniyang Cu-
ra,t, Pastor, nang siya,i, cauaan at aliuin doon sa cahi-
rapang yaon.

Alintana, cung ang tauong mahirap ay ualang uala nang
patutungġanang munti man, at malaquing-malaqui na ang
pangġanib sa icamamatay niya nang gutom; at cung magca-
gayon, ay macacacuha na siya sa manġa mayroon nang ca-
siyahan lamang nang macalabas siya sa pangġanib na yaon,
at hindi siya magcacasala sa Panginoon Dios; para mandin
nang nangyari sa manġa Apóstoles, na minsan, sa uala si-
lang patutungġuhan, at mamamatay gutom sila, ay cumuha
na sila,t, cumitil nang manġa ilang uhay nang trigo sa bu-

quid nang iba na siyang canilang quinain, at hindi sila sinisi,t, sinauay ni Jesucristong Panginoon natin.

Ang icalauang bagay, na ipahahayag co sa inyo ngayon ay ang malaquing casalanang guinagaua sa harap nang Panginoon Dios nang mangā mayayaman, na hindi umuupa sa canilang mangā upahan nang tapat sa canilang trabajo.

Ang tauong hindi nagbabayad sa mangā gumagaua sa caniyang bahay, buquid, ó namamanginoon caya sa caniya, nang tapat na upa, ay parang pumapatay siya nang tauo. Ganoon ang sabi nang Dios Espiritu Santo, na ang uica:— *Qui aufert in sudore panem, quasi qui occidit proximum suum.* (1)

At ang bilin pa nang Dios Espiritu Santo, sa tauong may mangā upahan, ay houag niyang ipagpabucas-bucas ang pagbabayad sa canila nang tapat na upa, cundi pagbayaran niya arao-arao, caya,t, ang uica:— *Sed eadem die reddes ei pretium laboris sui ante solis occasum.* (2) Na, sa macatoud:— Upahan mo ang mangā nagpapaupa sa iyo doon din sa maghahapong yaon at bago lumubog ang arao, sapagca,t, ang uica rin nang Dios Espiritu Santo, sapagca,t,.... *pauper est, et ex eo sustentat animam suam.* (3) Na ang cahulugan ay yari: ¿Di mo naquiquita, tauo cang may mangā upahan, na ang pagod at pauis ay siyang iquinabubuhay nang mangā upahan mo? ¿Di mo naquiquita, na ang iyong mangā upahan ay tauong mahihirap, at ang caunting hanap nila sa bahay mo, ay siyang ipinacacain nila sa canilang catauocan pati sa canilang mangā asaua,t, anac?

Bagay naman sa mangā tauong mayaman, na nagca-caila nang upa sa canilang mangā upahan, ay nag-uuica si Poon Santiago nang ganito:— *Ecce merces operariorum qui messuerunt regiones vestras, que fraudata est à vobis, clamat:*

(1) Eceli cap. XXXVI. r. 26 —(2) Dent. cap. XXIV. r. 15.—(3) Ibidem.

et clamor eorum in aures Domini Sabaoth introivit. (1) na, sa macatouid:—Ang sigao at pag-iiyac nang mang̃a upahan mo, na pinagcacailaan mo nang upa, ay načararating sa taying̃a nang Pang̃inoon Dios. Na cung sa bagay: itong mang̃a caauauang tauo, na umaalit nang inyong mang̃a pananim, at di ninyo inuupahan; ay sumisigao at umiiyac. Cayo,i, nagbibing̃i-bing̃ihan sa canilang pag-iiyac; at tumacbo man sila sa justicia,t, sumigao man doon, ay hindi rin pinaquiquingan, cung sa cadalasan, ang canilang pagsigao, palibhasa, ang uica nang justicia, ay ualang cabuluhan ang inyong utang sa canila.

Subali,t, itong pag-iiyac at pagsigao nang mang̃a maralitang tauo, na ayao ninyong paquingan, at pinauaualang halaga nang mang̃a justicia dito sa lupa, ay pinaquiquingan din nang Pang̃inoon Dios doon sa langit, at sa arao nang paghohocom niya sa ating lahat, ay siya rin ang maguiguing sacsi nang mang̃a perjuiciong guinaua ninyo sa inyong mang̃a upahan na di ninyo pinagbabayaran nang tapat na upa.

Malaquing-malaqui itong pagbabala nang Pang̃inoon Dios sa mang̃a tauo; caya si Poon San Ambrosio,i, nangang̃aral sa mang̃a mayaman nang ganito:—Cayo, mang̃a mayayaman, aniya, ay bayaran ninyong madali ang inyong mang̃a upahan, at houag ninyong bauasan ang upang catapat sa canilang gaua; palibhasa, cayo nama,i, inuupahan ni Jesucristo sa pag-gaua sa buquid, cung sana sa buquid, nang caniyang santa Iglesia, at ang inyong upa,i, babayaran niya doon sa caloualhatian sa langit.

At sa catapusan ay pagnilay-nilayin ninyo itong salitang ito: Sa halamanan, *ó la huerta*, nang isang Santo,i, mayroon, dao, ilang mang̃a tapayang puno nang pulót. Linooban itong halamanang ito nang isang tampalasang tauo, at ninacao niya

(1) Ep. Sti. Jacob. cap. V. ý. 4.

ang lahat na mangá tapayang yaon at inioui sa canila. Pagdating niya sa caniyang bahay, ay binucsan itong mangá tapayan, at ang naquita niya doon, ay hindi na pulót, cundi sahing na mistula.

Nanguilalas na totoo yaong tauo, dito sa nangyaring ito; pinagsisihan niyang tuloy ang caniyang guinauang casalanan, at agad-agad ay isinauli niya sa tunay na may ari ang caniyang ninacao.

Pagdating naman niya sa halamanan nang Santo, ay binucsan niyang uli ang nasabing mangá tapayan, at ang naquita niya doon, ay hindi na sahing cundi tunay nang pulót, na para nang dati.

Gayon din naman ang mangá cayamanang iba dito sa lupa. Ang mangá cayamanan, cung nasasabahay nang tunay na may ari, ay totoong pulót, totoong cayamanang maihahanap niya nang caloualhatian nang langit; subalit, cung nasasabahay nang magnanacao, ay hindi na cayamanan, hindi na pulót, cundi sahing mandin na maningas, na siyang isusunog nang Panginoon Dios nang caloloua nang magnanacao na tauo doon sa inferno.

Caya, mangá capatid có, mahihirap man at mayayaman; magmula na ngayong arao na ito, ay houag na ninyong hanapin ang mangá cayamanan dito sa lupa na iuan din ninyong pilit sa oras nang inyong pagcamatay; cundi ang pacahangarin ninyo lamang ay yaong mangá cayamanang maipagcacomit ninyo nang caloualhatin sa langit, na siya cong ninanasa sa ating lahat. Siya naua.



Plática 3.^a del sétimo precepto.

SOBRE OTROS VARIOS MODOS DE HURTAR.

Ang lahat nang tauo, ang uica ni Poon San Pablo, ang lahat nang tauong ibig yumaman, ó naghahanġad caya nang cayamanan, ay nahuhulog sa tucso at sa silo nang Demonio, at nabibighani pa sila sa marami at masasamang pagnanasa.—*Nam qui volunt divites feri, incidunt in tentationem et in laqueum diaboli, et desideria multa inutilia et nociva.....*(1)

Ibig yumaman yaong si Achab, at naghahanġad nang buquid nang caniyang caapid bahay, na si Naboth, at sa ualang maquita siyang paraan sa pagcuha,t, pagsasarili nang caniyang ninanasa, ay quinunsinti niya, na itong si Naboth ay pagbintangan nang manġa sacing sinunġaling, at bitayin pa.

Ibig yumaman yaong si Achang sacop ni Josue, caya nag-isip siyang magnacao; at doon nġa sa Ciudad nang Jerico, ay ninacao niya isang capang grana, dalauang daang siclong pilac at isang reglang guinto, na ang halaga,i, limang punong siclo; at ito,i, guinaua niya, bagaman talastas niya ang masiquip na masiquip na utos nang Panginoong Dios sa manġa sondalong magtatalicop sa Ciudad na yaon, na houag

(1) I Tim. cap. VI. ŷ. 9

silang mangahas umicot nang ano-anoman doon, cahit casing-halaga nang isang aspiler.

Ibig yumaman at magcasalapi nang marami yaong si Dalilang asaua ni Samson; at ang lalong masamang pagcacaang sucat acalai,t, isipin nang lalong hamac na tauo, ay siyang minaigui,t, minatapat niya sa pagcacamit nang mangã ninanasa nang caniyang loob. Linimot niya,t, tinalicuran ang Panginoon Dios; sinira niya ang caniyang mangã pangaco at sa isang munting halaga ay pinagliluhan niya,t, ipinagbili sa mangã Filisteos ang caniyang asaua na si Samsong Principeng mahal at matapang, na lubhang quinatatacutan nang mangã Filisteos.

Marami pang ganitong mangã halimbaua, ang maipag-sasalita co sana sa inyo, subali,t, titiguilan co na, at ang ipahahayag co sa inyo ngayon, nang cayo,i, matutong umilag dito sa viciong ito, ay ang ibang bagay na pagnanacao, na guinagamit nang mangã may masamang asal. Cayo,i, maquinig.

Ang nagnanacao nang panahon, ay para manding nagnanacao siya nang isang mutiyang mahal, na hindi mahalagahan. At cung ang nasabing panahon ay binibili nang tauo nang caniyang salapi, ay parang ninanacao naman nang magnanacao yaong salaping ibinili nang tauo nang panahon. Sasaysayin cong maigui itong bagay na ito, nang matalastas nang lahat.

Ang tauong inuupahan nang ibang tauo sa pag-gaua arao-arao, lingo-lingo, bouan-bouan, ó taon-taon caya, sa canilang bahay, ó sa buquid, ó sa bundoc man, ay may catungculang gumaua ayon sa tratong pinagcacasunduan nilang nag-uupahan.

Cung ang canilang pinagsalitaan, sa halimbaua, ay gumaua sa maghapon, at itong tratong ito,i, hindi tinutupad

nang upahang para nang dapat, ay ninanacao na niya ang panahon pati nang salaping catapat doon sa panahong nina-cao niya sa tauong caniyang pinaquipagtratuhan.

Ito,i, malinao na malinao; subali,t, bihirang-bihira na maquiquita ninyo ang isang upahang tauo, na mag-isip ó magbantang magsauli sa pinagdayaan niya nang dinaya sa caniya dahil sa masamang pag-gaua niya ó sa caculangang nang pag-gaua.

At hindi sucat uicain ó catouiranin nang mangá upahang tauo, na cung caya sila,i, nagcuculang, sapagca,t, ang ini-upa sa canila,i, caunti at hindi tapat sa canilang pagod at pauis; palibhasa,i, catungculan nang mangá upahang gu-mau ayon sa tratong tinangap nila; at cung sacali,t, acala nila,i, caunti ang upa sa canila, ay humingi sila nang ca-ragdagan, ó cung dili caya,i, cumita sila,t, humanap nang ibang panginoon.

Ang mangá tauong nagcacautang nang salapi, palay, da-mit, bigas ó iba cayang bagay, at hindi binabayaran nila ó isinasauli, ay sucat ninyong ipaquibilang sa tunay na mag-nanacao, cung baga itong hindi pagbabayad ó pagsasauli nila,i, hindi gaua nang canilang caualan, cundi gaua nang canilang catamaran ó nang canilang masamang loob ó nang canilang caayauan.

Ang tauong nagcacautang ay may catungculang magba-yad nang caniyang mangá utang sa tacdang panahong pi-nagtipanan, singilin man siya di man singilin nang caniyang pinagcacautangan; at nalimutan man nang pinagcacautangan ang caniyang mangá pautang, ay catungculan ding pilit nang may utang ang magbayad ó magsauli nang lahat na imutang niya.

Cung ang tauong may utang, ay ualang sucat icabayad sa ganoong tadhanang panahon, ay magpumilit siyang cu-

mita, humanap at gumaua, at mag-ipon siya unti-unti nang maibabayad sa pinagcacautang; at cung sacali,t, ualang-uala na, ay magpacumbaba siya sa harap nang pinagcacautang; saysayin niya ang caniyang caaua-auang lagay, at itauad sa caniya tuloy ang utang niya, maca sacali,t, ipata-uad sa caniya ang nasabing utang alang-alang sa Dios. Datapoua,t, itong lahat nang ito,i, idadaan sa catotoohan at houag sa cabulaanan, sapagca,t, cung idadaan sa cabulaanan, marahil ay sasama lalo pa sa dati ang lagay nang may utang.

Itong aral na ito,i, hindi tinatangap nang maraming palamarang tauo at mapangahas na loob, na hindi lamang ayao nilang maquilala ang canilang mangã utang, hindi lamang ayao nilang bayaran sa pinagtipanang panahon, cundi pa naman, sa touing singilin sila,i, sumusucal ang canilang calooban, nagagalit sa pinagcacautang, at cung minsan pa,i, tinatampalasan nila,t, pinagtutungayauan nang sarisaring masasama ang naniningil sa canila nang mangã utang nila.

Madalas guinagaua,t, iniaasal ito nang mangã tauong may mangã utang, caya itinatanong co ngayon sa canila: ¿Catouiran baga itong guinagaua ninyo sa inyong pinagcacautang? ¿Ito baga ang ganti ninyo sa na-aaua sa inyo sa oras nang cahirapan? Ay cung gayon ang inyong asal at ugali sa mangã pinagcacautang ninyo, ¿sino caya ang mauang muli sa inyo?

Maipaquibilang naman ninyo, sa mangã tinuturang mag-nanacao, yaong mangã tauo, na bumibili nang mura atulang sa tapat na halaga, nang anomang pag-aari nang capoua tauo, na naghihirap, ó nasa isang cahigpitan ó cahihyang malaqui. At houag catouiranin nang tauong bumibili nang ganoong bagay, na siya,i, hindi naquiquitungo doon, cundi siya ang pinagduduruhan nang may ari, at pinipilit siyang

bumili nang gayong pag-aari sa gayong halaga, sapagca,t, itong catourang ito,i, maling-mali at ualang cabuluhan sa harap nang Panginoon Dios.

Ang tauong bumibili nang anomang bagay, ó pag-aari, ó calacal caya, ay may catungculang pilit magbayad nang halagang catapat doon sa mangá bagay na binibili niya, cahima,t, ipagduro sa caniya nang tunay na may aring nasasa cahirapan nang mababang halaga.

Pacatandaan ninyong maigui, mangá capatid co, itong sinabi cong ito, at italá ninyo sa inyong puso,t, loob, sapagca,t, ang ganitong bagay na casalanan ay nalalaganap sa boong mundo, at madalas na madalas ay nahuhulog sa casalananang ito, ang mangá tauong inaari nating mababait at matacutin sa Dios. Ang quinacatouran nila,i, di umano, hindi nila cailangán ang gayong pag-aaring binili nila nang culang na halaga, at cung caya binili nila yaon, ay aua lamang sa may ari, na naghihirap. Itong catourang ito, mangá capatid co, ay palsong-palso,t, cagagauan lamang nang Demonio; caya houag ninyong paquingan, houag ninyong gayahan.

Sucat namang ipaquibilang ninyo sa magnanacao, at sucat ninyong arriing masasama pa sa magnanacao yaong mangá tauo, na nagtataas, nang labis, nang halaga niyong mangá bagay, na tinitinda ó linalaco nila, dahilan sa caualaan ó cauntian nang ganoong tinda ó laco doon sa pinaglalacuan ó pinagtitindahan nilang bayan.

At houag catouranin nang ganitong mangá tauo, na: cung caya sila,i, gumagaua nang gayon, sapagca,t, siya ang lacad at ugali saan mang bayan, palibhasa,i, sasagutan co sila, na itong canilang catouran ay maling-mali at malayo sa mangá ipinag-uutos nang Panginoon Dios. Nang malastast ninyong maigui itong aral na ito, ay maglalagay aco

nang isang halimbaua.

Ipagpalagay ninyo na, dito sa bayan ay mayroon isang tauong mahirap ó mayaman caya, at uala siyang isasaing bigas. Humahanap siya nang bigas sa plaza at sa mangá tindahan, at ualang mabilhan; datapoua,t, nariringig niya sa mangá tauo, na si Cabezang Cuan ay mayroong bigas na ipinagbibili.

Dumudulog itong humahanap nang bigas doon cay Cabezang Cuan, at ipinamamanhic sa caniya, na siya,i, pagbilhan nang isa, dalaua, anim ó siyam na gatang na bigas, at ang sagot nang tauong nagbibili nang bigas ay ganito:—Oo, pó, pagbibilhan co cayo nang bigas, subali,t, ang ibabayad ninyo sa aquin ay saicapat baua,t, isang gatang. Nagtataca,t, natitilihan itong bumibili; datapoua,t, sa ualang ibang mabilhan nang bigas at siya,i, nagugutom na totoo, ay binabayaran niya nang saicapat ang baua,t, isang gatang.

Ay ano, mangá capatid co; ¿Minamatouid ninyo,t, minamagaling itong gauang ito? ¿Di baga tunay na pagnanacao ang ganitong gaua?

Tunay nğang pagnanacao itong mangá gauang ito, nğuni,t, macapal na totoo ang mangá tauong nahuhulog sa ga-noong casalanan, at ang canilang quinacatouiran ay ualang iba, cundi ang maling catouirang sinalita co na sa inyo, sa macatouid: cung caya, anila, cung caya sila,i, gumagaua nang gayon, sapagca,t, siya ang guinagaua nang caramihan.

Caya, mangá capatid co, ipalaman ninyo sa inyong loob ang iniaral co sa inyo nğayon tungcol cay Achab, cay Achan, cay Dalilang asaua ni Samson, at ganoon din ang aquing sinabi tungcol sa bumibili nang mura at nagbibili nang mahal; at pacatandaan ninyo na ang langit ay hindi matutubos nang salapi cundi nang marapat na gaua. Caya nğa itapat ninyo ang inyong gaua sa utos nang Panginoon

Dios at nang santa Iglesia, nang cayo,i, caauaan nang Pa-
nginoon Dios at pagcalooban nang icaguiguinhaua ninyo dito
sa lupa, at saca nang caloualhatian sa langit. Siya naua.



Plática 4.^a del sétimo precepto.

SOBRE LOS REOS DE HURTO.

Mangá capatid co; bucod sa mangá tauong itinucoy co doon sa mangá lingong nacaraan, na sucat ninyong ipaquibilang sa magnanacao; ay mayroon pang lubhang marami, na dapat ariin ninyong tunay na magnanacao, di man sila ang gumagalao nang pag-aari nang iba. Tuturingan co itong mangá tauo.

Ang nag-utos sa ibang tauo nang pagnanacao; ang mahatol sa canila nang pagnanacao; ang nagcoconsinte sa magnanacao nang caniyang masamang gaua; ang sumasamo,t, nag-uiuica-uica sa magnanacao nang mangá malalambot na uicang iquinasusulong nang caniyang loob sa pagnanacao; ang tumataquip ó nagcucupcop sa magnanacao, ó nagtatago nang caniyang armas at pag-aari na ninanacao niya, ó tumutulong caya sa magnanacao nang pagpanhic sa loloobang bahay; ang naquiquisapacat ó naquiquipagsalamuha sa magnanacao sa pagcuha ó sa pagsira caya nang ari nang iba; ang bumibili, cumacain, ó tumatangap nang anomang bagay na natatanto niyang nacao. Itong lahat na ito, anaquin, ay paraparang sucat ninyong ipaquibilang sa mangá tauong magna-

nacao, cahit hindi sila ang cumucuha, nagnanacao ó duma-dampot nang hindi canilang pag-aari.

Caya nang matuto cayong lahat umilag at lumayo dito sa mang̃a bagay-bagay na casalanang sucat ipagcasala nang tauo sa Panginoon Dios at sa capoua tauo, ay sasaysayin co ngayon ang lahat na iyan. Paquingan ninyong maigui.

Jusio.

Ang cauna-unahang sucat ninyong ipaquibilang sa mang̃a magnanacao, ay ang mang̃a tauong may catungculan at may capangyarihan sa pagpapasunod sa ibang tauo, cung sacali,t, sila,i, nag-uutos sa canilang mang̃a sinasacupan nang pagnanacao. Sa macatouid:

Ang mang̃a magugulang, na nagpapasunod sa canilang mang̃a anac; ang mang̃a panginoon, na nagpapasunod sa canilang mang̃a criado,t, alila; ang mang̃a Padre Cura, na nagpapasunod sa caniyang mang̃a feligreses; ang mang̃a Gobernador, Alcalde, Comandante at mang̃a Capitang actual, na nagpapasunod sa mang̃a tauo sa bayan ó provinciayang nasasacupan nila; ang mang̃a Capitang General at mang̃a Punong iba, na nagpapasunod sa mang̃a sondalo: itong lahat na mang̃a tauong ito, anaquin, ay nararamay sa mang̃a casalanang guinagaua nang canilang mang̃a sacop, cung sila,i, nag-uutos sa pinagpupunuan nila nang ganoong gauang masama, at sinusunod nang mang̃a sacop nila.

Ang isang ama, sa halimbaua, na nag-uutos sa caniyang mang̃a anac nang pagnanacao nang palay, calabao, cabayo ó damit caya. Ang panginoon, na nag-uutos sa caniyang mang̃a alila ó criado nang pagnanacao nang salapi, ó nang pagsira nang mang̃a halaman ó iba cayang mang̃a bagay na may halaga. Ang mang̃a Gobernador, Alcalde, Comandante

at manġa Capitang may varas, na nag-uutos sa manġa sinasacupan nila nang pagnanacao ó nang pag-gaua baga nang anomang perjuicio sa ibang tauo. Ang manġa Capitang General at manġa Punong iba nang manġa sondalo, na nag-papagubat sa canila nang isang caharian, isang ciudad ó isang bayan caya, cung uala silang tunay na cadahilanan sa pag-gaua nang gayon.

Itong lahat na manġa tauong ito, inuulit cong sabihin, ay para-parang nagcacasala nang maraming casalanan sa harap nang Panginoon Dios, dahilan sa masamang halimbauang ibinibigay nila sa manġa sinasacupan nila, at dahilan naman sa manġa perjuiciong guinagaua nang canilang manġa sacop sa capoua tauo alinsunod sa canilang utos; at sila rin, sa macatouid: ang manġa nasabing Puno ay may catungculang magbayad nang lahat nang perjuiciong guinaua nang manġa inutusan nila; na cung sa bagay, ay parang sila rin ang may gaua niyon.

Ang manġa criado nama,t, manġa alila, ang manġa anac, ang manġa sondalo at ang iba pang manġa sacop, na sumusunod nang masasamang utos nang canilang manġa panginoon, manġa magugulang at manġa punong maguing sino, ay nagcacasala rin at may catungculang magbayad nang manġa perjuiciong guinaua nila, sapagca,t, utusan man sila nang may capangyarihan, ay hindi dapat silang sumunod, cung ang iniutos sa canila,i, lumalaban sa utos nang Panginoon Dios.

Consilium.

Ang isa pang tauong sucat ninyong ipaquibilang sa manġa magnanacao, ay ang humahatol sa capoua tauo nang pagnanacao. Ang humahatol nang ganoon sa capoua tauo,

ay nagcacasala sa Panginoon Dios, cahima,t, magdilidili siya cung yaong inihatol niya sa capoua tauo, ay siya nga ó dili caya ang icasusulong nang loob nang hinahatulan sa pagcuha nang hindi caniyang ari.

Gayon din naman ang umaaral sa mangã magnanacao nang mabubuting paraan sa pagcuha ó pagnanacao nang ari nang iba. Sa macatouid: ang nagtuturo sa mangã magnanacao nang mangã papasucan ó pagsusuutan nila sa pangloloob nang bahay na binabanta nilang looban; at gayon din ang nagtuturo sa mangã magnanacao nang mangã landas-landas, na mapagdaraan nila nang mangã hayop ó nang ibang bagay na ninanacao nila, nang di maquita sila nang justicia.

Itong lahat na mangã tauong ito,i, sucat ninyong isama sa mangã magnanacao, at sila rin nga ang may catungculang magbayad nang lahat nang perjuiciong guinaua nang mangã hinatulan ó tinuruan nila nang hindi dapat.

Consensus.

Sucat namang isama ninyo sa mangã magnanacao ang tauong nagcoconsinte sa mangã magnanacao nang guinagaua nilang masama sa capoua nila tauo.

Sasaysayin cong maigui itong bagay na ito nang maalaman at matalastas nang lahat, at nang houag macapagdahilan sila nang ano-anoman, cung sila,i, tanungin nang may capangyarihan.

Ang pagcoconsinte ay dili iba, ang uica nang mangã marurunong, cundi ang paquiquiayon ó pagbibigay pasiya nang isang tauo sa caniyang capoua tauo sa pag-gaua nang anomang masama; ó ang di pagbabati caya nang isang tauo sa capoua tauo nang masamang caniyang guinagaua.

Caya nagcacasala dito sa bagay na ito ang manġa Panginoon, manġa magugulang at ang manġa Punong iba, na hindi sumasauay sa canilang manġa sinasacupan nang manġa guinagaua nilang masasama.

Gayon din nagcacasala sa bagay na ito ang ibang manġa tauo, na hindi umiimic at hindi cumiquibo, maguing ano ang naquiquita nilang masama sa canilang manġa camag-anac, manġa caibigan ó iba cayang tauo, na di man sacop nila, i, mababati ri, t, masasauay nilang ualang anomang pahalang.

Ang ganitong manġa tauo, cung sa cadalasan, ay nararamay sa casalanang guinagaua nang manġa tauong quinoconsinte nila nang masama, at sila rin ang may catungculang magbayad nang manġa perjuiciong guinagaua nang gayong manġa tauo; na cung sa bagay, parang sila rin ang may gaua niyon.

Palpo.

Ang sucat ninyong ipaquibilang naman sa manġa magnanacao ay ang tauong sumasamo sa canila, ó pinupuri caya niya sa harap nila ang canilang guinagauang masama sa capoua tauo.

Sa halimbaua: cung ang uicain nang tauo sa harap nang manġa magnanacao ay gayon:—Cung pagnacauan ninyo si Cuan nang sangdaang piso, ay aarin co cayong manġa mababait at matatapang na lalaqui; ó uicain caya niya sa harap din nang manġa magnanacao ang ganito:—si Cuan ay maramot na totoo, at mapagpatubong tauo; ayao siyang magpautang sa canino man; pinabubuloc niya sa tambobong ang caniyang palay, at ang manġa magugulang niya, t, manġa anac ay hindi rin quina-aauaan niya, cahima, t, mamatay sila nang gutom; caya nacauin ninyo sa caniya ang caniyang

manġa pag-aari,t, cayamanan, at hindi cayo magcacasala sa harap nang Panginoon Dios, cundi bagcus, ay magcacamit cayo nang isang Indulgencia plenaria.

Ang pag-uiuica nang tauo nang gayon, at ang pag-aamo-amo niya nang ganito sa manġa magnanacao, ay casalanang daquila, (ang cadalasan), at cung ituloy nang manġa tauong pinanġusapan niya,t, sinasamo nang ganoon ang pagnanacao nang anoman, ay catungculan niyang magbayad nang lahat nang perjuiciong guinagaua nila dahilang sa caniyang paghimoc, na cung sa bagay, ay parang siya rin ang may gaua niyon.

Recursus.

Ang tauong nagcucupcop sa manġa magnanacao at sumasaclolo sa canila nang houag silang dacpin nang Justicia; ó itinatago caya niya sa caniyang bahay cung sa gubat man ang manġa ninanacao nila sa capoua tauo, ay sucat ding ipaquibilang ninyo sa manġa magnanacao.

At tunay nġa, sapagca,t, cung caya,i, napapacarami ang manġa tulisan at ang manġa manghaharang, palibhasa,i, marami naman ang nangacucupcop sa canila, at nagtatago nang manġa pag-aaring ninanacao nila.

Cung caya,i, nauaualaan nang tacot sa Panginoon Dios, at nauaualaan pati nang hiya sa capoua tauo ang maraming anac at maraming alila, at itinutuloy nila,t, itinutuloy ang canilang pagnanacao sa manġa magugulang nila,t, manġa panginoon, sapagca,t, hindi quinuculanġan sila nang manġa di mahusay na tauong magcucupcop sa canila.

Malaqui ang casalanan nang tauong nagcucupcop sa manġa tampalasan at magnanacao, at malaqui pa ang casalanang guinagaua niya sa casalanang guinagaua nang manġa

magnanacao. Caya siya naman may catungculang magbayad nang manġa perjuiciong guinagaua nang manġa magnanacao sa capoua tauo, na cung sa bagay, ay parang siya rin ang may gaua niyon.

Participans.

Ang manġa tauong naquiquisamat, naquiquisalamuha sa pagnanacao ó sa pagsira nang ari nang iba cung sa pagdaraya sa capoua tauo nang anoman, ay sucut ninyong ipaquibilang naman sa manġa magnanacao, at silang lahat para-para,i, may catungculang magbayad sa tunay na may ari nang cabooan niyong ninacao, sinira ó dinaya nilang magcacasama, cung sacali,t, ayao magbayad ang ibang manġa casamahan nila.

Subali,t, cung ang manġa casapacat ay nagcacaayon nang pagsasauli nang aring nacao at sa pagbabayad nang manġa perjuiciong guinaua nila sa capoua tauo, ay uala silang ibang catungculang cundi magbayad ó magsauli nang ganang canilang ninacao, sinira ó dinaya caya sa capoua nila tauo,

Gayon din naman; cung ang manġa perjuiciong guinaua nila,i, nabayaran na nang isang casapacat nila, ay itong casapacat na ito,i, siya nġa lamang ang dapat pagsaulan ó pagbayaran nang ibang manġa casapacat nang ganang canilang ninacao, sinira ó dinaya sa capoua tauo.

Magnanacao rin, cung sa bilang, ang bumibili nang anomang pag-aari, na talastas niya,i, aring nacao.

Itong lahat na manġa tauong ito,i, sila ang pinagtatapatan nang Panginoon Dios nitong sabi niya sa Santong Sulat na ang uica: *Qui cum fure participat odit animam suam.* (1)

(1) Prov. cap, XXIX. ý. 24.

Sa macatouid: ang tauong nagsasapacat sa mang̃a magnanac̃ao, ay nagpapahamac nang caloloua niya.

Mutus, non obstans, non manifestans.

Ang mang̃a Puno, na nagpipipi-pipihan, at ualang quibo, at itiniticom nila ang canilang bibig, maquita man nila, t, mabalitaan ang masamang guinagaua nang canilang mang̃a pinagpupunoan. Ang mang̃a may catungculang sumauay sa mang̃a magnanac̃ao nang masamang gaua nila at hindi nila sinasauay. Ang mang̃a tauong iba, na nacaquiquita nang masamang guinagaua nang mang̃a tulisan at magnanac̃ao, at di nila isinusumbong ó ibinubulong sa mang̃a Puno cung sa ibang tauong may capangyarihan. Itong lahat na ito, i, para-parang nagcacasala sa Panginoon Dios. Sasaysayin cong maigui itong bagay na ito nang matalastas ninyong lahat.

Ang isang Capitang may varas, sa halimbaua, na ualang quibo, t, ualang imic, maquita man niya ang mang̃a tulisan at mang̃a magnanac̃ao na gumagala sa bayan; at itiniticom ang caniyang bibig, maquita man niya ang mang̃a pala-agulong nagbibigay escándalo sa lahat, at maquita man niya ang mang̃a tauong may masamang asal, mang̃a sugarol at maglalasing.

Ang isang alila, upahan, ó criado caya, sa halimbaua, na nacaquiquita nang pagpanhic nang mang̃a magnanac̃ao sa bahay nang caniyang panginoon, at di niya sinasauay, ó hindi caya isinusumbong ó ipinahahayag niya yaon sa caniya ring panginoon, ó sa ibang tauong may capangyarihan.

Ang isang Padreng Confesor, sa halimbaua, na, dala nang cahihyan, catacutan, cahinaan, ó casamaan caya nang caniyang loob, ay hindi niya iniaaral at inihahatol sa mang̃a magnanac̃ao ang catungculan nilang magsauli sa pinagnac̃ao

uan nang dilang pag-aari,t, cayamanang ninacao nila sa canila.

Itong lahat nang ito, anaquin, at ang iba pang ganitong mangá tauo, ay para-parang nagcacasala sa Panginoon Dios, at pauang may catungculan namang magbayad nang mangá perjuiciong nangyari sa capoua nila tauo, dahilan sa canilang capabayaán at pagca-ualang quibo,t, imic.

Caya, mangá capatid co, inyong pacaisipin, na ang mangá cayamanang hinahanap nang tauo, maguing sa mabuti cung sa masamang pagcaparaan, ay hindi maipagsasama niya sa hucay. Ualang-ualang maipagsasama siya sa baunan cundi isang hamac at marupoc na sapot.

Inyong pacatantoin naman, na ang boong guinto, ang boong pilac, ang dilang hiyas pati nang mangá cayamanang lahat dito sa mundo, ay hindi macapagsasangalang sa inyo sa harap nang mahigpit at mabagsic na Hocóm, na si Jesucristong Panginoon natin, na maghohocom sa inyo balang arao.

At sa catapusan, ay pacaisipin ninyo naman, na, mahirap man at hamac ang tauo dito sa cahapis-hapis na bayan, ay mayaman din siya,t, mahal, cung dahilan sa caniyang mabubuting gaua,i, macamtan niya ang langit, na siyang ninanasa co sa inyong lahat at sa aquin din. Siya naua.



Plática 5.^a del sétimo precepto.



SOBRE LOS HURTOS PEQUEÑOS Y HURTOS DOMÉSTICOS.



arunong na marunong ang Demoniong magpaloob sa mangá tauo nang dilang bagay na paraang macuha nila nang di canilang ari.

Cung minsan ay ga ipinaquiquita nang Demonio sa mangá tauo ang pulá nang guinto, ang putí nang pilac, ang quintab nang damit, at ang malaquing caguinhauhahang macacamtan nila, cung cunin nila,t, sarilihin ang gayong salapi at ang gayong pag-aari.

Cung minsan nama,i, ipinasasaloob nang Demonio sa mangá babayi ang cagandahan nila, cung sila,i, pahiyasan nang ganoong mangá panainga, hicao, singsing, baro, saya, tapis, paño at chinelas na naquiquita nila sa iba, at inuudiyoc sila sa pagnanacao niyon.

Cung minsan din naman ay ipinasasaloob nang Demonio sa mangá matacutin sa Dios ang calupitan nang mangá malaquing pagnanacao, at tuloy iniaalis niya sa canila ang hiya,t, tacot sa pagnanacao nang unti-unti nang sarisaring bagay na ualang malaquing halaga.

Itong huling paraang ito,i, siyang minamaiguing totoo nang Demonio sa pag-agao nang caloloua nang mangá tauo at ibulid sa calautan nang infierno.

Dati nang natatanto nang Demonio yaong sabi nang Dios Espiritu Santo na ang uica:..... *et qui spernit modica, paulatim decidet.* (1) Sa macatouid: ang tauong hindi natatacot magnacao nang mangá bagay na mumunti, caalam-alam niya,i, di rin matatacot magnacao nang mangá malalaqui.

Marami nğang mangá tauong nanğongolob, pagcadingig nila lamang nang balita nang isang malaquing pagnanacao; at uala silang quibo, munting-munti man, mabalitaan man nila ang madalas na pagnanacao nang mangá maliliit na bagay ó pag-aari. At marami ring mangá tauong hindi nanga-nğahas magnacao nang malaqui, nğuni,t, hindi natatacot umicot oras-oras nang mangá mumunti.

Mauucol sa mangá bagay na ito ang ipanğangaral co sa inyo nğayon, caya,i, paquingan ninyo.

Malaquing totoo ang pangñanib nang mangá tauong namimihasang magnacao at umicot nang mangá mumunting bagay. Ang ganoong pagnanacao ay maipapara ninyo sa mangá tulo na lumilitao sa inyong bahay.

Ang isang tulo, sa halimbaua, na umuulpot sa bubong nang inyong bahay cundi ninyo agari,t, hulipan, ay lumalaqui nang lumalaqui, at sa calaunan, ay nacabubuloc nang quilo at baraquilan at datayan at mangá haligui' pa at caalam-alam ay malalagpac na at madudurog ang inyong bahay.

Ay gayon din naman ang casapitan nang mangá tauong namimihasang magnacao nang mangá bagay na mumunti. Ang naunang pagnanacao nila, na inaari nilang hamac at ualang casaysayan, ay siyang icasusulong nang canilang loob sa pagnanacao nang icalaua, ang icalaua,i, sa icatlo, ang icatlo,i, sa icaapat, at sa calaunan ay malalagpac na ang canilang caloloua,t, mahuhulog sa inferno.

(1) Eccli. cap. XIX. j. 1. Interpretación de San Agustín.

Caya matakot na sa Panginoon Dios ang manġa criado, manġa upahan, manġa anac at ang manġa alilang lahat, na namimihasang magnacao unti-unti nang cuarta, palay, damit, ó nang iba pang bagay sa manġa magugulang ó sa manġa panginoon nila.

Ang isang alila, sa halimbaua, na umiicot sa caniyang panginoon nang isang cuarta nġayong arao na ito, at bucas isang cuarta naman, sa macalaua,i, isa pa, at ang banta nang caniyang loob ay ituloy nang ituloy ang gayong asal na masama, ay nagcacasala siya nang malaquing casalanan, magmula nang unang cuartang ninacao niya sa caniyang panginoon. Datapoua,t, cung ang gayong alila,i, ualang bantang ituloy ang caniyang pagnanacao, at gayon man, ay itinutuloy rin niya yaon, ay hindi magcacasala siya nang malaqui, hangan di umabut sa halagang cahati ang caniyang ninacao.

Matakot naman ang manġa nagtatacal nang palay, ó bigas, na nagcacadalauang salop, ang isa,i, munti sa pagbili at ang isa,i, malaqui sa pagbili, at ang manġa nagtitinda ó naglalaco nang alac, mantica, langis, gatas at iba pang ganito, na bago ipagbili nila sa bayan ang canilang tinitinda ó linalaco, ay hinahaluan nila muna nang tubig at sarisari, ó inuuntian nila caya ó iquiniquiling ang canilang tacalan. Matakot, anaquin, ang ganitong manġa mapag-umit na tauo, sapagca,t, cung ang banta nila, ay ituloy ang canilang pag-uumit at pagdaraya, samantalang sila,i, naglalaco, nagtitinda,t, nagcacalacal, ay sumasacasalanang daquila sila, at di mangyaring camtan nila ang caloualhatian sa langit, hangan di baliquin nila muna ang canilang loob, talicdan ang canilang manġa casalanan, ipagcompisal nilang mahusay sa cahalili nang Dios ang manġa pagnanacao, pag-uumit at pagdarayang guinaua nila, at isauli pa sa pinagnacauan ang balang ninacao, inumit, ó dinaya nila.

Maliuag na maliuag, na ang mang̃a mapag-umit na tauo, na nagnanacao unti-unti sa pagtatacal nila cung sa pagtitimbang ó sa pagsusucat caya nang balang na, ay macapagsasauli sa isang boong bayan nang inumit nila,t, dinaya sa ganoong daming tauo. Maliuag na n̄ga, anaquin, na maquilala nila,t, matandaan cung sinosino ang canilang pinagumitan at pinagdayaan: subali,t, maliuag man, di man maliuag ay catungculan nang mang̃a maumitin at mapagdayang tauong magbayad at magsauli sa mang̃a naquiquilala nilang pinag-umitan ó pinagdayaan nang balang inumit nila,t, dinaya sa canila. At cung sacali,t, di nila naquiquilala ang mang̃a pinagdayaan nila, ay ipagpamisa na nilang patungcol sa mang̃a caloloua sa purgatorio, ó ilimos nila caya sa mang̃a pobre, ang balang inaacala nilang dinaya,t, inicot sa mang̃a tauo. Itong pagbabayad at pagsasauli ay cailan̄gang totoo, nang macalabas sa casalanan ang mapag-icot at mapagdayang tauo.

Matacot naman ang mang̃a tauong nagcacapisan at nagsalamuha sa paglalabog at pag-iicot nang tubó, saguin, lansones at ibang ganito, sapagca,t, silang lahat ay nagcacasala nang malaquing casalanan, cung sacali,t, ang ninanacao nila,i, humihiguit sa halagang cahati, at silang para-para,i, may catungculang magbayad sa pinagnacauan nang mang̃a perjuiciong guinawa nila sa caniya, cahima,t, cacaunti lamang ang mapasacanila, doon sa pagbabahagui nila nang canilang ninacao at linabog.

Mahirap ang ganoong pagbabayad, caya ang minamagaling cong paraan sa mang̃a pagcacataong ganito, ay magcapisan silang uli at magsalamuha sa pagbabayad, yayamang sila,i, nagsalamuha sa pagnanacao, at cung sacali,t, mayroon sa canila isa, dalawa ó tatlong umaayaong magbayad nang ganang canila, ay catungculan nang ibang mang̃a casamahang

magbayad nang calahatan sa pinagnacauan, at saca,i, masiswaingil nila sa mangã umaayao magbayad, nang ganang canilang ninacao ó nacabahagui.

Matacot naman ang mangã anac, na nag-uumit ó nag-nanacao sa canilang magugulang nang anoman, maguing palay, hayop, damit, salapi at iba pa, sapagca,t, sila,i, nag-cacasala nang malaquing casalanan, cung baga,i, humihiguit sa halagang isang salapi ang canilang iniumit ó ninacao, at catungculan pa nilang magsauli sa magulang nang balang ninacao nila, cung baga,i, boo pa, at cung sacali,t, tunao na yaon at uala silang isasauli, ay isanguni nila sa Padreng confesor ang bagay na ito, at bahala na ang Padreng magturo sa canila nang mabuting paraan, nang sila,i, macalabas sa casalanan.

Gaagong calaqui ang casalanan nang mangã anac, na nagnanacao sa canilang magugulang nang anoman, na ang sabi nang Dios Espiritu Santo,i, ganito:—*Qui subtrahit aliquid á patre suo et á matre, et dicit hoc non esse peccatum particeps homicidæ est.* (1) Sa macatouid baga: ang anac na palamara, na nagnanacao nang anoman sa caniyang ama, cung sa caniyang ina, at ang uica pa niya, na ito,i, hindi casalanan, ay naguiguing siyang parang casapacat nang pumatay nang tauo.

Itong sinalita co tungcol sa mangã anac, ay siya co ring sinasabi bagay sa mangã babaying may asaua.

Ang lalaquing may asaua,i, siyang puno,t, ulo nang babayi, at siya naman ang may catungculang magpasunod sa boong familia niya; caya ang babaying may asaua, na nagtatago,t, umiicot sa caniyang asaua nang anomang may malaquing halaga, laban sa tapat na calooban nang caniyang asaua, ay naggacasala rin nang malaqui sa harap nang Panginoon Dios.

(1) Prov. cap. XXVIII v. 24.

Subali,t, cung ang lalaquing may asaua, ay palasira nang pag-aari, sugarol, lasing caya,t, pala-agulo, ó mayroon cayang ibang asal at ugaling ganito, ay hindi magcacasala ang babayi, cunin man niya,t, itago ang boong pag-aari,t, cayamanan nilang mag-asaua,t, mag-anac, cundi bagcus, ay maguiguig cabanalan sa harap nang Panginoon Dios ang ganitong gaua, dahilan sa pag-alis niya sa caniyang asauang lalaqui ang pinaca armas niya sa pagtutunao,t, pagdudurog nang canilang pamamahay.

Hindi rin nagcacasala, nang mumunti mang casalanan, ang babaying may asaua, na dahilan sa malaquing caramutan nang caniyang asaua, ay cumucuha,t, dumadampot sa lihim nang maipaglilimos niya sa mangã pobre, ó maipagsusustento niya caya sa caniyang magugulang, capatid at mangã anac.

Datapoua,t, pacatandaang maigui nang mangã babaying may asaua, na sila,i, magcacasala nang munti ó daquila cayang casalanan, ayon sa iniicot nila, cung ang quinucuha nila,t, itinatago sa asaua, ay guinugugol nila sa canilang mangã capalaluan at caparangalanan.

Caya, mangã capatid co, magmula ngayong arao na ito, ay houag na cayong maparaya sa Demoniong caauay nang inyong caloloua, tungcol sa mangã bagay na sinasalita co dito sa aqing Plática.

Yaong mumunting caculangã, yaong bagang mumunting pag-iicot at pag-uumit, na, sa isip ninyo, ualang cabuluhan, ay pangilagan ninyong totoo, sapagca,t, ang gayong pag-iicot ay siya ang unang hacbang na icararating ninyo sa inferno.

Yaong caracot na palay ó bigas, na inuumit ninyo sa pagtatacal; yaong mangã patac na tubig, na inihahalo ninyo sa alac, gatas at iba pa; yaong caramac na cahoy, damit ó cayo na idinadaya ninyo sa capoua tauo, sa inyong pagsusu-

cat ó pagvavara; yaong mangá mumunting pag-iicot nang mangá anac sa canilang magugulang at nang mangá alila sa canilang panginoon; itong lahat na ito, anaquin at ang iba pang ganito, ay di man mahalata,t, mapuna nang mangá pinagdayaan ninyo, ay nahahalata rin at napupuna,t, natalastas nang Panginoon Dios, na hindi mapagdayaan nino man.

Caya, matacot na cayo sa Panginoon Dios, sapagca,t, ang natatacot sa Dios, ay hindi nalilibang sa anomang bagay na sucat icapagcacasala niya sa caniya, ang uica ni Salomon.

Houag ninyong tunghan ang mangá cayamanan dito sa lupa, na ualang cacabucabuluhan, cundi ang inyong titingalain at hahanapin at hahanárin ay ang mangá cayamanan sa itaas, nang cayo,i, macarating na maloualhati sa caharian nang langit. Siya naua.



Plática 6.^a del sétimo precepto.

SOBRE LA USURA.



Ang tauong nagnanasa nang labis na pagnanasa nang cayamanan ó nang pag-aari nang iba, ay pinanganganganlan nang mangá marurunong:—*alipin nang cayamanan.*

Ito, i, totoo; subali, t, ang lalong pinacaalipin nang cayamanan, ay ang mangá mapagpatubong tauo, na nagpapatubo nang canilang salapi, palay, damit, at nang iba pang bagay. Caya ang mangá mapagpatubong tauo, i, quinagagalitan nang Panginoon Dios; quinagagalitan nang santa Iglesia; quinagagalitan nang mangá cristiano, at quinagagalitan pa nang mangá hindi binyagan at nang balang tauong nacacaalam nang canilang guinagauang masama sa capoua tauo.

Ang casamaan nang loob nang mangá mapagpatubong tauo, ay ipinapara nang iba sa casamaan nang loob ni Judas Iscarioteng Apóstol ni Jesucristo.

Itong palamarang Apóstol ay palaguing sumasama sa caniyang Maestro; palaguing pinaquiquingan niya ang magaling na aral, na iniaaral ni Jesucristo sa canila; nagmimilagro siya para nang pagmimilagro nang mangá capoua niya Apóstoles; naquiquita niya nang caniyang sariling mata ang magaling na guinagaua nang mangá Apóstoles na casama niya, at ang

mabuting halimbauang ibinibigay nila sa caniya rin at sa ibang tauo; ang di pagnanasa nila baga nang mang̃a guinto, t, salapi; ang di pag-gamit nila nang dalauang túnica; ang di pag-iinteres nang ari nang iba, t, ang di pagcauili nila sa mang̃a catouaan dito sa mundo.

Itong lahat nang ito, anaquin, ay naquiquita ni Judas nang caniyang mang̃a mata, at hinding-hindi tinutularan niya ang magagaling na asal nang mang̃a capoua niya Apóstoles, cundi bagcus ay ipinagbili pa niya ang caniyang Maestro na si Jesucristong Panginooon natin, dahilan sa labis na pagnanasa niya nang cayamanan.

Ang mang̃a mapagpatubong tauo, ay catulad nang inferno ang uica ni Poon San Agustin. Ang inferno, anang Santo, ay hindi mandin nabubusog cailan man, cahima, t, marami pa sa mang̃a buhañgin sa dagat ang mang̃a calolouang linalamon niya; at gayon din naman ang mang̃a tauong mapagpatubo, hindi mandin nabubusog sila, cahima, t, marami pa sa mang̃a buhañgin sa dagat ang salaping natubo nila, t, nalamon sa capoua nila tauo.

Dito sa mang̃a bagay na ito, i, nauucol ang ipagsesermon co sa inyo ngayon. Paquingan ninyo.

Ang lalong iquinatotoua nang isang tauong may mang̃a utang, na pinipilit nang mang̃a pinagcacautang̃an sa pagbabayad nang caniyang mang̃a utang, ay ang pagcaquita niyang agad nang tauong maauain, na magpapagaling sa caniya doon sa mahirap na tayo niya.

Ang isang tauo, sa halimbaua, ang isang tauong napiiit sa carcel, dahilan sa caniyang mang̃a utang, ay di mangyaring di matoua nang malaquing toua, cung macaquita nang maibabayad sa mang̃a pinagcacautang̃an, at macalabas siya sa carcel, cahima, t, siya, i, hing̃an nang malaquing patubo nang mang̃a mapagpatubong tauo, na nagbibigay sa ca-

niya nang salapi sa pagbabayad nang caniyang mang'a utang.

Gayon din naman, ang mang'a tauong mahihirap, na nadadayucdoc nang gutom, at uala silang mapatunguhan, nang sila,i, macalabas at macaraos sa canilang cahirapan, ay di mangyaring di matoua sila,t, magpasalamat pa sa mang'a naaua,t, nagpapautang sa canila, cahima,t, dalauang cabang palay, ó dalauang piso caya ang ipapalit nila sa isang cabang palay ó isang piso, na inutang nila.

Datapoua,t, cung caya natotoua ang ganitong mang'a tauong mahihirap, sapagca,t, ang tinitingnan nila lamang at inaalaala ay ang mang'a casalatang nahaharap, at uala sa canilang loob ang mang'a cahirapang darating sa canila dahilan sa pag-utang nila nang panibago.

Itong mang'a pagcacataon na ito,i, siyang sinasamantala nang mang'a mapagpatubong tauo sa pagsipsip nang dugó nang mang'a mahihirap; caya ang mapagpatubong tauo, na pinanganganlan ninyong madalas: mabuting catoto,t, maauaing tauo, ay dapat ninyong pangalanang tauong lilo, sinungaling, mapagdaya,t, masamang asal, palibhasa,i, sinasamantala niya ang cahirapan nang capoua tauo, sa pagsamsam sa canila nang canilang pag-aari,t, salapi.

Ang casamaan nang loob at ang casamaan nang asal nang mang'a mapagpatubong tauo, ay ipinahahayag at ipinaquiquilala ni Poon San Bernardino de Sena sa atin, doon sa mahal na aral, na iniaral niya sa lahat nang cristiano, sa isang sermon niya, na ang uica:—Anaqui, ay may ng'ipin ang dilang pag-aari,t, cayamanan nang mang'a mapagpatubong tauo; may ng'ipin ang canilang salapi; may ng'ipin ang canilang palay; may ng'ipin ang canilang damit, at may ng'ipin din naman ang lahat na mang'a bagay-bagay na ipinautang nila sa capoua tauo, sapagca,t, siya nga ang inginunguya nila,t, inilalamon nang mang'a salapi, buquid, damit, palay at boong

pamamahay nang mangá mahihirap na tauo.

Caya madalas na nariringig sa bibig nang mangá mahihirap na tauo itong mangá uicang ito:—¡Aba co, anila, at aco,i, umutang nang gayon sa mangá mapagpatubong tauo, at siyang nacapagpapahirap gabi,t, arao sa aquing loob!

Sabi rin nang mangá marurunong, na ang salapi, palay, bigas at ang ibang mangá bagay na ipinautang nang mangá mapagpatubong tauo sa capoua nila tauo, ay nagcacaparis nang isang mabagsic at mangangagat na hayop, na palaguing nangangagat nang pag-aari nang iba hangan di ubusin niya,t, lipulin ang dilang cayamanan pati pamamahay nang mangá may utang sa canila.

Dito sa caunting sinalita cong ito,i, mahahalata na ninyo ang malaquing casalanang guinagaua sa harap nang Panginoon Dios, nang mangá tauong nagpapatubo nang labis nang canilang palay, salapi at nang ibang bagay, na ipinautang nila sa capoua nila tauo.

Malaqui nğang totoo itong casalanang ito; subali,t, malaqui man, ay nalalaganap sa boong mundo ang nasabing casalanan, at ang mangá mababait man, yaon bagang mangá tauo, na inaari nating banal at mahuhusay, ay nahuhulog din sa casalanang ito.

Caya, segurong seguro,i, mariringig ninyong madalas sa bibig nang mangá minamabait nating tauo, ang ganitong mangá uica:—Aco, pó,i, mayroong caunting palay, caunting salaping naiipon; hindi co pó, ibig, hindi co, pó, caloobang ipautang sa canino man itong caunti cong pag-aari, na tinatalaga co, pó,t, inihahanda sa pagsusustento sa aquing mangá familia; subali,t, catacót-tacot, pó, ang mangá mahihirap na tauo na dumulog at nagmacaaua sa aquin, pinipilit, pó, nila acong totoo, caya aco,i, naaua sa canila,t,

pinautang co sila nang salapi,t, palay. Hindi co, pó, hinihingán sila nang anomang patubo, subali,t, sa aco,i, pini-pilit nila, cung caya pumayag na aco, at ang balang isang cabang palay, ay papalitan nila nang dalaua, at ang balang isang piso,i, papalitan nila nang tatlong salapi.

Mayroon din namang mangá minamabait nating tauo, na ang uica:—Aco, pó,i, hindi mapagpatubong tauo; malayong-malayo sa loob co ang pagsipsip nang dugó nang mangá tauong mahihirap, bagcus aco,i, naauang totoo sa canila; caya, pó, ang guinagaua co,i, magpautang sa canila nang salaping pupuhunanin nila sa pagtatanim nang palay ó tubo caya, at ang hinihingí co, pó, lamang sa canila, ay houag ipagbili nila sa iba ang canilang palay ó asucal, cundi sa aquin lamang; at alang-alang sa puhunang ipinagcaloob co sa canila,i, hinihingí co rin sa canila, na ang canilang palay ó asucal ay ipagbibili sa aquin nang culang sa halagang lumalacad.

Mayroon namang mangá minamabait nating tauo, na nagpapautang nang isang aliu, siculo ó saicapat caya sa isang mahirap na tauo, at hindi nila sinisingil; subali,t, cung magcataong may gagauing anoman ang mangá nagpautang, ay hinahanap nila ang may utang sa canila nang aliu, saicolo ó saicapat, at ang uica sa caniya,i, ganoon:—Bucas may bayani aco sa pag-gaua nang gayon, caya inaasahan cata. —Oo, pó, asahan ninyo aco, ang sagot nang may utang, at bucas ay gagaua aco sa inyo. Guinagaua nğang maghapon itong may utang, casama nang ibang ualang utang, at pagcatapos nang gaua, ang mangá ualang utang ay inuupahan nang cahati, cahati,t, siculo ó tatlong bahagui caya, at ang mangá may utang nang aliu, saicaualo ó saicapat, ay pinasasalamatan nang may patrabajo at sucat. Ito,i, caraniuang-caraniuan sa inyo, at cung tanunğin ang mangá mahihirap

na tauo, ay sila ang macapagsasabi.

Ngayon, mangá capatid co; cung itong mangá gauang ito,i, tingnan sa paimbabao lamang, tila,i, maigui, subali,t, cung cutcutin natin ang balat, at pagmasdan ang nasaila-lim, ay maquiquita natin, na itong lahat nang ito,i, guinagaua nang mangá mapagpatubong tauo hindi dala nang aua nila sa capoua tauo, cundi dala nang labis na pagnanasa nila nang cayamanan at nang ari nang iba. Na cung sa bagay, itong mangá tinuran cong tauo, ay caparis nangá nang isang mabangis at mangangagat na hayop, na cumacagat na palagui nang pag-aari nang mangá mahihirap na tauo, hangan di ubusi,t, utasin ang canilang caunting pagcabuhay.

Caya pacatandaan ninyo, na ang pagpapatubo nang salapi, nang palay at nang ano pa mang bagay nang di matouid na pagpapatubo, ay ipinagbabaua nang Panginooon Dios sa Santong Sulat, na ang uica:—....., *mutuum date, nihil inde sperantes*:..... (1) Sa macatouid: cung cayo,i, magpapautang, ay houag ninyong pagpapatubuan ang inyong pinauutang.

Ang nagpapautang, ang uica ni Poon San Ambrosio, ang nagpapautang na may patubo, ay parang nagnanacao:—*Si quis usuram acceperit, rapinam facit*. (2)

Uica naman ni Poon San Bernardo, na ang pagpapatubo nang salapi, palay at nang ibang bagay, ay tunay na tunay na pagnanacao:—*In furtu comprehenditur usura*. (3)

Diyata, mangá capatid co, iuacsi na ninyo,t, itapon sa inyong loob ang pagnanasa nang labis na pagnanasa nang mangá cayamanan, at houag na cayong magpatubo nang anoman, sa inyong mangá pagpapautang, sapagca,t, ang ano-anomang patubong tinatangap ninyo sa inyong pagpapautang, ay ca-

(1) Luc. cap. VI, v. 35.—(2) Lib. de Bono mortis, cap. XII.—(3) Serm. IV; sup. Salve.

tungculan ninyong isauli sa inyong pinautang. Sabi nanga ito ni Poon Santo Tomás, na ang uica:—*Et sicut alia injuste acquisita tenetur homo restituere, ita restituere tenetur pecuniam quam per usuram accipit.* (1)

Caya, maaua na cayo sa capoua ninyo tauo, lalong-lalo, cung sila,i, mahihirap at salanta, nang cayo naman ay caauaan nang Panginoon Dios at pagcalooban nang ica-guighinhaua ninyo dito sa lupa, at saca nang caloualhatian sa langit. Siya naua.

(1) 2. 2. q. 18, a. 1



Plática 7.^a del sétimo precepto.

SOBRÉ LA RESTITUCIÓN.

Mahirap ang lagay nang tauong magnanacao, na nag-aari nang di caniyang pag-aari.

Ang loob nang tauong nag-aari nang hindi caniya, ay di mangyayaring di mabalising palagui, at maalaala niyang oras-oras ang masamang tayo nang caniyang caloloua, dahilan sa caniyang mangá pagnanacao. At totoo nãa, sapagca,t, ang Pananampalatayang tinangap nang magnanacao na tauo sa oras nang pagbinyag sa caniya,i, siyang nagpapaalaala sa caniya nang mangá cailanãan niyang gaui,t, sundin, nang houag mapahamac siya nang magpasaualang hangan.

Ang Pananampalataya nãa,i, nagpapaalaala sa tauong magnanacao, na si Jesucristong Panginoon natin ay paririto,t, huhucom sa nangabubuhay at sa nangamatay na tauo; at ang mangá banal na tauo,i, gagantihin niya nang caloualhatian sa langit, at ang mangá macasalanan ay pacasasamin niya sa infierno.

Ang Pananampalataya,i, nagpapaalaala rin sa caniya, na ang ating mahal na Manunubos, na si Jesucristong Pangi-

noon natin, ay matouid na matouid na Hocom na di masu-
suhulan nang mangã guinto,t, pilac.

Ang Pananampalataya,i, nagpapaalaala namang palagui
sa magnanacao na tauo, nang mangã ualang catapusang hi-
rap sa inferno, na tinalaga nang Panginoon Dios sa mangã
tauong nag-aari nang di canilang pag-aari.

Ganito ang catacot-tacot na pagpapaalaala nang Pana-
nampalataya sa tauong magnanacao, subali,t, lalong caquila-
quilabot ang ipinaalaala sa caniya nang caniyang sariling
conciencia.

Cung icao, ang uica nang conciencia sa tauong magna-
nacao, cung icao,i, nacaiibig magsangalang nang caloloua
mo sa mangã hirap sa inferno, ay capilitang pagsisihan
mo ang mangã pagnanacao na guinaua mo sa capoua tauo,
at isauli mo pa sa canila ang balang ninacao mo.

Cung icao,i, nacagaua nang testamentong naca-aapi sa
ibang tauo, ay capilitang alisin doon at pauin ang naca-
aapi sa canila, paghindi ay mapapahamac ang caloloua mo.

Cung mayroon cang itinatagong mangã escritura nang
houag macamtan nang iba ang pag-aaring nauucol sa canila,
ay capilitang palitauin mo yaon, paghindi ay mapapahamac
ang caloloua mo.

Cung di mo pa tinupad ang mangã bilin at utos nang ma-
ngã magulang mo sa iyo sa canilang testamento, ay capilitang
tuparin mo agad yaon, paghindi ay mapapahamac ang ca-
loloua mo.

Cung nasasaiyo pa ang buquid, salapi, damit, hayop ó
ang iba cayang bagay nang capoua mo tauo, na nacamtan
mo sa masamang pagcaparaan, ay capilitang isauli mo, ó
bayaran caya sa tunay na may ari, paghindi ay mapapaha-
mac ang caloloua mo.

Itong lahat nang ito, at iba pang marami, ay siyang

ipina-aalaalang palagui sa magnanacao na tauo nang caniyang Pananampalataya at nang caniyang conciencia, at siya rin naman ang icaquiquilala ninyo nang malaquing caliuagang magbaliic loob sa Panginoon Dios at mapacagaling sa langit ang tauong magnanacao.

Dito sa mangá bagay na ito,i, mauucol ang ipagsesermon co sa inyo ngayon. Paquingan ninyo.

Cung ang tauong magnanacao ay nacaiibig magbaliic loob sa Panginoon Dios dito sa buhay na ito, at magsanggalang sa caniyang caloloua, nang houag mapahamac sa inferno, ay cailangang pagsisihan niyang taos sa loob ang dilang pag-iicot, pagnanacao at pagdarayang guinaua niya; cailangan namang pagticahan niya ang lahat na yaon, at cailangan pa nang totoong cailangang isauli niya sa tunay na may ari ang balang inicot, ninacao,t, dinaya niya.

Malinao na malinao itong sinalita co, subali,t, nang matimtim na lalo sa inyong puso,t, loob itong aral na ito, ay idadaan co sa mangá halimbaua.

Mayroon, dao, isang bagongtauo, na mahirap na totoo ang caniyang lagay at malaqui ang panganib na icamamatay niya, palibhasa,i, quinagat siya nang isang asong ol-ol. Sa ualang maquitang gamot na macaguiguinhaua sa may saquit, baga man maraming médico ang tumingin at gumamot sa caniya, ay dinala siya nang caniyang ama sa harap nang isang mabantog na marunong nang gamutin niya,t, hatulan ang caniyang anac, cung baga,i, magagamot niya. Tinangap niyong marunong itong may saquit, inusisa niya ang mangá dinadamdam, at pagcamaya-maya,i, nangusap sa ama nang may saquit nang ganoon:—Umoui na cayo sa inyong bahay, at cung ibig mong gumaling ang anac mo, ay pa-inumin mo siya nang matapang na pangpasuca, nang isuca niya,t, isuca ang camandag at lasong nacacalat sa boong

catauoan niya. Sinunod nang ama nang bagongtauo ang utos at bilin niyong marunong, at caalam-alam ay nacamtan nang caniyang anac ang totoong guinhaua nang catauoan.

Ay ganitong-ganito, mangá capatid co, ang tayo at lagay nang tauong magnanacao. Ang tauong magnanacao nang pag-aari nang iba, ay para manding quinagat siya nang asong baliu, at hindi mangyaring gumaling siya sa caniyang saquit, gamutin man siya nang lahat nang doctor, hangan di isuca niya ang camandag at lasong nacacalat sa boong caloloua niya.

Sa macatouid: hangan di bitiuang niya ang salapi at ang iba pang pag-aari na ninacao niya,t, isauli sa tunay na may ari; hangan di pagsisihan niya,t, pagticahang matibay at ipag-compisal pa niyang mahusay at taos sa loob ang caniyang guinauang casalanan, ay hindi mauaualan siya nang saquit.

¿Ano pa? Ay magcolacion man siya arao-arao; parusahan man niya, nang sari-saring parusa ang caniyang catauoan; limusan man niya nang maraming-maraming salapi ang mangá salantang pobre; magsimba man siya arao-arao, at magdasal man maya,t, maya, ay hindi rin iigui siya sa caniyang saquit, at hindi naman maitatapon niya ang camandag at lasong sumisira nang caniyang caloloua, hangan di isauli niya sa tunay na may ari ang balang ninacao niya,t, dinaya ó inicot sa capoua tauo.

Tamang-tama naman dito sa aquing Plática ang sasalitain co ngayon.

Mayroon, dao, isang banal na babaying ulila sa ina. Madalas na madalas ay ipinanalangin nitong babayi sa Panginoon Dios ang caniyang namatay na ina, nang siya bagá,i, pagcalooban nang langit, cung uala pa siya roon.

Minsang casualucuyang nananalangin itong banal na babayi, ay napaquita sa caniya ang caniyang ina,t, ang uica:—Anac

cong quinalulugdang lubha noong aco,i, nabubuhay pa, ay houag mo na acong ipanalangin sa Panginoon Dios, sapagca,t, aco,i, napacasama na sa inferno nang magparating man saan.

Pagcaringig niyong babayi itong catacot-tacot na salita nang caniyang ina, ay natilihan siyang totoo,t, naualang loob. Datapoua,t, pagcamaya-maya,i, nacapanğusap na,t, nagtanong sa caniyang ina nang ganito:—Ina cong minamahal; ¿baquit pó, cayo,i, pinarurusahan nang Panginoon Dios nang gayong calaquiring parusa? ¿Di baga,i, pumapasoc pó, cayo arao-arao halos, sa simbahan, at doo,i, nagsisimba, pó, cayo nang maraming Misa, at nagcocompisa pa cayo,t, nagcocomulgar nang madalas? ¿Di baga,i, naglilimos, pó, cayo nang marami sa mangá pobre, at nagpaparamit sa ualang damit, at nagpapatuloy sa mangá ualang tutuluyan? ¿Di baga,i, nagdadasal, pó, cayo arao-arao nang Santong Rosario casama coming lahat, at cami pa,i, tinuturuan, pó, ninyo nang sarisaring devocion sa mahal na Virgen at sa ibang mangá Santo, na siyang ibinibigay, pó, ninyo sa amin at sa lahat na cababayan ninyo nang magagaling na halimbauang icapapasalangit namin? ¿Baquit, pó, gayon ang inyong quinasapitan?

Totoo nga iyang lahat na sinasabi mo, ang uica niyong culang palad na ina sa caniyang anac, subali,t, ang pag-aangcan co nang aring namana co sa aquing magugulang, ay siyang iquinasapit co nitong desgraciang ito. At caya gayon, sapagca,t, naalaman cong tanto, na ang namana cong pag-aari ay nangagaling sa masamang pagcaparaan. Naalaman co, na ang iba,i, nagmumula sa labis na pagpapatubo; ang iba,i, nangagaling sa pagdaraya nila sa capoua nila tauo; ang iba,i, sa mangá utang, na di nila pinagbabayaran: ang iba,i, sa pagbibili nila nang ibayo nang canilang laco. Naalaman co naman, na ang aquing catungculan, ay bitiuang at isaui

sa tunay na may ari ang dilang pag-aaring namana co sa aqing magugulang, palibhasa,i, nacamtan nila sa masamang pagcaparaan.

Natatanto co itong lahat nang ito; datapoua,t, ang labis na pagsinta co sa aqing mangā anac at mangā apo; ang dico ibig na masira ang canilang pamamahay, at mauala sa canila ang pagcamaguinoo nila; ang labis na pag-ibig co sa inyong lahat, ay siya ang di co ibinutao at isinauli sa mangā may ari nang minana co sa aqing magugulang, at siya rin naman ang iquinapacasama co sa inferno magpasaulang hangan.

Ganito nga mangā capatid co, ang masasapit nang tauong magnanacao, na nag-aangcan nang hindi caniyang pag-aari.

Magcompisal man siya touing lingo,t, fiesta, at calagan man siya nang casalanan nang lahat nang mangā Padreng Confesor, na itinatalaga nang santa Iglesia sa pagpapacom-pisal sa mangā cristiano, ay hamac na hamac ang caniyang pagcocompisal, at mapapacasama rin siya sa inferno, cung di isauli niya sa tunay na may ari ang inaangcan niyang hindi caniya, cung baga,i, mayroong isasauli.

¿Ano pa? Tangisan man niya nang malaquing pagtangis ang caniyang mangā pagnanacao; at lumuha man siya, dala nang malaquing pagsisisi, nang marami pang luha sa iniluha ni Poon Santa María Magdalena sa mahal na paa ni Jesucristo, ay hindi rin ipatatauad nang Panginoon Dios sa caniya ang caniyang mangā pagnanacao, hangan di isauli niya sa mangā may ari, cung baga mayroon siyang isasauli ó ibabayad, yaong ninacao, dinaya, ó inicot niya sa canila. Ganoon nga ang sabi ni Poon San Agustin, na ang uica:—*Non remittitur peccatum, nisi restituatur ablatum.*

. Dito sa mangā sinalita co na, ay sucat ninyong matanto,t,

maquilala ang mahigpit na catungculang magsauli sa tunay na may ari nang balang ninacao, inumit, dinaya,t, inicot ninyo sa capoua tauo, nang cayo,i, patauarin nang Panginon Dios, at nang macaligtas naman cayo sa mangá hirap sa inferno. Datapoua,t, nang matalastas ninyong lalo, ay ipahahayag co sa inyo ang catacot-tacot na sabi nang Santong Sulat, na ang uica:—*Divitias quas devoravit, evomet, et de ventre illius extrahet eas Deus.* (1) Na sa macatouid: Ang mangá cayamanan, ang mangá pag-aari, baga, nang iba, na ninacao nang tauong magnanacao, ay ipasusuca,t, ipasusuca sa caniya nang Panginon Dios, at cucunin at huhugutin niya sa caniyang mangá bituca.

Caya mangá capatid co, pacatantuin ninyo, na ang magnanacao na tauong nag-aangcan nang hindi caniya, ay mahirap na totoo, na siya,i, mapacagaling sa langit, sapagca,t, mahirap ding totoo ang pagsasauli nang aring nacao, na nagugol na,t, natunao, ó guinagamit caya, na parang sariling pagcabuhay ó pag-aari.

Inyong gunam-gunamin naman ang caaua-auang lagay nang tauong magnanacao. Dumarating ang santong panahon nang cuaresma ó nang isang Jubileo caya, na siyang sinasamantala nang maraming macasalanang tauo, sa paglilinis nang canilang caloloua; at ang magnanacao na tauo,i, ualang magaua, para manding nabibihag, sapagca,t, magcompisal man siya, ay hindi macalilinis nang caniyang caloloua, cundi isauli niya muna sa mangá may ari, ang mangá ninacao niya cung baga,i, mayroong isasauli ó ibabayad.

Pacaisipin ninyong maigui, mangá capatid co, itong lahat nang ito, at mula ngayon, ay houag na ninyong quibui,t, galauin ang ari nang iba, cundi bagcus, ay cauaan ninyo ang capoua ninyo tauo, tulungan ninyo sila,t, ampunin, cung

(1) Job. cap. XX, v. 15.

silá,i, nasasacahirapan, nang cayo,i, caauaan naman, tulu-
nġan at amponin nang Panginoon Dios dito sa lupa,, at pag-
calooban nang caloualhatian sa langit. Siya naua.



OCTAVO MANDAMIENTO.

Plática 1.^a del octavo precepto.

Non loqueris contra proximum tuum falsum testimonium, *Exod. cap. XX, v̄ 16.*

Ang pagbibintang at ang pag-uupasala, ang pag-salita at ang paquiquinig nang ano-anomang sucat macasira nang puri nang capoua natin tauo; at gayon din ang pagbubulaan at pagsisinungaling, ay siya ang ibinabawal nang Panginoon Dios sa icaualong utos niya, na ang uica: *Non loqueris contra proximum tuum falsum testimonium.* Sa macatouid: *Houag cang magbintang at houag ca namang magsisinungaling.*

Ang dila nang tauo ay magaling na magaling, cung gamitin niya sa magaling. Sa macatouid: Magaling ang dila nang tauo, cung gamitin niya sa pagpupuri sa Panginoon Dios, sa mahal na Virgen at sa m̄ga Angeles at Santo; sa pagbibigay nang mabuting halimbaua sa capoua niya tauo at sa pag-cocompisal nang mahusay nang manḡa casalanan niya sa cahalili nang Panginoon Dios dito sa lupa.

Caya n̄ga, ang uica nang Dios Espiritu Santo, na ang

camatayan at ang cabuhayan ay nasasa dila. *Mors, et vita in manu lingue...* (1) Na cung sa bagay: cung gamitin nang tauo ang caniyang dila sa magaling, ay mabubuhay siya nang isang buhay na ualang hangan; datapoua,t, cung gamitin niya sa masama, ay ang inferno,i, siyang maguiguing cararatnan niya.

Parang apoy mandin ang dila nang tauo, ang uica ni Poon Santiago, at mumunti mang bagay, ay maraming tootong casiraan ang magagaua niya.

¿Di бага ang mumunting alipato ay sucat macasunog nang isang malaquing bundoc, nang isang malaquing bayan? Ay gayon din naman ang dila nang tauo. Ang mumunting uicang binibigcas nang dila nang isang palabintang na tauo, ay hindi lamang nacasisira sa isa, sa dalaua, cung sa tatlong catauo, cundi macasisira pa sa isang boong bayan, at macagugulo pa sa isang boong caharian; sapagca,t, ang dila nang tauo, ay apoy, at doon nagcacapisan ang lahat na casamaan, ayon sa sabi ni Poon Santiago, na ang uica:—*Et lingua ignis est, universitas iniquitatis...* (2)

Caya nga, ang manga casamaan at ang manga casiraang nangagaling sa pagbibintang nang tauo sa capoua niya tauo, ay siya cong binabantang saysayin at ipangaral sa inyo nga-yong arao na ito. Cayo,i, maquinig.

Ang nauunang casamaa,t, casiraang guinagaua nang dila nang palabintang na tauo, ay ang pagsira,t, pagpapahamac sa caniya ring sariling caloloua.

Ang tauong naglalayag ay hindi mandin macararating sa malayo, cung marupoc na ang barcong caniyang sinasaquian, sapagca,t, di mangyaring di pasucan nang tubig at malubog at magpahamac pa sa manga tauong nalululan doon, at cung mahuna,t, sira ang timon ay lalo pang malaqui ang panganib,

(1) Prov. cap. XVIII, y. 21.—(2) Jacob, cap. III, y. 6.

sapagca,t, hindi mandin maitutuloy nang piloto ang sasaquian sa mang̃a lugar, na ibig niyang paroonan.

Caya sucat nating ipaquibilang sa mang̃a patay ang mang̃a tauong naglalayag, cung sila,i, datnan sa calautan nang dagat nang malacas na hangin at mabali,t, masira ang timong itinutoid nila nang sasaquian.

Ang panood nila lamang nang anyo nang dagat, at ang pagcaquita pa nila nang masamang lagay nang bangcang canilang pinaglululanan ay sucat icamamatay nang tacot nila. Ngayo,i, naquiquita nilang quiquiling-quiling at pipihit-pihit ang canilang sasaquian, dahilan sa malalaquing daluyong nagsasalubungan sa dagat. Maya-maya,i, naquiquita nila, na ang sasaquian ay napasacanan at biglang pumipihit at napasacaliua. Maya-maya nama,i, naquiquita nila, na ang canilang sasaquian ay napapadpad na,t, napapatungo sa mang̃a batong canilang cababangaan; at caalam-alam nila,i, ualang ibang naquiquita cundi mang̃a caputol na tablang canilang titimbulanin.

Sira na ang sasaquian; naualat na ang mang̃a calacal nang mang̃a tauong nalululan doon; at hindi malalauon, ay mauauala rin marahil ang buhay nila, dahilan lamang sa pagcasira nang timon nang barcong canilang pinaglululanan.

Caya ang dila nang tauo ay ipinapara ni Poon Santiago sa timon nang isang sasaquian, sapagca,t, ang dila nga,i, siyang itinotoid nang tauo nang lahat nang uiuicain, gagauin at aasalin.—*Ita et lingua modicum quidem membrum est, et magna exaltat....* (1)

Diyata,i, ¡Aba nang tauong cristianong hindi nagpapacatoid nang caniyang timon, (nang caniyang dila бага) cundi sa pagbibintang sa capoua niya tauo!

¡Aba nang tauong cristianong hindi nagpapacatoid nang

(1) Jacob, cap. III, ¶. 5.

caniyang dila, cundi sa pag-uiuica,t, pagsasalita nang mangā bagay-bagay na macasisira nang puri nang capoua tauo!

¡Aba nang tauong cristianong hindi itinotoid niya ang caniyang timón, (ang dila niya baga) cundi sa pag-uusap-usap nang buhay nang iba, na siyang iquinasisira nang caniyang sariling caloloua, pati nang caloloua nang mangā naquiquinig sa caniya!

Sigurung-siguro nḡa, na ang ganitong mangā tauo,i, mapadpad, cung sana sa barco, at mapapatungo sa infernong cababangaan nang canilang caloloua,t, pagpapahirapan nang magparating man saan.

Dili nḡa mangyayaring di parusahan nang Panginooon Dios ang palabintang na tauo, sapagca,t, ang mangā uicang bintang, na ibinibigcas nang caniyang bibig, ay siyang nacasisirang una-una sa caniya ring sariling caloloua,t, catauoan, para nang sabi nang Dios Espiritu Santo, na ang uica:—.... *lingua vero imprudentis subversio est ipsius.* (1)

¡At mabibilang pa caya ang mangā casiraang guinagaua nang palabintang na tauo sa capoua niya tauo?

¡Madali bagang salitain ang mangā matrimoniong sira; ang mangā caguluhan sa mangā mag-anac; ang mangā camatayan; ang mangā paghinhinalaan nang mangā nagcacasuno sa isang bahay; ang mangā capighatia,t, calumbayan nang mangā magagaling na tauong pinagbibintangan nang hindi totoo, at ang pagnanasa nang isa,t, isang manghiganti doon sa tauong nacaano sa canila nang caniyang infernong dila?

Malaqui nḡang parusa ang sucat hintin at asahan nang palabintang na tauo, palibhasa,i, ang caniyang casalanan ay malaqui pa sa casalanan nang mangā tauong nagnanacao nang pag-aari nang iba.

At tunay nḡa, sapagca,t, ang mangā casiraang guina-

(1) Eccli. cap. V, v. 15.

gaua nang mang̃a magnanacao ay nauucol sa mang̃a ari at cayamanan nang tauo, na hindi mandin maipagsasama niya sa hucay ó baunan; subali,t, ang mang̃a casiraang guinagaua nang palabintang, ay nauucol sa puri at dangal nang tauo, na mahal pang lalo sa cayamanan, at lalong masaquit dalitain nang may bait na tauo ang siya,i, siraan nang puri at pagbintang̃an nang di totoo, sa siya,i, pagnacauan nang dilang ari,t, cayamanan niya.

Ang lalong iquinalulumbay nang isang magaling at maibait na tauo, na hindi naca-aano sa canino man, ay ang siya,i, pagbintang̃an nang di totoo at siraan nang puri, palibhasa,i, ang caniyang sariling puri ay minamahal niya sa dilang ari,t, cayamanan sa mundo.

Lubhang quinatatacutan nang Santong Haring si David ang mang̃a palabintang na tauo, caya madalas na madalas ay nananalangin siya sa Panginoon Dios nang gayon:—Panginoon cong Dios, iadya mo aco sa mang̃a bintang at paratang nang tauo sa aquin, nang masunod co ang mang̃a utos mo, at nang houag acong magcasala sa iyo.—*Redime me à calumniis hominum, ut custodiam mandata tua.* (1) Na, cung sa bagay: ay minamaliuag ni David ang pagsunod niya nang mang̃a mahal na utos nang Dios, cung siya,i, pagbintang̃an, pag-uupasalaan at siraan nang puri nang mang̃a tauong may masamang bibig.

Ganoon n̄ga ang cadalasang nangyayari sa ating mang̃a tauong mang̃a catauoang lupa; subali,t, ang mang̃a palabintang na tauo, ay hindi naman mauaualan nang malaquing parusa, dahilan sa mang̃a perjuicio,t, casiraang guinagaua nila sa caloloua,t, catauoan nang capoua nila tauo, para nang mariringig ninyo dito sa aquing sasalitain n̄gayon.

Mayroon, dao, doon sa Madrid, isang tauo, na nagbin-

(1) Ps. CXVIII, v. 134.

tang sa isang Padreng Sacerdote nang isang malaquing pagbibintang.

Itong pagbibintang na ito,i, siyang ipinaghihirap na totoo niyong Sacerdote, at siya namang iquinabalising palagui nang caniyang loob.

Nagpacatigas nang loob yaong palabintang na tauo, at бага man marami ang nangangaral at nagtuturo sa caniya nang catungculan niyang gauin doon sa lagay niyang yaon, ay ayao siyang magbalic loob sa Panginoon Dios, at mag-sauli nang puri sa Padreng pinagbintangan niya,t, siniraan nang puri, at dito sa lagay na ito,i, dinatnan siya nang isang biglang pagcamatay at nahulog sa inferno.

Hindi nalauon, at nang casualucuyang nagpapacompisal sa simbahan ang naturang Sacerdote, ay may dumulog sa caniya na isang tauo, na conuari ay magcocompisal. Pagcadulog nitong tauo, capagcaraca,i, nag-uica nang ganito sa Confesor:

—Aco, pó, anang tauo, aco, pó,i, yaong caaua-auang tauong nagbintang, po, sa inyo niyong arao pa, matagal na, nang gayong pagbibintang, at itong pagbibintang co, pó, sa inyo, pati nang di co pagsasauli sa inyo nang puri ninyong sinira co, ay siyang iquinapacasama co, pó, sa inferno nang magpasualang hangan: at cung caya, pó, aco,i, napaquita sa inyo sapagca,t, ang utos nang Dios sa aquin, ay ipahayag co, pó, sa inyo itong bagay na ito nang maalaman, pó, ninyo,t, matalastas, at nang madala naman ang mangá capoua cong palabintang na tauo, na sumisira nang puri nang iba nang canilang masamang dila.

Pagcapangusap nang gayon niyong culang palad na tauo, ay nauala na,t, sucat, at noui na sa infernong pinangalingan niya.

Dito sa salitang ito, mangá capatid co, ay mahabalata na ninyo ang mangá casiraang nangagaling sa mabahong

dila nang mang̃a palabintang na tauo; at masasapantaha rin ninyo ang maguiguig cararatnan nang canilang caloloua; cung di nila baguhin ang canilang asal, cung di pagsisihan nila,t, ipagcompisal ang canilang casalanan at isauli pa nila, samantalang sila,i, nabubuhay pa, ang puring sinira nila sa mang̃a pinagbintangan nila.

Caya, sundin ninyo ang aral ni Poon San Pablo, na ang uica:—Ang cumacain, aniya, ay houag magpahamac sa hindi cumacain; at ang hindi cumacain ay houag namang magpahamac sa cumacain. Na cung sa bagay. Ang gumagaua nang magaling, ay houag magpahamac at magbintang sa gumagaua nang masama; at ang gumagaua nang masama, ay houag magpahamac at magbintang sa gumagaua nang magaling. *¿Sino ca baga, ang uica ni Poon San Pablo, sino ca bagang nangangahas humucom nang mang̃a gaua nang capoua mo tauo?—Tu autem, ¿quid iudicas fratrem tuum? aut tu, ¿quare spernis fratrem tuum?....* (1) Sa macatouid: *¿Sino ca bagang nangangahas umagao sa Panginoon Dios nang caniyang capangyarihan, bagay sa paghucom nang mang̃a gaua,t, asal nang mang̃a tauong calarauan niya? Pacatantoin mo, ang uica pa ni Poon San Pablo, pacatantoin mo tauo cang mapagbintang, na ang bumabati nang hindi totoo sa capoua niya tauo, ay sa caniya ring bibig cucunin ang hatol na sentencia, na ihucom nang Panginoon Dios sa caniya balang arao, at ibubulid ang caniyang caloloua sa inferno:—..... In quo enim iudicas alterum, teipsum condecoras:.....* (2)

Ang casamaan nang loob nang tauong nagpaparati sa pagpapaano sa capoua niya tauo; ang mang̃a gaua-gauang uica niyang nacasisira nang canilang puri; ang mang̃a casiraang guinagaua nang caniyang infernong dila nang mang̃a pari-

(1) Rom. cap. XIV, v. 10.—(2) Rom. cap. II, v. 1.

quit at paratang na uicang nacagugulo sa mangá may asaua, at nagpapahirap sa mangá mababait na tauo; itong lahat nang ito, at ang iba pang casiraang nangagaling sa masamang bibig niya, ay di mangyaring di parusahan nang Panginoon Dios nang isang parusang ualang hangan.

Cung sa magagaling na tauo, na ualang quibo sa bayan, at di marunong magbintang, at hindi naman naca-aano sa canino man, ay sasabihin co sa canila, na, cung sacali,t, sila,i, pagbintangan, ay alalahanin nila yaong mangá cacot-tacot na bintang nang mangá Judio cay Jesucristong Panginoon natin, at tiisin nila nang magandang loob ang mangá cahirapang ipinagcacaloob nang Panginoon Dios sa canila. Pacaisipin nila, na, cung minsan, ay pinahihintulutan nang Panginoon Dios, na ang tauong may masamang bibig, ay macapagbintang at macasira nang puri nang magagaling na tauo, nang saca,i, luminao at lumiuanag nang lalo pa sa dati ang canilang puri,t, dangal.

¿Di baga, cung ibig ninyong pacalinisin ang isang vaso, copa, pingan ó salamin caya, ay dinudumihan ninyo muna nang abo at quincuscos na maigui? Ay gayon din ang guinagaua nang Panginoon Dios, cung minsan, sa ating mangá tauo. Pinahihintulutan niya, na dumihan at cusutin at cuscusing maigui ang ating puri nang palabintang na tauo, nang saca,i, luminao,t, lumiuanag na lalo pa sa dati ang atin ding puri,t, dangal.

Caya tiisin ninyo, inuulit cong sabihin, tiisin ninyo nang boong capacumbabaan, ang mangá hirap na ipinagcacaloob nang Panginoon Dios sa inyo, at ipanalangin pa ninyo sa ating Amang Dios ang mangá nag-uusig sa inyo,t, nagbintang nang di totoo, nang cayo at sila,i, pagcalooban nang Panginoon Dios nang caniyang mahal na gracia dito sa lupa, at nang caniyang caloualhatian doon sa langit. Siya naua.

Plática 2.^a del octavo precepto.

SOBRE LA MURMURACIÓN.

Ang isa pang bagay, na ibinabauwal nang Panginoon Dios sa icaualong utos niya, ay ang pag-uupasala, ó ang pag-uusap-usap baga nang tauo nang buhay nang ibang manġa tauo, tungcol sa icasisira nang canilang puri.

Anim na bagay ang quinalulupitang lubha nang Panginoon Dios dito sa ibabao nang lupa.—*Sex sunt, quæ odit Dominus, et septimum detextatur anima ejus:* (1) Ang capaluan baga; ang casinunġalingan; ang pagpatay ó pagsugat nang tauo sa capoua niya tauo; ang pagbabanta nang tauo nang masama; ang madaling pagsunod nang tauo nang manġa masasama, at ang manġa sacġing sinunġaling. Data-poua,t, ang lalong quinalulupitan nang Panginoon Dios sa lahat ay ang icapitong bagay, na siya nġa ang pagsira nang tauo nang capayapaan nang capoua niya tauo.—.... *et eum qui seminat inter fratres discordias.* (2)

Ang isang upasalang uica lamang ay nacasusugat sa tatlong catauo. Nacasusugat sa tauong pinag-uupasalaan; nacasusugat naman sa tauong nag-uupasala, ó nag-uusap-usap

(1) Prov. cap. VI, v. 16.—(2) Ibidem v. 19.

nang buhay nang iba, at nacasusugat din sa tauong naquiquinig nang mangá upasalang uica, na nacasisira nang puri nang capoua tauo.

Ang pinag-uupasalaang tauo,i, nasusugatan, sapagca,t, siya,i, nasisiraan nang puri, at cung minsan pa,i, nauuualaan din nang mangá pag-aari,t, cayamanan.

Ang nag-uupasala,t, ang naquiquinig sa caniya ay nasusugatan ding capoua, sapagca,t, sila,i, paraparang nagcacasala sa Panginoon Dios, at silang capoua,i, may casamang Diablo, ang uica ni Poon San Bernardino de Sena.— *Uterque diabolum habet, ille in lingua, iste in aure*, na sa macatouid: Ang nag-uupasala,t, nag-uusap-usap nang mangá icasisira nang puri nang capoua tauo, ay may Diablo sa dila, at ang naquiquinig sa caniya,i, may Diablo sa tainga.

Cung sa aquin, ay hindi co masabi ngayong oras na ito, cung sino sa canilang dalaua ang lalong nagcacasala sa Dios; subali,t, pangilagan ninyo,t, layoan, para nang pag-ilag ninyo,t, paglayo sa apoy, ang mapag-upasalang tauo, sapagca,t, siya nga ang nacapagbibigay nang maraming caguluhan sa capoua tauo at nacasisira nang canilang capayapaan.

Caya, ang iaaral co sa inyo ngayon, ay mauucol sa mangá pag-uupasala,t, mangá pag-uusap-usap nang tauo nang mangá bagaybagay na macasisira nang puri nang capoua tauo, Cayo,i, maquinig.

Ang mapag-upasalang tauo ay ipinapara nang mangá marurunong sa pagtatalaoc nang tandang na gumagala sa calzada at humahanap nang pagcabuhay.

Maquita man, cung sa halimbaua, maquita man nang tandang ang isang mahal na mutiya, ang isang maningning na diamante doon sa caniyang pagtutuca, ay itinatahimic niya ang caniyang bibig, uala siyang quibo at pinahahamacan pa niya yaon, na parang isang bagay na ualang cabuluhan.

Subali,t, cung siya,i, nacaquiquita sa caniyang pag-gala-gala nang caunting palay, nang isang ipis, nang isang bulati ó nang ibang bagay na ganito; ay natotoua siya nang mala-quiring toua, tinatauag niya,t, iniipon ang mangá capoua manoc nang maquitoua silang lahat doon sa natausan niyang caunting pagcabuhay, at nagtatalaoc siya nang nagtatalaoc, na halos nacabibingi sa mangá tauong dumadaan sa caniyang calapit.

Parang tandang mandin mapagtalaoc ang mangá mapag-upasalang tauo na gumagala-gala sa mangá bayan-bayan. Maquita man nila, sa halimbaua, ang maningning na brillante nang mangá cabanalang gaua nang mangá bagung-tauo,t, dalaga; maquita man nila ang mutiyang mahal nang magaling na pagsusunuran nang mangá may asaua; ang dalisay na guinto nang tapat na pagtupad nang maraming cristiano nang mangá mahal na utos nang Panginoon Dios at nang santa Iglesia; maquita man, anaquin, nang mangá mapag-upasalang tauo, itong lahat na ito, ay uala silang quibo, itiniticom nila ang canilang bibig, at ga inaari nilang hamac yaong mangá gauang yaong pinupuri nang Panginoon Dios at minamahal nang lahat nang tauong may bait.

Datapoua,t, cung ang isang ipis, ang iilang butil na palay ó ang isang hamac na bulati caya ang maquita nang mangá mapag-upasalang tauo, sa macatouid: cung sila,i, nababalitaan nang pagcacasira nang ganoong mag-asaua; cung sila,i, nacaquiquita nang isang lalaqui at nang isang babaying nagsasalitaan sa calzada; cung sila,i, nacaringig nang anomang balitang nacasisira nang puri nang capoua nila tauo, ay doon na sila,i, matotoua; doon na sila,i, quiquibo, at doon nga sila,i, magtatalaoc nang magtatalaoc, na para manding tandang, hangan di dumating sa tainga nang lahat nang tauo yaong mangá bagay-bagay, na pinulot nila sa canilang pag-gala-gala.

Ang ganitong mang̃a tauo, na palaguing nag-uupasala,t, nagsasalita nang mang̃a bagay-bagay na icasisira nang puri nang capoua nila tauo, ay dapat pangilagan ninyong totoó, nang houag cayong mabahuan nang canilang masamang hining̃a, sapagca,t, mabaho n̄ga ang hining̃a nang mapag-upasalang tauo, ayon sa sinasalita nang Santong Sulat, na ipinapara niya ang bibig nang upasalaing tauo sa libing̃ang pinagbabaunan nang mang̃a patay. Ganoon n̄ga ang sabi ni Poon San Pablo, na ang uica:—*Sepulcrum patens est guttur eorum....* (1) Sa macatuid: ang bibig nang tauo, na nag-uusap-usap nang mang̃a casiraan nang puri nang capoua tauo ay isang libing̃ang nabubucas.

Hucayin ninyo, mang̃a capatid co, ang isang libingan nang tauo, at pagtingnan-tingnan ninyo ang nasisilid doon, ay uala manding maquiquita cayong iba, cundi mang̃a cabahuan, mang̃a cabuluca,t, mang̃a ouod, na cumiquiao sa mang̃a bangcay, na nalilibing doon.

Pagmasdan ninyong tuloy, at inyong pagtingnan-tingnan ang nasisilid sa bibig nang isang mapag-upasalang tauo, at uala namang maquiquita cayong iba doon cundi ang cabulucan at carumihan nang buhay at asal nang capoua ninyo tauo na nababaon doon sa mabahong bibig na yaon.

At nang matanto ninyo ang pagcatotoo nitong aquing sinasabi, ay usisain ninyo sa inyo ring sariling calooban ó sa ibang tauo caya itong mang̃a tanong na ito: ¿Saan naroroon n̄gayon ang dating capayapaan niyong mag-anac, na ang buhay at caasalan nila sa loob nang canilang pamamahay, ay para manding buhay at caasalan nang mang̃a Angeles? Ay doon nababaon, ang isasagot nila sa inyo, doon nababaon sa mabahong bibig niyong mapag-upasalang tauo, na nabubucsang palagui sa pagsasalita nang mang̃a casinu-

(1) Rom. cap. III, v̄. 13.

ngalingan, at sa paghahatid-dumapit, at sa pagpapahayag sa lahat nang mangá casalanang lihim nang capoua tauo. *Sepulcrum patens est guttur eorum.*

¿Saan naroroon ngayon ang dating puri,t, bunyi niyong capitang may varas, niyong tenienteng matacutin sa Dios, at niyong cabesang masipag na tumupad nang caniyang catungculan, bagay sa pagsisilbi sa Panginoon Dios at sa Hari? Ay doon din nahulog sa baunan nang mabahong bibig niyong mapag-upasalang tauo, na nagpahayag at nagsalita sa bayan nang sari-saring nacasisira,t, nacarurumi nang canilang puri. *Sepulcrum patens est guttur eorum.*

¿At saan naroroon ang dating puri,t, at dangal niyong cahalili nang Dios, na ang caniyang buhay at caasalan sa bayan man at sa simbahan, at sa sariling pamamahay, ay parang salaming mapanganganinuhan nang lahat nang tauo, gaua nang cabutihan nang caniyang asal at ugali? Ay doon din nababaon sa mabahong bibig niyong mapag-upasalang tauo, na nagsasalita,t, nagpapahayag sa bayan nang mangá casalantan nang caniyang catauoan, pati nang mangá caculangang nangagaling sa carupucan nang caniyang catauoang lupa. *Sepulcrum patens est guttur eorum.*

Ang ganitong mangá tauo, inuulit cong sabihin, ang ganitong mangá tauong may masamang bibig, ay houag nin-yong samahan, cundi bagcus ay pangilagan ninyong para nang pangingilag ninyo,t, paglayo sa mangá ahas na may camandag, nang houag cayo,i, lasunin nang canilang infernong dila.

At cung sacali,t, hindi cayo macalalayo sa mabahong bibig at hininga nang mangá mapag-upasalang tauo, ay sundin ninyo ang utos at bilin nang Dios Espiritu Santo, na ang uica: —*Sepe aures tuas spinis, linguam nequam noli audire....* (1) Sa macatouid: bacuran mo,t, tacpan ang iyong tainga nang

(1) Eccli. cap. XXVIII, v. 28.

maraming tinic, at houag mong paquingan ang tunog nang voces nang mang̃a may masamang dila.

Caya bacuran ninyo, mang̃a capatid co, bacuran ninyo ang inyong taiñga nang mang̃a siit at mang̃a tinic, at houag ninyong paquingan ang mang̃a uicang may camandag na sinasalita nang mapag-upasalang tauo, cundi bagcus, ay magpaquita cayo sa caniya nang masamang muc-ha, nang iurong niya ang caniyang dila, at houag ituloy ang pag-uupasala niya sa capoua niya tauo.

Houag ninyong tularan ang cahunghañga,t, cabaluan nang ibang marami, na capag may dumudulog sa canila ang isang tauong talagang magpapahayag nang mang̃a casalanan at caculangan nang capoua tauo, ay hinding hindi sinasauay nila, cundi bagcus, ay pinaquiquingan nila nang maganda,t, masayang loob ang caniyang mang̃a pag-uupasala, at cung minsan pa, ay pinatitibay nila ang mang̃a salita niyong tauo nitong mang̃a uicang ito:—*Oo ñga; nahahalata co na. Siya ñga; napuna co na. Totoo ñga iyang sinasabi mo, at madalas nariring̃ig co sa ibang tauo.*

Houag ninyo, anaquin, houag ninyong gayahan ang ganitong mang̃a tauo, cundi bagcus, ay pacatantoin ninyo,t, pacatalastasin, na ang casalanan nang tauong nag-uupasala,t, nag-uusap-usap nang buhay nang iba, tungcol sa casiraan nang puri, at ang casalanan nang tauong naquiquinig sa caniya, ay nagcacaparis din, (cung sa bagay) at magcacaparis din naman ang parusang iparurusa nang Panginooon Dios sa canila, balang arao.

Pacatantoin ninyo naman, na, cung caya,i, mayroong mang̃a mapag-upasalang tauo, sapagca,t, mayroon namang mang̃a tauong naquiquinig sa canila nang masayang loob.

Caya bacuran ninyo,t, bacuran ang butas nang inyong taiñga nang maraming siit at tinic, at tacpan at sicsican

ninyo nang mabuting sicsic, nang houag cayong macarinig nang di dapat paquingan; at houag cayong maquihalo, maquiusap at maquisama sa mangá upasalaing tauo, sapagca,t, caalam-alam nila,i, tatamaan sila nang isang malaquing parusa nang Panginoon Dios, para nang sabi nang Santong Sulat, na ang uica:—..... *et cum detractoribus non commiscearis: Quoniam repente consurget perditio eorum:...* (1)

Ipanalangin ninyo sila sa Panginoon Dios, nang sila,i, matutong umibig sa capoua tauo, para nang pag-ibig nila sa canilang sarili, at nang cayo at sila,i, pagcalooban nang Panginoon Dios, dito sa lupa, nang isang mabagsic na gracia, na icasasapit ninyo sa totoong caloualhatian nang langit. Siya naua.

(1) Prov. cap. XXIV, v. 21 et 22.



Plática 3.^a del octavo precepto.

PROSIGUE LA MATERIA DE LA MURMURACIÓN.



ating-dating madahilanin ang tauong may casalanan, at lalo pa cung di maitago niya sa capoua tauo ang caniyang gauang masama.

Sa maquita,t, matanto ni Adan, unang ama nating lahat, na hindi maipagcacaila niya ang caniyang pagsouay sa ipinag-utos nang Panginoon Dios sa caniya, ay naisipan niya ang pagputi nang caniyang casalanan, at ihinguil sa caniyang asaua na si Eva.

Pagcatalastas naman ni Eva ang caniyang pagsouay sa utos nang Panginoon Dios, ang pagcain niya baga nang bungang baul doon sa Paraiso, ay ipinaratang niya sa Demonio ang caniyang guinauang casalanan. At magmula niyon, hangan ngayong panahong itong hinaharap natin, ay siya nang siya ang inuugali nang lahat nang tauong may casalanan.

Ito ngang ugaling ito,i, siyang sinusunod naman nang mangga mapag-upasalang tauo at nang mangga nag-uusap-usap nang buhay nang iba tungcol sa icasisira nang puri; na sa macatouid. Cung baga di maipagcacaila nang mangga ma-

pag-uupasalang tauo ang canilang sariling casalanan, ay inuuntian nila,t, binabauasan yaon, at sari-sari ang canilang dinadahilan, nang houag mahalata nang capoua tauo ang cabuluca,t, cabahuan nang canilang bibig at nang canilang loob.

Ganito n̄ga ang asal nang mang̃a upasalaing tauo; data-poua,t, n̄gayong arao na ito, ay ipahahayag co sa inyo, na ang totoong punong pinangagalingan nang mang̃a pag-uupasala nang isa,t, isa, ay ang capalaluan at ang capanaghilian nang tauo sa capoua niya tauo, ó ang pagbabanta caya nang tauong manghiganti sa caniyang capoua. Cayo,i, maquinig.

Sinabi co can̄gina, at inuulit cong sabihin n̄gayon, na ang capalaluan ay siya ang nacasusulong nang dila nang tauo sa pagsira,t, pagputi nang puri nang capoua niya tauo. At sa catunayan ay paquingan ninyo ang guinaua cay David nang caniyang anac na si Absalon, na siyang maguiguing parang sacsi nitong aquing sinasalita.

Itong palalong tauo, na si Absalon, ay umuupo arao-arao, nang mahabang oras, doon sa pinto nang *despacho* nang caniyang amang Hari; at ang mang̃a *presentación* at caraingang talagang ihahayin nang mang̃a tauo sa Hari, ay binabasa niya muna; at pagcatalastas niya nang mang̃a napapalaman doon, ay nag-uiuica sa mang̃a tauo nang ganito:—Matouid na matouid, at tapat na tapat ang inyong hinihingi,t, ipinamamanhic, subali,t, hindi cayo,i, paquiquingan nang aquing amang Hari, at hindi naman cayo,i, bibiguian nang catouiran nang caniyang mang̃a *Ministro*, sapagca,t, sirang-sira ang pagpapasunod nila sa ating Caharian.—.... *Sed non est qui te audiat constitutus á rege....* (1) ;Cung aco sana, ang uiniuica pa ni Absalon, cung aco sana ang maghari, ay iba na ang mangyayari! Hindi co cayo pahihintin-hintin sa

(1) 2. Reg. cap. XV, §. 3.

pinto nang *despacho*, cundi bagcus ay papasuquin co cayo agad, ca-aauban co cayo, at ang inyong mangá usap, ay lulutasin cong madali. Ang capayapaan at ang casaganaan nang lahat na mangá bagay-bagay, at ang malaquing capalaran, ay siyang maquiquita ninyo nang inyong mangá mata dito sa ating Caharian, cung aco ang maghahari. ¡Cahimanauari camtan co itong aqing ninanasa, nang maialis co na dito sa ating Caharian, ang mangá caapihang guinagau sa inyo nang aqing ama at nang caniyang mangá Ministros. *¿Quis me constituat judicem super terram, ut ad me veniant omnes, qui habent negotium, et juste judicem?* (1)

Dito sa sinalita cong ito,i, sucat ninyong mahalata, na ang capalaluan ay siya nga ang isang punong pinagmumulan nang pag-uupasala nang tauo sa capoua niya tauo.

Si Absalon ay bata pa,t, hangal, at gayon man ay nagmamarunong na siya,t, nagmamabait, at nagbanta pa siyang umagao nang pagcahari sa caniyang sariling ama. At nang macamtan niya itong caniyang hinahangad ay inayop niya muna ang caniyang tunay na ama, at pinahamacan pa niya,t, siniraan nang puri ang mangá Ministros, (ang mangá catiuala бага) nang caniyang amang Hari.

¡Pagcaramirami nang mangá hunghang at palalong tauong catulad ni Absalon dito sa mundo! Marami nga ang nagmamabait at nagmamarunong, na ang ibig nila бага,i, houag pantayan sila nang iba nang cabaita,t, carunungan, at houag na may lumalo sa canila sino man, cundi sila nga lamang ang lumalo sa lahat. At nang macamtan nila ito, ay gumagala-gala sila,t, umuupo sa mangá tindahan, ó sa mangá liputan at pasibi nang mangá baháy-baháy, at doon..... ¡ay ano caya, sa isip ninyo, ang canilang pagsasalitaan? ¡Ipag-sasalita бага nila ang casantusan nang ating Santong Re-

(1) Ibid. v. 4.

ligion, ang magaling na aral, at ang manġa mahal na Misterios na pinasasampalatayanan sa atin nang santa Iglesia? Ay dili isaman, at itong manġa aral na ito,i, hamac na hamac sa canila, at hindi nababagay sa canilang carunungġa,t, cabaitan.

Ang aral na bagay sa cahunghanġa,t, capalaluan nitong manġa pusóng na tauo ay ang aral lamang na nauucol sa pag-uusap-usap nang manġa asal at ugali nang eapoua tauo. Ito nġa,i, siyang minamaigui nila, nang sila,i, ariing mababait, at nang sila,i, purihin nang lahat nang tauong naquiquinig nang canilang may camandang na salita.

Caya doon, ay ipinahahayag nila ang cadulasan at carupucan nang ganitong dalaga, at ang caliluhan nang gayong may asaua. Doon palilitauin ang caualang palad nang ganong babaying balo, at ang paglililo nang isang catoto sa caniyang catoto. Doon sasalitain nila ang caculangġan nang ganitong maguinoo, at ang mumunting puing nang gayong cahalili nang Dios, at sa catagang uica: doon ay pag-uupasalaan nila,t, pag-uusapan ang lahat nang para-para, palibhasa,i, gaua nang canilang capalaluan, ay siyang inaacala nilang mabuting paraan nang sila,i, purihin at ariing mababait na tauo.

Ang capanaghilian ay sucat ipaquibilang ninyo naman sa manġa punong pinagmumulan nang pag-uupasala nang tauo sa capoua niya tauo.

At sa catunayan, yaong mahigpit na pag-uupasala,t, pagdouahagui ni Saul cay David, ay ualang ibang punong pinangagalingġan, cundi ang capanaghilian, ang pagcaquita baga ni Saul nang pagcacatoua nang manġa dalagang taga Israel at ang pagcadingig niya nang pag-aauit nila nang pananalo ni David sa Giganteng Goliat, na ang uica baga niyong manġa dalaga:—Si Saul ay nanalo sa sanglibo, at si David ay nanalo sa sanglacsá.

Ganoon din, ang pag-uupasala,t, pagbibili nang manġa anac ni Jacob nang canilang capatid na bunso na si José, ay ualang ibang punong mula, cundi ang capanaghilian nilang magcacapatid cay José.

Ang capanaghilian, ay siyang iquinasulong nang dila,t, bibig ni Simong Mago sa pag-uupasala,t, pagdouahagui cay Poon San Pedro, dahilan sa manġa milagrong guinaua niya.

Ang capanaghilian, ay siyang ipinag-uupasala nang manġa Escrivas at Fariseos cay Jesucristong Panginoon natin, at iquinasulong nang canilang dila,t, bibig sa pagsasabi, na si Jesucristo,i, samaritano na may Demonio sa catauoan; na siya,i, tauong palasumpa, lasing at masouain sa manġa ipinag-uutos nang Hari, at tauo pa naman siyang mapanghimoc, na nacagugulo sa lahat.

At cung sa inyo: ¿Ay baquit caya pinipintasan ninyo ang magaling na asal nang magcacalacal na may puri, at ang maguinhouang lagay nang masipag na magsasaca? ¿Di baga ang capagnaghilian ninyo, ang pagcaquita,t, pagcadingig ninyo na ang canilang manġa buquid ay dumadami, at ang canilang pag-aari,t, cayamanan ay lumalaqui, at ang canilang pagcatauo,i, pinupuri nang lahat; di nġa baga ito,i, siyang iquinasusulong nang inyong dila,t, bibig sa pag-uupasala sa canila at sa pagsira nang canilang puri?

Ang magandang ugali nang gayong bagongtauo, na masipag na gumaua; masunurin sa manġa utos nang caniyang ama,t, panginoon; ualang quibo sa bayan; masimbahin at masunurin pa sa manġa utos nang santa IgleSIANG Ina natin; ¿di baga itong lahat nang ito,i, siyang punong pinagmumulan nang pag-uupasala at nang pagsira nang puri sa caniya niyong isang capoua niya bagongtauo, na lubhang quinalulupitan nang sangbayanan dahilan sa caniyang masamang dila, at caniyang masasamang gaua,t, ugali?

Ang cabutihan nang ugali nang gayong mabait na dalaga; tintimang loob; marusariohin; marunong mag-ingat sa cahalayan; at mapangilag sa mangá layao,t, caingayan nang mundo; ¿di baga itong mangá magagaling na gauang ito,i, siyang ipinananaghili at ipinag-uupasala sa caniya niyong isang capoua niya dalaga, na may masamang asal, at pala-agulo, at ualang cutiya,t, quinatitisan nang lahat?

Totoong-totoo ito, caya ualang dili-diling munti man, na ang capanaghilian ay siyang isa pang punong pinagmumulan nang pag-uupasala nang tauo sa capoua niya tauo.

At gayon ding totoo naman, na ang pagnanasa,t, pagbanta nang tauong manghiganti sa capoua niya tauo, ay siya namang punong pinangagalingan nang mangá pag-uupasala. At sa catunayan, ang quinasapitan ni José anac ni Jacob, ay siyang nagpapatotoo nitong aquing sinasabi.

Itong banal at mabait na si José ay tinucso sa gauang mahalay nang asaua ni Putifar, at gayong cahigpit ang panucso niyong malibog na babayi sa caniya, na, sa uala siyang pag-iiuasan, ay tumacbo na siya,t, naiuan ang caniyang capa sa camay niyong masamang babaying tumutucso sa caniya. Itong magaling at marapat na gaua ni José, ang pag-iingat baga niya sa cahalayan, at ang di pagpayag niya sa mangá pag-aaglahi nang malibog na asaua ni Putifar, ay siyang iquinatampo niyong babayi, at dala nang cagalitan at pagnanasang manghiganti cay José, ay pinag-upasalaan niya, at isinumbong niya tuloy cay Putifar ang caniyang sariling casalanan, parang casalanan ni José, at ang capang naiuan ni José sa caniyang camay, ay siyang ipinatibay niyong babayi nang caniyang casinungalingan, nang siya,i, paniualaan nang caniyang asaua na si Putifar.

Ang pag-uupasala naman ni Amán sa mangá taga Israel, ang pagsasabi niya baga,t, pagsusumbong sa Haring Asuero,

na ang mang̃a taga Israel ay masosouayin sa mang̃a utos niya, at mapaghihimoc silang tauo, na nagbabantang lumaban sa canilang tunay na Hari,t, panginoon, ay ualang ibang punong mula cundi ang cagalitan ni Amán at ang malaquing pagnanasa niyang manghiganti cay Mardoqueo, dahilan sa hindi pagpupugay ni Mardoqueo sa caniya, touing siya,i, na-paparoon sa Palacio nang Hari.

Ang pag-iingat ni Susana sa mang̃a gauang cahalayan, ang di pagpayag niya baga sa mang̃a pag-aaglahi niyong dalauang matandang Jueces, na sinasalita nang Santong Sulat, ay siyang iquinagalit niyong dalauang matanda cay Susana, at dala nang malaquing cagalitan nila sa caniya, at inahinguil nila cay Susana ang canilang sariling casalanan, at hinatulan nilang patayin.

Ganito n̄ga ang guinagaua nang tauong mapanghiganti, touing may iquinagalit sa capoua niya tauo. At sa catunayan: yaong babaying ualang asaua, at yaong isang dalagang timtimang loob, na pinupuri mo nang isang arao nang maraming pagpupuri; ¿ay baquit sinisiraan mo sila n̄gayon nang canilang puri?

Yaong mabait na maguinoo, yaong magaling na timaua, yaong maauaing cahalili nang Dios, na nagpagaling sa iyo at nagtumulong sa iyo nang icao,i, macalabas sa cahirapan, at macahamanap ca nang icabubuhay ninyong mag-anac, na siyang ipinupuri mo sa canila oras-oras nang isang arao; ¿ay baquit minumura mo sila n̄gayon at pinag-uupasalaan at sinisiraan pa nang puri, baga man paris din nang dati ang canilang ugali?

At yaong isang guinhauang tauo, na nacaalio sa inyong mag-anac sa oras nang inyong capighatian, at nagpacain sa inyo sa oras nang inyong cagutuman, na siyang iquinto-toua mo,t, ipinupuri sa caniya sa harap nang sangbayanan;

ay baquit ngayo,i, balictad na ang iyong loob, at ang tauong dating pinupuri mo, ay pinanganganlan mo ngayong tauong ualang puri, palalong tauo, tauong di macausap?

Ay ualang ibang punong pinangagalingan iyang lahat na iyan, cundi ang pagnanasa mong manghiganti sa canila dahil sa di pagpayag nila sa mang'a cagustuhan mo,t, cahingian.

Naringig na ninyo, mang'a capatid co, na ang pag-uupasala nang tauo sa capoua tauo at ang pagsira nang caniyang puri ay nangagaling sa capalaluan, sa capanaghilian at sa pagnanasa ó pagbabantang manghiganti sa iba.

Ngayo,i, pacatantuin ninyo, na ang tauong nag-uupasala,t, sumisira nang puri sa iba, ay cailangan niyang pilit magbangon nang puring sinira, sapagca,t, ang casalanang guinagaua natin sa Dios na lamang, ay ipinatatauad niya, pag tayo,i, nagsisisi at naggucumpisal nang tapat; subali,t, ang casalanang guinagaua natin sa Dios, na may calangcap ó may casama cayang perjuicio sa capoua tauo, ay hindi ipatatauad nang Panginoon Dios hangan di tayo,i, macabayad nang mang'a perjuiciong guinaua natin sa ating capoua.

Gayon din naman ang tauong nag-uupasala,t, sumisira nang puri nang capoua tauo sa harap niya, ay capilitang dumulog nang boong capacumbabaan nang loob sa nasabing capoua tauo at humingi nang tauad sa caniya, nang siya nama,i, patauarin nang Panginoon Dios. At cung sacali,t, ang pag-uupasala,t, pagsira niya nang puri sa capoua tauo,i, hindi sa harap cundi sa licod, ay hindi catungculan niyang humingi nang tauad sa siniraan niya nang puri, subali,t, cailangan niyang pilit balictarin ang caniyang uica,t, sabi at puhin ang pinag-uupasalaan niya sa harap niyong ding mang'a tauong naquinig nang caniyang pagsirang puri.

Caya, mang'a capatid co, piguilin ninyo ang inyong dila,

nang houag macapag-uica nang anomang macasisira nang puri nang capoua ninyo tauo, at gamitin ninyo lamang sa pagpupuri sa Panginoon Dios at sa ibang gauang magagaling, nang cayo,i, maguing dapat magcamit nang langit. Siya naua.



Plática 4.^a del octavo precepto.

SOBRE LA CONTUMELIA.



Ang isa pang bagay, na ibinabaual nang Panginoon Dios sa icaualong utos niya sa atin, ay ang panglibac nang tauo sa capoua niya tauo.

Ang panglibac ay ang pagsasabi,t, pagsasalita, sa harap man, cung sa licod, nang mangá bagay-bagay, na macasisira nang puri nang capoua nating tauo.

Ang panglibac ay siyang lalong iquinasusulong nang loob nang tauo sa mangá pagtatalo, sa mangá pagtataniman, at sa mangá panghihiganti nang tauo sa capoua niya tauo.

Ang panglibac ay siyang iquinalulumbay na lubha nang mangá tauong mahihiin, cahima,t, sila,i, matacutin sa Dios, at siya rin naman ang iquinatatangis nila nang canilang pagcaualang palad.

Matacutin sa Dios at banal yaong si Sara anac ni Raquel; datapoua,t, ang panglibac sa caniya nang isang alipin nang caniyang ama; ang pagsasabi baga nitong alipin sa harap ni Sara na, ang pitong asaua ó esposo ni Sara, na talagang pinatay nang isang Demonio, na ang nğala,i, si Asmodeo, doon din sa arao na ipinagcasal cay Sara, ay hindi ang

Demonio, cundi si Sara rin ang pumatay sa canila. Ang pangungusap din niyong alipin cay Sara nang ganoon:—¡Ca-himanauari, houag cang mag-anac nang isa mang anac, palapatay ca nang mangá asaua mo! ¡Ibig mo naman acong patayin para nang pagpatay mo sa mangá caaua-aua mong asaua?

Itong mangá panglilibac na ito niyong alipin, ay siyang iquinalulumbay ni Sara nang mahigpit na mahigpit; siyang iquinatatangis niya gabi,t, arao nang caniyang caualang palad, at siya rin naman ang ipinagpacasilid niya sa isang silid, na ang isa mang subo nang canin ay hindi niya quinain, at isa mang lagoc nang tubig ay hindi niya ininom sa loob nang tatlong arao, gaua nang malaquing capighatian at calumbayan niya.

Totoo nãa, na ang iquinasasamang lubha,t, iquinalulumbay nang loob nang isang tauo, ay ang siya,i, libaquin nang mangá capoua niya tauo, at lalo pang lalo, cung ang mangá gauang inililibac nila sa caniya, ay siyang dapat icaaua nang lahat sa caniya.

Dito sa mangá panglilibac na ito, ay isinasaclao co naman ang dilang bagay na pagmumura nang tauo sa capoua niya tauo; ang mangá cabiro-biroan baga,t, mangá paglalaro nang mangá mabigat na paglalaro; ang mangá pagquisap; pagquindat; pagngiui; pagtaua,t, pagpapataua na may dalang bucod na cahulugan, at gayon din ang ibang gauang ganito, na pauang isinasaclao naman ni Jesucristo sa mangá casalanang dapat parusahan sa infierno, para nang napapalaman sa Santong Evangelio, na ang uica:—..... *Qui autem dixerit, (fratri suo) fatue: reus erit gehennæ ignis.* (1)

Caya ang talaga cong ipangaral sa inyo nãayon, ay mauocol sa malaquing pangganib nang caloloua,t, catauoan nang

(1) Matt. cap. V, §. 22.

tauong manglilibac. Paquingan ninyo.

Cung ano ang laqui nang carangalan nang tauo, ay gayon ding calaqui ang casalanan nang manglilibac sa caniya. Sa macatouid: ang panglilibac sa isang Puno, ay malaqui pang casalanan sa panglilibac sa isang maguinoo, at ang panglilibang sa isang maguinoo, ay malaqui pang casalanan sa panglilibac sa isang ugaling tauo.

Ang lahat nang tauo ay para-parang dapat nating igalang nang tapat sa carangalan nila, at mumunti mang bagay ang ipinanglilibac natin sa canila, ay maguiguig casalanang daquila sa harap nang Panginooon Dios, cung ang gayong panglilibac ay siyang icagagalit nila,t, icalulumbay nang canilang loob.

Hindi malaquing bagay ang nangyari sa Santong Profetang si Elias.

Ipinacaon nang Haring Ococias sa isang capitan nang caniyang ejército itong mahal na Profeta. Sinunod nang capitan ang utos nang Hari, at pagdating niya sa cataluctucan nang bundoc na tinatahanan nang Profeta, ay sumigao sa caniya nang ganito:—¡Oy, tauo cang quinaibigan nang Dios, ay manaog ca,t, pumarito, sapagca,t, siya ang utos nang Hari sa iyo!

Pagcadingig ni Elias ang tunog nang voces niyong capitan, at pagcatalastas niya, na yaong mangá uicang yaon, ay idinadaan nang capitan sa biro at sa panglilibac sa caniya ay nagalit siya,t, sinumpa niyang tuloy ang nasabing capitan nitong catacot-tacot na sumpa:—Cung aco, anang Profeta, cung aco,i, tauong quinaibigan nang Dios, para nang uica mo, ay pahuluguin niya ang apoy na mangaling sa langit, at tamaan ca sampon nang mangá sondalong casama mo; at caalam-alam ay nahulog nga yaong himalang apoy, at ang capitan pati nang limang pouong sondalong casama

niya,i, pauang nasunog at natupoc, na ualang natirang isa man. (1)

Cung ating pagmasdan, ay hindi masama ang uinica niyong capitan sa mahal na Profeta, at totoo naman, na si Elias ay pinacacaon nang Haring Ococias, subali,t, palibhasa,i, itong mangá uicang ito:—*tauo cang quinaibigan nang Dios*, ay idinaan nang capitan sa pagtuya,t, panglilibac cay Elias, caya sinumpa nitong mahal na Profeta silang magcacapitan, at nahulugan sila nang apoy na galing sa langit.

Mabait na mabait ang Profetang Eliseo, at Santong banayad na loob, na hindi mandin madaling magalit, datapoua,t, gayon man ang caniyang asal at caugalian, ay linit mot din niyang minsan ang dating calubayan nang caniyang loob, at nagalit siya sa mangá bata, na nangahas manglibac sa caniya.

Itong banal na tauo,t, mahal na Profeta na si Eliseo, ay upauing totoo, na isa mang buhoc ay uala siya sa ulo; at itong caulaan nang buhoc, ay siyang ipinagbibiro niyong mangá tinuran cong bata sa caniya, na ang sigao nila baga cay Eliseo ay:—upauin, upauin, panót, panót.

Hindi matiis ni Eliseo, Santo man siya itong panglilibac sa caniya niyong mangá bata, caya nagalit siya,t, sinumpa niyang tuloy yaong mangá mapangahas na bata, at caalamalam, ay ito na ang dalauang mababangis na hayop, na ang ngála,i, oso, at ang lahat nang bata, na ang tantong bilang, ay apat na puo,t, dalaua ay para-parang sinungaban niyong dalauang oso, at pinagpilas-pilas nila, doon din sa lugar na yaong pinaglaruan nila sa mahal na Profeta nang Dios.

Caya houag nang isipi,t, acalain nang libaquiring tauo, na ang mangá banal at Santo ay ualang damdam sa catauoan at loob, at hindi sucat magalit sila ó magcasala caya, cahima,t,

(1) 4 Reg cap I, ŷ. 9 et 10.

silá,i, ulucan at itulac nang ibang tauo; cundi bagcus, ay pacatalastasin niya, na malaqui man ang isang haligui, at malalim man ang hucay na pinagbabaunan, ay cung madalas at malacas ang pag-uuga-uuga nang tauo sa naturang haligui, ay mahahapay rin sa calauonan.

Pacatalastasin niya nama,t, pacatantoin ninyo, na macapal ang mangá tauong nacalalaban sa isang magaang tucso, subali,t, iilan lamang ang nacalalaban sa isang tucsong malacas.

Ang lahat nang tauo, banal man, di man banal, ay paraparang may oras na magaling, at may oras na masama, cung sa ating pagcatauo, at cung sa ating pagmamasid. Siya ang caucaan nang tauo, at tila nãa,i, totoo.

Si David ay tauong banal at dati nang bihasa sa pagtitiis nang magandang loob at alang-alang sa Dios nang mangá hirap, na ipinagpapasaquit sa caniya nang mangá caauay niya. Hindi siya nanghiganti cay Saul at sa ibang mangá caauay niya, бага man siya,i, may capangyarihan sa panghihiganti,t, pagpapasaquit sa canila; datapoua,t, gayon man ang caniyang calubayan nang loob, ay dinatnan din siya nang oras na icagagalit niya,t, icalilimot nang caniyang dating cabanayarang asal. Caya niyon siya,i, hindi biguian ni Nabal nang mangá tinapay at pagcaín, na pinahihingi niya sa caniyang mangá sondalo, ay linimot na niya ang dating calubayan nang loob, at nanumpa siyang tuloy sa pangalan nang Dios, na uubusin niya,t, papatayin si Nabal pati nang mangá casangbahay niya.

Dito sa mangá sinalita cong ito,i, sucat ninyong matalastas ang malaquing panganiib nang caloloua,t, catauoan nang mapagbirong tauo, na, dala nang masamang casayahan nang caniyang loob ay ualang ibang guinagaua, cundi ang panglilibac at pagtuya sa mangá asal at ugali nang capoua tauo,

at iyan din naman ang guinagaua niyang pangpapataua sa mangá naquiquinig sa caniya.

At tunay nga, sapagca,t, dito man sa loob nang bayan at diyán man sa bundoc, sa mangá caingín ma,t, mangá dalatan pati sa dagat, ay maquiquita ninyo,t, matatalastas, na ang pagtataniman nang maraming tauo, ay ualang ibang punong mula cundi ang panglilibac nang isa sa isa. At mahahalata rin ninyo, na ang pagcacasira,t, paghihiualay nang maraming mag-asaua; ang pagsusugata,t, pagpapatayan nang maraming tauo, ay ualang ibang punong mula, cundi ang panglilibac nang isa sa isa.

Ang hinahangad nang libaquiring tauo, ay ang siya,i, ariing marunong, mabait at matouain sa lahat nang tauo, bago-bago,i, ang caniyang quinacamtan ay ang casiraan nang caniyang sariling caloloua, at ang siya,i, ariing tauong pusóng, ualang hiya,t, ualang galang sa canino man; palibhasa,i, hindi mandin cailangan ang carunungan at cabaitan sa panglilibac sa iba, cundi ang cailangan lamang ay ang capangahasa,t, calacasan nang loob; ang caualang hiya sa capoua tauo, at ang caualang tacot at galang sa Panginon Dios.

Caya, mangá capatid co, cung baga cayo,i, mabiroing tauo, at ang inyong asal at caugalian, at ang inyong quinatotouaan ay ang panglilibac, paglalaro,t, pagtataua sa capoua ninyo tauo, at ang pagpapataua pa ninyo sa iba dahilan sa mangá caculangan nang inyong capoua tauo, ay madala na cayo dito sa naringig ninyo sa aquing bibig, na pauang aral nang Santong Sulat sa inyo, nang houag tularan ninyo ang masamang gaua nang mangá tauong sinambit co dito sa aquing Plática.

Pacaisipin ninyo, na ang pagcasunog na buhay niyong capitán pati nang caniyang mangá sondalong inutusan nang

Haring Ococias sa bundoc na tinatahanan ni Elias, ay ualang ibang punong pinangagalingan, cundi ang pagtuya,t, paglalaro at panglibac nila sa mahal na Profetang lubhang quinalulugdan nang Panginoon Dios.

Inyong pagnilay-nilayin naman sa loob, na yaong pagpipilas-pilas, yaong pagpatay baga niyong dalauang mabangis na oso sa apat na pouo,t, dalauang magalao na bata, ay ualang ibang punong pinagmumulan, cundi ang canilang capangahasang manglibac cay Eliseo, ang pagtauag nila baga sa caniya, na upauin at panot.

At alalahanin ninyo na, di man cayong panghigantihan dito sa lupa nang mangá linilibac ninyong tauo, ay mayroong isang Dios na totoo, na gaganti sa inyo sa cabilang buhay nang tapat na ganti, nang lahat na pagpapahamac, panglibac, pagtataua,t, paglalarong guinagaua ninyo sa inyong capoua tauo. Ang libaquin at mabiroing tauo, ang uica nang Dios Espiritu Santo, ay ualang sucat hintin silang iba, cundi ang isang masiquip na masiquip na paghohocom nang Panginoon Dios sa caniya:—*Parata sunt derisoribus juditia....* (1)

Caya, cung cayo,i, may ganitong asal, ay matacot na cayo sa Panginoon Dios, baguhin ninyo ang inyong dating caugaliang masama, at humingí cayo nang tauad sa Panginoon Dios, at sa mangá tauong linibac ninyo alin-alin man ang canilang carangalan at calagayan, nang cayo nama,i, pataurin nang Panginoon Dios at pagcalooban nang caniyang mahal na pag-aampon dito sa lupa at saca nang caloualhatian sa langit. Siya naua.

(1) Prov. cap. XIX, y. 29.



Plática 5.^a del octavo precepto.

SOBRE LA MENTIRA.

Ang isa pang bagay, na ibinabauwal nang Panginoon Dios sa atin sa icaualong utos niya, ay ang pagsisiningaling at ang pagbubulaan.

Caya,i, catungculan nating lahat na manġa tauo ang magsabi nang catotoohanang sa toui-toui na; datapoua,t, lalo pang mahigpit itong catungeulang ito sa manġa Padreng Predicador at sa manġa Cura Párroco, cung sila,i, nagsesermon at nangangaral sa canilang manġa sacop at manġa feligreses.

Mahirap ang pagtupad nitong utos na ito, sapagca,t, ang tauong nagsasabi nang catotoohanang, ay agad-agad quina-cauay siya nang manġa tauong sinungaling, na cumacampi sa Demonio, na siya nġa ang cauna-unahang sinungaling, at ang ama pa nang casinungalingan, para nang sabi nang Santong Sulat, na ang uica:—..... *quia mendax est, et pater ejus.* (1)

Caya nġa quinagagalitang lubha nang tauong sinungaling ang manġa Padre Predicador, sapagca,t, sila,i, nangangaral nang catotoohanang at nagsasauay sa tauong sinungaling nang

(1) Joan. cap. VIII, v. 44.

caniyang casinunġalingan; at caya nġa naman itong pangangaral at pagsasauay nang mangġa Predicador, ay siyang iquinasusulong na madalas nang loob nang tauong sinunġaling sa panghihiganti sa canila nang sarisaring pahirap.

At sa catunayan. Ang catauoan nang Profetang Isaias ay linagari nang mangġa sinunġaling na tauo, dahilan sa pangangaral niya nang catotoohanang at pagsasauay niya nang casinunġalingan.

Dahilan dito naman ay itinapon si Daniel sa isang culunġan nang mangġa leon, at si Jeremias ay madalas na madalas ipinasoc sa bilangguan, dinouahagui siya at pinapaghirap nang di masabing hirap.

Dahilan sa pangangaral nang catotoohanang at sa pagsasauay nang casinunġalingan ay ipinaripa na patuaric sa Cruz si Poon San Pedro. Si Poon San Felipe Apóstol ay ibinulid sa isang mataas na latorre. Si Poon San Juan Bautista ay pinugutan nang ulo. Si Poon San Bartolome ay pinacnitan nang balat, nang buhay pa siya.

Dahilan sa pangangaral nang catotoohanang at sa pagsasauay nang casinunġalingan ay pinuculan nang bató at pinatay si Poon San Estevan: at dahilan dito naman, ay linibac na madalas si Poon San Pablo, ipinasoc sa calaboso, t, tinalicalaan doon; minsan nama, i, pinuculan siya nang bató nang mangġa Judio; macaitlo, i, hinampas siya nang pamalo, at sa catapusan ay pinugutan siya nang ulo.

Ganito nġa ang iniaasal nang mangġa sinunġaling na tauo, at ganito nġa ang iguinaganti nila sa mangġa pangangaral sa canila nang catotoohanang at nagsasauay sa canila nang casinunġalingan.

Sucac ninyong ipara itong mangġa bagay na ito sa mangġa tauong ol-ol ó baliu na maysaquit, na ang medicong gumagamot sa canila, ay siyang pinagbubuntuhang galit nila.

Caya n̄ga ang Padreng Predicador, na sila ang pinacamedico nang man̄ga calolouang may saquit, ay quinagagalingang totoo nang man̄ga sinun̄galing na tauo, at minumura pa nila,t, linilibac, at sinisiraan nang puri, at papatayin pa nila, cung mangyayari, dahilan lamang sa pangangaral nila nang catotoohanang at sa pagsasauay nang casinun̄galingan.

Mauucol dito sa man̄ga bagay na ito ang ipagsesermon co sa inyo n̄gayon. Cayo,i, maquinig.

Bagaman ang Demonio ay siya ang may anac sa casinun̄galingan, at siya rin ang puno,t, panginoon nang man̄ga tauong sinun̄galing, para nang sinabi co cangina, ay mayroon siyang maraming-maraming discipulos, na humahabol sa caniya nang pagsisinun̄galing.

At sa catunayan; sa man̄ga bayan ma,t, sa man̄ga bahay; sa man̄ga parian ma,t, sa man̄ga tindahan, ay ualang maquiquita cayong iba, cundi man̄ga discipulos nang Demonio, na halos ay lumalalo na sa canilang maestro nang pagsisinun̄galing.

Caya, ang uica nang Santong Profeta na si Isaias:—*Non est qui invocet justitiam, neque est qui judicet vere.....* (1) Sa macatouid baga: Ualang nacasusunod nang pagca-justicia, sapagca,t, nauala sa man̄ga bayan ang catotoohanang, na siya ang pinagmumulan nang tapat na pagpapasunod nang man̄ga puno sa bayan nang canilang pagca-justicia.

Cung sa man̄ga puno sa bayan, ang iba, ang uica nang naturang Profeta, ang iba, ay ibig man nilang sundin ang canilang pagca-justicia, ay hindi na nila macacaya, palibhasa,i, namimihasa na sila sa pagsisinun̄galing, at nalimutan na nila ang pagsasabi nang totoo. *Et facta est veritas in oblivionem.....* (2)

Ang iba,i, tila magagaling na tauo, mababait at maru-

(1) Isai. cap. LIX, v̄. 4.—(2) Ibid. v̄. 15.

runong magpasunod sa bayan; datapoua,t, pag may sumuhol sa canila nang salapi ay agad-agad napasuhol sila,t, iquiniquiling nila tuloy ang pagca-justicia, at pinahahamacan nila ang catotoohanang at catouiran.

Ang iba naman, ay di man marurunong magsinungaling, at cahima,t, maalam silang magbigay nang catouiran sa may catouiran, ay pinagdadayaan nang mangã sacing sinungaling, at ayao man sila, ay pinipilit din silang cumiling nang canilang pagca-justicia.

Itong mangã bagay na ito,i, siyang punong pinangagalingan nang dilang masasama, na naquiquita ninyo,t, nabalitaan sa mangã bayan-bayan, na, ang maraming capitán baga, na nagpapasunod sa bayan, ay pahamac na asal; na ang maraming tauong ualang casalanan, ay pinagbibintangan at hinahatulang ipadestierro ó patayin caya; na ang mangã tulisan at ang mangã manghaharang ay hindi inaano; na ang mangã magnanacao nang calabao, cabayo, baca,t, iba pa, ay hindi quiniquibo,t, hindi pinarurusahan; na ang mangã caaua-auang babaying bauo, at ang mangã ulilang tauo, na ualang patutunguhan, ay inaayop at hindi pinaquiquinga,t, inaaampon nang justicia; na ang mangã pobre,t, mahihirap na tauo, ay sila ang lalong dinodouahagui, sila ang lalong inaapi at sila ang lalong pinahihirapan niyong mangã punong pahamac na asal at sinungaling na tauo.

Cung sa mangã parian at mangã tiyanguí, ay hindi rin maquiquita ninyo ang catotoohanang, para nang uica ni Isaías:—..... *quia corruit in platea veritas*..... (1) sa macatouid: ang catotoohanang ay nagtanan na sa mangã parian at sa mangã tiyanguí, lumayas na,t, hindi napaquiquita, at ang humalili sa caniya,i, ang casinungalingan, ayon sa sabi ni David na ang uica:—*Et non defecit de plateis ejus usura et*

(1) Isai. cap. LIX, v. 14.

dolus. (1) Sa macatouid: sa mangā parian at mangā tiyangui ay hindi nauuuala ang mangā carayaan at ang mangā labis na pagpapatubo.

Cung pagmasdan ninyo ang nangyayari sa mangā plaza, sa mangā parian at mangā tiyangui, ay sarisari ang inyong panonorin. Doon mayroong bumibili, at mayroong nagbibili; doo,i, mayroong umuutang at mayroon ding nagpapautang; doon mayroong nagpapalit; doon mayroong nagtatacal; doon mayroong sumusuhol, at doon naroroon ang lahat. Subali,t, cung subucan ninyo sila, ay maquiquita ninyo na, sa pagbili ma,t, sa pagbibili; sa pag utang ma,t, sa pagpapautang; sa pagtatacal man at sa nagpapalit, ay para-parang nagtatacutan at naghihinalaan ang mangā tauo. Ang bumibili ay natatacôt at naghihinala sa nagbibili; ang nagbibili ay natatacôt at naghihinala sa bumibili; ang umuutang ay natatacôt at naghihinala sa nagpapautang, at ang nagpapautang ay natacôt at naghihinala sa umuutang; at caya gayon itong pagtatacuta,t, paghihinalaan nang mangā tauo, sapagca,t, uala nang naquiquitang catotoohanang sa canilang bibig, cundi pauang carayaan at casinungalingan ang naquiquita sa mangā anac nang tauo. Carayaan at casinungalingan sa pagbili; carayaan at casinungalingan sa pagbibili; carayaan at casinungalingan sa pagtatacal; carayaan at casinungalingan sa pagtitimbang, at carayaan at casinungalingan sa lahat nang trato at sa lahat nang bagay, para nang sabi rin ni David na ang uica:—..... *non est in ore eorum veritas.....* (2) *mendaces filii hominum in stateris.....* (3)

Dumulog cayo naman sa mangā tindahang nacacalat-calat diyan sa bayan, at ualang mariringig cayong iba, cundi mangā casinungalingan, palibhasa,i, totoong-totoo nga, na ang mangā nagtitinda babayi,t, lalaqui, ay ualang caliuag-liuag magsinu-

(1) Ps. LIV, v. 12.—(2) Ps. V, v. 10.—(3) Ps. LXI, v. 10.

n̄galing sa calahatang tauo, cung ang gayong casinun̄galingan ay siyang icapagcacamit nila nang caunting paquinabang doon sa man̄ga itinitinda nila.

At cung ang man̄ga casinun̄galingang nangyayari sa man̄ga bahay-bahay, sa pamamahay ninyo baga ang aqing sasabihin: ;Ay Panginoon cong Dios, matutuyo ang aqing lauay, matutuyo ang aqing dila, at di co matatapos-tapos ang masasabing tungcol dito!

Cayo na, man̄ga ina, cayo na ang nacapagbibigay nang caunting liuanag dito sa man̄ga bagay na ito.

¿Di baga totoo, na yaong anac mong maliit, na halos hindi pa tinutubuan nang n̄gipin, ay marami pang casinun̄galingan sa catotoohanang ang ibinibigcas nang caniyang bibig?

¿Di baga totoo, na yaong isang anac mo na bagong-tauo, ay hindi mautusan, sapagca,t, sari-sari na pauang casinun̄galingan ang ipinagdadahilan niya sa iyo, touing inuutusan mo siya?

¿Di baga totoo, na, sa touing inaaauayan mo ang iyong anac na dalaga, ó pinagbabalaan mo caya nang pagpalo sa caniya, dahilan sa quinacausap niyang lalaqui, ay patongpatong na casinun̄galingan ang isinasagot at ipinagdadahilan niya sa iyo?

Icao naman, babaying may asaua, icao naman ang macapagpapahayag sa amin nang di maulatang casinun̄galingang isinasagot sa iyo nang asaua mo, cung isinasangsala mo sa caniya ang pang-aagulo niya sa ibang babayi, ó ang pagpanhic niya caya na madalas sa man̄ga bahay na pinaghihinalaan nang lahat nang tauo sa bayan. Ay ano: ¿di baga totoo, na sa touing sinasauay mo sa caniya ang caniyang masamang gaua, at inaaralan mo siya nang niagaling, ay pinagsisinun̄galingan ca niya nang macalilibo at sinasagutan ca niya, na hindi,t, hindi siya gumagaua,t, nag-iisip nang ganoon?

Datapoua,t, sa lahat nang ito,i, ang lalong cahabag-habag at calumbay-lumbay, ay ang mangyayari sa mang̃a confesionario. Ang confesonario ay isang malinao na bucal, na itinatagala nang Panginoon Dios at nang santa Iglesia sa mang̃a cristiano, nang sila,i, macapaghugas at macapaglinis doon nang dung̃is at dumi nang canilang caloloua; at itong bucal na ito,i, siyang pinaglilibagan nang mang̃a sinuñgaling na tauo nang canilang mang̃a casinuñgalingan, nang pagcacaila nila baga nang mang̃a casalanan sa Padreng pinagcocompisan nila.

Na cung sa bagay: ang catotoohanang ay hindi na naquiquita sa mang̃a bayan; hindi rin natatahan sa mang̃a parian at sa mang̃a tindahan; nagtanan naman sa mang̃a bahay, at lumayo rin sa mang̃a confesonario; caya ang uica ni Poon San Jerónimo:—*Non invenio veritatem in hoc mundo.* Sa macatouid: Hindi co naquiquita dito sa mundo ang catotoohanang.

Caya, mang̃a capatid co, houag na cayong magsinuñgaling, yayamang ang casinuñgalingan ay anac nang Demonio.

Pacatantoin ninyo na ang pagsisinuñgaling ay bawal nang Panginoon Dios sa toui-toui, at sa toui-toui ay casalanan ang pagsisinuñgaling. At cung sacali,t, ang pagnanasa ninyong yumaman, ay siyang iquinasusulong nang loob ninyo sa pagsisinuñgaling, ay inyong pacatalastasin, na cung sa Panginoon Dios, ay minamahal niya ang tauong mahirap sa tauong sinuñgaling. Ganoon ñga ang sabi niya sa Santong Sulat na ang uica:—..... *et melior est pauper quam vir mendax*..... (1)

Sundin ninyo ang hatol sa mang̃a taga Efeso ni Poon San Pablo, na ang uica:—.... *loquimini veritatem unusquisque cum proximo suo.* (2) sa macatouid: ang sinomang tauo ay magsabi at magsalita nang totoo sa capoua niya tauo.

(1) Prov. cap. XIX, v̄. 22.—(2) Ephes. cap. IV, v̄. 15.

Piguilin ninyo ang inyong dila, nang houag macapag-uica nang casinungalingan, na siyang linalang nang Demonio sa pagsira nang inyong caloloua, at papamihasahin ninyo sa pagpapa-oo, cung dapat magpa-oo, at sa pagpapa-hindi, cung dapat magpahindi, na siya ang aral ni Jesu-cristo sa ating lahat, at siya naman ang iniaaral at ipinalaala co sa inyo ngayon. Siya naua.



Plática 6.^a del octavo precepto.

SOBRE LA HIPOCRESIA.

Marami ang mangá gaua nang tauo, na cung sa harap at sa isip nang capoua tauo, ay pauang cabanalang gaua, bago-bago,i, sa harap nang Panginoon Dios, ay hindi gauang cabanalan, cundi gauang casalanan, na dapat parusahan nang ucol na parusa. At sa catunayan, ay paquingan ninyo ang ipinagsasalita ni Poon San Gregorio.

Gumagala, rao, minsan, doon sa Obispadong pinagpupuanan ni Poon San Fortunato, ang isang peregrino, na nag-aasal banal, at sumisigao nang malacas sa mangá calzada nang ganito: ¡Aba nang Obispong Fortunato! ¡Paquingan nang lahat ang caniyang guinaua! ¡Pinaalis niya sa caniyang palacio itong caaua-auang peregrino, at ngayo,i, humahanap aco nang matutuluyan co, at uala acong naquiquitang magpatuloy sa aquin!

Naringig nang isang tauo ang sigao nang peregrino at ipinagsama niya sa caniyang bahay at doon pinatuloy.

Pagcapanhic nila sa bahay ay pinaupo niyong tauo ang peregrino doon sa calapit nang apoy na pinananalangang nang caniyang asaua at nang caniyang anac na bunso.

Nagcucunouaring nananalang ang nasabing peregrino,

at caalam-alam nila, ay inagao niya sa camay nang ina itong anac niyang bunso, at itinapon sa apoy at pinatay, at nauala siyang tuloy at sucat.

Hindi dapat icaguilalas ninyo itong nangyaring ito, sapagca,t, ang nasabing peregrino, na nag-aasal banal ay hindi tauo cundi Demoniong nag-aanyong peregrino. Datapoua,t, caya ipinagsasalita sa atin ni Poon San Gregorio itong salitang ito, ay nang matalastas nating lahat, na ang nangyaring yaon ay parusa lamang nang Panginoon Dios sa ama nang naturang bata, at cung caya gayon ang parusa nang Panginoon Dios sa caniya, sapagca,t, ang caniyang guinaua, ang pagpapatuloy niya baga sa caniyang bahay sa sinabing peregrino, na cung sa harap at sa isip nang tauo, ay tunay na cabanalang gaua, ay hindi totoong cabanalang gaua sa harap nang Panginoon Dios, cundi isang capalaluang malaqui.

Nagbabanal-banalan itong tauo,t, nagpapacapuri, at ang binabanta niya lamang doon sa gaua niyang yaon, ay ang siya,i, purihin nang lahat, at ariing banal at cabanal-banalan pa cay Poon San Fortunato marangal na Obispo doon sa mangã lugar na yaon.

Dito na sa salitang ito,i, mahahangõ ninyo,t, matatalastas ang casamaan nang mangã tauong nagbabanal-banalan at ang malaquing pagcapoot nang Panginoon Dios sa gayong pagbabanal-banalan nang tauo, na siya cong binabantang ipangaral sa inyo ngayon. Cayo,i, maquinig.

Nang matalastas nang ating caunting bait ang masaquit na pagcapoot nang Panginoon Dios sa pagbabanal-banalan nang tauo, ay ating pacaisipin ang mangã mahal na sabi pati nang mangã pagbabala ni Jesucristo sa mangã tauong nagbabanal-banalan.

Tayong lahat, ay inaaralan ni Jesucristo nitong di ma-

halagahang mang̃a aral doon sa Santo Evangelio, na ang uica:

Cung cayo,i, naglilimos sa mang̃a salantang pobre, ay houag ninyong limusan sila, para nang paglilimos sa canila nang mang̃a nagbabanal-banal, na ang iquinapaglilimos nila, ay hindi ang pagpapagaling sa mang̃a mahihirap, cundi ang pagpapacapuri nila lamang.

Cung cayo,i, nananalangin sa Panginoon Dios, ay houag cayong manalangin sa caniya, para nang pananalangin nang mang̃a nagbabanal-banal, na naluluhod nang matagal sa mang̃a simbahan, ó natitindig caya sa mang̃a plaza,t, lansangan, conouaring nananalangin sila ó nagdadasal, bago-bago,i, ualang ibang sadiya,t, acala, cundi ang sila,i, maquita nang maraming tauo, at ariing sila,i, tauong banal at santo.

Cung cayo,i, nagcocolasion, ay houag cayong magcocolasion, para nang pagcocolasion nang mang̃a nagbabanal-banal, na, cung humarap sila sa tauo, ay anaqui nalulumbay, nagmumuc-hang putlain, at conouari ay nadadayucdoc nang gutum ang canilang catauoan, bago-bago,i, ang binabanta nila lamang, ay ang sila,i, purihin nang labat, at ariing silang marunong magpenitencia,t, magpacarusa sa canilang catauoan.

Gayon din, yaong mang̃a tauo na nagpupuna nang casalanan nang iba, at ang canilang sariling casalanan, ay hindi nila inaalumana,t, pinupuna, cundi bagcus, ay itinatago nila,t, di ipinahahalata sa canino man, ay binabati ni Jesucristo nitong mang̃a uicang ito:—Cayo mang̃a tauong nagbabanal-banal, ay houag ninyong pagtitingnan, houag ninyong pagpupunahin ang mumunting puing na nasasamata nang inyong capoua, cundi palabasin ninyo muna,t, alisin ang malaquing bosolang nahahalang sa inyong mata.

Yaong ibang manġa tauo naman, na nagtanong cay Jesucristo, cung dapat at ucol, ó dili caya buisan ang Cesar, (ang Hari, baga), ay binati niya,t, sinagutan nang ganoon: Cayong manġa nagbabanal-banalan,- ay, ibaquit aco,i, tinutucso ninyo? Ibigay ninyo cay Cesar ang nauucol cay Cesar, at ibigay ninyo naman sa Dios ang nauucol sa Dios.

Dito sa manġa sabi,t, manġa aral ni Jesucristo, ay sucat na ninyong mahalata ang malaquing pagcapoot nang Panginoon Dios sa manġa tauong nagbabanal-banalan. Datapoua,t, lalo pang matatalastas ninyo, cung inyong pacaisipin ang manġa pagbabala nang Panginoon Dios din sa ganiyang manġa tauo.

Cung minsan ay ipinagbabala nang Panginoon Dios sa manġa tauong nagbabanal-banalan ang malaquing parusang casasapitan nila, dito man sa buhay na ito, at doon pa sa isang buhay; at cung minsan naman, ay ipinagbabala nang Panginoon Dios sa canila ang pagsira nang canilang puri, cung sila,i, magbabanal-banalan.

Houag cayong dumolog sa Panginoon Dios, ang uica nang Panginoon Dios din, houag cayong dumolog sa Panginoon Dios cayong manġa may dalang dalauang puso, ang isa,i, magaling at ang isa,i, masama; at houag naman cayong magbabanal-banalan sa harap nang manġa tauo, sapagca,t, malaqui ang pang'anib ninyo, na cayo,i, murahin nang ibang tauo, at ipahayag nila sa lahat ang manġa casalanan ninyong lihim, at ang manġa pagdaraya ninyo sa canila, para nang pagpapahayag nang Dios din sa Santong Sulat nang casalanan niyong mag-asaua, na ang nġala,i, si Ananias at si Safira.

Sinasalita nġa nang Santong Sulat na itong mag-asauang ito, ay ipinagpaparangalan nila ang canilang pagcacristiano, at naquiquipantay sila sa magagaling at banal na cristiano,

na cung may ipinagbibili silang buquid, hayop ó iba pang pag-aari, ay ipinagcacaloob nila sa mangá Apóstoles ang boong pinagbibilhan nila, nang houag maualan ang mangá Apóstoles nang maipacacain nila sa mangá salantang pobre.

Ipinagbili nitong mag-asaua ang canilang buquid, at dumolog cay Poon San Pedro, conouaring magbibigay sila sa caniya nang boong pinagbilhan nila, bago-bago,i, uala cundi isang cabahagui lamang ang canilang ibinibigay, at ang iba, at ipinaglilingid nila sa caniya.

Nang nagcagayon, ay ipinahayag nang Panginoon Dios cay Poon San Pedro itong casinungalingan nang naturang mag-asaua, caya sa oras nang pagbibigay ni Ananias sa caniya nang pinagbilhan nang buquid, ay pinangusapan siya ni Poon San Pedro nang ganito:—¿Baquit, Ananias, baquit icao,i, napatatalo sa tucso nang Demonio? ¿Ano,t, pinangangahasan mo,t, pinagsisinungalingan ang Dios Espiritu Santo, at ipinaglilingid mo sa aquin ang ibang salaping pinagbilhan nang buquid mo? ¿Sino baga ang pumipilit sa iyo sa pagbibili nang buquid? ¿Sino caya ang pumipilit sa iyo sa pagbibigay sa aquin nang pinagbibilhan? ¿Di baga nasasacapangyarihan mo ang pagbibili ó di pagbibili nang buquid mo, at ang pagbibigay ó di pagbibigay sa aquin nang salapi mo? At cung gayon: ¿ay baquit icao,i, nagsisinungaling sa Panginoon Dios, at ang Panginoon Dios na nga at hindi ang tauo ang pinagbubulaan mo?

Sa maringig ni Ananias itong masaquit na pangungusap ni Poon San Pedro sa caniya, ay napatihulog siya,t, namatay na bigla.

Nang maguing tatlong oras, ay siyang pagdating ni Saffira, na hindi niya naalaman ang nasapit nang caniyang asaua, at pagcamaya-maya ay inuusisa sa caniya ni Poon San Pedro ang tantong pinagbilhan nang buquid, at nagsinunga-

ling naman si Safira para nang pagsisinunġaling nang caniyang asaua.

At ang uica ni Poon San Pedro sa caniya:—¿Baquit cayong mag-asaua, i, nagcacaisa sa pagsisinunġaling at sa panunucso sa Dios Espiritu Santo? Manaa, ang uica rin ni Poon San Pedro, manaa, naririyang na ang manġa naglibing sa asaua mo, at sila rin ang maglilibing sa iyo.

Pagcaringig ni Safira nitong manġa catacot-tacot na uica, ay napatihulog naman siya, at natambingang namatay. ¿Ganito ang pagsira nang Panginoon Dios nang puri, cung minsan, sa manġa nagbabanal-banalan! ¿Ganito rin naman, cung minsan, ang pagpapahayag niya sa lahat nang tauo nang manġa casalanan nila!

¿At sasabihin co pa ang manġa pagbabala nang Panginoon Dios sa manġa tauong nagbabanal-banalan? Sa isang capitulo lamang nang Santo Evangelio ni Poon San Mateo, ay macapitong inuulit ni Jesucristo itong pagbabala niyang ito sa manġa nagbabanal-banalan, *Vae vobis Scribae et Pharisei hypocritae.....* (1) Sa macatouid: ¿Aba ninyo, manġa Escribas at Fariseos na nagbabanal-banalan!

Ang manġa nagbabanal-banalan ay hindi macahaharap sa Panginoon Dios, para nang sabi nang Santong Job na ang uica:..... *non enim veniet in conspectu ejus omnis hypocrita.* (2)

Caya sundin man nang manġa nagbabanal-banalan ang dilang magagaling; papaghirapin man nila ang canilang catauoan nang lahat nang bagay na pahirap; magcolasion man sila nang marami; magsimba man sila arao-arao; magcompisal man silang madalas sa loob nang sangtaong arao; ipaglilimos man nila sa manġa pobre ang boong ari, t, cayanamanan nila, ay pag hindi itahan nila muna ang canilang

(1) Matth. cap. XXIII, v. 13, 14, 15, 23, 25, 27, 29.—(2) Job. cap. XIII, v. 16.

pagcoconouaring banal at ang pagpaparangalan nila nang canilang mangá gauang magagaling, ay pauang ualang capapacanan ang canilang mangá cabanalan, at pauang ualang cabuluhan, at hindi sila macahaharap sa Panginoon Dios.....
non enim veniet in conspectu ejus omnis hipocrita.

Caya, mangá capatid co; cung baga,i, mayroon diyan sa inyo na mangá tauong nag-aasal banal, bago,i, hindi sila banal cundi banal-banalan lamang, ay itahan na nila ang canilang masamang asal na lubhang quinapopootan nang Dios.

Pacaisipin nila, na ang mangá magagaling na gaua nila, na ipinagpaparangalan nila sa tauo, ay hindi matatangap nang Panginoon Dios, palibhasa, iyan ding mangá gauang iyan, na ipinupuri sa Panginoon Dios nang magagaling na cristiano, ay siyang guinagamit nila sa pagpapacapuri sa canila ring sarili at hindi sa Panginoon Dios.

Alalahanin nila naman ang mabigat na parusang ipinapura nang Panginoon Dios doon sa palalong tauo, na nagpatuloy sa caniyang bahay sa tinuringan cong peregrino, at ang biglang pagcamatay ni Ananias at ni Safira, at upang ang pag-aalaala nila nitong nangyaring ito,i, siyang icadala nila,t, icaquiquilala nang masamang lagay nang canilang caloloua.

Diyata, mangá capatid co, ay magmula ngayong arao na ito, ay houag na ninyong ipagparangalan sa iba ang inyong mangá cabanalang gaua, ang inyong mangá panalangin, ang inyong mangá pagsisimba, ang inyong paglilimos, ang inyong pagcocolasion at ang ibang gaua ninyong magagaling, cundi bagcus ang inyong mangá panimdim, ang inyong alaala, ang inyong bait at ang inyong loob ay itungeo ninyo,t, ibuhos boong-boo sa Panginoon Dios sa oras nang pag-gaua ninyo nang anomang magaling, na houag bagang may bantain cayong iba doon sa oras na yaon, cundi ang pagbibigay puri

sa Panginoon Dios at ang pagpapagaling nang inyong calouloua, nang cayo,i, maguing dapat magcamit nang langit, na siyang ninanasa co sa ating lahat. Siya naua.



NOVENO MANDAMIENTO.

Plática única.

....Nec desiderabis uxorem
ejus. *Exod. XX, 17.*

Sa icasiam na utos nang Panginoon Dios, na ang uica:—*Houag cang magnasa sa di mo asaua*; ay ipinagbabaual niya sa ating lahat ang dilang bagay na pagnanasa,t, paninimdim na malilibog at mahahalay.

Ualang tauong sino man, at anoman ang laqui nang caniyang capangyarihan at carunungán, ay nacapag-utos nang gayon, cundi ang ating Panginoon Dios lamang, palibhasa,i, siya nga lamang ang nacacaalam at nacaquiquita nang mangá calihiman nang ating loob.

At sa catunayan, ay ipagpalagay ninyo na mayroong isang Puno, na nagpapalacad nang isang utos sa mangá sacop niya, na ang lámán nang utos ay ganito: *Ang sino mang tauong nasasacupan co, babayi,t, lalaqui, matanda,t, bata, ay houag silang mangahas na magnasa sa hindi canilang asaua; houag silang manimdim nang malilibog na panimdim; houag silang mag-gunam-gunam nang mangá lamáng bayan at nang iba pang bagay, na di dapat pag-*

nasaan, panimdimin at pag-gunam-gunamin nang tauong cristiano, at ang sino mang matapatan co, na di sumusunod nitong utos na ito, ay parurusahan eo nang manġa mabibigat na parusa.

ĭAy ano, manġa capatid co? Cung sacali,t, magcagayon, ĭay ano caya ang inyong gagauin? ĭDi baga pahahamacan ninyo ang ganitong utos? ĭDi baga pagtatauanan ninyo,t, paglalaruan ang may utos nang gayon? ĭDi baga sasabihin ninyo, ay paano cayang maalaman nang aming Puno, cung cami ay naninimdim nang mahalay, ó dili caya, cung cami ay nagnanasa sa di aming asaua, ó dili caya? ĭDi baga uiuicain ninyo, na malaqui ang cahunghangan at caul-ulan nang manġa Punong nag-uutos nang gayon?

Acala co, ay ganito nġa ang inyong gagauin at sasabihin; subali,t, cung sa Panginoon Dios ay iba na, palibhasa, ang Panginoon Dios ay marunong sa lahat, na ualang hangan ang caniyang carunungan, at naquiquita,t, natatanto niya ang dilang nangyayari, natatago,t, dumadaan sa manġa casuluc-sulucan nang loob nang tauo, pati nang manġa perjuciong nasasapit nila; cung caya nag-utos siya sa ating lahat nang ganito:—*Houag cang magnasa sa di mo asaua.... Nec desiderabis uxorem ejus.*

Dito sa icasiam na utos nang Panginoon Dios, ay mauucol ang ipagsesermon co sa inyo nġayon. Cayo,i, maquinig.

Ang pag-gaua nang cahalayan, ang pag-gaua baga nang calibuga,t, calupaan, ay ipinagbaual na nang Panginoon Dios sa icanim na utos niya. Subali,t, sa matanto nang Panginoon Dios, na ang gayong pagbabaual ay hindi nagcacasiya nang mauala sa manġa tauo ang saquit nang calibugan, ay ipinagbabaual niya naman dito sa icasiam na utos ang dilang panimdim at pagnanasang malilibog.

Ang Panginoon Dios ay ipinapara ni Poon San Juan Cri-

sóstomo sa mangá mababait at marurunong na médico.

Cung ang isang mabait at marunong na médico,i, may gagamutin sa alin mang may saquit, ay ang una-unang inuusisa niya,i, ang pinangagalingán nang ganoong saquit, at siyang una-unang guinagamot niya. At cung caya gayon ang gaua nang isang marunong at mabait na médico, sapagca,t, dati nang naalaman niya, na ualang casaysayan ang ibang mangá gamot, at mabibinat din ang may saquit, cundi patayin niya muna,t, alisin at gamutin ang ugat na pinangagalingán niyong saquit na yaon.

Itong iniaasal nang mangá marurunong at mababait na médico sa pangagamot sa mangá tauong may saquit sa catauoan, ay siya rin naman ang iniaasal nang Panginoon Dios sa pangagamot nang lahat nang saquit nang ating caloloua, at lalong-lalo, cung ang ganoong mangá saquit ay nangagaling sa mangá pita,t, lasa at sa mangá masasamang cahinguilan nang ating catauoan.

Dati nang na-aalaman nang Panginoon Dios, na ang tauong tumatangap sa caniyang loob nang isang malibog na panimdim, ó nagnanasa cayang magcasala sa di caniyang asaua, ay madaling-madaling naquiquiling ang caniyang loob sa pag-gaua nang casalanan, at nagcacasala nga; siya ang cadalasan. Caya ang loob nang tauo, ay siyang tinitingnan at inaalaala nang Panginoon Dios, sapagca,t, siya nga ang pinaca-ugat na pinangagalingán nang lahat nang casalanang mahahalay at malilibog na iquinamamatay nang caloloua niya.

Cundangán tinatangap nang tauo sa caniyang loob ang mahalay na panimdim, ay hindi siya magnanasa niyon; cundangán pinagnanasaan niya yaon, ay hindi babantain niyang gauin, at cundangán binabanta niyang gauin yaon, ay hindi matutuloy ang malibog na gaua.

Doon sa nangyari cay Eva sa Paraiso ay mahahalata na

ninyo ang cabutihan nang icasiam na utos nang Panginoon Dios.

Capagca capal nang ating Panginoon Dios sa ating unang magugulang na si Adan at si Eva, ay pinatahan niya sila doon sa isang mariquit na halamanan at magandang-magandang jardin, na ang n̄gala,i, Paraiso, na napupuno nang manḡa salit-salit na bulaclac, at nang iba,t, ibang manḡa cahoy na may sari-saring bunḡa, na pauang malinamnam.

Dito sa halamanang ito,i, pinagala silang mag-asaua nang Panginoon Dios at ang utos at bilin sa canila, ay cumain sila nang lahat na manḡa bunḡang tumutubo roon, liban lamang sa bunḡa nang isang cahoy, na ang n̄gala,i, mansanas.

Gumagala-gala n̄ga si Adan at si Eva doon sa Paraiso, ayon sa bilin nang Panginoon Dios sa canila, at cumacain sila nang manḡa sarisaring bunḡang naquiquita nila roon. Subali,t, itong si Eva ay cumanlong minsan doon sa puno niyong cahoy na ipinagbawal nang Panginoon Dios sa canilang mag-asaua na cunin at canin ang bunḡa, at pinanood niyang maigui, at tinititigan niyang tiquis yaong bunḡang bawal sa caniya, at palibhasa,i, magandang tingnan at masarap na amoyin, ay pinitas niya,t, quinain ang isang bunḡa, at ipinacain pa niya sa caniyang asaua na si Adan, na cumain n̄ga, at siyang iquinasira nang canilang caloloua,t, catauoan, pati nang catauo,t, caloloua nating lahat na manḡa anac nila.

Nagcoconouari si Poon San Bernardo sa caniyang manḡa Sulat, nagcoconouari anaquin, na siya,i, naquiquipagsalita cay Eva, niyon siya,i, nasasacanlong nang puno nang cahoy na tinuran co, at ang uica ni Poon San Bernardo cay Eva,i, ganoon.—Sundin mo, ó Eva, ang ipinag-utos nang Panginoon Dios sa iyo. Hintin mo,t, asahan ang caniyang manḡa panḡaco. Houag mong pahamacan ang ibinabawal niya sa iyo,

baca icao,i, maualan nang Paraisong ipinagcaloob niya sa iyo. Pacatantoin mo, ó Eva, na iyang pagtingin mong iya,t, panood nang bungang sala,t, bual, ay siyang panood mo nang pagcamatay nang iyong caloloua. ¿Baquin tinititigan mo nang tinititigan iyang bungang iyan? ¿Anong paquinabang mo sa pagtingin at sa pagnanasa mo niyan, yayamang di mo macacain? Libangin mo, ó Eva, libangin mong madali sa ibang bagay ang iyong loob, at iuacsi mo ang panimdim mong masama, sapagca,t, iyang pagtingin mo,t, panimdim at pagnanasa nang bungang sala, ay siya ang malaquing tucso nang Demonio sa iyo.

Tingnan co man, di co man tingnan, ang conouaring uinica ni Eva, ¿ay anhin бага, yayamang ang pagcain niyan ay siya nga lamang ang ibinabual nang Panginoon Dios sa aquin?

Ngayon, mangá capatid co; cung yaong una-unang pagtingin, yaong una-unang panimdim at yaong una-unang pagnanasa ni Eva nang bungang sala, ay iniuacsi niya,t, itina-pon; cung di бага tinanggap niya sa loob yaong lahat na yaon, ay sigurong-sigurong hindi siya cacain niyong bunga, hindi siya magcacasala sa Panginoon Dios, at hindi siya pa-aalisin doon sa lupang caloualhatian, na itinatalaga nang Panginoon Dios sa caniya at sa ating lahat.

Pacatandaang maigui itong bagay na ito nang mangá hunghang na cristianos, na, ang isip nila бага, ay hindi sila nagcacasala sa Panginoon Dios manimdim man sila,t, maggunam-gunam, magnasa man sila,t, magbanta nang dilang masasama,t, malilibog, cundi guinagaua nang canilang catauoan yaong nasasaloob nila.

Malaqui nga ang camalian nang maraming cristiano, na bagaman hindi nalulublob ang canilang catauoan sa pusali nang calibugan, ay pinagagala nila,t, pinatatahan sa canilang

loob ang mangá panimdim at pagnanasang mahahalay, at ang mangá malilibog na gaua, na inaasahan nila,t, binabanta; at hindi nila inaalumana ang gayong pagtingin at ang gayong pagquindat na mahalay, na ipinaquiquita nila doon sa tauong nagnanasa sa canila, ó pinagnanasaan nila caya; at inaari nilang biro lamang, yaong paquiquiusap nila doon sa babaying pinagnanasaan nila,t, inaaglahing sumonod nang canilang calooban; at parang ualang casaysayan sa canila ang pagsasaulaolan at paghihipoan nang babayi,t, nang lalaqui; at ualaring cabulohan ang ibang mangá ganitong gaua, na cahalayhalay sabihin dito sa púlpito; at gayon man ang canilang asal at ugali, ay ang isip nila,i, hindi sila nagcacasala sa Panginoon Dios at natitiasay pa sila na ualang bali-balisa munti man ang canilang loob.

Malaquing camalian, inuulit cong sabihin, malaquing camalian ang sa ganitong mangá cristiano, caya pacatantoin nila,t, pacatantoin na ang balang pagnanasa nila,t, pagbabantang gumaua nang calibugan, ay naguiguing casalanang malaqui sa harap nang Panginoon Dios, cahit di matuloy at gauin nang canilang catauoan ang canilang ninanasa,t, binabanta. Pacatantoin naman nila na ang balang panimdim, ang balang pag-aalaala, ang balang pag-gugunam-gunam at ang balang pagtingin na malilibog, na tinatangap nila sa loob cahit sumandali man lamang, ay naguiguing casalanang daquila rin.

Uica nga ni Jesucristo sa bibig ni Poon San Mateo, na ang tumitingin sa babayi, at ang banta niya sa loob ay pagcasalanan, ay parang pinagcasalanan, na, cung sa harap nang Panginoon Dios..... *quia omnis qui viderit mulierem ad concupiscendum eam, jam mæchatus est eam in corde suo.* (1).

(1) Matt. cap. V, v. 28.

Pacaisipin ninyong maigui, manġa capatid co, itong lahat nang ito, at houag cayong patalo sa manġa tucso nang Demonio.

Caya ang manġa panimdim na malilibog, ang manġa pag-nanasa sa di inyong (asaua at ang balang di mahusay na sumpung na cumotcot at gumiti sa inyong loob, ay iuacsi ninyo agad doon, nang houag cayong magcasala sa Panginoon Dios, at nang houag cayong mapahamac sa inferno.

Paampon cayo sa mahal na Virgen na siya ang Ina nang calinisan, at patulong cayo sa manġa Santo nang cayo,i, calarahin nila sa Panginoon Dios at ipag-adiya sa dilang masasamang tucso at padaya nang Demonio sa inyo. Paaua cayo sa Panginoon Dios, at humingġi cayo nang tauad sa caniya, nang cayo,i, pagcalooban niya nang caniyang mahal na gracia dito sa lupa at saca nang calualhatian sa langit. Siya naua.



DÉCIMO MANDAMIENTO.

Plática única.

Non concupisces domum
proximi tui... *Exod. XX, 17.*

Mapapalad ang mang̃a tauong hindi nauiuili sa mang̃a guinto,t, pilac, ang mang̃a tauo бага, na hindi nagnanasa nang labis na pagnanasa nang salapi, na hindi бага ipinagecapit nila ang canilang puso,t, loob sa cayamanan.

Caya pinagpala nang Panginoon Dios si Poon San Fer-
nandong Hari sa España, at si Poon San Luis na Hari
sa Francia, at ang ibang mang̃a Santong ganito, sapagca,t,
ang mang̃a cayamanang quinamtan nila, nang dirito pa sila
sa mundo, ay hindi quinaiuilihan nila, cundi bagcus ay
inaari nilang parang putic at buloc na dayami, at ang ma-
ng̃a cayamanan sa langit, ay siyang pinagcacapitan nila
lamang nang boong loob at puso nila.

Ang nacaiibig yumaman, ang uica ni Poon San Pablo,
ang nauiuili бага nang labis na pagcauili sa mang̃a cayama-
nan ay nahuhulog sa mang̃a tueso at sa mang̃a silo nang De-
monio, sa mang̃a hamac na panimdim бага,t, sa mang̃a pag-
nanasang masasama, na icamamatay nang caniyang caloloua.

At tunay nga, palibhasa,i, ang pagcalimot sa Dios; ang

pagpapahamac nang catungculang cristiano; ang pag-gaua nang perjuicio sa capoua tauo; ang mang̃a panunungpang hamac; ang mang̃a pagnanasa nang ari nang capoua tauo, at ang iba pang ganitong mang̃a casalanan, ay para-parang namamahay at naroroon sa loob at caloloua nang mang̃a tauong mauilihin sa mang̃a guinto,t, pilac.

At saca ang mang̃a tauong maguinhoua, na may magaling na pagcabuhay, ay pinanaghilian nang mang̃a maibiguin sa guinto,t, pilac; at ang canilang pag-aari,t, cayamanan ay pinagnanasaan nila, at gayon din ang canilang camahalan at caguinoohan, sapagca,t, hindi nila matiis, na ang ibang tauo ay purihin at pagpitaganan, cundi ang ibig nila ay ang sila n̄ga lamang ang mabunyi at ang tanang iba,i, maraganan at malipol.

Itong lahat na mang̃a bagay na ito, ay ipinagbabaual nang Panginoon Dios sa icasampouong utos niya, na ang uica:—*Houag mong pagnasaan ang di mo ari.* At caya gayon ang utos nang Panginoon Dios, sapagca,t, naalaman niya na ang labis na pagcauli nang tauo sa mang̃a cayamanan dito sa lupa, ay siyang punong pinagmumulan nang marami at malalaquing casalanan,

Ang ipagsesermon co sa inyo n̄gayon, ay mauicol sa mang̃a bagay na ito, caya paquingan ninyo.

Hindi ang balang pagnanasa nang tauo nang ari nang iba, ay siyang ipinagbabaual nang Panginoon Dios sa icasampouong utos niya, cundi ang ipinagbabaual niya lamang ay ang pagnanasa nang tauo nang pag-aari nang capoua tauo sa masamang pagcaparaan,

At tunay n̄ga, sapagca,t, hindi mangyaring bilhin nang tauo ang isang bahay, ang isang buquid ó hayop caya nang ibang tauo, cundi pagnasaan niya muna yaon. Caya itong bagay na pagnanasa,i, hindi masama,t, hindi nasa-

sacrao sa manġa pagnanasang ibinabaua nang Panginoon Dios dito sa icasampoung utos niya.

Datapoua,t, cung ang tauong bibili nang anoman, maging bahay, buquid, hayop ó nang iba pang bagay, ay nagnanasa,t, nagbabantang magdaya ó magnacao sa caniyang catrato, ay ito na,i, baul nang Panginoon Dios, sapagca,t, hindi dapat cauilihan at pagnasaan nang tauo, ang hindi sucat niyang camtan cundi sa masamang pagcaparaan.

Ito nġang bagay na pagnanasa, ay siyang minamasama nang Panginoon Dios at nang santa Iglesia, at siya nġa naman ang pinacaugat ni Poon San Pablo nang di mabilang na manġa casalanan.

Itong bagay na pagnanasa,i, siyang ina,t, punong mula nang manġa mapagpatubong tauo, ang uica ni Poon San Agustin; siya rin naman ang lulog na pinagdirictan nang macapal at sari-saring casalanan; siya nġa ang daang patunġo sa manġa saquit na ualang hangan; at siya rin ang tagapag-iui, na nagpapasuso,t, nagpapalaqui sa maraming tauo sa inferno.

Itong bagay na pagnanasa, ang uica naman ni Poon San Ambrosio, ay siyang pinagmumulaan nang manġa caliluhan, nang manġa carayaan, nang manġa casinunġalingan, nang manġa panunumpang hamac, nang manġa cabalisahan nang loob at nang catigasan nang puso sa pagpapagaling sa manġa pobre.

Ang manġa tauong nagnanasa nang gayon, ay ipinapara ni Poon San Basilio sa apoy na hindi nagtitiguil hangan mayroong gagatunġin.

Ang ganitong manġa tauo, na nagnanasa nang ari nang iba sa masamang pagcaparaan, ay ipinapara naman ni Poon San Agustin sa inferno, na hindi nabubusog cailan man, marami mang caloloua ang caniyang lamunin.

Matouid na matouid ang manġa sabi nang manġa Santo Padreng tinuran co, sapagca,t, totoo nġa, na ang manġa

tauong nagnanasa nang labis na pagnanasa nang cayamanan at nang mang̃a pag-aari nang iba, ay hindi mandin magtatahan sila, lamunin man nila, t, macamtan ang dilang pag-aari, t, cayamanan dito sa mundo.

Hindi masaclao sa isang Plática ang dilang casalanang nangagaling sa mang̃a pagnanasa nang tauo nang labis na pagnanasa nang ari nang iba at nang mang̃a cayamanan. Macapal na papel ang mauubus, cung itatalá doon ang lahat, at mahaba ring oras ang cailangan, cung sasalitin ang lahat. Datapoua, t, doon sa guinaua nang mag-asaua nang Hari nang mang̃a taga Israel, na si Achab, ay sucat ninyong mahalata ang mang̃a malalaquing casalanang maipagcacasala sa Panginoon Dios nang mang̃a tauong nagnananasa nang labis na pagnanasa nang hindi canilang ari.

Isang pobreng tauo, na ang ng̃ala, i, si Naboth, ay mayroong caunting buquid doon sa calapit nang Palacio nang Haring Achab, at itong buquid na ito, i, pinagnanasaang lubha nang Hari, na ang ibig ay mapasacaniya, nang gauin niyang halamanang pagcacatouaan at pagcacalibangan nang caniyang loob. Caya pinacaon niyang minsan ang may ari nang buquid, at ang uica sa caniya, i, ganito.

—Naboth, ipagcaloob mo sa aquin ang buquid mo, at papalitan co nang capoua buquid na maigui pa sa roon, at cung di mo minamagaling itong tratos na ito, ay ipagbili mo na sa aquin at babayaran co nang salaping catapat sa halaga nang buquid.

At ang sagot ni Naboth:—Hari, at panginoon co, aco, po, i, patauarin ninyo, sapagca, t, ang buquid, na hinihingi, pó, ninyo sa aquin, ay hindi co, pó, maipapalit, at hindi co naman sucat ipagbili sa ibang tauo, palibhasa, pó, i, ang naturang buquid ay pamana sa aquin nang aquing mang̃a magugulang, at di co, pó, ibig na mapasaiiba.

Pagcaringig nang Haring Achab ang sagot ni Naboth, ay pinasucan siya nang malaquing calumbayan, nahiga tuloy sa caniyang hinihigan, at cumain man ay ayao siyang cumain nang isa mang subo.

Dinalao ang Hari nang caniyang asaua na si Jezabel, at inusisa sa caniya, cung ano,t, ayao siyang cumain, at cung baquit caya siya,i, nalulumbay.

Sumagot si Achab cay Jezabel, at ang uica:—Paanong di aco,i, malulumbay, at aco,i, naquiusap cay Naboth nang buquid niyang calapit nang ating Palacio, na totoong pinagnanasaan co, at ayao niyang ipagpalit at ayao namang ipagbili sa aquin?

—Cung ganoon lamang, ang uica ni Jezabel, cung ganoon lamang, ay magbangon na cayo at cumain; mapalagay na ang loob nang Hari at Panginoon, at aco na ang bahalang magbigay sa inyo nang buquid na pinagnanasaan nang inyong loob.

Pagcamaya-maya, ay lumabas na si Jezabel sa silid nang Hari, at capagcaraca,i, sumulat siya, (sa nġalan nang Hari), sa manġa matatanda, (sa manġa Jueces baga), doon sa lugar na yaon, at ang utos sa canila: ay humanap sila nang daluang sacing sinunġaling, sumariahin si Naboth, at hatulan nilang patayin. ;At itong caaua-auang tauo, ay hinatulan nġang patayin, at pinatay nġa! (1) Na cung sa bagay, ang labis na pagnanasa ni Achab nang pag-aari nang iba, ay siyang ipinagpatay nang manġa Jueces cay Naboth.

Isipin ninyo nġayon, manġa capatid co, cundi nġa marami at malalaquing casalanan, ang nangagaling sa pagnanasang di matouid nang tauo nang di caniyang pag-aari.

Sinabi co canġina, na hindi masasalita sa isang plática lamang ang dilang casalanang nangagaling sa manġa pag-

(1) 3. Reg. cap. XXI.

nanasa nang tauo nang labis na pagnanasa nang mangá cayamanan at nang pag-aari nang iba, at totoo nãga; subali,t, tuturingan co ang iilang casalanang nagmumula roon, nang matalastas ninyo. Cayo,i, maquinig.

Nagcacasala sa icasampouong utos nang Dios ang mangá magcacalacal, na ang ibig nila,t, ninanasa nang canilang loob ay ang caculangán ó caulaan nang canilang quinacalacal, doon sa mangá bayang canilang pinagcacalacalan, na tumaas ang halaga nang canilang laco.

Nagcacasala rin sa icasampouong utos ang mangá sondalo, na nagnanasa nang guerra at nang pagbabaca, nang sila,i, macapag-agao,t, macapagnacao nang pag-aari nang mangá tauong canilang pagbabacahin.

Nagcacasala naman ang mangá Abogado, ang mangá Alcalde ang mangá Jueces na lahat, na nagnanasa nang mangá cagulohan, at mangá usap, at mangá pagtatalo nang mangá tauo, nang sila,i, macapagcamit nang malaquing paquinabang.

Nagcacasala rin ang mangá médico, na nagnanasang dumating ang peste, cólera at ang iba pang mangá saquit, sa mangá bayang canilang pinangagamutan, nang sila,i, macaquita nang maraming salapi.

Nagcacasala naman dito sa icasampouong utos nang Dios at doon pa sa icaualo ang mangá tauo, na umaayop sa capoua tauo, at sumisira nang caniyang puri, na ang nasa nang canilang loob, ay ang sila lamang ang purihin at pagpitaganan nang lahat.

Nagcacasala naman dito ang palamarang anac, na nagnanasa nang pagcamatay nang caniyang mangá magugulang, nang mapasacaniya agad ang canilang mangá ari,t, cayanaman.

Nagcacasala rin ang mangá sugarol, na gumagala diyan

sa bayan, na nagnanasa nang salapi nang canilang mang̃a casugal, cahima,t, sa masamang pagcaparaan.

Nagcacasala ang mang̃a nananaghili sa capurihan, carangalan at camahalan nang ibang tauo, na ang pinipita,t, ninanasa nila,i, mapasacanila yaon, di mang dapat magcaroon sila nang gayon.

Ang mang̃a mayayaman at hindi mayayaman na nagpilit sa mang̃a mahihirap na tauo nang pagbibili ó pagsangla sa canila nang canilang bahay, buquid ó nang iba pang bagay sa di tapat na halaga, ay nagcacasala rin dito sa icasampouong utos nang Dios.

¿Ano pa ang sucat cong sabihin nang matanto,t, matalastas ninyo, na ang pagnanasa nang tauo nang labis at di matouid na pagnanasa nang hindi caniyang ari, ay siyang punong pinagmumulan nang mararami,t, malalaquing casalanan?


Ay ualang iba, cundi ang sabihin co lamang sa inyo, na ang gayong di matouid na pagnanasa, ay siyang guinaguang silo nang Demonio, nang siya,i, macahuli nang maraming caloloua na maihatid niya sa inferno, para nang uica ni Poon San Pablo: *Nam qui volunt divites fieri incidunt in tentationem et in laqueum Diaboli....* (1)

Ay uala nang iba, cundi ang sabihin cong uli sa inyo, na ang gayong pagnanasa,i, siyang punong pinangagalingan nang dilang casalanan, ayon din sa sabi ni Poon San Pablo na ang uica: *Radix enim omnium malorum est cupiditas....* (2)

Caya matakot na cayo sa Panginoon Dios; at cung бага cayo,i, tinutucso nang Demonio sa pagnanasa nang mang̃a cayamanan dito sa lupa, ay piguilin ninyo ang inyong loob, at paglabanan ninyo ang gayong tucso nang boong macacayanan ninyo.

(1) I Tim. cap. VI, §. 9.—(2) Ibid. §. 10.

Ang mangá cayamanan sa langit, ay siya nãa lamang ang inyong pagnasaan, mangá capatid co; siya nãa lamang ang inyong hanapi,t, hangarin, at siya nãa lamang ang inyong hihingin sa Panginoon Dios oras-oras at taos na taos sa inyong mangá puso,t, loob, nang cayo,i, magcapalad dito sa buhay na ito, at saca macamtan ninyo ang caloualhatiãng ualang hangan sa langit, na siyang ninanasa co sa ating lahat. Siya naua.



INDICE.

Páginas.

Algunas palabras á mis lectores.	I.
Plática 1. ^a Del fin para que Dios nos ha criado. . .	1
Plática 2. ^a Sobre la dignidad y obligación del cristiano.	10
Plática 3. ^a Sobre la señal de la Santa Cruz.	16

EXPLICACIÓN DE LOS MANDAMIENTOS DE DIOS.

Plática preliminar.	21
<i>Primer Mandamiento.</i> Plática 1. ^a del primer precepto. <i>Diliges Dominum Deum tuum.</i>	28
Plática 2. ^a del primer precepto. Sobre la Fé primera Virtud Teologal.	36
Plática 3. ^a del primer precepto. Sobre los vicios opues- tos á la Fé.	42
Plática 4. ^a del primer precepto. Prosigue la misma ma- teria sobre los vicios opuestos á la Fé.	48
Plática 5. ^a del primer precepto. Sobre la Esperanza se- gunda Virtud Teologal.	54
Plática 6. ^a del primer precepto. Sobre los vicios opues- tos á la Virtud Esperanza.	60
Plática 7. ^a del primer precepto. Sobre la tercera Vir- tud Teologal, ó sea el Amor, la Caridad.	67
Plática 8. ^a del primer precepto. Sobre el amor del pró- jimo	73
Plática 9. ^a del primer precepto. Sobre la adoración de <i>Látria.</i>	80

Plática 10. ^a del primer precepto. Sobre la adoración de <i>Hiperdulia</i>	87
Plática 11. ^a del primer precepto. Sobre la adoración de <i>Dulia</i>	93
Plática 12. ^a del primer precepto. Sobre la adoración de las Reliquias.	100
<i>Segundo Mandamiento</i> . Plática 1. ^a del segundo precepto. <i>Non assumes nomen Dei tui in vanum</i>	107
Plática 2. ^a del segundo precepto. Sobre el honor debido á Dios en el juramento	112
Plática 3. ^a del segundo precepto. Sobre las condiciones del juramento.	120
Plática 4. ^a del segundo precepto. Sobre la costumbre de jurar	124
Plática 5. ^a del segundo precepto. Sobre la blasfemia.	132
Plática 6. ^a del segundo precepto. Sobre la blasfemia contra la Virgen y los Santos.	139
Plática 7. ^a del segundo precepto. Sobre el voto ó promesa.	147
<i>Tercer Mandamiento</i> . Plática 1. ^a del tercer precepto. <i>Memento ut diem sabbati sanctifices</i>	155
Plática 2. ^a del tercer precepto. Sobre la santificación de las fiestas	161
Plática 3. ^a del tercer precepto. Sobre la obligación de no trabajar en las fiestas.	167
Plática 4. ^a del tercer precepto. Sobre la obligación de oír Misa.	174
Plática 5. ^a del tercer precepto. Sobre el poco aprecio en que tienen á su alma los que no oyen Misa.	182
Plática 6. ^a del tercer precepto. Sobre el respeto á los Templos.	189
<i>Cuarto Mandamiento</i> . Plática 1. ^a del cuarto precepto. <i>Honora patrem tuum et matrem tuam</i>	196
Plática 2. ^a del cuarto precepto. Sobre la obediencia y otros deberes de los hijos para con los padres	202
Plática 3. ^a del cuarto precepto. Sobre la obligación de	


los padres de educar á sus hijos.	208
Plática 4. ^a del cuarto precepto. Sobre la obligación de los padres de corregir á sus hijos.	214
Plática 5. ^a del cuarto precepto. Sobre el buen ejemplo que deben dar los padres á sus hijos	220
Plática 6. ^a del cuarto precepto. Sobre el respeto y obediencia á los Superiores	226
Plática 7. ^a del cuarto precepto. Sobre la dignidad de los Sacerdotes y el respeto que les debemos	232
<i>Quinto Mandamiento.</i> Plática 1. ^a del quinto precepto. <i>Non occides.</i>	238
Plática 2. ^a del quinto precepto. No es lícito matarse á sí mismo, ni desearse la muerte.	243
Plática 3. ^a del quinto precepto. Del perdon á los enemigos.	249
Plática 4. ^a del quinto precepto. Del amor á los enemigos.	255
Plática 5. ^a del quinto precepto. Se rebaten algunas escusas que suelen alegarse para no perdonar á los enemigos.	261
Plática 6. ^a del quinto precepto. Sobre la gravedad y malicia del escándalo	268
Plática 7. ^a del quinto precepto. Prosigue la materia de la plática anterior sobre el escándalo	274
<i>Sesto Mandamiento.</i> Plática 1. ^a del sexto precepto. <i>Non Mœchaberis</i>	281
Plática 2. ^a del sexto precepto. Sobre los males que se originan de la lujuria	287
Plática 3. ^a del sexto precepto. Del peligro en conversar familiarmente con mujeres.	294
Plática 4. ^a del sexto precepto. Sobre los pecados de palabra, ó sea, sobre las palabras obscenas.	301
Plática 5. ^a del sexto precepto. Sobre la ceguedad del pecador deshonesto.	306
Plática 6. ^a del sexto precepto. Se rebaten las escusas que suelen alegar, especialmente las mujeres, para	


	<u>Páginas.</u>
pecar contra el sexto precepto.	312
<i>Séptimo Mandamiento.</i> Plática 1. ^a del séptimo precepto.	
<i>Non furtum facies.</i>	320
Plática 2. ^a del séptimo precepto. Sobre algunos modos de hurtar.	327
Plática 3. ^a del séptimo precepto. Sobre otros varios modos de hurtar.	336
Plática 4. ^a del séptimo precepto. Sobre los reos de hurto.	342
Plática 5. ^a del séptimo precepto. Sobre los hurtos pequeños y hurtos domésticos.	351
Plática 6. ^a del séptimo precepto. Sobre la usura.	358
Plática 7. ^a del séptimo precepto. Sobre la restitución.	365
<i>Octavo Mandamiento.</i> Plática 1. ^a del octavo precepto. <i>Non loqueris contra próximum tuum falsum testimonium.</i>	373
Plática 2. ^a del octavo precepto. Sobre la murmuración.	381
Plática 3. ^a del octavo precepto. Prosigue la materia de la murmuración.	388
Plática 4. ^a del octavo precepto. Sobre la contumelia.	397
Plática 5. ^a del octavo precepto. Sobre la mentira.	404
Plática 6. ^a del octavo precepto. Sobre la hipocresía.	412
<i>Noveno Mandamiento.</i> Plática única. <i>...Nec desiderabis uxorem ejus.</i>	420
<i>Décimo Mandamiento.</i> Plática única. <i>Non concupisces domum proximi tui...</i>	427













PUMARADA

PLATICAS
EN
TAGALOG



G 34192

MANILA
1885